# Primarya 6

Lumang Tipan
8–11

# Primarya 6

## Lumang Tipan

Para sa pagtuturo sa mga batang walo hanggang labing-isang taong gulang

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
Lungsod ng Salt Lake, Utah

© 1997 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 8/94
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/94
Pagsasalin ng *Primary 6*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang ng Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| Mga Tulong Para sa Guro | | v |
| 1 | Ang Plano ng Ama sa Langit para sa Atin | 1 |
| 2 | Pinili si Jesucristo na Maging Tagapagligtas Natin | 6 |
| 3 | Ang Paglikha | 10 |
| 4 | Ang Pagkahulog nina Adan at Eva | 14 |
| 5 | Nag-alay ng mga Hain sina Adan at Eva at ang Kanilang Mag-anak | 20 |
| 6 | Ipinamuhay nina Adan at Eva ang Ebanghelyo ni Jesucristo | 26 |
| 7 | Si Enoc at ang mga Tao ng Sion | 31 |
| 8 | Si Noe at ang Baha | 36 |
| 9 | Nakipagtipan si Jehova kay Abraham | 40 |
| 10 | Abraham at Lot | 45 |
| 11 | Abraham at Isaac | 50 |
| 12 | Isaac at Rebeca | 55 |
| 13 | Jacob at Esau | 61 |
| 14 | Si Jacob at ang Kanyang Mag-anak | 66 |
| 15 | Ipinagbili si Jose sa Egipto | 73 |
| 16 | Si Jose sa Egipto | 79 |
| 17 | Pinatawad ni Jose ang Kanyang mga Kapatid na Lalaki | 83 |
| 18 | Ang Pagsilang at Pagtawag kay Moises | 88 |
| 19 | Iniligtas ni Moises ang mga Israelita mula sa Pagkaalipin | 95 |
| 20 | Tumanggap ng Pagkain ang mga Israelita mula sa Langit | 100 |
| 21 | Ang Sampung Utos | 106 |
| 22 | Ang Israel at ang Ahas na Tanso | 112 |
| 23 | Pinamunuan ni Josue ang Israel | 119 |
| 24 | Gedeon | 125 |
| 25 | Samson | 130 |
| 26 | Ruth at Noemi | 135 |
| 27 | Si Samuel, ang Batang Propeta | 139 |
| 28 | David at Goliath | 143 |
| 29 | David at Jonathan | 149 |
| 30 | Haring David at Bath-sheba | 156 |
| 31 | Ang Katalinuhan ni Haring Salomon | 161 |
| 32 | Roboam | 167 |
| 33 | Ginamit ni Elias ang Pagkasaserdote | 173 |
| 34 | Si Elias at ang Huwad na mga Propeta ni Baal | 178 |
| 35 | Gumaling si Naaman | 184 |

| | | |
|---|---|---|
| 36 | Ang Propetang si Isaias | 189 |
| 37 | Binasa nina Josias at Ezra ang mga Banal na Kasulatan sa mga Tao | 194 |
| 38 | Iniligtas ni Esther ang Kanyang mga Tao | 200 |
| 39 | Job | 206 |
| 40 | Si Daniel at ang Pagkain ng Hari | 211 |
| 41 | Sadrach, Mesach, at Abed-nego | 216 |
| 42 | Si Daniel sa Yungib ng mga Leon | 222 |
| 43 | Si Jonas at ang mga Tao ng Ninive | 226 |
| 44 | Itinuro ni Malakias ang Tungkol sa mga Ikapu at mga Handog | 234 |
| 45 | Ang Kaloob ng Pagbabayad-sala (Pasko ng Pagkabuhay) | 241 |
| 46 | Ang mga Propeta ay Nagpropesiya sa Pagsilang ni Jesucristo (Pasko) | 248 |
| 47 | Mapagpapala ng Pagkasaserdote ang Ating Buhay (Aralin sa Paghahanda sa Pagkasaserdote) | 254 |

# Mga Tulong Para sa Guro

Itinuro ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng pagsunod at pagtuturo ng mga kautusan nang sabihin niyang, “Ang sinumang gumanap at ituro, ito’y tatawaging dakila sa kaharian ng langit” (Mateo 5:19). Kayo ay binigyan ng isang sagradong tungkulin na tulungan ang mga bata na matutuhan kung paano tuparin ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag at palakasin ang kanilang mga patotoo. Habang naghahanda ang bawat batang babae na maging isang kabataang babae at ang bawat batang lalaki na maging isang kabataang lalaki at tanggapin ang pagkasaserdote, kayo ay maaaring maging mahalagang impluwensiya para sa ikabubuti ng kanilang buhay.

Noong 1831, pagkatapos na pagkatapos na maitatag ang Simbahan ay itinuro ng Tagapagligtas na ang mga guro “ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon” (Doktrina at mga Tipan 42:12), na siyang tanging mga banal na kasulatan noon. Ngayon ang mga guro ay may pananagutan na ituro ang mga sagradong katotohanan mula sa lahat ng pamantayang banal na kasulatan, kabilang na ang Doktrina at mga Tipan at ang Mahalagang Perlas, upang tulungan ang mga bata na magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at sa kanyang Anak na si Jesucristo.

## Mga Kurso sa Pag-aaral

Ang lahat ng bata na walo hanggang labing-isang taong gulang sa ika-1 ng Enero ay tuturuan mula sa isa sa mga manwal ng Primarya 4, 5, 6, at 7. Isang kurso lamang ng pag-aaral ang ginagamit sa bawat taon para sa lahat ng batang nasa saklaw ng gulang na ito. Sa loob ng apat na taon ay mapag-aaralan ng mga bata ang bawat isa sa mga pamantayang banal na kasulatan. Ang Primarya 4 ay batay sa Aklat ni Mormon; ang Primarya 5 ay batay sa Kasaysayan ng Simbahan (Church History), sa Doktrina at mga Tipan, at sa Joseph Smith—Kasaysayan na nasa Mahalagang Perlas; ang Primarya 6 ay batay sa Lumang Tipan at sa mga aklat nina Moises at Abraham na nasa Mahalagang Perlas; at ang Primarya 7 ay batay sa Bagong Tipan.

Ang mga klase ay dapat ayusin batay sa lokal na mga pangangailangan at sa bilang ng mga batang nasa gulang na walo hanggang labing-isa. Anuman ang maging kaayusan ng inyong klase, kailangan ninyong tiyakin na tumatanggap ng sapat na pansin ang bawat bata.

Kapag sumapit na sa labindalawang taong gulang ang mga bata, sila ay nagsisimulang dumalo sa Mga Kabataang Babae (Young Women) o pulong ng Pagkasaserdoteng Aaron (Aaronic Priesthood) sa oras ng pagbabahagi. Gayunman, patuloy silang dadalo sa kanilang klase sa Primarya sa oras ng Panlinggong Paaralan (Sunday School) hanggang sa susunod na ika-1 ng Enero, kung kailan magsisimula silang dumalo sa Panlinggong Paaralan.

Isang natatanging aralin, “Mapagpapala ng Pagkasaserdote ang Ating Buhay,” ang kasama sa manwal na ito. Ang araling ito ay gagamitin ng mga guro ng mga batang labing-isang taong gulang habang naghahanda ang mga batang

lalaki na maging mga diyakono at habang ang mga batang babae naman ay naghahanda sa paglipat sa Mga Kabataang Babae. Ituro ang araling ito bago maging labindalawang taong gulang ang unang bata sa inyong klase. Manalangin na gabayan kayo ng Panginoon habang inihahanda ninyo at inilalahad ang aralin upang maunawaan ng mga bata kung ano ang pagkasaserdote, paano nito mapagpapala ang kanilang buhay, at paano nilang maisasagawa ang kanilang mga tungkulin upang maigalang ang pagkasaserdote.

---

## Pagtuturo sa Pamamagitan ng Manwal na Ito

Ang kurso ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga aral mula sa Lumang Tipan at mula sa mga aklat nina Moises at Abraham na nasa Mahalagang Perlas. Habang tinatalakay ninyo ang mga pangyayaring ito sa banal na kasulatan, dapat na maunawaan nang mas mabuti ng mga bata ang kahalagahan ng mga tipan na ginawa ng Panginoon sa kanyang mga tao at gayundin naman ang kahalagahan ng mga tipan na ginagawa natin sa Panginoon. Mauunawaan din nila na si Jesucristo ang Diyos ng Lumang Tipan. Dapat nilang matutuhang ipamuhay ang mga aral ng Lumang Tipan sa kanilang sariling buhay at magkaroon ng mas matatag na pagnanais na sundin ang mga kautusan ni Jesucristo.

Himukin ang mga bata na basahin sa tahanan ang mga piling sipi mula sa Lumang Tipan at Mahalagang Perlas na ibinigay sa bahaging "Mungkahing Babasahin sa Tahanan" sa hulihan ng bawat aralin. Sa pamamagitan nito ay matututuhan ng mga bata kung paano paunang inordenan si Jesucristo upang maging Tagapagligtas ng daigdig at kung paano niyang ginabayan at binigyang inspirasyon ang mga propeta ng Lumang Tipan. Habang binabasa ng mga bata ang mga pangyayari tungkol sa mga tao na namuhay sa lupa bago pa ang pagsilang ni Jesucristo, matututuhan nilang gayahin ang mga taong nagpakita ng matwid na halimbawa. Palalakasin ng mga araling ito ang mga patotoo ng mga miyembro ng klase, tutulungan silang maghanda upang makapaglingkod sa Simbahan nang buong buhay nila, at tutulungan silang magkaroon ng lakas upang mapaglabanan ang mga tukso sa daigdig ngayon.

### Paghahanda ng Inyong Sarili Upang Magturo

Upang maisakatuparan ang inyong sagradong tungkulin na magturo sa mga bata, dapat ninyong ihanda ang inyong sarili kapwa sa kaisipan at sa espirituwal. Bahagi ng paghahandang ito ang pag-unawa at pagkakaroon ng patotoo tungkol sa mga alituntuning itinuturo ninyo. Ang Tagapagligtas, ang pinakadakilang guro sa lahat, ay nagturo sa atin kung paano tayong maghahanda upang ituro ang kanyang ebanghelyo sa iba:

- Buong pagpapakumbabang hangarin ang Espiritu sa pamamagitan ng panalangin. Sinabi ng Panginoon, "Maging mapagpakumbaba; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (Doktrina at mga Tipan 112:10). Kung mapagpakumbaba tayo ay pagpapalain tayo na malaman kung paano nais ng Panginoon na turuan natin ang kanyang mga anak.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga propeta sa mga huling araw (na nakalathala sa mga magasin ng Simbahan). May dakilang kapangyarihan sa pag-aaral at pagninilay-nilay ng mga salita ng Panginoon. Inutusan niya tayong, "Hangarin munang matamo ang aking

salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, ay mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Ang isang propeta sa huling araw, si Pangulong Ezra Taft Benson, ay nagpatibay sa ating pangangailangang matutuhan ang mga salita ng Panginoon: "Hinihikayat ko kayong ipangakong muli ang inyong sarili sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Isubsob ninyo ang inyong mga sarili sa mga ito araw-araw upang mapasainyo ang kapangyarihan ng Espiritu upang tulungan kayo sa inyong mga tungkulin" (*Ensign,* Mayo 1986, p. 82).

- Tuparin ang inyong mga tipan. Ang inyong kakayahang magabayan ng Espiritu ay batay sa katapatan ninyo sa pagtupad sa ginawa ninyong mga tipan sa Ama sa Langit. Magpapakita rin kayo ng mabuting halimbawa kapag inyong "tutuparin ang mga tipan . . . [at] gawin ang mga yaon" (Doktrina at mga Tipan 42:13). Kapag nakikita ng mga bata ang inyong pagmamahal sa Tagapagligtas at katapatan sa pamumuhay ng ebanghelyo, sila ay higit na magaganyak na sumunod sa kanya.
- Maghanap ng mga paraan upang matulungan ang mga bata na madama ang pagmamahal ng Tagapagligtas. Sabihin sa kanila nang madalas kung gaano ninyo sila kamahal, at kilalanin ang kanilang kahalagahan at kakayahan. Ang inyong pagmamahal at kabaitan ay tutulong sa mga bata na maunawaan ang pagmamahal sa kanila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Tutulong din ito sa kanila na matutuhang mahalin ang iba.

## Paghahanda ng Inyong mga Aralin

Ang manwal na ito ay tutulong sa inyo na maisaayos ang mga aralin na nagtutuon ng pansin sa mga banal na kasulatan. Ang mga aralin ay gumagamit ng mga pangyayari at sangguniang mula sa Lumang Tipan at mula sa mga aklat nina Moises at Abraham na nasa Mahalagang Perlas. Ang bawat aralin ay nakatuon sa isang alituntunin ng ebanghelyo at nagtuturo sa mga bata kung paano ipamumuhay ang alituntuning iyon sa kanilang buhay. Ang pangunahing layunin ng lahat ng aralin ay tulungan ang mga bata na magkaroon ng mga patotoo sa kabanalan ng Diyos Ama at ng kanyang Anak na si Jesucristo, at ng banal na misyon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Hindi nilalayon na gamitin ninyo ang bawat tanong at gawain sa aralin. Magturo ayon sa kakayahan ng inyong klase at alalahanin na ang pang-unawa ng mga miyembro ng klase ay mas mahalaga kaysa sa pagtalakay ng buong materyal ng isang aralin. Kapag ang inyong mga aralin ay naihandang mabuti at kawili-wili, ang mga bata ay mas mahihikayat na makisali at matuto. Habang naghahanda kayo at nagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu, matutulungan ninyo ang mga bata na madagdagan ang kanilang mga patotoo tungkol sa katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Ang sumusunod na mga hakbang ay tutulong sa inyo na makapaghandang mabuti upang mabisang maturuan ang mga bata sa inyong klase:

1. Pag-aralan nang may panalangin ang layunin ng aralin at ang mga sipi sa banal na kasulatan na nakalista sa bahaging "Paghahanda" nang mga isa o dalawang linggo bago ituro ang aralin. Basahing muli ang layunin ng aralin at ang mga talata ng banal na kasulatan, at isaalang-alang kung paano naaangkop ang mga ito sa mga bata sa inyong klase. Tanungin ang inyong sarili: "Ano ang pinakamahahalagang konsepto o katotohanan na dapat

matutuhan ng mga bata mula sa araling ito? Paano matutulungan ng araling ito ang mga bata na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, palakasin ang kanilang mga patotoo, at tulungan silang mapaglabanan ang masasamang tukso na kanilang kinakaharap?" Isulat ang mga ideyang maiisip ninyo.

Ang aklat na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893) ay inihanda upang maging isang pansariling gabay sa pag-aaral sa mga pangunahing alituntunin at doktrina ng ebanghelyo. Ang mga tinutukoy na kabanata mula sa aklat na ito ay nakalista sa bahaging "Paghahanda" ng ilang aralin. Ang mga kabanatang ito ay makatutulong sa inyo na maghanda sa pagtuturo ng pangunahing alituntunin o doktrina na nakapaloob sa aralin. Maaaring makakuha ng kopya ng *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* sa aklatan ng inyong bahay-pulungan o maaari itong mabili mula sa inyong lokal na sentro ng pamamahagi.

2. Hindi tiyak na sinasabi sa inyo ng mga aralin kung paano ituturo ang mga pangyayari sa banal na kasulatan kaya dapat ninyong hangarin ang Espiritu upang tulungan kayong magpasiya kung ano at paano magtuturo. Gumamit ng iba't ibang paraan ng pagtuturo sa bawat linggo (tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan" sa ibaba). Planuhing isali ang mga miyembro ng klase hangga't maaari sa mga gawain sa pagkatuto.
3. Piliin mula sa "Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa" ang mga pinakamainam na makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga ito sa kanilang mga buhay. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong anumang oras sa aralin. Hindi ninyo kailangang gamitin ang lahat ng ito.
4. Basahin ang "Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman" at planuhin kung kailan at paano gagamitin ang mga bagay na inaakala ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata sa inyong klase na maunawaan ang mga banal na kasulatan at ang layunin ng aralin. Ang bawat klase ay magiging kaiba, at ang ilang gawain na magiging mainam sa isang grupo ay hindi magiging mainam sa iba pang grupo.
5. Planuhing magbahagi ng mga angkop na pansariling karanasan na nagtataguyod sa layunin ng aralin. Hayaang patnubayan kayo ng Espiritu habang ibinabahagi ninyo ang mga karanasan sa klase at habang nagbabahagi sa inyo at sa bawat isa ang mga miyembro ng klase. Ang ilang pangmag-anak at pansariling karanasan ay napakasagrado o napakapribado at hindi dapat talakayin sa madla.

## Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan

Dapat ninyong palaging hangarin ang Espiritu habang inihahanda at itinuturo ninyo ang inyong mga aralin (tingnan sa Alma 17:2–4; Doktrina at mga Tipan 42:12–14; 50:17–22). Tutulungan kayo ng Espiritu na malaman kung paano ninyo gagawing kawili-wili at makabuluhan sa mga batang tinuturuan ninyo ang inyong mga aralin.

Ang ilan sa mga bata sa inyong klase ay maaaring hindi pamilyar sa mga banal na kasulatan. Habang magkakasabay kayong nagbabasa, maging sensitibo sa mga miyembro ng klase na maaaring nangangailangan ng tulong. Maaaring kailanganin ninyong mag-ukol ng ilang panahon sa pagsisimula ng taon, lalo na kung nagtuturo kayo sa mas maliliit na bata, upang maipakita sa mga bata kung paano hanapin ang mga sanggunian sa banal na kasulatan.

Sumubok ng iba't ibang paraan ng paglalahad ng kagamitan ng aralin upang mapanatili ang pagkawili ng mga bata. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong sa inyo upang mapag-iba-iba ninyo ang paraan ng pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan.

1. Ikuwento sa sarili ninyong mga salita ang pangyayari sa banal na kasulatan. Sikaping tulungan ang mga bata na ilarawan sa kanilang isipan ang mga pangyayari at ang mga tao sa mga ito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga taong tinutukoy ninyo ay tunay na nabuhay at ang mga pangyayari ay talagang naganap.

2. Ipabasa nang tuwiran sa mga bata ang piling mga sipi mula sa mga banal na kasulatan. Alalahanin na hindi lahat ng bata ay nakababasang mabuti at ang kakayahang bumasa ay hindi naibabatay sa edad. Kung nakababasa ang lahat ng bata, maaaring bigyan ninyo sila ng ilang minuto upang tahimik na magbasa. Pagkatapos, maaari ninyong talakayin ang binasa nila. Gamitin ang oras ng talakayan pagkatapos magbasa ang mga bata upang matulungan silang maunawaan ang mahihirap na salita at mga sipi.

3. Gamitin ang mga iminungkahing larawan ng mga pangyayari sa banal na kasulatan upang tulungan ang mga bata na mailarawan sa isipan ang nangyari. Ang karamihan sa mga aralin ay naglalaman ng mga iminungkahing larawan sa bahaging "Mga kailangang kagamitan." Ang mga larawang ito ay may bilang at kasama sa pakete ng larawan. Ang ilan sa mga larawan ay nasa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo (34730 893 o 34735 893) rin o maaaring nasa aklatan ng bahay-pulungan (ang mga bilang ng aklatan ay nakalista sa bahaging "Mga kailangang kagamitan"). Ang ilan sa mga larawang ito ay may katugmang kuwento sa likod. Maaari rin ninyong gamitin ang ibang angkop na mga larawan.

4. Ipasadula sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan. (Tiyaking ang mga pagsasadula ay hindi makapagpapawala sa kasagraduhan ng mga banal na kasulatan.) Maaari kayong magdala ng mga simpleng kagamitan, tulad ng bata [robe], malaking panyo, at iba pa, at ipasadula sa mga bata ang lahat o ang bahagi ng pangyayari. Tanungin ang mga bata kung ano ang mararamdaman nila kung sila ang mga taong kinakatawan nila.

5. Gumuhit ng mga simpleng larawan o mga paglalarawan sa pisara, o gumamit ng mga larawan o ginupit na larawan, habang isinasalaysay ninyo ang mga pangyayari sa banal na kasulatan.

6. Pangasiwaan ang isang dulaan ng mga mambabasa (reader's theater) kung saan binabasa ng ilang bata ang isang iskrip na bumabanggit sa bahagi ng isang pangyayari sa banal na kasulatan. Kung naaangkop, ipabasa nang tuwiran sa mga bata ang mga banal na kasulatan.

7. Anyayahan ang isang magulang, miyembro ng purok o sangay, o miyembro ng klase upang ikuwento ang isang pangyayari mula sa banal na kasulatan. Bigyan siya ng isa o dalawang linggo upang makapaghanda, at tiyaking bigyan siya ng takdang panahon para sa pagtatanghal.

8. Bigyan ang mga bata ng simpleng paunang pagsusulit, tulad ng tama o mali o maikling kasagutang pagsusulit, bago ituro ang isang alituntunin o pangyayari sa banal na kasulatan. Ipaliwanag sa klase na gusto ninyong malaman kung gaano ang alam nila tungkol sa alituntunin o pangyayari.

Bigyan sila ng katulad na pagsusulit pagkatapos ng aralin upang makita nila kung ano ang natutuhan nila.

9. Isulat sa pisara o gumawa ng mga sinulatang piraso ng papel na may mahahalagang salita o pangalan ng mga tao mula sa mga pangyayari sa banal na kasulatan. Hayaang pakinggan ng mga bata ang mga salita o pangalang ito habang kayo ay nagkukuwento. Tulungan ang mga bata na dagdagan ang kanilang talasalitaan upang maunawaan nilang mas mabuti ang mga banal na kasulatan at mawili sa pagbabasa ng mga ito sa tahanan.

10. Bago ibigay ang aralin, isulat sa pisara ang mga tanong tungkol sa pangyayari sa banal na kasulatan. Habang naririnig ng mga bata ang mga sagot sa oras ng pagkukuwento, tumigil upang talakayin ang mga tanong at mga sagot.

11. Ikuwento ang pangyayari sa banal na kasulatan, at hayaang magkusa ang mga bata na isalaysay muli ang kanilang mga paboritong bahagi. Maaari ninyong hilingan ang isang miyembro ng klase na simulan ang kuwento at pagkatapos ay tawagin ang ibang bata para magpatuloy.

12. Magpatugtog ng *tape* ng mga piling talata mula sa mga banal na kasulatan.

13. Maglaro ng larong pagtutugma. Maghanda ng mga set ng pinagtutugmang mga kard o papel na may sukat na 3” x 5”. Sa kasunod na halimbawa, ilalagay ninyo sa isang kard ang pangalan ng isang taong inilalarawan sa Lumang Tipan at ilalagay naman sa isang kard pa ang mga salita o ideya na may kaugnayan sa taong iyon. Paghalu-haluin ang mga kard o papel at ilagay nang pataob ang mga ito sa isang mesa o sa sahig. Isa-isang palapitin ang mga bata at ipabaligtad ang dalawang kard. Basahin nang malakas ang sinasabi ng bawat kard. Kung magkatugma ang mga kard iwanang nakatihaya ang mga ito. Kung hindi magkatugma ang mga kard, muling itaob ang mga ito at ibang bata naman ang maglalaro. Magpatuloy hanggang sa ang lahat ng kard ay mapagtugma nang wasto.

    Narito ang mga set na magagamit ninyo para sa isang laro ng pagtutugma tungkol sa mga tao mula sa Lumang Tipan:

    Set 1: Adan—Namuhay sa Halamanan ng Eden

    Set 2: Enoc—Nagtatag sa lungsod ng Sion

    Set 3: Noe—Gumawa ng isang arka

    Set 4: Abraham—Nahilingang ialay ang kanyang anak na lalaki

    Set 5: Rebeca—Iniwan ang kanyang mag-anak upang magpakasal kay Isaac

    Set 6: Jose—Pinatawad ang kanyang mga kapatid na lalaki

    Set 7: Moises—Pinamunuan ang mga Israelita mula sa Egipto

    Set 8: Ruth—Sinunod ang kanyang biyenan na babae

    Set 9: David—Nakipaglaban sa isang higante

    Set 10: Elijah—Pinakain ng mga uwak

14. Maglaro ng isang laro na tanungan. Maglagay ng ilang tanong sa isang lalagyan, at hayaang maghalinhinan ang mga miyembro ng klase sa pagkuha ng isa sa mga tanong na ito at sa pagsagot nito.

**Pangangasiwa sa mga Talakayan sa Klase**

Ang pakikilahok sa mga talakayan at iba pang gawain sa pagkatuto ay makatutulong sa mga bata na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang sumusunod na mga tagubilin ay makatutulong sa inyo upang makapagtanong ng mga makabuluhang tanong at makahimok ng mga talakayan sa klase:

1. Magtanong at magbigay ng mga sanggunian sa banal na kasulatan upang makahanap ang mga miyembro ng klase ng mga sagot sa mga banal na kasulatan.

2. Magtanong ng mga hindi nasasagot ng "oo" o "hindi" kundi sa halip ay nangangailangan ng pag-iisip at talakayan. Ang mga tanong na nagsisimula sa *bakit*, *paano*, *sino*, *ano*, *kailan*, at *saan* ay karaniwang mas mabisa.

3. Maging sensitibo sa mga bata na maaaring atubiling sumali. Isali ang mga miyembro ng klase na hindi karaniwang nakikilahok sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang pangalan at pagtatanong sa kanila ng inaakala ninyong masasagot nila. Bigyan sila ng panahon upang sumagot. Tulungan sila kung kailangan nila ng tulong, ngunit pagkatapos lamang na magkaroon sila ng panahon upang makapag-isip at makasagot.

4. Himukin ang mga bata na ibahagi ang kanilang mga damdamin tungkol sa natututuhan nila [mula sa mga banal na kasulatan]. Magbigay ng mga positibong puna sa kanilang mga ibinahagi.

5. Matapat na purihin ang mga bata kapag sumasagot sila sa mga tanong. Tulungan silang malaman na ang kanilang mga kaisipan at damdamin ay mahalaga.

**Pagtulong sa mga Bata na Maipamuhay ang mga Banal na Kasulatan**

Tulungan ang mga bata na magamit sa kanilang buhay ang natutuhan nila. Hinamon tayo ni Santiago na maging "tagatupad [kayo] ng salita, at huwag tagapakinig lamang" (Santiago 1:22). Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa inyo sa pagsasagawa ng tungkuling ito:

1. Kapag ipinadarama sa inyo ng Espiritu, ibahagi ninyo ang patotoo sa mga katotohanan ng inyong itinuturo. Ang inyong mga aralin ay magiging mas mabisa kapag nagtuturo kayo nang may katapatan at matibay na paniniwala.

2. Himukin ang mga bata na dalhin ang sarili nilang kopya ng mga banal na kasulatan sa klase. Kung walang sariling kopya ng mga banal na kasulatan ang mga bata o kaya ay nakalimutan nilang dalhin ang mga ito, maglaan ng sobrang mga kopya para magamit ng mga bata sa klase. Kung may aklatan kayo sa purok o sangay, maaari kayong makakuha ng mga kopya ng mga banal na kasulatan doon. Sa buong taon ay himukin ang mga miyembro ng klase na markahan nila sa sarili nilang mga kopya ng mga banal na kasulatan (hindi sa kopya ng aklatan) ang mga tiyak na talata na makabuluhan nilang magagamit sa kanilang buhay.

3. Hilingin sa mga bata na ibahagi ang natutuhan nila. Tanungin sila kung paano nila magagawa sa kanilang buhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro sa aralin.

4. Gumanap bilang isang tagapag-ulat, at kapanayamin ang mga bata na para bang sila ang mga taong nababasa natin sa mga banal na kasulatan. Hilingin sa kanila na sabihin sa inyo ang mga detalye ng pangyayari sa banal na kasulatan at kung ano ang nadarama nila sa nangyari.

5. Hatiin ang klase sa dalawa o mas marami pang maliliit na grupo. Pagkatapos ninyong maikuwento ang isang pangyayari sa banal na kasulatan, ipasulat sa bawat grupo ang mahahalagang alituntunin mula sa pangyayari. Pagkatapos ay hayaang maghalinhinan ang mga grupo sa pagtalakay kung paano naaangkop sa kanilang mga buhay ang mga alituntuning ito.
6. Gumawa ng pagsasaliksik sa banal na kasulatan: Bigyan ang mga miyembro ng klase ng isang pahiwatig [clue] tulad ng isang pangyayari, sitwasyon, o problema; pagkatapos ay hamunin silang hanapin ang naaangkop na banal na kasulatan. Hilingan ang mga batang mauunang makahanap sa banal na kasulatan na tulungan ang iba pang nasa klase na hanapin ang banal na kasulatan. Pagkatapos ay hayaang sabihin nila kung bakit naaangkop ang banal na kasulatang ito sa pahiwatig.
7. Magbahagi ng mga tiyak na pagkakataon kung kailan ay nakita ninyong sinusunod ng mga bata ang alituntuning tinatalakay. Halimbawa, kung itinuturo ninyo ang isang aralin tungkol sa pagiging mabait, maaari ninyong tukuyin ang ilang pagkakataon noong makita ninyong naging mabait sa iba ang mga bata.
8. Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mga mag-anak ang natutuhan nila. Hangarin ang inspirasyon ng Espiritu habang isinasaalang-alang ninyo kung aling bahagi ng aralin ang maimumungkahi ninyong ibahagi ng mga bata sa tahanan. Maaari silang magkuwento, magtalakay ng isang tanong, o mangasiwa ng isang gawain mula sa aralin na kasama ang kanilang mag-anak. Maging sensitibo sa mga bata na may natatanging kalagayang pangmag-anak at maaaring kailanganin na ibahagi ang natutuhan nila sa ibang may sapat na gulang na mahalaga sa kanilang buhay.
9. Kumustahin ang mga takdang gawain. Sa tuwing magbibigay kayo ng takdang gawain o hamon, tiyaking tanungin ang mga bata tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagsisimula ng klase sa susunod na linggo.

### Paghimok sa mga Bata na Basahin ang mga Banal na Kasulatan sa Tahanan

Ang inyong saloobin tungkol sa mga banal na kasulatan ay magkakaroon ng mahalagang impluwensiya sa mga bata sa inyong klase. Alamin sa pamamagitan ng panalangin ang mga paraan kung paano mahihimok ang mga bata na magbasa ng mga banal na kasulatan nang mag-isa at kasama ang kanilang mag-anak. Tulungan ang mga bata na maranasan ang pagtatanim ng salita ng Diyos sa kanilang mga puso at pangangalaga nito. Sa gayon ay lalago ito at magiging masarap sa kanila (tingnan sa Alma 32:28). Ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan" ay makikita sa hulihan ng bawat aralin; maaari ninyong bigyan ang bawat bata ng isang pirasong papel at ipalista ang mga talatang ito bawat linggo, o maaari ninyong bigyan ng pananda sa aklat ang mga bata kung saan ay maisusulat nila ang babasahin para sa bawat linggo. Maging positibo at malikhain sa mga paraan ng inyong panghihimok sa mga bata.

### Pagtulong sa mga Bata na Maisaulo ang mga Banal na Kasulatan

Ang pagsasaulo ng mga banal na kasulatan ay maaaring maging mabisang paraan upang matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Karamihan sa mga bata ay natutuwa sa pagsasaulo kapag gumagamit kayo ng kawili-wili at malikhaing mga paraan. Ang sumusunod na mga mungkahi ay mga kasiya-siyang paraan upang tulungan ang mga bata na magsaulo:

1. Magsulat sa pisara o isang tsart ng unang titik ng bawat salitang isasaulo. Halimbawa, maaari ninyong gawin ang sumusunod na tsart para sa mga salita sa unang saligan ng pananampalataya:

N k s D a W H A a s K A n s J a s E S

Ituro ang mga titik habang inuulit ninyo ang bawat katugmang salita. Ulitin ang banal na kasulatan nang ilang beses at ipaulit ito sa mga bata kapag kaya na nila. Hindi magtatagal ay hindi na nila kakailanganin ang tsart.

2. Hatiin ang banal na kasulatan sa maiikling parirala. Ulitin nang malakas ang bawat parirala na nagsisimula sa huli at pabalik sa umpisa nang sa gayon ay mauunang ulitin ng mga bata ang mga hindi gaanong pamilyar na bahagi. Halimbawa, sa pagsasaulo ng Genesis 1:27, "At nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae," ay maaaring ulitin ng mga bata ang "nilalang niya sila na lalake at babae" nang ilang ulit. Pagkatapos ay maidaragdag nila ang kasunod na parirala, "ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang." Pagkatapos ay maaari nilang ulitin ang buong banal na kasulatan.
3. Kung magaling magbasa ang mga bata, maghanda ng nakasulat na kopya ng banal na kasulatan para sa bawat bata. Pagputul-putulin ang bawat kopya sa mga salita o parirala. Pagkatapos sabay-sabay na bigkasin ang talata nang ilang ulit, bigyan ang bawat bata ng isang set ng mga piraso ng papel at ipaayos sa bawat isa sa kanila ang kanilang mga sinulatang piraso ng papel sa tamang pagkakasunud-sunod.
4. Bigkasin muli nang ilang beses ang banal na kasulatan, na tumitigil upang hayaang bigkasin ng isang bata ang kasunod na salita o parirala. Pagkatapos ay padagdagan ng isa pang salita o parirala sa isa pang bata. Magpatuloy hanggang sa ang lahat ng bata ay magkaroon ng kahit isa man lamang na pagkakataon.
5. Gumamit ng musika upang matulungan ang mga bata na magsaulo.
6. Bigyan ang bawat bata (o grupo ng mga bata) ng isang salita o parirala mula sa isang banal na kasulatan, na tinitiyak na ang lahat ng salita mula sa banal na kasulatan ay magagamit. Ipabigkas sa mga bata ang kanilang mga salita o parirala ayon sa pagkakasunud-sunod (halimbawa, sasabihin ng unang bata ang unang salita o parirala, sasabihin ng ikalawang bata ang pangalawa, at patuloy hanggang sa matapos ang talata). Ulitin nang ilang beses.
7. Isulat sa pisara o sa isang tsart ang isang banal na kasulatan. Ulitin ang talata nang ilang beses, na unti-unting binubura o tinatakpan ang mga salita hanggang sa maisaulo ng mga bata ang buong banal na kasulatan.

### Matalinong Paggamit ng Labis na Oras

Kung natapos na ninyo ang inihanda ninyong aralin bago matapos ang oras ng klase, maaaring naisin ninyong lumikha ng isang gawaing magpupuno sa nalalabing oras. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong sa inyong gamitin ang oras na ito nang mabisa:

1. Papagsalitain ang ilan sa mga bata tungkol sa kanilang paboritong mga kuwento sa banal na kasulatan.
2. Magsagawa ng pagsasaliksik sa banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pahiwatig sa mga bata tungkol sa isang mahalagang sangguniang banal na kasulatan na namarkahan na nila. Hayaang gumawa sila nang may kapareha o sa maliliit na grupo upang mahanap ang tamang sipi ng banal na kasulatan.
3. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang isang banal na kasulatan o ang isang saligan ng pananampalataya na mula sa aralin.
4. Hayaang magbahagi ng mga ideya ang mga bata tungkol sa kung paano nila magagamit ang mga alituntunin mula sa aralin sa tahanan, sa paaralan, at sa kanilang mga kaibigan.
5. Hatiin ang klase sa mga grupo, at hayaang maghalinhinan sila sa pagtatanong sa bawat isa tungkol sa aralin.
6. Hayaang maglimbag ng isang siping-banggit o magdrowing ng larawang nauugnay sa aralin upang iuwi sa tahanan at idispley bilang paalaala ng layunin ng aralin.
7. Anyayahan ang mga bata na markahan (sa kanilang sariling mga banal na kasulatan) ang mga sanggunian sa banal na kasulatan para sa pag-aaral sa hinaharap. Maaaring hilingan ninyo ang mga bata na markahan ang mga talatang pinakagusto nila mula sa aralin, o makapagmumungkahi kayo ng mga talata na inaakala ninyong makapagpapaalala sa mga bata tungkol sa layunin ng aralin.
8. Gumamit ng angkop na mga kuwento, artikulo, o gawain mula sa mga magasin ng Simbahan.
9. Pagbalik-aralan ang mga alituntunin o mga pangyayari sa banal na kasulatan mula sa nakaraang mga aralin.

---

## Musika sa Silid-aralan

Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay maaaring pagyamanin at palakasin sa pamamagitan ng musika. Kadalasan ang mga bata ay mas nakaaalala at natututo sa pamamagitan ng musika.

Hindi kayo kailangang maging isang manunugtog upang makagamit ng angkop na musika upang matulungan ang mga bata na madama ang Espiritu at matutuhan ang ebanghelyo. Maaari kayong magpatugtog ng isang *audiocassette tape* o hayaang magtanghal ang mga panauhin ng isang bilang na musikal mula sa *Mga Himno* o sa *Aklat ng mga Awit Pambata* (52538) sa kasalukuyan o sa simula ng isang aralin upang bigyang-diin ang isang alituntunin. Maaari rin ninyong awitin o basahin ang mga salita sa mga awit na kasama ang mga bata upang maisali sila sa inyong aralin. Gamitin nang madalas ang mga awit sa Primarya hanggat maaari. Kung may makukuhang mga *audiocassette* ng *Aklat ng mga Awit Pambata,* maaari ninyong gamitin ang mga ito upang tulungan kayong matutuhan ang mga awit o para masaliwan ang pag-awit sa silid-aralan.

## Oras ng Pagbabahagi

Paminsan-minsan ang klase ay mahihilingang magbigay ng mga simpleng pagtatanghal ng ebanghelyo sa oras ng pagbabahagi sa Primarya. Ang mga pagtatanghal na ito ay dapat magmula sa mga aralin, mangailangan ng kaunting pagsasanay, at makatulong sa pagpapatatag ng mga alituntuning itinuturo ninyo. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na mga ideya para sa mga pagtatanghal sa oras ng pagbabahagi:

1. Isadula ang isang kuwento sa banal na kasulatan.
2. Sabay-sabay ninyong bigkasin ang isinaulong mga banal na kasulatan.
3. Ulitin o awitin ang isang saligan ng pananampalataya at ipaliwanag ang kahulugan nito.
4. Isadula ang isang makabagong aplikasyon ng isang alituntunin ng ebanghelyo.
5. Iangkop sa lokal na pangangailangan ang isang gawaing nagpapayaman sa kaalaman.

## Mga Saligan ng Pananampalataya

Dapat ninyong isama ang Mga Saligan ng Pananampalataya sa inyong mga aralin at himukin ang bawat bata na isaulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya bago malipat mula sa Primarya.

Gamitin ang bawat pagkakataon upang tulungan ang mga bata na matutuhan, maunawaan, at bigkasing muli ang Mga Saligan ng Pananampalataya.

## Pag-unawa sa mga Batang Walo Hanggang Labing-isang Taong Gulang

Upang matulungan ang mga bata na matuto at magkaroon ng tiwala sa sarili, kailangan ninyong maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at katangian at planuhin ang mga angkop na gawain at klase. Para sa impormasyon tungkol sa mga katangian ng mga bata na nasa ganitong edad, tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (33043), Yunit B, Paksa 5. Ang manwal na ito ay maaaring makuha sa aklatan ng inyong bahay-pulungan, o maaaring mabili ito mula sa inyong lokal na sentro ng pamamahagi.

## Mga Natatanging Alituntunin para sa Pagsasali ng mga May Kapansanan

Ang Tagapagligtas ay nagpakita ng halimbawa sa atin ng pagdama at pagpapakita ng pagkahabag sa mga may kapansanan. Nang dalawin niya ang mga Nephita pagkatapos ng kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, sinabi niyang:

“Mayroon bang may karamdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam,

o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo" (3 Nephi 17:7).

Bilang isang guro sa Primarya kayo ay nasa pinakamainam na katayuan upang magpakita ng pagkahabag. Bagamat marahil hindi kayo sinanay na magbigay ng propesyonal na tulong ay magagawa ninyong unawain at kalingain ang mga batang may mga kapansanan. Ang pagmamalasakit, pag-unawa, at pagnanais na isali ang bawat miyembro ng klase sa mga gawain ng pagkatuto ay kailangan.

Ang mga batang may kapansanan ay maaaring maantig ng Espiritu maging anuman ang antas ng kanilang pang-unawa. Kahit na ang ilang bata ay hindi maaaring makadalo sa buong oras ng Primarya, kailangan nilang magkaroon ng pagkakataong makadalo kahit sandali lamang upang madama ang Espiritu. Maaaring kailanganing magkaroon ang bata ng kasama na sensitibo sa mga pangangailangan ng bata habang nasa Primarya sakaling kailanganing lumayo ang bata sa buong grupo.

Ang ilang miyembro ng klase ay maaaring mahirapan dahil sa kawalang-kakayahan na matuto, mga kapansanan sa kaisipan, problema sa wika o pananalita, pagkawala ng paningin o pandinig, mga problema sa pag-uugali at pakikisalamuha sa iba, sakit sa utak, mga problema sa paggalaw at pagkilos, o mga matagal na problema sa kalusugan. Maaaring matuklasan ng iba na ang wika at kultura ng kapaligiran ay hindi pangkaraniwan at mahirap. Anuman ang maging kalagayan ng bawat isa, ang bawat bata ay may magkakatulad na pangangailangan na mahalin at tanggapin, na matutuhan ang ebanghelyo, na madama ang Espiritu, na matagumpay na makisali, at maglingkod sa iba.

Ang mga gabay na ito ay makatutulong sa pagtuturo ninyo sa batang may mga kapansanan:

- Huwag pansinin ang kapansanan at tahasang kilalanin ang bata. Maging totoo, palakaibigan, at masigla.
- Alamin ang tungkol sa mga tiyak na kalakasan at hamon [na kinakaharap] ng bata.
- Gawin ang lahat ng pagsisikap upang turuan at paalalahanan ang mga miyembro ng klase tungkol sa kanilang pananagutan na igalang ang bawat miyembro ng klase. Ang pagtulong sa isang miyembro ng klase na may kapansanan ay maaaring magbigay sa buong klase ng karanasan na tulad ng kay Cristo.
- Hanapin ang mga pinakamainam na pamamaraan ng pagtuturo sa bata sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga magulang, sa ibang mga miyembro ng mag-anak, at kapag naaangkop, sa bata.
- Bago tawagin ang batang may kapansanan upang magbasa, manalangin, o kaya ay makisali, tanungin siya kung ano ang kanyang pakiramdam tungkol sa pakikisali sa klase. Bigyang-diin ang mga kakayahan at mga talino ng bawat bata at humanap ng mga paraan upang ang bawat isa ay makisali nang matiwasay at matagumpay.

- Iangkop ang mga kagamitan ng aralin at ang pisikal na mga kapaligiran upang matugunan ang bawat pangangailangan ng mga batang may mga kapansanan.

Ang mga karagdagang kagamitan para sa pagtuturo ng mga batang may mga kapansanan ay makukuha mula sa mga sentro ng pamamahagi ng Simbahan (tingnan sa "Mga Kagamitan para sa mga May Kapansanan" [Materials for Those with Disabilities] na nasa katalogo ng sentro ng pamamahagi).

---

**Pakikitungo sa mga Problema ng Pang-aabuso**

Bilang guro ay maaaring matuklasan ninyo na may mga bata sa inyong klase na dumaranas ng emosyonal o pisikal na pang-aabuso. Kung may nangyayaring ganito, mangyari lamang na sumangguni sa inyong obispo. Habang inihahanda at inilalahad ninyo ang mga aralin, manalangin kayo para sa gabay at patnubay ng Panginoon. Tulungan ang bawat bata sa inyong klase na madamang siya ay mahalagang anak ng Ama sa Langit at mahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat isa sa atin at nais na maging maligaya at ligtas tayo.

# Ang Plano ng Ama sa Langit para sa Atin

Aralin 1

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na sila ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit at may plano siya na makatutulong sa kanila na maging katulad niya at makabalik upang mamuhay muli sa kanyang piling.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Mga Taga Roma 8:16—Tayo ay mga anak ng Diyos.
   - Abraham 3:22–26—Ang plano ng kaligtasan ay inilahad sa atin bago pa tayo isinilang sa mundo.
   - Doktrina at mga Tipan 138:55–56; Job 38:4, 7—Marami ang inihanda sa buhay bago pa ang buhay na ito upang maging mga propeta at mga pinuno sa mundo.
   - *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 2, "Ang Ating Mag-anak sa Langit."
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia at Mahalagang Perlas para sa bawat bata.
   b. Sampung ginupit na larawan ng plano ng kaligtasan: 6-A hanggang 6-J (na makikita sa likuran ng manwal).
   c. Ang sumusunod na mga sinulatang piraso ng papel:

| |
|---|
| Saan? |
| Sino? |
| Ano? |

Pansinin: Ang ikalawang bahagi ng kuwento tungkol sa Kapulungan sa Langit, ang pagpili natin na sundin si Jesucristo at ang Ama sa Langit sa halip na si Lucifer, ay tatalakayin sa aralin 2.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang mga sinulatang piraso ng papel na inyong inihanda o isulat ang sumusunod na mga salita sa pisara: *Saan? Sino? Ano?*

Hilingin sa mga bata na makinig habang inyong inaawit o binabasa ang mga salita sa unang talata ng "Ako'y Namuhay sa Langit" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) upang malaman nila ang mga sagot sa ilang mahahalagang tanong na itatanong ninyo sa kanila.


Ako'y namuhay noon sa langit, totoo.
Minahal natin doon ang lahat ng tao.
Ating Ama'y nag-alay ng magandang plano.
Tungkol sa lupa at kaligtasan ng tao.

- Saan tayo nanirahan noong matagal nang panahon? (Sa langit; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:29, unang pangungusap; Abraham 3:22–23.) "Noong matagal na panahon bago pa man nilikha ang daigdig, ang lahat ng espiritu ng mga kalalakihan at kababaihan na itinalaga sa mundong ito ay namuhay sa isang espirituwal na pag-iral" (Spencer W. Kimball, *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball [1982], p. 30).
- Sino ang nanirahan doon na kapiling natin?
- Ano ang plano ng Ama sa Langit para sa atin? Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit na makatanggap tayo ng pisikal na katawan, matutong pumili sa pagitan ng tama at mali (pansinin: ang aralin 2 ay tumatalakay sa kalayaang pumili), at magkaroon ng pagkakataon na maging katulad niya.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa ating buhay bago pa ang buhay na ito ayon sa inihayag sa Abraham 3:22–26 at Doktrina at mga Tipan 138:55–56 at ipinaliwanag sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 2. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Pansinin: *ang unang kalagayan* ay tumutukoy sa ating buhay bago pa ang buhay na ito, at ang ikalawang kalagayan ay ang ating buhay sa mundo. Ipaliwanag na ang mga katalinuhan ayon sa pagkagamit sa mga banal na kasulatang ito ay tumutukoy sa mga espiritung anak ng Ama sa Langit at ang ibig sabihin ng *buhay bago pa ang buhay na ito* ay ang buhay natin bago pa tayo isinilang sa mundo. Ituro ang plano ng Ama sa Langit na ginagamit ang mga ginupit na larawan ng plano ng kaligtasan.

Bigyang-diin na ang pangunahing layunin ng plano ng Ama sa Langit ay ang bigyan tayo ng pagkakataon na maging katulad niya.



## Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Sino ang Ama ng ating mga espiritu? (Mga Taga Roma 8:16.) Bilang mga mortal, paano tayo katulad ng ating mga magulang sa langit? (Genesis 1:27.)
- Ano ang ginawa natin sa daigdig ng mga espiritu? (Doktrina at mga Tipan 138:56.)
- Ano ang ginawa natin nang ilahad sa atin ng Ama sa Langit ang kanyang plano? (Sumigaw tayo sa galak; tingnan sa Job 38:4, 7.)
- Bakit hindi natin naaalaala ang ating buhay bago pa ang buhay na ito? Ipaliwanag sa mga bata na noong isilang ang bawat isa sa atin sa mundo, nakalimutan natin ang ating buhay sa piling ng Ama sa Langit. Ito ang naging dahilan upang magkaroon tayo ng pananampalataya sa kanya at kay Jesucristo. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng paniniwala sa mga propeta, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pananalangin, at pagsunod sa patnubay ng Espiritu Santo.
- Paano naiiba ang buhay sa mundo sa ating buhay bago pa ang buhay na ito? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 6.)
- Ano ang dapat nating gawin habang nabubuhay tayo sa mundo? (Abraham 3:25; Alma 34:32–33.) Ano ang mangyayari kung sinusunod natin ang mga kautusan habang nasa mundo tayo? (Abraham 3:26.)
- Ano ang mangyayari sa ating mga katawang lupa kapag namatay tayo? Saan pupunta ang ating mga espiritu? (Eclesiastes 12:7; Alma 40:11–14. Tulungan ang mga bata na maunawaan na sa kamatayan ang ating mga espiritu ay hindi talagang nagpupunta sa kinaroroonan ng Diyos kundi nagpupunta sa daigdig ng mga espiritu, kung saan ay tumatanggap tayo ng bahagi lamang ng paghuhukom).
- Ano ang ibig sabihin ng mabuhay na mag-uli? (2 Nephi 9:12.) Sino ang mabubuhay na mag-uli? (1 Mga Taga Corinto 15:22.)
- Ano ang mangyayari pagkatapos na tayo ay mabuhay na mag-uli? (II Mga Taga Corinto 5:10.) Sino ang magiging karapat-dapat na mamuhay sa kahariang selestiyal? (Doktrina at mga Tipan 76:51–53. Tulungan ang mga bata na maunawaan na upang makapasok sa kahariang selestiyal ay kailangan nilang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, magsisi, magpabinyag, at tanggapin ang Espiritu Santo. Pagkatapos ay kailangan nilang mamuhay nang karapat-dapat at patunayan ang kanilang katapatan. Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Sino ang mamumuhay sa kahariang terestriyal? (Doktrina at mga Tipan 76:71–79.) Sino ang mamumuhay sa kahariang telestiyal? (Doktrina at mga Tipan 76:81, 101–3.)
- Paano ba ang magiging pamumuhay sa kahariang selestiyal? (Doktrina at mga Tipan 76:92–94.) Ano ang pangako sa atin kung karapat-dapat tayong mamuhay sa kahariang selestiyal? (Tayo ay magiging katulad ng Diyos; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:95.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Sabihin sa mga bata na sa taong ito ay pag-aaralan nila ang ebanghelyo na karamihan ay mula sa Lumang Tipan at Mahalagang Perlas. Ipakita sa mga bata ang kopya ng bawat isa sa mga aklat na ito, o kung may sarili silang sipi ng mga banal na kasulatan ay ipahanap sa kanila ang bawat isa sa mga aklat na ito. Ipaliwanag na ang Lumang Tipan ay kasaysayan ng mga pakikitungo ng Diyos sa kanyang mga tao mula sa paglikha sa mundo hanggang sa mga apat na raang taon bago isilang si Jesucristo. Ang Mahalagang Perlas ay naglalaman ng mga sagradong kasulatan ng ilang propeta, kabilang ang dalawang propeta ng Lumang Tipan na sina Moises at Abraham. Sinasabi ng mga ito ang tungkol sa ating buhay bago pa ang buhay na ito, ang naunang kasaysayan ng daigdig, ang plano ng Ama sa Langit para sa atin, at ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo.

   Maaaring naisin ninyong ihambing ang ilang talata sa Lumang Tipan sa mga nasa Mahalagang Perlas, gaya ng paghahambing sa Genesis 1:5 sa Moises 2:5. Himukin ang mga bata na magdala ng sarili nilang mga banal na kasulatan bawat linggo kung maaari.

2. Basahin at talakayin ang Abraham 3:23 sa mga bata.

   - Anong uri ng mga bagay ang maaaring piniling ipagawa sa atin sa mundo? Ipaliwanag na malaya tayong pumili ng gagawin natin sa buhay na ito, subalit bawat isa sa atin ay paunang inordenan na gumawa ng isang mahalagang gawain sa mundo.

3. Ilagay ang mga ginupit na larawan ng plano ng kaligtasan sa palibot ng silid at palipat-lipatin ang mga bata habang maikli ninyong pinagbabalik-aralan ang bawat isa (bigyang-diin sa pagbabalik-aral na tayong lahat ay nabuhay sa piling ng Ama sa Langit sa buhay bago pa ang buhay na ito at na maaari tayong mamuhay muli sa kanyang piling). O ipalagay sa mga bata ang mga ginupit na larawan sa tamang pagkakasunud-sunod sa isang mesa. Himukin ang mga bata na magpasiya na gumawa ng tamang mga pagpili upang balang-araw ay maging karapat-dapat silang bumalik at mabuhay nang walang hanggan sa kahariang selestiyal. (Maaari rin ninyong naisin na pagawin ng isang set ng mga ginupit na larawan ang bawat bata para iuwi nila at ibahagi sa kani-kaniyang mag-anak.)

4. Ipaliwanag na ang buhay natin sa mundo ay katulad ng isang paaralan. Narito tayo upang matuto at upang subukin. Kung pumipili tayo ng tama, tayo ay makapapasa sa mga pagsusulit at makababalik sa Ama sa Langit. Basahin at talakayin ang sumusunod na siping-banggit: “Mga kapatid ko, tayo ay malayo sa ating tahanan. Nasa paaralan tayo. Ang mga aralin natin ay hindi magiging madali. Ang paraan ng pakikitungo natin sa mga ito, ang paraan ng pagtatagumpay natin at pagsasakatuparan at pamumuhay ang magiging batayan ng ating mga gantimpala, at ang mga ito ay magiging panghabampanahon at walang hanggan” (Spencer W. Kimball, *The Teachings of Spencer W. Kimball,* p. 28).

5. Tulungan ang mga bata na maunawaan at maisaulo ang Abraham 3:25.

6. Talakayin sa mga bata kung paano katulad at kung paanong kakaiba sa ating buhay bago pa ang buhay na ito ang buhay sa mundo. Maaaring naisin ninyong maghanda ng mga piraso ng papel na nasusulatan ng mga bagay mula sa sumusunod na talaan. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagkuha ng papel, pagbabasa nito sa klase, at paglalagay nito sa ilalim ng ginupit na larawan ng Buhay sa Mundo o Buhay Bago pa ang Buhay na Ito, kung saan man ito nabibilang. (Ang ilan sa mga ito ay kabilang sa dalawang ito. Maaari kayong gumawa ng karagdagang sinulatang papel o ilagay ang mga ito sa pagitan ng dalawang ginupit na mga larawan.)

   Mamuhay sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo (bago ang buhay na ito)
   Makapiling ang ating mag-anak (kapwa)
   Nasa atin ang Biblia at Aklat ni Mormon para gabayan tayo (mundo)
   Katawang espiritu lamang ang taglay (bago pa ang buhay na ito)
   May pisikal na katawan (mundo)
   Maturuan ng plano ng Ama sa Langit (kapwa)
   Makaranas ng mabigat na trabaho, pighati, at kamatayan (mundo)
   Magkaroon ng mga anak (mundo)

7. Pag-usapan ninyo ng mga bata ang tungkol sa kahalagahan ng matwid na pamumuhay upang makabalik sa Ama sa Langit at mamuhay sa kahariang selestiyal. Ipasadula sa mga bata ang mga sitwasyon na kagaya ng mga sumusunod, na nagpapakita ng pagpapasiya na makatutulong sa kanila upang makabalik at mamuhay sa piling ng Ama sa Langit:

   a. Inaanyayahan ka ng isa mong kaibigan na magpunta sa sine na kasama niya sa araw ng Linggo.
   b. Nakalimutan mong gawin ang iyong takdang-aralin at natutukso kang sabihin sa iyong guro na hindi mo nagawa ito dahil nagkasakit ka.
   c. Hiniling ng iyong nanay na lumagi sa tahanan para alagaan ang iyong nakababatang kapatid na lalaki sa halip na magpunta sa kung saan na kasama ang iyong mga kaibigan.

8. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ako’y Anak ng Diyos” (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* 31110 893) o “Susundin Ko ang Plano ng Diyos” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na tayong lahat ay mga anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit. Ipahayag ang pasasalamat sa plano ng kaligtasan, na tutulong sa atin upang balang-araw ay makabalik tayo na kasama ang ating mga mahal sa buhay sa piling ng Ama sa Langit.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Job 38:4, 7 at Abraham 3:22–26 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
2

# Pinili si Jesucristo na Maging Tagapagligtas Natin

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan ang kahalagahan ng paggamit ng kanilang kalayaang pumili upang makapili at makakilos sa kanilang sarili.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Abraham 3:27–28—Pinili si Jesus na maging Tagapagligtas natin.
   - Moises 4:1–4—Sumalungat si Satanas sa plano ng Ama sa Langit.
   - *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 3, "Si Jesucristo, ang Ating Piniling Pinuno at Tagapagligtas," at kabanata 4, "Kalayaan sa Pagpili."
2. Karagdagang babasahin:
   - Apocalipsis 12:7–9—Digmaan sa langit; Itinaboy si Satanas at ang kanyang mga tagasunod.
   - Doktrina at mga Tipan 29:36–37—Dati na tayong may kalayaang pumili.
   - Doktrina at mga Tipan 76:25–28—Si Lucifer ay nahulog at naging si Satanas.
   - Gabay sa mga Banal na Kasulatan "Miguel."
   - 2 Nephi 2:27.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Pinagsama-samang tatlong banal na kasulatan para sa bawat bata.
   b. Isang kopya ng mga pamantayang banal na kasulatan.
   c. Ang mga ginupit na larawan ng plano ng kaligtasan na ginamit sa aralin 1 (6-A hanggang 6-J).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipamahagi sa mga bata ang mga ginupit na larawan na sumasagisag sa plano ng kaligtasan. Ipalagay sa kanila ang mga ginupit na larawan sa tamang pagkakasunud-sunod, na nagsisimula sa "Buhay Bago pa ang Buhay na Ito." Hayaang sabihin ng mga bata kung ano ang nalalaman nila tungkol sa plano ng Ama sa Langit habang inilalagay nila sa tamang lugar ang bawat ginupit na larawan.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari sa Moises 4:1–4 at Abraham 3:27–28 tungkol sa pagkapili kay Jesucristo sa buhay bago pa ang buhay na ito na maging ating Tagapagligtas, tungkol sa ating pagpiling tanggapin siya bilang ating Tagapagligtas, at ang Digmaan sa Langit. (Para sa mga mungkahing paraan

ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na ang kalayaang pumili ay ang kakayahan at pribilehiyo na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit upang makapili at makakilos sa ating sarili. Magagamit natin ang ating kalayaang pumili sa pagpili ng tama o mali, subalit tayo ay may pananagutan sa ating mga pasiya.

## Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Nang tanungin ng Ama sa Langit ang kanyang mga espiritung anak kung sino ang kanyang ipadadala upang maging ating Tagapagligtas, ano ang pagkakaiba ng sagot ni Jesus at ng sagot ni Lucifer? (Moises 4:1–2.) Paano ninais ni Lucifer na baguhin ang plano ng Ama sa Langit? (Moises 4:1, 3; tingnan din sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Bakit pinili ng Ama sa Langit si Jesus na maging ating Tagapagligtas? (Moises 4:2.) Bakit niya tinanggihan ang alok ni Satanas? (Moises 4:3.)
- Ano ang nangyari pagkatapos piliin ng Ama sa Langit si Jesus na maging ating Tagapagligtas? (Apocalipsis 12:7.) Ano ang nangyari kay Lucifer at sa mga espiritung sumunod sa kanya? (Apocalipsis 12:8–9; Doktrina at mga Tipan 29:36–37; 76:25–27; Abraham 3:28.) Anong uri ng mga katawan ang mayroon sila? (Ipaliwanag na dahil sila ay nagrebelde at itinaboy mula sa langit, hindi na sila kailanman isisilang sa mundo at hindi kailanman magkakaroon ng mga katawang lupa.) Ano ang sinisikap na gawin ng mga espiritung ito ngayon? (Moises 4:4.)
- Paano natin maiiwasan na maimpluwensiyahan ni Satanas? (Mateo 26:41; 3 Nephi 18:18; tingnan din sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Ano ang mangyayari sa mga susunod kay Satanas sa buhay na ito? (Alma 30:60.) Ano ang mangyayari sa mga susunod kay Jesucristo? (2 Nephi 31:20.)
- Ano ang nangyari sa mga espiritung sumunod sa Ama sa Langit at kay Jesus? Paano ninyo nalalaman na sa buhay bago pa ang buhay na ito ay pinili ninyong sumunod kay Jesus? Ano ang magagawa ninyo ngayon upang masunod si Jesus?
- Ano ang kalayaang pumili? Bakit gusto ng Ama sa Langit at ni Jesus na magkaroon tayo ng kalayaang pumili? Bakit napakahalaga na gamitin natin ang ating kalayaang pumili sa pagpili ng tama? (2 Nephi 2:27.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Upang matulungan ang mga bata na mailarawan sa isipan nila kung paano ang mamuhay sa ilalim ng plano ni Lucifer, sabihin sa kanila na sa susunod na ilang minuto ay kailangan nilang gawin nang wasto ang inyong sasabihin at wala nang iba (tiyakin na alam nila na hindi sila puwedeng magsalita). Patayuin sila at panatilihing nakatayo nang tuwid sa loob ng ilang sandali. Pagkatapos ay sabihin sa bawat bata kung saan uupo. (Huwag pagtabihin sa upuan ang magkakaibigan.) Sabihin sa mga bata na kailangan silang maupo nang tuwid, na nakalapat sa sahig ang mga paa, na nakatingin nang diretso, nang hindi gumagalaw o nagsasalita. Panatilihin sila sa gayong posisyon hanggang sa sabihin ninyo kung tama na. Pagkatapos ng mga tatlumpong sandali, patayuin silang muli at paupuin kung saan nila gustong maupo.

   • Ano ba ang katulad nang mamuhay sa ilalim ng plano ni Lucifer? (Tulungan ang mga bata na maunawaan na gusto ni Lucifer na gawin natin kung ano lamang ang ipinagagawa sa atin, nang hindi nakapagpapasiya sa ating sarili.) Bakit hindi maaaring mangyari ang kanyang ideya?

     Hayaang pag-usapan ng mga bata kung ano ang kanilang nadama at kung ano ang kanilang madarama kung pipilitin sila araw-araw na gawin kung ano lamang ang ipinagagawa sa kanila. Ipahayag ang inyong pasasalamat sa biyaya ng kalayaang pumili.

2. Isulat ang mga sumusunod na pagpipilian sa magkakahiwalay na papel. Hayaang maghalinhinan ang mga bata na pumili ng nais nila at hayaang pag-usapan nila ang tungkol sa mga kahihinatnan ng gayong pagpili. Ang isa sa mga kahihinatnan na maaaring maisip ng mga bata ay nakalista sa loob ng panaklong na kasunod ng pinili.

   Manalangin (tatanggap ng tulong ng Ama sa Langit)

   Magpunta sa simbahan (matututuhan ang ebanghelyo)

   Magsinungaling (hindi ka na paniniwalaan ng mga tao sa susunod)

   Maging masayahin sa tahanan (mas liligayang lugar ang tahanan)

   Magnakaw o mandaya (mawawala ang impluwensiya ng Espiritu Santo)

   Maging mabait sa isang bagong kapitbahay (magkakaroon ng bagong kaibigan)

   Maging magalang sa simbahan (madarama ang Espiritu ng Ama sa Langit)

   Maging bugnutin sa tahanan (hindi magkakasundu-sundo ang mag-anak)

   Huwag tuparin ang Salita ng Karunungan (sisirain ang inyong katawan)

   Talakayin ang mga kahihinatnan, mabuti at masama, na nagiging bunga kapag ginagamit natin ang ating kalayaang pumili. Bigyang-diin na pinagpapala tayo ng Ama sa Langit kapag ginagamit natin ang ating kalayaang pumili upang gumawa ng mga tamang pagpili.

3. Talakayin at tulungan ang mga bata na maisaulo ang ikalawang saligan ng pananampalataya. Tulungan ang mga bata na makita na ang bawat isa sa atin ay may pananagutan kung paano natin ginagamit ang ating kalayaang pumili.

4. Maghanda ng listahan ng mga sitwasyon na maaaring kaharapin ng mga bata kapag kakailanganin nilang pumili sa pagitan ng tama at mali. (Tingnan ang sumusunod na listahan. Maaari rin ninyong hilingan ang mga bata na magmungkahi ng mga sitwasyon.) Isa-isang ipabasa at ipatalakay sa mga

bata ang mga ito, o ipasadula sa kanila ang bawat sitwasyon. Pag-usapan ang tungkol sa nadarama natin kapag pinipili nating gumawa ng mali at kung ano ang nadarama natin kapag pinipili nating gumawa ng tama.

a. Hinihikayat ka ng isang kaibigan na magnakaw sa isang tindahan.
b. Bibili ka na sana ng tiket sa isang sine nang makita mo ang patalastas na nagpapakita na hindi ito angkop na pelikula.
c. May ilang bata sa inyong lugar na salbahe sa isang bata.
d. Nakita mo ang isang tao na sinasaktan ang isang hayop.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa “Aking Ama’y Buhay” (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* 31110 893).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng ginawa ni Jesucristo para sa atin bilang ating Tagapagligtas. Himukin ang mga bata na gamitin nang may katalinuhan ang kanilang kalayaang pumili sa pamamagitan ng pagpili ng tama.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Moises 4:1–4 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
3

# Ang Paglikha

**Layunin**

Dagdagan ang pagpapahalaga ng bawat bata sa mundong nilikha para sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 1 o Moises 2—Nilikha ni Jesucristo ang mundo, langit, at lahat ng uri ng buhay sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit.
   - Genesis 2:1–3 o Moises 3:1–3—Nagpahinga ang Panginoon sa ikapitong araw.
2. Karagdagang babasahin:
   - Abraham 4:1–31—Plinano ng mga Diyos ang paglikha ng mundo.
   - Abraham 5:1–21—Sinunod ng mga Diyos ang kanilang plano ng paglikha.
   - Moises 1:31–39—Nalaman ni Moises na lumikha si Jesucristo ng hindi mabilang na mga daigdig.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia o pinagsama-samang tatlong banal na kasulatan para sa bawat bata.
   b. Isang lalagyan ng mga piraso ng *puzzle* (kung wala kayong *puzzle*, gupitin sa ilang piraso ang isang larawan mula sa isang magasin).
   c. Larawan 6-1, Paglikha—Buhay na mga Nilikha (Pakete ng Larawang ng Sining ng Ebanghelyo 100; 62483).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang lalagyan ng mga piraso ng *puzzle.* Ipakalog sa isa sa mga bata ang lalagyan at pasubukang ilaglag ang mga piraso sa mesa upang magdugtung-dugtong ang bawat piraso at mabuo ang buong larawan. Ituro na hindi pagkakataon lamang ang pagkakabuo ng isang *puzzle*—kailangan ang isang matalinong nilalang upang isaayos ang mga piraso at maingat na pagdugtung-dugtungin ang mga ito.

Ipakita ang larawang Paglikha—Buhay na mga Nilikha at talakayin ang ilang bagay na nagpapakita na ang paglikha sa mundo ay maingat na naiplano. Halimbawa, dapat ay tama ang layo ng mundo sa araw dahil kung hindi ang lahat ng bagay na narito ay masusunog o magyeyelo. Kung walang sapat na *oxygen*, ang mga tao at mga hayop ay hindi makahihinga.

Kung mahina ang *gravity*, tayo ay lulutang sa mundo. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang pagkakaroon ng mundo ay hindi aksidente o nagkataon lamang. Binigyang-direksiyon ng isang mapagmahal na Ama sa Langit si Jesucristo upang isaayos ang magandang mundong ito para sa atin.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari mula sa Genesis 1:1–2:3 o Moises 2:1–3:3 tungkol sa paglikha ng mundo (tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1). (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Sino ang lumikha sa mundo? (Moises 1:33; 2:1.) Ipaliwanag na ang mundo ay nilikha ni Jesucristo sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit.
- Bakit ninais ng Ama sa Langit na malikha ang mundo? (Abraham 3:24–26.)
- Bakit napakaraming magandang uri ng halaman sa mundo? (Genesis 1:29–30; Doktrina at mga Tipan 59:18–19.) Anong mga halaman ang pinakagigiliwan ninyo? Saan ninyo ginagamit ang mga ito?
- Ano ang nasa loob ng bawat prutas? (Genesis 1:12 o Moises 2:12; tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 6.) Bakit mahalaga ang mga buto (binhi)?
- Ano ang iniutos ng Diyos na gawin ng isda at mga hayop at mga ibon? (Genesis 1:22 o Moises 2:22.)
- Anong kautusan ang ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva (at sa lahat ng tao) tungkol sa pagkakaroon ng mag-anak? (Genesis 1:28 o Moises 2:28.)
- Kaninong larawan tayo nilikha? (Genesis 1:27 o Moises 2:27.)
- Ano ang ating pananagutan sa mundo at sa lahat ng nabubuhay na bagay dito? (Genesis 1:26 o Moises 2:26.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *pamamahala* (dominyon) ay magkaroon ng kapangyarihan sa isang bagay (tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5).
- Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa kanyang mga nilikha? (Genesis 1:31 o Moises 2:31.) Ano ang dapat maramdaman natin sa mabubuting bagay na ginagawa natin?
- Ano ang ginawa ng Diyos sa ikapitong araw? (Genesis 2:2–3 o Moises 3:2–3.) Ano ang dapat nating gawin sa araw ng Sabbath?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Maghanda ng isang papel na ginagamit ang pangyayari alinman sa Genesis o sa Moises para sa bawat araw ng Paglikha:

   Unang araw: Genesis 1:3–5 o Moises 2:3–5
   Ikalawang araw: Genesis 1:6–8 o Moises 2:6–8
   Ikatlong araw: Genesis 1:9–13 o Moises 2:9–13
   Ikaapat na araw: Genesis 1:14–19 o Moises 2:14–19
   Ikalimang araw: Genesis 1:20–23 o Moises 2:20–23
   Ikaanim na araw: Genesis 1:24–27 o Moises 2:24–27
   Ikapitong araw: Genesis 2:1–3 o Moises 3:1–3

   Hatiin sa pitong bahagi o lagyan ng bilang na isa hanggang pito ang pisara o isang malaking papel. Bigyan ang bawat bata ng isa sa mga banal na kasulatan. Kung mayroon kayong mahigit sa pitong bata, hayaang sama-sama silang gumawa at magpasiya kung ano ang maiguguhit nila upang ilarawan ang araw ng Paglikha na binabasa nila. Tulungan silang hanapin ang kanilang mga sanggunian sa banal na kasulatan (kung kailangan nila ng tulong), at bigyan sila ng oras upang mabasa ang mga ito nang tahimik.

   Magpadrowing sa bawat bata (o isang kinatawan mula sa bawat grupo ng mga bata), sa angkop na puwang, ng nilikha sa araw na iyon nang hindi sinasabi sa ibang bata kung ano ang idinodrowing nila. Pagkatapos na hulaan ng ibang miyembro ng klase kung ano ang iginuguhit, ipabasa nang malakas sa bata ang kaukulang bahagi ng sanggunian sa banal na kasulatan upang ipakita kung tama ang kanilang hula. Hilingan ang ibang bata na sundan ito sa kanilang mga banal na kasulatan. Pagkatapos maidrowing ang pitong larawan, madali na ninyong mapagbabalik-aralan kung ano ang naganap sa bawat isa sa pitong araw ng Paglikha.

   Matapos na mapagbalik-aralan ng mga bata ang pitong araw ng Paglikha, bigyan ang bawat isa sa kanila ng papel at lapis o panulat na pangmarka at magpaguhit pa sa kanila ng isa pang larawan ng isa sa mga araw ng Paglikha na maiuuwi nila at maibabahagi sa kanilang mag-anak.

2. Sabihin sa mga bata na iniisip ninyo ang isang bagay na nakita ninyo habang papunta kayo sa simbahan na nagpaalala sa inyo kung gaano tayo kamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. (Ito ay maaaring isang ibon, puno, mga ulap, at marami pang iba.) Hilingin sa kanila na hulaan kung ano ito samantalang binibigyan ninyo sila ng mga pahiwatig (clue). Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagbibigay ng mga pahiwatig tungkol sa isang bagay na nakita nila na nagpapaalala sa kanila sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesus para sa kanila. Talakayin ang unang saligan ng pananampalataya at kung paano mapalalakas ng mga bagay na ating nakikita sa kalikasan ang ating mga patotoo tungkol sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa Espiritu Santo. Ipaulit sa mga bata ang unang saligan ng pananampalataya.

3. Maghanda ng isang malaking bilog na papel na sumasagisag sa mundo at bigyan ang mga bata ng papel na may kulay, mga lapis, at gunting upang "lumikha" ng isa sa kanilang paboritong bagay na matatagpuan sa mundo. Bigyan sila ng ilang minuto upang gawin ang kanilang "mga likha" at pagkatapos ay ilagay ang lahat ng ito sa mundong yari sa papel. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *lumikha* ay magsaayos, hindi ang gumawa ng isang bagay mula sa wala. Talakayin ang pahayag na ito mula kay Joseph Smith noong nagsasalita siya tungkol sa paglikha sa mundo: "Ngayon, ang

salitang lumikha ay nagmula sa salitang *baurau,* na hindi ibig sabihin ay lumikha mula sa wala; ang ibig sabihin nito ay magsaayos; katulad ng kung paanong magsasaayos ng mga kagamitan ang isang tao at gagawa ng isang barko" (*History of the Church,* 6:308).

4. Ipakita sa mga bata ang isang lalagyan ng asin o buhangin at itanong kung ilang butil ng asin o buhangin ang inaakala nilang nasa loob ng lalagyan. Maaaring naisin ninyong kumuha ng kaunting asin o buhangin mula sa lalagyan at hilingan ang isang bata na bilangin kung ilan ang butil. Ipaliwanag na ang Diyos ay lumikha ng mas marami pang daigdig kaysa sa mga butil ng asin o buhangin na nasa lalagyan o kahit na sa buong mundo. Marami sa mga daigdig na ito ang natirhan na o titirhan pa lamang ng mga taong nilikha sa larawan ng Diyos, na tulad natin, gayunman ay kilala at mahal tayong lahat ng Ama sa Langit. Basahin at talakayin ang Moises 7:29–30.
5. Talakayin ang mga paraan kung paano mapangangalagaan ng mga bata ang mga nilikha na ibinigay sa atin, tulad ng pagiging mabait sa mga hayop, pangangalaga ng isang halamanan, pagpapanatiling malinis ng mga parke at gusali, at marami pang iba. Hilingan ang bawat bata na magsabi ng isang paraan kung paano niya pangangalagaan ang mga kahanga-hangang bagay na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit.
6. Magdala sa klase ng iba't ibang uri ng mga prutas at gulay na binuksan upang makita ang mga buto. Talakayin ang kahalagahan ng mga buto at kung paano binalak ng Diyos mula sa simula na paramihin ng mga halaman ang kanilang uri. Kung walang makuhang mga prutas at gulay, magpakita ng mga larawan o magdrowing sa pisara ng mga larawan ng mga prutas at gulay at mga buto.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Ako'y Mahal ng Ama sa Langit" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

**Patotoo**

Ibahagi ang inyong damdamin sa mga bata tungkol sa ating magandang mundo at kung paano ito nakatutulong sa inyo na madama na malapit kayo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ipaliwanag na ang bawat isa sa atin ang pinakadakilang nilikha ng Ama sa Langit. Magpahayag ng pasasalamat at pagmamahal para sa bawat miyembro ng klase.

**Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak**

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahi na basahin ng mga bata ang Genesis 1:26–31 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
4

# Ang Pagkahulog nina Adan at Eva

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan ang pagkahulog nina Adan at Eva at magkaroon ng pagnanais na makabalik sa kinaroroonan ng Ama sa Langit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Moises 2:27–28—Sina Adan at Eva ay inutusang maging palaanakin at magpakarami.
   - Moises 3:8–9, 15–17—Ang punong-kahoy ng kaalaman at ang punong-kahoy ng buhay.
   - Moises 4—Ang pagkahulog nina Adan at Eva.
   - Moises 5:9–12—Pinuri nina Adan at Eva ang Diyos at nagalak sa Pagkahulog.
   - Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan—"Pagkahulog ni Adan."
2. Karagdagang babasahin:
   - *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 6, "Ang Pagkahulog nina Adan at Eva."
   - 2 Nephi 2:14–27—Ang kahalagahan ng pagsalungat.
   - Alma 42:2–9—Temporal at espirituwal na kamatayan.
   - Helaman 14:16–17—Tinubos tayo ni Cristo sa dalawang kamatayan.
   - Genesis 3—Ang pagkahulog nina Adan at Eva.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia at Mahalagang Perlas para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan.
   c. Apat na maliliit na hindi kawili-wiling bagay—tulad ng isang takip ng bote, maliit na sanga, o balumbon ng *tissue*—na may nakaikot na tali sa bawat isa; isang maliit na bagay upang sumagisag sa isang bagay na mahalaga (tulad ng isang singsing upang sumagisag sa buhay na walang hanggan) na may nakaikit na tali; at isang maliit na bag o lalagyan (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).
   d. Mga larawan 6-2, Ang Halamanan ng Eden; 6-3, Ang Diyos Ama at si Jesucristo; at 6-4, Adan at Eva (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 101; 62461).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ilagay ang mga bagay na tinalian ninyo sa isang bag o lalagyan upang maitago ang mga bagay ngunit pantay-pantay na ilawit ang kabilang dulo ng tali sa labas ng bag. Hilingan ang isang bata na pumili ng isang tali at humatak ng bagay mula sa bag. Pagkatapos ay palitan ang bagay at tali, ipagawa ang gayon sa isa pang bata, at magpatuloy. Ipakita sa klase ang lahat ng nakatagong bagay, at ipaliwanag ang halaga ng bagay na kanais-nais.

Ipaliwanag na mahirap gumawa ng tamang pagpili kapag hindi natin alam kung ano ang ating pinipili. Nais ng Ama sa Langit na malaman natin ang tama sa mali upang mapili natin kung ano ang tama. Sabihin sa klase na ipaliliwanag ng araling ito kung paano tayo binigyan ng kaalaman ng mabuti at masama at ng kakayahan na pumili para sa ating sarili.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang tungkol sa pagkahulog nina Adan at Eva mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda," na ginagamit ang mga larawan kung kailan naaangkop. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ang sumusunod na tatlong punto ang mga pangunahing ideya na ituturo sa araling ito:

1. Ang pagkahulog nina Adan at Eva ay nakita na noon pa ng Ama sa Langit at ito ay "isang mahalagang hakbang sa plano ng buhay at isang dakilang pagpapala para sa ating lahat" (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 6). Tinanggap natin ang kondisyong ito sa daigdig ng mga espiritu nang itaguyod natin ang plano ng Ama sa Langit.
2. "Dahil sa Pagkahulog, tayo ay nabiyayaan ng mga pisikal na katawan, ng karapatang pumili sa pagitan ng mabuti at masama at ng pagkakataong matamo ang buhay na walang hanggan. Wala ni isa man sa mga natatanging karapatang ito ang mapapasaatin kung sina Adan at Eva ay nanatili sa halamanan" (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 6).
3. Pagkatapos na "mahiwalay" sina Adan at Eva mula sa kinaroroonan ng Diyos at naging mortal, kinailangan natin ang isang Tagapagligtas upang muli tayong mabuhay at makabalik sa ating Amang nasa Langit. Si Jesucristo ay pinili na maging ating Tagapagligtas bago pa nilikha ang daigdig. (Tingnan sa aralin 2.)

Maaari ninyong naisin na tandaan ang sumusunod na mga punto habang tinatalakay ninyo ang mga banal na kasulatan sa klase:

1. Bago siya inilagay sa mundo, si Adan ay kilala bilang si Miguel, ang arkanghel (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:54).
2. Pinangunahan ni Miguel ang digmaan laban kay Lucifer at sa kanyang mga anghel bago sila itinaboy mula sa langit (tingnan sa Apocalipsis 12:7–9).
3. "Sina Adan at Eva ay kabilang sa mga pinakamarangal na anak ng Ama [sa Langit]" (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 6).

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang unang kautusan na ibinigay kina Adan at Eva pagkatapos ng paglikha sa kanila? (Moises 2:28.) Ipaliwanag na hindi masusunod nina Adan at Eva ang kautusang ito bago ang Pagkahulog. Sapagkat ang kanilang mga katawan ay hindi pa mortal, hindi sila magkakaroon ng mga anak.
- Anong magandang lugar ang inihanda ng Ama sa Langit para kina Adan at Eva? (Moises 3:8–9.) Ano sa palagay ninyo ang katulad ng buhay sa Halamanan?
- Anong mga puno ang binabanggit sa paglalarawan ng Halamanan ng Eden? (Moises 3:9.) Aling bunga ang sinabi ng Diyos na huwag kakainin nina Adan at Eva? (Moises 3:16–17.) Kahit na binigyan ng Diyos ng malinaw na tagubilin sina Adan at Eva tungkol sa punong-kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama, ano ang pinayagan niyang gawin nila? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.) Ano ang sinabi ng Diyos kay Adan na mangyayari kung kakain siya ng bunga ng punong-kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama? Bakit tayo pinapayagan ng Ama sa Langit na pumili para sa ating sarili? Anong mga pagpili ang higit na maglalapit sa atin sa Amang nasa Langit?
- Ano ang nangyari kina Adan at Eva nang kainin nila ang ipinagbabawal na bunga? (Nalaman na nila ang mabuti sa masama, at sila ay naging mortal, o napasailalim sa pisikal na kamatayan. Maaari na sila ngayong magkaroon ng mga anak at masusunod na ang kautusang magpakarami at kalatan ang lupa. Sila ay nawalay sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, na tinutukoy bilang espirituwal na kamatayan [tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 6].) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)
- Paano lapat sa plano ng kaligtasan ang Pagkahulog, o ang tinawag ni Alma na "ang dakilang plano ng kaligayahan?" (Alma 42:8.) Ipaliwanag na nais ng ating Ama sa Langit na tayo ay maging maligaya. Bilang kanyang mga espiritung anak, pinili nating maging mortal at patunayan ang ating sarili upang tayo ay maging higit na katulad niya. Ulitin ang 2 Nephi 2:25 na kasama ng mga bata: "Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan." Paano nakaaapekto sa bawat isa sa atin ang pagkain nina Adan at Eva ng ipinagbabawal na bunga? (Isinilang tayo, nakaranas tayo ng pagsalungat, nalaman natin ang mabuti sa masama, maaari nating piliin na maging katulad ng Diyos, tayo ay mamamatay.) Ano ang ipinadarama nito sa inyo tungkol kina Adan at Eva? (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)
- Paano tayo naligtas mula sa pisikal na kamatayan? (Sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo lahat tayo ay muling mabubuhay pagkatapos nating mamatay.) Sino ang mabubuhay na mag-uli? (I Mga Taga Corinto 15:22.)
- Paano tayo maililigtas ni Jesus mula sa espirituwal na kamatayan o pagkawalay mula sa Ama sa Langit? (Nagdusa si Jesus para sa ating mga

kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dakilang Pagbabayad-sala. Mapapatawad tayo at makababalik sa ating Ama sa Langit kung pipiliin nating magsisi. [Tingnan sa 3 Nephi 27:19.])

- Ano ang ginawa ng Diyos upang makatiyak na hindi makakakain ng bunga ng punong-kahoy ng buhay sina Adan at Eva? (Alma 42:2–5.) Bakit napakahalaga na hindi kumain ng bunga ng punong-kahoy ng buhay sina Adan at Eva noong panahong iyon? (Alma 42:5.)
- Ano ang ilan sa mga pagkakaiba sa uri ng naging pamumuhay nina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden at sa labas ng Halamanan? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit na naging mahirap ang buhay nina Adan at Eva, sila ay naging maligaya dahil ngayon ay matututo na sila at magiging katulad ng Ama sa Langit (tingnan sa Moises 5:10–11). Nagtrabaho silang mabuti para matustusan ang kanilang sarili ng pagkain, damit, at masisilungan. Sinikap din nilang mabuti na sundin ang mga kautusan at mamuhay nang malapit sa Panginoon. Paano natin masusundan ang halimbawa nina Adan at Eva kapag tila mahirap ang ating buhay?
- Ano kaya ang mangyayari sa atin kung hindi kinain nina Adan at Eva ang bunga ng punong-kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama? (Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith na: “Pasalamatan natin ang Panginoon para kay Adan kapag nananalangin tayo. Kung hindi dahil kay Adan ay wala ako rito; wala kayo rito; maghihintay pa rin tayo sa kalangitan bilang mga espiritu” [sa Conference Report. Okt. 1967, p. 122; tingnan din sa 2 Nephi 2:22].)
- Ano ang sinabi nina Adan at Eva sa bandang huli tungkol sa kanilang pasiya na kumain ng bunga ng punong-kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama? (Moises 5:10–12.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ilagay ang larawan nina Adan at Eva sa tabi ng larawan ng Diyos Ama at ni Jesucristo. Ipaliwanag na noong namumuhay pa sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, sila ay kasamang lumalakad at nakikipag-usap sa Ama sa Langit at kay Jesus. Upang matulungan ang mga bata na maunawaan kung bakit tinawag na Pagkahulog ang bunga ng pasiya nina Adan at Eva, kunin ang larawan nina Adan at Eva at ilagay ito sa ilalim ng larawan ng Diyos Ama at ni Jesucristo habang sinasabi ninyo ang tungkol sa pagkain nina Adan at Eva sa ipinagbabawal na bunga. Sina Adan at Eva ay “nahulog” o inalis sa kinaroroonan ng Diyos. Ipaliwanag na dahil hindi na malayang makipag-ugnayan sina Adan at Eva sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, ito ay tinawag na Pagkahulog. Ang pagkawalay nina Adan at Eva mula sa Ama sa Langit at kay Jesus ang nagpasimula sa buhay na mortal sa mundo at ito ay isang mahalagang hakbang sa dakilang plano ng kaligayahan.
2. Talakayin ang ikalawang saligan ng pananampalataya. Ipaliwanag na ang ilang tao ay naniniwala na tayong lahat ay parurusahan dahil kinain nina Adan at Eva ang ipinagbabawal na bunga. Ipinahayag kay Propetang Joseph

Smith na ito ay hindi totoo. Si Jesus ang nagbayad ng halaga ng paglabag nina Adan at Eva. Pananagutin tayo sa mga maling pagpili na ating ginagawa at hindi sa mga pagpili ng iba. Tulungan ang mga bata na isaulo ang saligan ng pananampalataya na ito.

3. Isulat sa itaas ng isang piraso ng papel o sa pisara ang mga salitang *Dahil kina Adan at Eva* at anyayahan ang mga bata na magbahagi ng kanilang mga ideya na angkop sa pamagat na ito, tulad ng:

   Maaari nating piliin na isilang sa mundo.
   Alam natin ang mabuti sa masama.
   Nawalay tayo sa Ama sa Langit.
   Balang-araw tayo ay mamamatay.

   Tulungan ang mga bata na maunawaan na naging masaya tayo sa pagkakaroon ng pagkakataong pumarito sa mundo (tingnan sa Job 38:7). Hindi mapapasaatin ang pagkakataong ito kung hindi kinain nina Adan at Eva ang ipinagbabawal na bunga. Kinakailangan natin ng pagkakataon na mapatunayan na mapipili natin ang mabuti sa masama. Ang pagkakaroon ng pisikal na katawan, ang pagkakaroon ng tanging karapatan na pumili, ang pagkawalay sa Diyos, at ang pagkasailalim sa kamatayan ay bahagi ng lahat ng plano ng Ama sa Langit para tayo ay maging katulad niya.

   Isulat ang isa pang pamagat: "Dahil kay Jesucristo." Ilista at ipaliwanag ang sumusunod na mga pagpapala:
   Mabubuhay tayong muli pagkatapos nating mamatay.
   Makababalik tayo sa Ama sa Langit kung tayo ay magsisisi.
   Mayroon tayong perpektong halimbawa na susundan.

   Bigyan ang bawat bata ng papel at lapis at ipasulat sa kanila ang *Dahil kina Adan at Eva* sa itaas at sa gitna naman ang *Dahil kay Jesucristo.* Himukin ang mga bata na iuwi ang papel at talakayin sa kanilang mag-anak ang mga bagay na mayroon tayo at ang mga bagay na magagawa natin dahil kina Adan at Eva at kay Jesucristo.

4. Isulat sa pisara o sa dalawang papel ang *Pagkabuhay na Mag-uli* at ang *Pagbalik sa Ama sa Langit.* Gawin ang sumusunod na mga sinulatang piraso ng papel at hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpili ng isa at paglalagay nito sa ilalim ng tamang pamagat:

| **Pagkabuhay na Mag-uli** | **Pagbalik sa Ama sa Langit** |
|---|---|
| Imortalidad—tayong lahat ay mabubuhay magpakailanman | Buhay na Walang Hanggan—mamuhay sa piling ng Ama sa Langit |
| Napagtagumpayan natin ang pisikal na kamatayan | Napagtagumpayan natin ang espirituwal na kamatayan |
| Para sa lahat ng isinilang | Para sa mga pumipili na magsisi |
| Ang tagumpay ni Cristo sa kamatayan | Para sa mga sumusunod sa mga kautusan |

   Tanungin ang mga bata kung sino ang dahilan kung bakit naging posible ang mga bagay na ito (si Jesucristo, sa pagsunod sa plano ng Ama sa Langit).

Ang mga pagpapalang ito ay ang mga dakilang kaloob ng Tagapagligtas sa atin. Sa pamamagitan niya ay mapagtatagumpayan natin ang mga bunga ng Pagkahulog at makababalik sa ating Ama sa Langit.

5. Hilingin sa mga bata na mag-isip ng mga magkakasalungat—tulad ng masaya at malungkot, mainit at malamig, matigas at malambot, makinis at magaspang, mabigat at magaan, mataas at mababa, o mabilis at mabagal—upang ilarawan ang kahalagahan ng pagsalungat (tingnan sa 2 Nephi 2:11,15). Hayaang ilarawan ng mga bata ang kanilang mga karanasan sa mga magkasalungat. Para matulungan silang mag-umpisa, maaari ninyong gamitin ang sumusunod na mga halimbawa: Pagkatapos magkasakit ng isang tao, mas mapasasalamatan nila ang pagkakaroon ng mabuting pakiramdam. O kung walang kadiliman, hindi ninyo malalaman kung ano ang liwanag, na siyang dahilan kung bakit hindi ninyo makita ang mga bituin kapag araw. Upang mailarawan ang ikalawang halimbawang ito, maaari kayong magdala ng isang *flashlight* at ipakita kung paano hindi gaanong nakikita ang liwanag nito sa isang maliwanag na silid, subalit ang liwanag ay mas malinaw kapag pinadilim ninyo ang silid.
6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Pinadala ang Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipabasa sa isang bata ang patotoo nina Adan at Eva mula sa Moises 5:10–12. Ipahayag ang inyong pasasalamat sa ginawa nina Adan at Eva para sa atin. Magpatotoo na dahil sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo, tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli at mapipili natin na maging katulad ng Ama sa Langit at makababalik sa kanyang kinaroroonan.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Moises 5:9–12 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
5

# Nag-alay ng mga Hain sina Adan at Eva at ang Kanilang Mag-anak

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na naisin na palaging alalahanin si Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Moises 5:1–3—Nagkaroon ng mga anak sina Adan at Eva.
   - Moises 5:4–16, 58–59—Nag-alay ng mga hain sina Adan at Eva at naglingkod sa Diyos.
   - Moises 5:17–28—Isinilang sina Cain at Abel. Sila ay nag-alay ng mga hain. Nagrebelde si Cain at minahal si Satanas nang higit pa kaysa sa Diyos.
   - Sa Mga Hebreo 11:4—May pananampalatayang inialay ni Abel ang kanyang hain.
   - Moises 5:29–41—Pinatay ni Cain si Abel at naging palaboy.
   - 3 Nephi 9:19–20—Ang paghahain sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo ay pinalitan ng sakramento.
2. Karagdagang babasahin:
   - Genesis 4:1–7—Nag-alay ng mga hain sina Cain at Abel.
   - Genesis 4:8–12—Pinatay ni Cain si Abel at isinumpa siya ng Panginoon.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia at Mahalagang Perlas para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon.
   c. Sampu hanggang labindalawang maliliit na bagay—tulad ng lapis, pambura, *paper clip*, tasa, bola, kutsara, at marami pang iba—at isang tela para ipantakip sa mga ito. Kung mahirap makuha ang mga bagay na ito, maaari kayong gumamit ng isang larawan ng iba’t ibang bagay. (Tingnan ang gawaing pantawag-pansin.)
   d. Isang piraso ng papel at lapis para sa bawat bata.
   e. Larawan 6-5, Nakaluhod sina Adan at Eva sa Isang Altar.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ilagay sa mesa ang mga bagay na inyong natipon at takpan ng tela ang mga ito. Alisan ng takip ang mga bagay, patingnan ang mga ito sa mga bata ng mga labinlimang segundo, at muling takpan ang mga ito. Bigyan

ang mga bata ng tig-iisang papel at lapis, at ipasulat sa kanilang papel ang maraming bagay na kaya nilang maalala. Pagkatapos nilang gawin ang kanilang mga listahan, patingnan muli sa mga bata ang mga bagay upang malaman kung aling mga bagay ang kanilang nakalimutan. Tanungin ang mga bata kung ano ang ginagawa nila para maalala nilang mabuti ang mga bagay. Ipaliwanag na ang pagkaalala sa mga bagay na nasa mesa ay hindi napakahalaga, subalit may mga bagay na napakahalagang matandaan. Tanungin ang mga bata kung anong mga bagay ang mahalagang matandaan. Ipaliwanag na iniutos sa atin ng Ama sa Langit na palaging alalahanin ang kanyang Anak na si Jesucristo. Hilingin sa mga bata na makinig habang ibinibigay ninyo ang aralin upang matutuhan ang mga paraan na itinuro ng Ama sa Langit sa kanyang mga anak upang maalala si Jesus.

**Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin**

Ipakita sa mga bata ang isang singsing na PAT kung may makukuha nito.

- Ano ang ipinapaalala sa atin ng singsing na PAT?
- Anong mga sagisag ang tumutulong sa atin upang maalaala ang sakripisyong ginawa ni Jesucristo para sa bawat isa sa atin? (Ang tinapay at tubig ng sakramento.)

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ipaliwanag ang layunin ng pag-aalay ng mga hain sa Panginoon habang itinuturo ninyo sa mga bata ang tungkol kina Adan at Eva at sa kanilang mag-anak mula sa mga banal na kasulatan na nakalista sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Gamitin ang larawan sa angkop na pagkakataon.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Paanong kakaiba ang buhay para kina Adan at Eva pagkatapos nilang lisanin ang Halamanan ng Eden? (Moises 5:1–4.)
- Ano ang iniutos kina Adan at Eva na ihain nila sa Panginoon? (Moises 5:5.) Bakit nag-alay ng mga hain si Adan? (Moises 5:6.) Bakit matalinong sundin ang mga kautusan ng Ama sa Langit kahit na hindi natin lubusang nauunawaan kung bakit?
- Ano ang sinabi ng anghel kay Adan na layunin ng pag-aalay ng mga hain? (Moises 5:7.) Ano ang ibig sabihin ng *kahalintulad*? (Isang kahawig o kahambing.) Ipaliwanag na ang pag-aalay ng mga hain ay magpapaalala sa mga sinaunang tao tungkol sa gagawing sakripisyo ni Jesucristo balang-araw sa pag-ako niya ng ating mga kasalanan at pagbibigay ng kanyang buhay para sa atin. Ito ay isang paraan upang palaging maalaala ng mga tao si Jesus.
- Bakit mahalaga para kina Adan at Eva at sa kanilang mag-anak na malaman ang tungkol kay Jesucristo? (Moises 5:15.) Bakit napakahalaga para sa bawat isa sa atin na maalaala si Jesus?

- Paano natutuhan ng mga anak nina Adan at Eva ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo? (Moises 5:12, 58.) Paano ninyo natututuhan ang tungkol sa ebanghelyo? Bakit hindi pinaniwalaan ng ilan sa mga anak nina Adan at Eva ang itinuro nila sa kanila? (Moises 5:13.) Paano ninyong maiiwasan na maakay ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod palayo sa tamang landas?
- Ano ang naging damdamin ni Cain tungkol sa Panginoon? (Moises 5:16, 18.) Bakit tinanggap ang hain ni Abel samantalang hindi naman tinanggap ang kay Cain? (Moises 5:18; Sa Mga Hebreo 11:4.) Ipaliwanag na alam ng Diyos na mas mahal ni Cain si Satanas kaysa sa Diyos at siya ay nag-aalay ng hain ayon sa utos ni Satanas sa halip na sundin ang utos ng Panginoon. Ang alay ni Cain ay isinagawa nang walang pananampalataya kay Jesucristo. Si Abel ay may pananampalataya kay Jesucristo at taos-pusong sumasamba sa Panginoon.
- Ano ang nadarama ni Satanas kapag sinusuway natin ang mga kautusan ng Diyos? (Moises 5:21.)
- Kahit na hindi tinanggap ng Panginoon ang alay ni Cain, hindi naman niya ito tinanggihan. Binigyan niya si Cain ng mga tiyak na babala tungkol sa mga mapanganib na pagpili na kanyang ginagawa. Ano ang babala ng Panginoon kay Cain? (Moises 5:23.) Paano tumugon si Cain sa babalang ito? (Moises 5:26.) Ano ang dapat na maging reaksiyon ninyo sa mga babala na galing sa Panginoon na ibinibigay sa pamamagitan ng Espiritu, mga magulang, o mga pinuno ng Simbahan? Ano ang ilang bagay na kung saan ay binabalaan tayo?
- Ano ang gusto ni Satanas na isumpa ni Cain sa kanya? (Moises 5:29–31.) Sino ang nakaalam sa pagpatay kay Abel kahit na ito ay pinanatiling lihim ni Cain? (Moises 5:34–35.) Bakit hindi maitatago ng mga tao ang kanilang mga ginagawa sa Diyos?
- Paanong isinumpa si Cain? (Moises 5:36–37.) Ano ang ibig sabihin ng maging isang palaboy at isang hampas-lupa? (Ang isang palaboy ay isang taong pinaghahanap o hinahabol. Ang hampas-lupa ay isang lagalag na walang tahanan.) Paano pinangalagaan ng Panginoon si Cain upang hindi siya mapatay? (Moises 5:40.)
- Bakit hindi tayo naghahain ng mga hayop ngayon bilang pag-alaala ng Pagbabayad-sala ni Cristo? (3 Nephi 9:19–20.) Ipaliwanag na ang pag-aalay ng mga hain na ng dugo ay “nagpatuloy hanggang sa kamatayan ni Jesucristo, na nagwakas sa pagbubuhos ng dugo bilang isang ordenansa ng ebanghelyo. Ito ay pinalitan sa Simbahan ng sakramento ng tinapay at ng tubig, bilang pag-alala sa sakripisyo ni Jesucristo” (*Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* “Sakripisyo”).
- Ano ang sinabi ni Cristo na isinasagisag ng tinapay at alak sa sakramento? (Lucas 22:19–20.) Ano ang magagawa natin habang idinaraos ang sakramento upang tulungan tayong isaisip si Jesucristo? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Paano natin maihahanda ang ating sarili sa pagtanggap ng sakramento nang higit na karapat-dapat?
- Bakit mahalaga para sa mga anak ng Ama sa Langit na alalahanin ang sakripisyo ni Jesucristo? (Upang maipakita ang ating pasasalamat para sa dakilang biyaya ng pagpapatawad sa ating mga kasalanan at sa

pagkabuhay na mag-uli ng ating mga katawan pagkatapos ng kamatayan; upang paalalahanan tayo na sundin ang kanyang mga kautusan nang sa gayon ay mapasaatin ang kanyang Espiritu.) Paano ninyo higit na maaalaala si Jesus at ang kanyang sakripisyo? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)


## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Hayaang punan ng mga bata ang mga patlang ng sumusunod na mga pangungusap o gamitin ang mga pangungusap upang maglaro ng *tic-tac-toe.* Maaaring gamitin ng mga bata ang kanilang mga banal na kasulatan kung kinakailangan.

   Mga tagubilin sa paglalaro ng *tic-tac-toe:*

   Hatiin ang klase sa dalawang grupo (grupo A at grupo B). Simulan ang gawain sa pamamagitan ng pagguhit sa pisara ng isang balangkas ng *tic-tac-toe* at paglalagay ng bilang na isa hanggang siyam, tulad ng nakapakita:




   Ang bawat bilang sa pisara ay may katugon na pangungusap na may patlang. Ang mga miyembro ng bawat grupo ay maghahalinhinan sa pagpili ng isang bilang. Kapag nakapili ng bilang ang isang manlalaro, basahin ang pangungusap na may gayon ding bilang. Kung tama ang sagot ng isang manlalaro, burahin ang bilang na iyon at palitan ito ng titik ng grupo na sinalihan ng bata (alinman sa *A* o *B*). Kung mali ang sagot, bigyan ang miyembro ng katunggaling grupo ng pagkakataon na sumagot. Kung tama ang batang iyon, palitan ng titik ng kanyang grupo ang bilang. Ang isa pang miyembro ng grupo na iyon ay pipili naman ng bilang ng isang tanong na gusto niyang subukang sagutin. Ang laro ay magpapatuloy hanggang sa makuha ng isa sa mga grupo ang tatlong simbolo sa iisang hanay maging ito man ay patayo, pahiga, o pahilis.

   Pagkatapos na makabuo ang isang grupo ng tatlong simbolo sa iisang hanay, magdrowing ng isang bagong balangkas ng *tic-tac-toe.* Punan ang mga puwang ng bagong balangkas na ito ng mga bilang ng mga pangungusap na hindi nagamit sa unang laro at ng mga bilang din ng nalalabing sumusunod na pangungusap:

1. Ang mga hain ni Adan ay (kahalintulad) ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama. (Moises 5:6–7.)
2. Ang anak nina Adan at Eva (Cain) ay magbubukid. (Moises 5:17.)
3. Si Abel ay isang tagapangalaga ng (tupa). (Moises 5:17.)
4. Minahal ni Cain (si Satanas) nang higit pa kaysa sa Diyos. (Moises 5:18.)
5. Inialay ni Abel bilang hain ang (mga unang anak) ng mga tupa ng kanyang kawan. (Moises 5:20.)
6. Ang alay ni Cain ay mula sa (bunga) ng lupa. (Moises 5:19.)
7. Hindi tinanggap ng Panginoon ang (alay) ni Cain. (Moises 5:21.)
8. Ipinangako ni Satanas na ibibigay niya si Abel sa mga kamay ni Cain kung susumpa siyang pananatilihin niya itong (lihim). (Moises 5:29–30.)
9. Nang itanong ng Panginoon kung nasaan si Abel, sinabi ni Cain na: "Hindi ko nalalaman. Ako ba ay tagapagbantay sa aking kapatid?" (Moises 5:34.)
10. Ang isang (hampas-lupa) ay isang lagalag na walang tahanan.
11. Ang isang taong pinaghahanap o hinahabol ay isang (palaboy).
12. Ang Panginoon ay nagtakda ng isang (marka) kay Cain upang malaman ng mga taong makakakita sa kanya na hindi nila siya dapat saktan. (Moises 5:40.)
13. Ang (sakramento) ang naging kapalit ng hain na dugo pagkamatay ni Jesucristo.
14. Ang ebanghelyo ay itinuro mula pa sa simula ng mga anghel, ng sariling tinig ng Diyos, at ng kaloob na (Espiritu Santo). (Moises 5:58.)
15. "At kasindami ng mga maniniwala sa Anak, at (magsisisi) ng kanilang mga kasalanan ay maliligtas" (Moises 5:15).

2. Basahin ang mga panalangin sa sakramento na nasa Moroni 4:3 at 5:2. Hilingin sa mga bata na talakayin kung paano nilang iniisip na mabuti si Jesucristo habang nagdaraos ng sakramento. Maaari kayong magbahagi ng mga ideya mula sa sumusunod na listahan upang tulungan sila sa talakayan:

   a. Isipin kung paanong nagdusa si Jesus para sa ating mga kasalanan at namatay upang balang-araw tayo ay mabuhay na mag-uli at, kung magsisisi tayo ay magkakamit ng buhay na walang hanggan.

   b. Magbasa ng mga banal na kasulatan na tungkol kay Jesus bago kayo magpunta sa simbahan.

   c. Ulitin nang tahimik ang mga panalangin sa sakramento habang binabasbasan ng mga saserdote ang sakramento.

   d. Maupo nang tahimik at isipin ang mabubuting bagay na ginawa ninyo noong nakaraang linggo at gayundin ang mga bagay na kailangan ninyong pagbutihin pa.

   e. Isipin ang mensahe sa awit sa sakramento.

   f. Isipin ang paraan ng naging pakikitungo ni Jesus sa mga tao. Isipin kung paano kayong magiging higit na katulad ni Jesus.

3. Paalalahanan ang mga bata kung gaano kahalaga ang maalaala si Jesucristo. Magmungkahi ng ilang bagay na maaaring gawin ng mga bata upang maalaala siya, maglagay ng larawan ni Cristo sa kanilang silid, itabi ang kanilang mga banal na kasulatan sa kanilang higaan bilang paalala na basahin ang mga ito, dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa simbahan, bigkasin ang kanilang pansarili at pangmag-anak na mga panalangin, himukin ang kanilang mag-anak na magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak, tanungin ang kanilang sarili, "Ano ang gagawin ni Cristo?" kapag may gagawin silang pagpapasiya, nakikinig na mabuti sa mga panalangin sa sakramento, sinusunod ang mga kautusan.

4. Palagyan sa mga bata ng isang butones o barya ang isa sa kanilang mga sapatos sa simula ng klase. Kapag medyo matagal nang naroon ang bagay, tanungin ang mga bata ng tulad ng: Ano ang nasa sapatos ninyo? Nakikita ba ninyo ang bagay? Paano ninyo nalaman na naroon ito? Kung patatagalin ninyo ang bagay na ito sa inyong sapatos sa loob ng isang linggo, matatandaan pa kaya ninyo na naroon pa ito? Ipaliwanag na matatandaan ng mga bata ang bagay dahil nararamdaman nila ito. Ipaliwanag na maaalala natin si Cristo sa pamamagitan ng palaging pagdama ng kanyang impluwensiya sa ating mga puso habang gumagawa tayo ng tama, nakikinig sa mga pag-uudyok ng Espiritu Santo, sumusunod sa mga propeta, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, at iginagalang ang ating mga magulang.

   Ipauwi sa mga bata ang kanilang mga butones o barya at ipasubok na gawin ito na kasama ang kanilang mag-anak. Himukin silang ibahagi sa kanilang mag-anak ang ideya na kahit hindi nila nakikita ang barya o butones sa kanilang sapatos ay palagi nilang nararamdaman na naroon ito.

5. Talakayin ang ikatlong saligan ng pananampalataya at tulungan ang mga bata na maisaulo ito.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ang Sakramento" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

Patotoo

Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa sakripisyo ni Jesucristo. Ibahagi sa mga bata kung gaano ninyo pinasasalamatan ang pagkakataon na mapaalalahanan tungkol kay Jesus sa bawat linggo sa oras ng sakramento.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Moises 5:4–8 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
6

# Ipinamuhay nina Adan at Eva ang Ebanghelyo ni Jesucristo

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay walang hanggan at batay sa mga katotohanan na tutulong sa atin upang makamit ang kadakilaan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Moises 5:58–59—Ang ebanghelyo ay ipinangaral kay Adan ng mga anghel.
   - Moises 6:1—Sinunod ni Adan ang Diyos at tinawag ang kanyang mga anak na lalaki na magsisi.
   - Moises 6:48–63—Itinuro ni Adan ang plano ng kaligtasan.
   - Moises 6:64–68—Bininyagan si Adan at tinanggap ang Espiritu Santo at ang pagkasaserdote.
2. Karagdagang babasahin:
   - 2 Nephi 31:5, 9–12, 15–21—Itinuro ni Nephi ang gayon ding mga alituntunin na itinuro kay Adan.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mahalagang Perlas at Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Doktrina at mga Tipan.
   c. Isang piraso ng tinapay o prutas at isang bato, larawan ng isang bato o isang piraso ng bakal na hindi kinakalawang (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang piraso ng tinapay o prutas, at magtanong ng katulad ng mga sumusunod:

- Mag-iiba ba ito kung itatago ko sa loob ng isang buwan? isang taon?
- Magbabago ba ito kung sisikatan ito ng mainit na araw sa loob ng isang linggo?
- Magbabago ba ito kung ilalagay ko ito sa tubig sa loob ng isang linggo?
- Magbabago ba ito kung tatapakan ko?

Ipakita sa mga bata ang bato, piraso ng bakal, o larawan, at itanong ang gayunding mga katanungan tungkol sa bagay o sa bagay na nasa larawan.

Ipaliwanag na may ilang bagay sa ating paligid na nagbabago at ilan na hindi. Hilingan ang mga bata na mag-isip ng mga halimbawa ng mga bagay na nagbabago at ng mga bagay na hindi nagbabago.

- Nagbabago ba ang ebanghelyo ni Jesucristo? Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay umiral na bago pa man ang paglikha sa mundo upang bigyan tayo ng pagkakataon na maging katulad ng Ama sa Langit, at ito ay bahagi ng kanyang plano para sa atin (tingnan sa Mosias 3:17). Ang ebanghelyo na tinanggap nina Adan at Eva pagkatapos nilang kumain ng ipinagbabawal na bunga at naging mortal ay ang ebanghelyo rin na nasa atin sa ngayon.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang pangyayari mula sa Moises 5:58–59; 6:1, 48–68 tungkol kina Adan at Eva na tinuturuan ng ebanghelyo at pagkatapos ay ipinamumuhay ito. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang itinuro ng mga anghel kina Adan at Eva? (Moises 5:58.) Bakit kaya itinuturo sa atin ang ebanghelyo na itinuro rin kina Adan at Eva? (Ang ebanghelyo ay batay sa mga hindi nagbabago at walang hanggang katotohanan.)
- Bakit kinailangan nina Adan at Eva ang ebanghelyo ni Jesucristo? (Moises 6:48–52, 57.) Bakit kailangan nating lahat ang ebanghelyo?
- Ano ang mga unang alituntunin at mga ordenansa ng ebanghelyo? (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4.) Anong mga alituntunin at mga ordenansa ang itinuro kina Adan at Eva? (Moises 6:52.) Ituro na ang unang mga alituntunin at mga ordenansa ng ebanghelyo ngayon ay katulad din noong kapanahunan ni Adan.
- Ano ang pagkakaiba ng isang alituntunin ng ebanghelyo at ng isang ordenansa? (Ang alituntunin ay isang batayang doktrina o batas. Ang ordenansa ay isang sagradong seremonya na may espirituwal na kahulugan na isinasagawa ng isang may awtoridad ng pagkasaserdote.)
- Ano ang ginawa ni Adan na nagpakita na siya ay may pananampalataya kay Jesucristo? (Moises 5:4–6.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na pagkatapos matutuhan ni Adan ang mga aral ay ipinamuhay niya ang mga ito. Paano natin ipinakikita na may pananampalataya tayo sa Tagapagligtas?
- Paano natin malalaman na pinagsisihan ni Adan ang kanyang paglabag sa Halamanan ng Eden? (Moises 6:53.) Paano tayo mapatatawad sa mga maling bagay na ating nagagawa? Bakit kailangan tayong magsisi? (Moises 6:57.)

- Sa anong pamamaraan nabinyagan si Adan? (Moises 6:64.) Ituro na ang ibig sabihin ng “inilubog sa tubig” ay pagkalubog sa tubig. Paano tayong binibinyagan?
- Ano ang itinuro kay Adan tungkol sa Espiritu Santo? (Moises 6:61; Siya ay isang Taga-aliw, tagapagbigay ng kapayapaan, tagapagturo ng katotohanan.) Ano ang tinanggap ni Adan matapos na siya ay mabinyagan? (Moises 6:65–66.) Paano natin tinatanggap ang kaloob na Espiritu Santo? (Doktrina at mga Tipan 20:41.) Paano kayo matutulungan ng Espiritu Santo?
- Ano ang pagkakaiba ng Espiritu Santo at ng kaloob na Espiritu Santo? (Ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos at isang katauhan ng espiritu na makatutulong sa sinumang karapat-dapat. Ang kaloob na Espiritu Santo ay ang karapatang tinatanggap natin pagkatapos ng binyag, kapag tayo ay pinagtitibay, na mapasaatin ang Espiritu Santo bilang palagiang kasama kung tutuparin natin ang ating mga tipan sa pagbibinyag.) “Ang isang tao ay maaaring pansamantalang patnubayan ng Espiritu Santo nang hindi tinatanggap ang kaloob na Espiritu Santo” (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 21).
- Bakit mahalaga sa buong buhay natin ang mga unang alituntunin at mga ordenansa ng ebanghelyo? Ipaliwanag na palagi nating kailangang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at sundin ang kanyang mga kautusan. Kailangan nating magsisi araw-araw. Sinasariwa natin ang ating mga tipan sa pagbibinyag sa bawat araw ng Sabbath habang nakikibahagi tayo sa sakramento. Maaari tayong magabayan at mabiyayaan sa buong buhay natin sa pamamagitan ng pakikinig sa mga ipinadarama ng Espiritu Santo. Sa bandang huli ay magiging katulad tayo ng Ama sa Langit.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipakita ang mga ginupit na larawan ng plano ng kaligtasan na ginamit sa aralin 1.

   - Nasaan na tayo sa planong ito sa ngayon?

   Alisin ang lahat ng ginupit na larawan maliban sa *Pagsilang, Buhay sa Mundo, Kamatayan,* at *Kahariang Selestiyal.* Ipaliwanag na lahat tayo ay nagsisikap na mapunta sa *Kahariang Selestiyal* mula sa *Buhay sa Mundo.* Ituro na may mga bagay na kailangan nating gawin upang makamtan ang layuning ito. Ipahanap sa mga bata ang isa o higit pa sa sumusunod na mga banal na kasulatan upang makita ang mahahalagang salitang ito:

   2 Nephi 31:19—Pananampalataya kay Cristo
   2 Nephi 31:11—Pagsisisi
   2 Nephi 31:5—Pagbibinyag
   2 Nephi 31:12—Pagtanggap sa Espiritu Santo
   2 Nephi 31:15—Pagtitiis hanggang sa wakas

   Talakayin ang impormasyon sa 2 Nephi 31:17–21 upang tulungan ang mga bata na maunawaan kung ano ang kailangan nating gawin sa buong buhay

natin upang maabot ang kahariang selestiyal. Tulungan silang maunawaan ang kahalagahan ng ating buhay dito sa mundo.

2. Basahin ang mga pangungusap na gaya ng sumusunod upang bigyang-diin kung paano hindi nagbabago ang ebanghelyo ni Jesucristo. Patayuin ang mga bata kung ang pangungusap ay totoo.
    - Si Jesucristo ay bininyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, kaya tayo rin ay bibinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig. (Totoo)
    - Ang mga magulang ko ay tinuruang manamit nang mayumi at naaangkop, ngunit magagawa kong magdamit sa paraang gusto ko. (Mali)
    - Sina Adan at Eva ay nanalangin sa Ama sa Langit, at ako ay nananalangin sa Ama sa Langit. (Totoo)
    - Sina Adan at Eva ay tinuruan ng gayon ding mga alituntunin at mga ordenansa ng ebanghelyo na nasa ikaapat na saligan ng pananampalataya. (Totoo)
    - Ang Espiritu Santo ay tumulong lamang sa mga taong namuhay noong matagal nang panahon. (Mali)
    - Ang mga taong nababasa natin sa mga banal na kasulatan ay tinuruan na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, at ako ay tinuturuan na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo. (Totoo)
    - Pinagsisihan na nina Adan at Eva ang kanilang mga paglabag kaya hindi ko na kailangang magsisi kapag nakagagawa ako ng pagkakamali. (Mali)
    - Nababasa natin sa mga banal na kasulatan ang tungkol sa pagbabayad ng ikapu, subalit ang batas na iyon ay para lamang sa mga taong namuhay noong matagal nang panahon. (Mali)
    - Tinuruan ni Jesucristo ang mga tao na mahalin at paglingkuran ang iba, at ako ay tinuruang magmahal at maglingkod sa iba. (Totoo)
3. Talakayin ang kahulugan ng pananampalataya kay Jesucristo. Ito ay malakas na paniniwala kay Jesus na nagbibigay inspirasyon sa atin upang sundin ang kanyang mga aral. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag may pananampalataya tayo kay Jesucristo, hindi lamang tayo naniniwala sa kanya kundi ginagawa rin natin kung ano ang gusto niyang gawin natin.
4. Talakayin ang kahulugan ng pagsisisi. "Ang pagsisisi ang paraan na ibinigay sa atin upang maging malaya sa ating mga kasalanan at makatanggap ng kapatawaran sa mga ito." Upang makapagsisi, kailangan nating makadama ng taimtim na kalungkutan para sa ating mga kasalanan. Kailangan nating tumigil sa paggawa ng kasalanan at magsimulang sumunod sa mga kautusan. (Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 19.)
5. Ibahagi ang inyong damdamin tungkol sa inyong binyag, at hayaang sabihin ng mga bata kung ano ang naaalala nila tungkol sa kanilang binyag.
6. Tulungan ang mga bata na maunawaan ang kahalagahan ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Ibahagi ang inyong naging karanasan o ang naging karanasan ng isang tao na kilala ninyo tungkol sa pagtulong ng Espiritu Santo. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga naging karanasan nila.
7. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng "magtiis hanggang sa wakas." Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mabinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay simula lamang. Tayo ay magtitiis hanggang sa wakas at tatanggap ng buhay na walang hanggan

sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan sa nalalabi nating buhay. Bigyan ang mga bata ng isang papel at ipasulat sa kanila ang mga bagay na magagawa nila sa buong buhay nila, tulad ng pananalangin, pagbabayad ng ikapu, pagdalo sa simbahan, pagbasa ng mga banal na kasulatan, at marami pang iba, na makatutulong sa kanila upang magtiis hanggang sa wakas. Himukin ang mga bata na iuwi ang mga papel na ito at talakayin sa kanilang mag-anak kung paano silang magtutulungan upang makapagtiis hanggang sa wakas.

8. Awitin o basahin ang mga salita sa "Pananampalataya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Pagkabinyag" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Ang Espiritu Santo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang inyong damdamin tungkol kay Jesucristo at sa ginawa niya para sa inyo. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa kanya at pamumuhay ng kanyang ebanghelyo, na kinapapalooban ng pagsisisi ng ating mga kasalanan, pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang sa wakas sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga kautusan.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Moises 6:52, 64–68 at 2 Nephi 31:15–21 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Enoc at ang mga Tao ng Sion

Aralin
7

**Layunin** Tulungan ang mga bata na naisin na maging malinis ang puso katulad ni Enoc.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Moises 6:26–47—Si Enoc ay tinawag ng Diyos. Nadama niyang hindi siya karapat-dapat ngunit siya ay pinagpala.
   - Moises 7:1–4—Nakipag-usap nang harap-harapan si Enoc sa Panginoon.
   - Moises 7:11–33, 41, 44, 47—Naitatag ang lungsod ng Sion. Nagkaroon ng pangitain si Enoc tungkol sa lahat ng naninirahan sa mundo.
   - Moises 7:62–65, 69; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10—Ang pagbabalik ng lungsod ng Sion.
2. Karagdagang babasahin:
   - Doktrina at mga Tipan 107:48–49—Si Enoc ay nakipag-usap at lumakad na kasama ng Panginoon.
   - Genesis 5:21–24—Si Enoc ay lumakad na kasama ang Diyos.
   - Ang iba pang bahagi ng Moises 6 at 7.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mahalagang Perlas para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan.
   c. Isang maliit at malinaw na sisidlan ng malinis na tubig na magkakasya sa mas malaking sisidlan ng marumi o maputik na tubig (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).
   d. Larawan 6-6, Ang Lungsod ni Enoc.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ilagay ang isang maliit at malinaw na sisidlan ng malinis na tubig sa isang malaking sisidlan ng maruming tubig. Ituro na maaaring manatiling dalisay ang tubig sa maliit na sisidlan kahit na napaliligiran ito ng maruming tubig. Ihalintulad ang malinis na tubig sa mga taong nagsisikap na mamuhay nang malinis sa isang masamang daigdig. Maaari tayong manatiling malinis at matwid kung hindi natin pahihintulutang pumasok sa ating buhay ang anumang kahalayan at kasamaan. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol kay Enoc, isang propeta sa Lumang Tipan, na malinis ang puso.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay Enoc mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Bigyang-diin ang sumusunod na mga punto tungkol sa buhay ni Enoc:

- Noong unang tawagin si Enoc bilang isang propeta ay nadama niyang hindi siya karapat-dapat. Bata pa siya noon at "mabagal [siya] sa pagsasalita" (Moises 6:31), subalit nagpakita siya ng pananampalataya at sumunod sa kalooban ng Panginoon.
- Nakipag-usap nang harap-harapan si Enoc sa Panginoon at nakakita ng maraming pangitain. Nagpropesiya siya tungkol sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo, at sa paglitaw ng Aklat ni Mormon ("ang katotohanan ay aking ipadadala sa lupa" [Moises 7:62]), ang pangangaral ng ebanghelyo sa buong daigdig, ang pagtatatag ng Bagong Jerusalem, at ang pagsisimula ng Milenyo.
- Si Enoc ay nagturo, tumulong na magpabalik-loob, at nagbinyag ng maraming tao, na naging lubos na matwid kung kaya't namuhay sila sa isang "Lungsod ng Kabanalan, maging ang Sion" (Moises 7:19).
- Ang banal na lungsod na ito ay "dinala sa langit" at babalik muli sa panahon ng Milenyo. Sa pagbabalik nito ay makikiisa ito sa makalupang Sion, na siyang Bagong Jerusalem.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Paano natanggap ni Enoc ang kanyang tungkulin? (Moises 6:26–27, 42.) Ano ang ipinagagawa kay Enoc?
- Paano namumuhay ang karamihan sa mga taong nabubuhay noong panahon na tanggapin ni Enoc ang kanyang tungkulin? (Moises 6:27–29.)
- Bakit nadama ni Enoc na napakahirap para sa kanya ang kanyang tungkulin? (Moises 6:31.) Ano ang talagang sinabi ng Panginoon kay Enoc na gawin niya bago siya pagpalain? (Moises 6:32.) Ano ang sinabi ng Panginoon na sabihin ni Enoc? (Moises 6:33.) Paano natupad ang mga pangako ng Panginoon sa Moises 6:34? (Moises 7:13.)
- Isipin ninyo ang isang pagkakataon nang kayo ay naghirap o nagkaroon ng mabigat na problema. Ano ang matututuhan ninyo mula sa halimbawa ni Enoc sa pakikitungo sa mga hamon? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Ano ang matututuhan natin tungkol sa Panginoon mula sa mga pangitain ni Enoc? (Moises 7:4.) Ano ang napag-alaman ni Enoc tungkol sa mga tao sa daigdig? (Moises 7:41.)
- Ipakita ang larawang Ang Lungsod ni Enoc. Paano pinagpala ang mga taong nakinig at sumunod sa mga salita ni Enoc? (Moises 7:16–17.) Bakit tinawag

na Sion ang kanilang lungsod? (Moises 7:18–19.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magkaroon ng "iisang puso at iisang isipan"? Paano ninyo matutulungan ang inyong mag-anak na maging higit na katulad ng mga tao na nanirahan sa Sion? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)

- Ano ang nangyari kay Enoc at sa lahat ng tao sa lungsod ni Enoc? (Moises 7:21, 69; Doktrina at mga Tipan 107:49.) Ano ang ibig sabihin ng "dinala sa langit," o mailipat (translated)? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag ang mga tao ay nailipat (translated), ang kanilang mga katawan ay nagbabago upang hindi sila dumanas ng sakit at "hindi . . . kailanman makatitikim ng kamatayan" (3 Nephi 28:7). Sa panahon ng Ikalawang Pagparito sila ay "mababago sa isang kisapmata mula sa pagiging may kamatayan sa pagiging walang kamatayan" (3 Nephi 28:8).
- Bakit tumangis ang Panginoon? (Moises 7:2, 32–33.) Ano ang gusto ninyong madama ng inyong mga magulang at ng Panginoon kapag nakita nila ang inyong mga kilos? Paano natin nalalaman na ang bawat tao ay mahalaga sa Panginoon?
- Nang tumangis si Enoc, paano siyang inalo ng Panginoon? (Moises 7:44–45, 47.) Paano tayo maaalo ng pag-isip kay Jesucristo at sa kanyang pagmamahal at sakripisyo para sa atin kahit na laganap ng kasamaan sa daigdig?
- Kailan muli maitatatag ang Sion, o ang lungsod ng malilinis ang puso? (Moises 7:62.) Ano ang "katotohanan" na kailangang "umabot sa buong mundo upang makapaghanda para sa pagtatatag ng Sion? (Binigyang-kahulugan ni Pangulong Ezra Taft Benson ang katotohanang ito bilang ang Aklat ni Mormon [sa Conference Report, Okt. 1986, p. 102; o *Ensign,* Nob. 1986, p. 79.) Paano natin maisasakatuparan ang propesiyang ito tungkol sa Aklat ni Mormon?
- Saan ba matatagpuan ang Sion, o ang Bagong Jerusalem? (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10.)
- Gaano katagal maninirahan si Jesucristo rito sa mundo sa piling ng mga matwid sa Sion? (Moises 7:64–65.) Ituro na ang panahong ito ng isang libong taon ay tinatawag na Milenyo.
- Paano tayo makikibahagi sa paghahanda para sa maligayang panahon na kung kailan ay maitatatag ang Sion? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ihambing ang kuwento tungkol sa pagkatawag kay Enoc sa pangyayari sa Eter 12:27 tungkol sa mga pangako ng Diyos sa mga nakadarama na hindi sila karapat-dapat na tumanggap ng mga tungkulin. Anyayahan ang mga bata na markahan sa kanilang sariling kopya ng Mahalagang Perlas ang alinman sa mga sumusunod na talata na makapagpapalakas at makatutulong sa kanila kapag nadarama nila na hindi sila karapat-dapat:

Moises 6:31—Nakadama ng panghihina si Enoc kaya nanalangin siya nang may kababaang-loob.
Moises 7:13—Si Enoc ay may pananampalataya at ang kanyang mga kahinaan ay naging kanyang mga kalakasan.
Moises 6:35—Si Enoc ay masunurin.
Moises 6:37—Si Enoc ay nagtrabahong mabuti.
Moises 7:41, 44—Si Enoc ay mahabagin.

2. Talakayin ang sumusunod na pahayag mula sa Pangulong Spencer W. Kimball:

   "Sa loob ng maraming taon ay tinuruan tayo na ang isang mahalagang bunga ng ating mga pagpupunyagi, pag-asa, at mga hangarin sa gawaing ito ay ang pagtatatag ng isang Sion sa Huling Araw, isang Sion na kinapapalooban ng pagmamahalan, pagkakaisa, at kapayapaan—isang Sion na kung saan ay nagkakaisa ang mga anak ng Panginoon. . . .

   "Ang araw na ito ay darating; itinadhana na tumulong tayo sa pagtatatag nito! . . .

   " . . . Iyon ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng palagian at nagkakaisang pagsisikap sa araw-araw ng bawat miyembro ng Simbahan. . . . Hayaan ninyong magmungkahi ako ng tatlong pangunahing bagay na kailangan nating gawin upang 'maibalik muli ang Sion.' . . .

   "Una, kailangan nating alisin ang . . . kasakiman. . . .

   "Pangalawa, kailangan nating makiisa nang lubusan at sama-samang gumawa. . . .

   "Pangatlo, kailangan nating . . . isakripisyo ang anumang hilingin ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1978, p. 121–23; o *Ensign,* Mayo 1978, p. 80–81).

   Isulat sa pisara ang tatlong bagay na sinabi ni Pangulong Kimball na kailangan nating gawin upang "maibalik muli ang Sion." Hayaang mag-isip ang mga bata ng mga tiyak na paraan upang magawa ang bawat isa sa mga ito.

3. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10. Ipaliwanag na ang panahon na kung kailan ay babaguhin ang mundo at darating si Jesucristo para maghari mismo sa mundo ay ang Milenyo.

4. Itali ang isang bigkis ng mga patpat. Hilingin sa isa sa mga bata na subuking baliin ang mga patpat samantalang nakatali ang mga ito. Ipaliwanag na mahirap itong gawin ng isang tao. Kalagin ang tali at bigyan ang bawat bata ng isang patpat upang baliin. Talakayin ang kahalagahan ng bawat tao sa paggawa ng kanyang bahagi sa pagtatatag ng isang lipunan na tulad ng Sion sa kanyang tahanan at lupon ng mga kaibigan. Maaari ninyong imungkahi sa mga bata na maaari nilang subukin ang gawaing ito sa tahanan at pagkatapos ay talakaying kasama ng kanilang mag-anak ang mga paraan na kung saan ay magagawa ng bawat isa ang kanilang bahagi upang gawing higit na katulad ng lungsod ni Enoc ang kanilang tahanan.

5. Ipabanggit sa mga bata ang mga bagay na magagawa nila sa araw-araw na makatutulong sa kanila upang maging higit na malinis ang puso. Magpabanggit sa kanila ng mga bagay na mag-aalis ng kalinisang iyon. (Tulungan silang mag-isip ng mas positibong mga bagay sa halip na mga negatibo.) Isulat ang mga ideyang ito sa mga papel at ilagay ang mga ito

sa isang lalagyan. Italaga ang harapan ng silid-aralan bilang "Sion" at magkakatabing patayuin ang mga bata sa isang hanay na nakaharap sa "Sion." Kumuha ng isang papel mula sa lalagyan, basahin ang nakasulat dito, at pahakbangin ng isang hakbang na pasulong ang mga bata kung ang ideya ay makatutulong sa kanila na maging dalisay o pahakbangin ng isa na paatras kung ang ideya ay makaiimpluwensiya sa kanya na maging masama. Patuloy na basahin ang mga ideya hanggang sa marating ng mga bata ang "Sion."

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Sundin ang Propeta" (*Aklat ng mga Awit Pambata),* "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Sa Kanyang Pagbalik" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na ang pagiging malinis ang puso na katulad ni Enoc at ng kanyang mga tao ay nagdudulot ng kaligayahan. Himukin ang mga bata na magpasiya ng isa o dalawang tiyak na bagay na magagawa nila sa loob ng darating na linggo upang maging mas dalisay at sa gayon ay matulungan ang iba na nakapaligid sa kanila na maging mas mabuti rin.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Moises 7:18–21 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 8
# Si Noe at ang Baha

**Layunin**

Palakasin ang pagnanais ng bawat bata na makinig at sumunod sa payo ng buhay na propeta.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 6:1–22—Naging masama ang mga tao. Sinabihan ng Panginoon si Noe na gumawa ng arka.
   - Moises 8:13–22—Ipinangaral ni Noe ang ebanghelyo at naordenan sa pagkasaserdote.
   - Genesis 7:1–24—Ang mag-anak ni Noe at ang mga hayop ay pumasok sa arka at dumating ang Baha.
   - Genesis 8:1–22—Tumigil ang Baha at si Noe ay nag-alay ng hain sa Panginoon.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Maghanda ng tatlong karatula na tulad ng sumusunod:

   Isulat ang *Makinig* sa likod ng unang karatula, ang *Maniwala* sa likod ng ikalawang karatula, at *Sumunod* sa likod ng ikatlong karatula (tingnan ang gawaing pantawag-pansin).
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia at isang pinagsama-samang tatlong banal na kasulatan para sa bawat bata.
   b. Larawan ng buhay na propeta.
   c. Mga larawan 6-7, Paggawa ng Arka (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 102; 62053), at 6-8, Si Noe at ang Arka na may mga Hayop (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 103; 62305).

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang tatlong karatulang ihihanda ninyo. Hayaang sabihin ng mga miyembro ng klase kung ano ang ibig sabihin ng bawat karatula.

- Ano ang maaaring mangyari kung hindi susundin ng mga tao ang bawat isa sa mga karatulang ito?
- Paano tayo tinutulungan ng mga karatulang ito? (Binabalaan tayo ng mga ito sa nagbabantang panganib at sinasabi sa atin kung ano ang gagawin upang maging ligtas.)

Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit na maging ligtas tayo mula sa mga kasamaan at mga tukso ng daigdig. Ibinigay niya sa atin ang isang taong magbababala at magtuturo sa atin. Ipakita ang larawan ng buhay na propeta at talakayin kung paano niya tayo binabalaan at tinuturuan. Baligtarin ang tatlong karatula upang ipakita ang mga salitang *Makinig, Maniwala*, at *Sumunod,* at ipaliwanag na kung tayo ay makikinig, maniniwala, at susunod sa propeta, tayo ay pagpapalain ng Ama sa Langit.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang mga larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay propetang Noe at sa Baha mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Bigyang-diin na si Noe ay masunurin sa Panginoon sa kabila ng pangungutya ng mga kaibigan at mga kapitbahay. Tulungan ang mga bata na maunawaan na dahil nakinig ang mag-anak ni Noe at sumunod sa kanyang mga aral, sila ay naligtas sa Baha, subalit ang masasamang tao na ayaw makinig at sumunod ay nangalunod.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Anong uri ng tao si Noe? (Genesis 6:9, 22.) Anong mga katangian ang maaaring taglay niya upang makatugon sa iniatas na paggawa ng arka? Anong mga katangian ang maaari ninyong taglayin na makatutulong sa inyo na gawin ang nais ipagawa ng Ama sa Langit?
- Paano sinikap ni Noe na tulungan ang mga tao bago dumating ang Baha? (Moises 8:20.)
- Ano ang naging reaksiyon ng mga tao sa mga aral ni Noe? (Moises 8:21–22.) Bakit sa palagay ninyo gustong patayin ng mga tao si Noe? (Moises 8:18.)
- Ano ang ibinunga ng mga ito sa mga sumunod kay Noe? (Genesis 7:1, 7.)
- Ano ang ibinunga ng mga ito sa mga hindi sumunod kay Noe? (Genesis 7:23.) Ano ang mga kahihinatnan kung hindi natin susundin ang buhay na propeta?
- Ano ang ginawa ni Noe nang makalabas na siya sa arka? (Genesis 8:20.)

Bakit dapat tayong magpahayag ng pasasalamat sa Ama sa Langit sa kabila ng mahihirap na karanasan na pinagdaanan natin?

- Anong mga mensahe ang ibinigay sa atin ng ating mga makabagong propeta? (Isulat ang mga sagot ng mga bata sa pisara.) Paano makatutulong sa atin ang bawat isa sa mga mensaheng ito? (Tingnan sa mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1, 3, at 5.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Magpakita ng larawan ng buhay na propeta at magkuwento ng kaunti tungkol sa kanyang buhay. Talakayin ang isang mensahe na ibinigay niya sa pangkalahatang komperensiya.

2. Gumawa ng panayam kay Noe, sa kanyang asawa, at sa kanyang mag-anak. (Maaari kayong gumamit ng malalaking panyo o mga bata [robes] para makapagbihis ang mga bata na katulad ng mga tauhang ito o gumawa ng mga pangalan para isabit sa kanilang leeg.) Magtanong ng katulad ng mga sumusunod:

   - Ano ang sinabi ng Diyos na gawin ninyo?
   - Ano ang naramdaman ninyo nang pagtawanan kayo ng masasamang tao at hindi nakinig sa inyo?
   - Ano ang nadama ninyo noong kasalukuyang bumabaha at pagkatapos ng Baha?

3. Talakayin ang pariralang, "Kung . . . may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13), at iangkop ito sa mga aklat na nababasa natin at sa mga pelikula at programa sa telebisyon na pinanonood natin. Ipaliwanag na ang hindi angkop na mga pelikula, mga programa sa telebisyon, at mga aklat ay hindi kanais-nais sa ating Ama sa Langit. Basahin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Ezra Taft Benson, ang ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan: "Ang inyong mga kaisipan ang magiging batayan ng inyong mga kilos, at sa gayon ay kailangang makontrol ang mga ito. Mahirap makontrol ang gayong mga kaisipan kung magpapasailalim kayo sa tukso. Kaya dapat ninyong piliing mabuti ang inyong babasahin, ang mga pelikula na inyong pinanonood, at ang iba pang mga uri ng aliwan upang magkaroon ng mabubuting kaisipan sa halip na mga hindi kapaki-pakinabang na mga mithiin" (sa Conference Report, Abr. 1985, p. 47–48; o *Ensign,* Mayo 1985, p. 36). Talakayin kung paano tayong makaiiwas sa pagkalantad sa mga negatibong impluwensiya at mapupuno ang ating mga isipan ng mabubuti at magagandang kaisipan.

4. Isulat sa mga papel ang mga tukso o kahirapan na maaaring kaharapin ng mga bata sa inyong klase, tulad ng pandaraya sa paaralan, pagiging salbahe sa iba, o pagkuha ng isang bagay mula sa isang tindahan nang hindi ito binabayaran. Ilagay ang mga papel sa isang lalagyan. Papiliin ang

bawat bata ng isang papel at ipasabi sa kanila kung ano ang itinuro sa atin ng mga propeta tungkol sa paglutas ng gayong mga sitwasyon.

5. Pumili ng isang aral mula sa mga propeta, tulad halimbawa ng pagkakaroon ng talaarawan (Spencer W. Kimball, *Ensign,* Dis. 1980, p. 60–61) o pangangaral ng ebanghelyo (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1986, p. 57, 59; o *Ensign,* Mayo 1986, p. 44–45). Maghanda ng simpleng gawain sa klase na nakatuon sa itinuturo, tulad ng pagsusulat sa talaarawan o pagpaplano ng isang gawain sa klase upang kaibiganin ang isang hindi gaanong aktibong miyembro ng klase.
6. Talakayin ang kahalagahan ng bahaghari (tingnan sa Genesis 9:12–15 at sa "Bahaghari" sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan).
7. Ilagay sa pisara ang sumusunod na pagbabalik-aral o gumawa ng mga kopya para sa bawat bata. Ipatugma sa kanila ang mga titik sa angkop na mga pangungusap.
   1. ______ Tig-iilan sa malilinis na hayop ang isinama sa arka? (Genesis 7:2.) (Pansinin: Ang isang malinis na hayop ay iyong maaaring kainin ng mga tao.)
   2. ______ Ilang araw at gabi umulan? (Genesis 7:12.)
   3. ______ Ilang taon na si Noe noong dumating ang baha? (Genesis 7:6.)
   4. ______ Tig-iilan sa maruruming hayop ang inilulan sa arka? (Genesis 7:2.) (Pansinin: Ang isang maruming hayop ay ang ipinagbawal na kainin ng mga tao.)
   5. ______ Ilang araw nanatili sa mundo ang tubig? (Genesis 7:24.)
   6. ______ Ilang araw na nasa arka si Noe bago nagsimulang umulan? (Genesis 7:10.)

   *a.* 600; *b*. 150; *c*. 7; *d*. 2; *e*. 40; *f.* 7
8. Awitin o basahin ang mga salita sa "Salamat, O Diyos, sa Propeta" (*Mga Himno*) o "Sundin ang Propeta" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

**Patotoo at Hamon**

Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa mga aral ng mga propeta na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at para sa mga makabagong propeta na nagbababala, nagtuturo, at gumagabay sa atin. Hamunin ang mga bata na makinig sa susunod na pangkalahatang komperensiya at magbigay ng mabuting pansin sa mga aral ng propeta, at talakayin ang mga aral na ito na kasama ang kanilang mag-anak.

**Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak**

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahi na basahin ng mga bata ang Genesis 6:11–22; 7:1–6; at 8:15–20 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
9

# Nakipagtipan si Jehova kay Abraham

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na bilang mga pinakipagtipanang tao ng Diyos ang bawat isa sa atin ay may tungkulin na ipamuhay ang ebanghelyo at ibahagi ito sa iba.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Abraham 1:1–20—Hinangad ni Abraham ang mga biyaya ng pagkasaserdote. Inusig siya ng huwad na mga saserdote at iniligtas ni Jehova.
   - Abraham 2:1–21—Ang lahat ng biyaya ng ebanghelyo ay ipinangako kay Abraham at sa kanyang inapo.
   - Genesis 22:17–18—Si Abraham ay pinangakuan ng hindi mabilang na mga inapo.
   - Sa Mga Hebreo 11:8–13—Si Abraham ay nabuhay nang may pananampalataya.
2. Karagdagang babasahin:
   - Genesis 12:1–10—Dakilang mga pagpapala ang ipinangako kay Abram.
   - Genesis 17:1–8—Nakipagtipan ang Diyos kay Abram at ginawang Abraham ang kanyang pangalan.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia at pinagsama-samang tatlong banal na kasulatan para sa bawat bata.
   b. Isang bagay na minana ninyo mula sa inyong mag-anak (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).
   c. Mga larawan 6-9, Iniligtas ng Isang Anghel si Abraham (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 104; 62607), at 6-10, Paksimile Blg. 1 mula sa aklat ni Abraham.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Magpakita ng isang bagay na pinahahalagahan ninyo na minana ninyo mula sa inyong mag-anak, tulad ng isang lumang aklat, isang piraso ng alahas, o isang tsart ng talaangkanan ng mag-anak. (Kung hindi kayo makapagdadala ng isang bagay, magkuwento tungkol sa isang bagay na pag-aari ng inyong mga magulang o mga lolo at lola.) Hilingin sa mga bata na magkuwento tungkol sa mga natatanging bagay ng mag-anak na ibinigay sa kanila.

Kasunod nito ay magkuwento tungkol sa pag-uugali na minana ninyo. Hilingan ang mga bata na magbanggit ng mga pag-uugali na maaaring minana nila. Tulungan ang mga bata na maunawaan na kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa mga mana, karaniwan ay iniisip natin ang mga bagay na tulad ng mga ari-arian o mga bagay.

Isulat sa pisara ang salitang *tagapagmana* at talakayin ninyo ng mga bata ang kahulugan nito. Tulungan sila na maunawaan na ang isang tagapagmana ay sinuman na nagmamana ng isang bagay, ari-arian, o isang pag-uugali na nagmula sa isang magulang o ninuno. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa dakilang mga biyaya na mamanahin nila sa pamamagitan ng kanilang ninuno na si propetang Abraham.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamitin ang mga larawan sa mga angkop na pagkakataon, ituro ang pangyayari tungkol kay Abraham mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan ang sumusunod na mga punto:

- Nais ni Abraham na maging matwid at tanggapin ang mga biyaya ng kaligayahan at kapayapaan.
- Dahil sa katapatan ni Abraham, ang Panginoon ay nakipagtipan sa kanya.
- Ang tipan na ito ay nagbigay ng karapatan kay Abraham upang tumanggap ng pagkasaserdote na may kaakibat na mga biyaya at mga pananagutan.
- Pinangakuan si Abraham na magkakaroon siya ng hindi mabilang na mga inapo, na magmamana ng gayunding mga biyaya ng pagkasaserdote kung mamumuhay sila nang matapat.
- Tayo ang mga inapo ni Abraham at tungkulin natin na dalhin ang ebanghelyo at pagkasaserdote sa lahat ng bansa at mga tao sa mundo.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Paano sumamba ang ama ni Abraham at ang mga tao ng Ur ng mga Caldeo? (Abraham 1:5–7.) Paano sinikap ni Abraham na matulungan sila? (Abraham 1:5.)
- Ano ang mga mithiin ng puso ni Abraham? (Abraham 1:2, 4.) Anong mga biyaya ang nararapat ninyong hangarin? Ituro na maraming inilalaang biyaya ang Ama sa Langit para sa bawat isa sa atin. Sinabihan niya tayo na hilingin ang mga ito at pagkatapos ay mamuhay nang karapat-dapat upang tanggapin ang mga ito.
- Ano ang nangyari sa tatlong kabataang babae na tumangging sumamba sa mga diyus-diyosan? (Abraham 1:11.) Ipaliwanag na kahit na namatay sila, sila ay pagpapalain nang walang hanggan dahil sa kanilang pagkamatwid. Kung minsan ay nangyayari ang masasamang bagay sa mabubuting tao.

Sa anong mga paraan nagiging hamon ang pamumuhay nang matwid sa ngayon?

- Paano naligtas ang buhay ni Abraham? (Abraham 1:15–16.) Sino si Jehova? (Ang *Jehova* ay ang kilalang pangalan ni Jesucristo sa Lumang Tipan. Tingnan sa "Jehova" sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Paano tinulungan ng Panginoon si Abraham sa kanyang paglisan sa Ur? (Abraham 1:18, 20.)
- Dahil sa katapatan ni Abraham, ang Panginoon ay nakipagtipan (isang sagradong pangako sa pagitan ng dalawang tao) sa kanya. Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Abraham kung mananatili siyang matapat? (Abraham 2:8–11.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Kailan magkakaroon ng katuparan ang lahat ng mga pangakong ito kay Abraham? Ipaliwanag na kinailangang maghintay ni Abraham sa loob ng maraming taon bago dumating ang mga biyaya, at ang mga pangako ay tinutupad pa rin hanggang ngayon. Kahit na kinailangan niyang maghintay nang matagal, si Abraham ay nagpatuloy sa pagkakaroon ng pananampalataya at pagiging masunurin. Alam niya na ang mga pangako ng Panginoon ay tiyak ngunit ang mga biyaya ay hindi palaging dumarating kaagad at hindi rin palaging sa paraan na inaasahan natin. Kung minsan ang ating mga biyaya ay espirituwal at darating sa atin sa kawalang hanggan sa halip na sa buhay na ito. (Tingnan sa Sa Mga Hebreo 11:13.)
- Ipaliwanag na ang lahat ng tumatanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo ay tumatanggap ng karapatan na magmana ng mga biyaya ni Abraham (tingnan sa Mga Taga Galacia 3:29). Ano ang mga biyayang ito? (Abraham 2:11; ang mga biyaya ng pagkasaserdote, tulad ng pagbibinyag, ang kaloob na Espiritu Santo, ang endowment sa templo, kasal sa templo, at marami pang iba. Sa pamamagitan ng mga biyayang ito ng pagkasaserdote ay makakamtan natin ang kadakilaan, magiging katulad ng Diyos, at mamumuhay na kapiling ang ating mga mag-anak sa walang hanggan.)
- Ano ang pananagutan natin bilang pinakipagtipanang tao ng Diyos? (Abraham 2:9; magkaroon ng pananampalataya, tuparin ang ating mga tipan sa pagbibinyag, tumulong na dalhin ang ebanghelyo sa lahat ng mga tao sa daigdig, at marami pang iba.) (Tingnan sa mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5 at 6.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpili ng mga piraso ng papel na mayroong mga sumusunod na sanggunian sa banal na kasulatan na nagsasabi ng tungkol sa mga tipan na ginawa kay Abraham. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *binhi* ay mga inapo. Ipabasa sa kanila nang malakas ang bawat talata at, kung nais nila, pamarkahan ang mga talata sa kanilang sariling mga banal na kasulatan.

- Abraham 2:9—Ang pangalan niya ay kikilalanin sa lahat ng bansa.
- Abraham 2:10—Ang lahat ng tatanggap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbibinyag ay makikilala bilang mga inapo ni Abraham.
- Abraham 2:11—Pagpapalain ng Panginoon ang mga nagpala kay Abraham at isusumpa ang mga sumumpa kay Abraham.
- Abraham 2:11—Tataglayin ng kanyang mga inapo ang pagkasaserdote.
- Abraham 2:11—Ang mga inapo niya ay magkakaroon ng pananagutan na maging mga misyonero at dalhin ang ebanghelyo sa lahat ng bansa.
- Abraham 2:19—Ibibigay kay Abraham at sa kanyang mga inapo ang lupain ng Canaan.
- Genesis 22:17—Pararamihin nang husto ng Panginoon ang binhi ni Abraham (magkakaroon ng maraming inapo si Abraham).

2. Tingnan ang Paksimile Blg. 1 sa aklat ni Abraham o gamitin ang pinalaking bersiyon mula sa manwal. Pahulaan sa mga bata kung sino ang isinasagisag ng mga hugis sa drowing. Tulungan silang matukoy ang mga bilang 1 hanggang 8. Sumangguni sa paliwanag sa pahinang iyon at sa Abraham 1:12–14. Pagkatapos ay ihambing ang paksimile sa larawang Iniligtas ng Isang Anghel si Abraham.
3. Magdala ng kaunting buhangin sa isang lalagyan. Hayaang subukan ng mga bata na bilangin ang mga butil na madarampot ng kanilang hinlalaki at hintuturo. Ilarawan sa isipan ang dami ng inapo ni Abraham. Tanungin ang mga bata kung paano sila mismo makatutulong upang matupad ang mga pangakong ginawa kay Abraham na ang kanyang binhi ay magiging kasingdami ng mga butil ng "buhangin sa baybayin ng dagat" (Genesis 22:17).
4. Paghalu-haluin ang mga titik ng salitang *tipan* sa pisara o sa papel na sinulatan ng mga titik, at pagkatapos ay ipabuo sa mga bata ang mga ito. Ang isang mahalagang bahagi ng paggalang sa ating mga tipan ay ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba. Tanungin ang mga bata kung ano ang magagawa nila ngayon upang maghandang ibahagi ang ebanghelyo sa *full-time* na misyon kapag nasa hustong gulang na sila. Maaari nilang isama ang mga bagay na tulad ng pagtupad sa kanilang mga tipan sa pagbibinyag; pagkatuto sa ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan; pakikinig sa gabing pantahanan ng mag-anak at mga pulong sa Simbahan; pamumuhay nang malinis sa isip, salita, at gawa; at pag-iipon ng pera. Himukin ang mga bata na talakaying kasama ng kanilang mga magulang ang mga paraan kung paano sila magiging mga misyonero ngayon at mga paraan kung paano sila makapaghahanda na maging mga *full-time* na misyonero balang-araw.
5. Talakayin kung sino ang dapat na maging mga misyonero at ano ang dapat gawin ng mga misyonero. Basahin ang pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

   "Ang bawat lalaki, babae, at bata—bawat kabataan at bawat batang lalaki at babae—ay dapat magmisyon. Hindi ito nangangahulugan na kailangan nilang maglingkod sa ibayong dagat o pormal na tawagin at maitalaga bilang mga *full-time* na misyonero. Kundi ang ibig sabihin nito ay may pananagutan

ang bawat isa sa atin na magpatotoo tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo na ibinigay sa atin. Tayong lahat ay may mga kamag-anak, kapitbahay, kaibigan, at kasamahan sa trabaho, at pananagutan natin na ipaalam sa kanila ang mga katotohanan ng ebanghelyo, sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin" (It Becometh Every Man," *Ensign,* Okt. 1977, p. 3).

Papag-isipin ang mga bata ng mga paraan kung paano sila magiging mga misyonero ngayon, tulad ng pagiging isang mabuting kaibigan, pag-aanyaya sa isang tao sa simbahan, pagpapakita ng mabuting halimbawa sa tahanan at pamayanan, at pagpapaliwanag sa iba tungkol sa mga aral ng Simbahan.

Magbigay ng mga sitwasyon at hayaang isadula ng mga bata kung paano maging mga misyonero sa bawat pagkakataon.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Tinawag upang sa Dios Magsilbi" (*Aklat ng mga Awit Pambata* o *Mga Himno*) o "Nais kong Magmisyonero Ngayon" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na dahil sa tayo ay mga pinakipagtipanang tao ng Diyos, tayo ay may tanging karapatan at pananagutan na igalang ang pagkasaserdote at ibahagi ang ebanghelyo sa lahat ng tao upang matanggap nila ang mga biyaya ni Abraham.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mga mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Abraham 2:9–11 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Abraham at Lot

Aralin
10

**Layunin**

Palakasin ang pagnanais ng bawat bata na magpakita ng pagmamahal sa iba.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 13:1–18—Hinati nina Abraham at Lot ang lupain.
   - Genesis 14:8–16—Si Lot ay binihag. Iniligtas siya ni Abraham.
   - Genesis 18:16–33—Hiniling ni Abraham sa Panginoon na iligtas ang mga matwid na tao sa Sodoma at Gomorra.
   - Genesis 19:1, 12–17, 24–29—Dinalaw ng mga anghel si Lot sa Sodoma. Nailigtas ang kanyang mag-anak sa kapahamakan.
2. Karagdagang babasahin:
   - Genesis 11:27–32—Ang pagiging magkamag-anak nina Abraham at Lot.
   - Abraham 2:1–6, 14–15—Ang mga mag-anak nina Abraham at Lot ay pinaalis sa Ur.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang malaking papel at lapis.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Gumawa ng malaking bilog sa pisara o sa isang papel at isulat sa gitna ang *Pagmamahal.* Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin sa kanila ng pagmamahal. Isulat ang kanilang mga sagot nang paikot sa labas ng bilog.

Hilingan ang mga bata na magbanggit ng mga pangalan ng mga taong mahal nila, isulat ang mga pangalang ito sa loob ng bilog, at tawagin itong Sirkulo ng Pagmamahal. Ipaliwanag na habang nagiging higit tayong katulad ni Cristo, natututuhan nating mahalin at paglingkuran ang iba nang mas mabuti at nadaragdagan ang mga tao sa ating mga sirkulo ng pagmamahal. Sabihin sa klase na sa araling ito ay matututuhan nila kung paano pinakitunguhan ng propetang si Abraham ang mga taong mahal niya.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kina Abraham at Lot mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng mga pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit hindi makapanirahan sa iisang pook sina Abraham at Lot? (Genesis 13:5–7.) Paano ipinakita ni Abraham ang kanyang pagmamahal at hindi pagiging maramot kay Lot? (Genesis 13:8–9; tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Paano natin maipakikita ang ating pagmamahal at pagiging hindi makasarili kapag kahati natin ang isang tao sa isang bagay?
- Aling bahagi ng lupain ang tila higit na kanais-nais? Alin ang pinili ni Lot? (Genesis 13:10–12.)
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng pagmamahal ni Abraham sa isang miyembro ng mag-anak? Bakit kung minsan ay mas mabait tayo sa pakikitungo sa ating mga kaibigan kaysa sa mga miyembro ng ating mag-anak? Ano ang mangyayari kung pakikitunguhan natin ang mga miyembro ng ating mag-anak na katulad ng ating mga kaibigan?
- Nang marinig ni Abraham na nabihag si Lot sa mga pakikipagdigmaan ng hari, ano ang ginawa niya upang maipakita ang kanyang pagmamahal at pagmamalasakit kay Lot? (Genesis 14:14–16.)
- Paano ipinakita ni Abraham ang kanyang pagmamahal sa iba noong lilipulin na ng Panginoon ang mga lungsod ng Sodoma at Gomorra? (Genesis 18:22–24.)
- Ano ang ginawa ng mga mensahero ng Diyos bago nila nilipol ang masasamang lungsod na ito? (Genesis 19:12, 15–16.)
- Paano nagpapakita ng pagmamahal ng Ama sa Langit sa kanyang mga anak ang pagkalipol ng Sodoma at Gomorra? (Nilipol niya ang masasama upang mapangalagaan ang mga matwid mula sa kanilang masasamang impluwensiya.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ikuwento sa mga bata ang mga totoong pangyayaring ito sa sarili ninyong mga salita:

   a. Pagdalaw sa Isa pang Primarya:

      Isinama ni Kapatid na [lalaki] Black ang kanyang mga anak na lalaki sa isang biyahe na kung saan ay dinalaw nila ang isa pang purok. Nang papunta na si Kapatid na Black sa kanyang klase, napansin niya ang isang miyembro ng pamunuang obispo na parating sa bulwagan na kasama ang umiiyak na bunsong anak ni Kapatid na Black.

"Pumasok po ako sa silid-aralan, Itay, at nang papaupo na po ako ay umupo sa silya ang isa sa mga batang lalaki at sinabing, 'Hindi ka puwedeng maupo rito. Hindi ka kasali sa klase namin.' Pagkatapos ay may isang nagsabi na, 'Bakit nga ba narito ka?' Pinagtawanan nila ako, Itay. Ayaw ko pong dumalo sa Primaryang ito."

b. Isang Mahirap na Batang Lalaki:

"Hindi rin kami makabili ng mga damit. Ako ay may pares ng sapatos na isinusuot ko sa simbahan. Ang mga iyon ay hindi ang pinakamagandang sapatos. May butas ang mga ito sa suwelas, kaya gumugupit ako ng *cardboard* at ipinapasok ito sa ilalim. . . .  At pupunta na ako sa simbahan nang ganoon, at naging maayos naman ang lahat hanggang sa masira ang mga sapatos na iyon. Noon ay hindi ko alam ang gagawin. . . . Kinuha ko ang isang maliit na kahon ng mga sapatos na ibinigay sa amin ng mga kapitbahay. Inisa-isa ko ang mga iyon ngunit isang pares lamang ng sapatos ang kakasya sa akin. . . .  Ang mga iyon ay isang pares ng pambabaeng sapatos ng nars. Naisip ko na lamang na, 'Paano ko maisusuot ang mga iyon? Pagtatawanan nila ako nang may panlilibak sa simbahan.' Kaya nagpasiya akong hindi ko isusuot ang mga iyon, at hindi na ako magpupunta sa simbahan.

"Pinag-isipan ko buong magdamag, at kinaumagahan— . . . Alam kong kailangan kong pumunta! . . .  Inisip ko kung ano ang aking gagawin. Pupunta ako roon nang maagang-maaga at mauupo sa malapit sa unahan bago pa dumating ang sinuman. Naisip kong, 'Ilalagay ko ang aking mga paa sa ilalim [ng upuan] para walang makakita sa mga ito, at pagkatapos ay maghihintay ako hanggang sa makaalis na ang lahat. . . .  "Tumakbo ako papunta sa simbahan nang maaga ng kalahating oras, at ayos naman. Wala pang naroon. Inilagay ko ang mga paa ko sa ilalim ng upuan. Maya-maya ay nagdatingan na silang lahat, at walang anu-ano ay may nagsabing: 'Maghihiwa-hiwalay na tayo para sa mga klase.' Nakalimutan ko na pupunta pa nga pala sa ibang klase. . . .  Umupo lang ako roon. Hindi ako makagalaw. . . .  Tila ba tumigil ang buong pulong at naghintay hanggang sa makakilos ako, kaya kumilos na ako. Tumayo ako at sinundan ang klase papunta sa silong.

"Sa palagay ko ay natutuhan ko ang pinakadakilang aral ng aking buhay noong araw na iyon. Nanaog ako, at pinaupo kami ng guro sa isang malaking kalahating pabilog. Nadama ko na parang tig-dalawang talampakan ang laki ng mga sapatos ko. Hindi ko masasabi sa inyo kung gaano ang pagkahiyang nadama ko noon. Nagmasid ako, pero alam ba ninyo, hindi ako pinagtawanan ng kahit isa man lamang sa klaseng iyon ng mga bata na walo at siyam na taong gulang. Wala ni isa man na nagturo sa aking mga sapatos. Hindi tumingin ang guro ko. . . . Pinagmamasdan ko ang bawat isa para makita kung sino ang nakatingin sa akin. . . .  Siyempre nakita nila ang mga sapatos ng nars na iyon na kinailangan kong isuot sa simbahan. Ngunit taglay nila ang pinong katangian (paggalang) na hindi magtawa" (Vaughn J. Featherstone, "Acres of Diamonds," *Speeches of the Year, 1974* [1975], p. 351–52).

- Paano magkaiba ang mga sirkulo ng pagmamahal sa dalawang klase na ito?
- Sa aling klase ninyo gustong mapabilang? Bakit?

- Paano ninyo matutulungan ang ating klase na maging tulad ng klase na dinaluhan ni Elder Vaughn Featherstone noong siya ay bata pa?

Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng kanilang mga karanasan nang sila ay mapabilang sa isang sirkulo ng pagmamahal ng isang tao, o nang isali nila ang isang tao sa kanilang sirkulo ng pagmamahal.

2. Upang mailarawan ang pagmamahal ni Abraham para sa iba, gumuhit ng isang malaking bilog sa pisara o papel. Isulat ang pangalan ni Abraham sa gitna. Habang nagkukuwento kayo mula sa mga banal na kasulatan, idagdag ang mga pangalan ng mga taong isinama ni Abraham sa kanyang sirkulo ng pagmamahal (ang mga pastol, si Lot at ang kanyang mag-anak, ang mga tao sa mga lungsod ng Sodoma at Gomorra).

3. Gumawa ng isang malaking bilog sa sahig sa pamamagitan ng paggamit ng mahabang pisi, tali, o lubid. Pumili ng isang bata na tatayo sa gitna ng bilog. Tawagin ang bilog na "Ang sirkulo ng pagmamahal." Mamigay ng maliliit na karatula sa bawat bata sa klase na sumasagisag sa mga tao na maaaring kailangang isali sa ating sirkulo ng pagmamahal ("Batang Bago [sa Klase]," "Nakatatandang Kapitbahay," "Panauhin," "Isang Taong Nakasakit sa Inyo," "Malungkot na Kamag-anak," "Batang Mahiyain," "Mapanggulo," at marami pang iba). Papiliin ang batang nasa gitna ng isang bata na nasa labas ng bilog at papag-isipin ng isang bagay na makapagsasali sa batang iyon sa sirkulo ng pagmamahal. Halimbawa, maaaring piliin ng bata ang "Malungkot na Kamag-anak" at anyayahan siya sa gabing pantahanan ng mag-anak. Papasok sa bilog ang batang napili, pipili ng isa pang bata, at sasabihin kung ano ang maaaring gawin upang madala ang taong iyon sa sirkulo ng pagmamahal. Magpatuloy hanggang sa ang bawat bata ay nasa loob na ng bilog.

   Ituro na ang sirkulo ng pagmamahal ng bawat bata ay mas lalaki pa habang nagpapakita siya ng pagmamahal at kabaitan sa iba. Maaari itong ilarawan sa pamamagitan ng paglalapit ng bilog o pisi sa unang bata at pagpapalaki nito habang nadaragdagan ang mga sumasali.

4. Bigyan ang mga bata ng tig-iisang piraso ng papel at paguhitin sila ng isang bilog at ipasulat ang *Ang Aking Sirkulo ng Pagmamahal* nang paikot sa gilid nito. Hamunin sila na palakihin pa ang kanilang mga bilog sa pamamagitan ng pagsasali sa isang tao na maaaring hindi nakapasok sa kanilang bilog. Himukin ang mga bata na kausapin ang kanilang mga mag-anak tungkol sa kanilang mga sirkulo ng pagmamahal at sama-samang mag-isip ng isang tao na hindi nila napakitaan ng pagmamahal. Imungkahi na isulat nila ang pangalan ng tao sa labas ng bilog. Hamunin ang mga bata na pakitunguhan nang may pagmamahal ang taong iyon kahit na ano ang ikinikilos niya, tulad ng ginawa ni Abraham kay Lot, at tingnan kung sa susunod na linggo ay mailalagay na nila ang pangalan ng tao sa loob ng kanilang sirkulo ng pagmamahal. (Kung gagamitin ninyo ang gawaing ito, tiyakin na kumustahin sa susunod na linggo upang makita kung naisagawa ng mga bata ang kanilang mithiin.)

5. Hayaang makisali ang klase sa isang sabayang pagbabasa upang bigyang-diin ang pagpapahalagang ibinibigay ng Diyos sa lahat ng kanyang mga anak. Simulan sa pagbabasa nang malakas sa Genesis 18:23–24 samantalang tahimik na sinusundan ito ng mga bata sa kanilang mga Biblia. (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *sakali* ay "marahil.") Pagkatapos ay sabay-sabay na ipabasa sa mga bata ang Genesis 18:26.

Patuloy na basahin ang kabanata sa ganitong paraan, na kayo ang nagbabasa sa mga tanong ni Abraham at binabasa naman ng mga bata ang mga sagot ng Panginoon.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Palaging Dadamayan Ka" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) (maaaring isadula ng mga bata ang mga salita), "Magmahalan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang inyong pagmamahal para sa mga bata, na nagbabanggit ng isang mabuting bagay na napansin ninyo sa bawat bata. Magbigay ng patotoo na ang bawat isa sa atin ay kasama sa sirkulo ng pagmamahal ng Ama sa Langit.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 13:1–11 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 11

# Abraham at Isaac

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na dapat tayong magtiwala nang lubusan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 18:1–6—Pinakiharapan ni Abraham ang tatlong banal na lalaki, na nangakong magkakaroon ng anak ng lalaki si Sara.
   - Genesis 21:1–8—Isinilang si Isaac kina Sara at Abraham.
   - Genesis 21:1–14—Inutusan si Abraham na ialay si Isaac, subalit iniligtas ang buhay ni Isaac.
   - Genesis 22:15–19—Pinangakuan si Abraham ng mga dakilang biyaya.
2. Karagdagang babasahin: Jacob 4:5—Ang pag-aalay ni Abraham kay Isaac ay katulad ng sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon at Mahalagang Perlas.
   c. Mga larawan 6-11, Dinala ni Abraham si Isaac Upang Ialay (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 105; 62054); 6-12, Ang Pagtawid sa Dagat na Pula (62100); 6-13, Si Daniel sa Yungib ng mga Leon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 117; 62096); at 6-14, Tatlong Lalaki sa Nagbabagang Pugon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 116; 62093).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Isulat sa pisara: *Mayroon bang bagay na napakahirap para sa Panginoon*? Anyayahan ang mga bata na talakayin ang tanong na ito.

- Gaano kahirap sa palagay ninyo para sa Ama sa Langit at kay Jesucristo na likhain ang magandang mundo natin at ang lahat ng naririto?
- Sa palagay ba ninyo ay kaya nilang galawin ang bundok o baguhin ang direksiyon ng ilog kung nanaisin nila?

Ipakita ang mga larawang Ang Pagtawid sa Dagat na Pula, Si Daniel sa Yungib ng mga Leon at Tatlong Lalaki sa Nagbabagang Pugon. Maikling ipaliwanag na hinati ng Panginoon ang tubig ng Dagat na Pula upang pahintulutang

makatakas si Moises at ang mga Israelita mula sa mga sundalo ng Egipto, pinangalagaan niya si Daniel sa yungib ng mga leon, at iniligtas niya ang tatlong kabataang lalaki sa pagkasunog nang sila ay ihagis sa nagbabagang pugon. (Paalala: Huwag ituro ang detalye ng mga kuwentong ito. Sabihin sa mga bata na marami pa silang matututuhan sa mga kuwentong ito sa kalaunan ng taon.) Ituro na ang mga taong ito ay nagtiwala sa Panginoon at nanampalataya na mangyayari ang kanyang kalooban. Ginantimpalaan ng mga himala ang kanilang pananampalataya.

Muling balikan ang tanong sa pisara, at sabihin sa mga bata na matututuhan nila ang tungkol sa panahon noong itanong kina Abraham at Sara ang katanungang ito.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa pagsilang ni Isaac kina Abraham at Sara mula sa Genesis 18:1–16 at 21:1–8. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang pagsilang ni Isaac ay isang himala sapagkat napakatanda na ni Sara upang magkaanak. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Paano pinakitunguhan ni Abraham ang tatlong banal na lalaki na dumalaw sa kanya? (Genesis 18:5–8.) Ano ang sinabi ng mga lalaking ito kay Abraham? (Genesis 18:10.) Bakit natawa si Sara nang marinig niya ang sinabi nila? (Genesis 18:11–12; marahil ang ibig sabihin ng *natawa* sa talatang ito ay nagalak.)
- Anong mahalagang aralin ang itinuro ng Panginoon kay Abraham? (Genesis 18:14.) Ano ang matututuhan natin dito? (Anumang bagay ay maaari kung ito ay kalooban ng Panginoon.)
- Ano ang ipinangalan nina Abraham at Sara sa kanilang anak? (Genesis 21:3.) Ilang taon sina Abraham at Sara nang isilang si Isaac? (Genesis 17:17.) Ano sa palagay ninyo ang nadama nina Abraham at Sara nang sa wakas ay nagkaanak sila pagkalipas ng napakaraming taon? (Genesis 21:6.)
- Paano natutong magkaroon ng higit na pagtitiwala sa Panginoon sina Abraham at Sara sa pamamagitan ng karanasang ito? Paano tayo magkakaroon ng higit na pagtitiwala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo? Paano natin maipakikita ang ating pagtitiwala sa kanila? (Tingnan sa mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3 at 4.)

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari nang iutos ng Diyos kay Abraham na ialay ang kanyang anak na si Isaac mula sa Genesis 22:1–14. Ipakita ang larawang Dinala ni Abraham si Isaac Upang Ialay sa naaangkop na panahon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

- Ano ang iniutos ng Diyos na gawin ni Abraham? (Genesis 22:2.) Bakit hiniling ng Diyos kay Abraham na gawin ang ganoong napakahirap na bagay? (Genesis 22:1.)

- Ano ang ginawa ni Abraham nang sabihan siya ng Diyos na dalhin ang kanyang anak sa Moria upang ialay siya? (Genesis 22:3.) Bakit kaya naging mahirap para kay Abraham na ialay si Isaac? (Genesis 17:19.) Ipaalala sa mga bata na mismong si Abraham ay muntik nang maialay, at alam niya na ang pag-aalay ng tao ay mali (tingnan sa aralin 9 at Abraham 1:7–8, 15). Bakit sa palagay ninyo mabilis na sumunod si Abraham? Paano ipinakikita nito na nagtiwala si Abraham sa Ama sa Langit?
- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ni Abraham nang tanungin siya ni Isaac kung nasaan ang tupang iaalay? (Genesis 22:7–8.)
- Bakit nagpadala ang Panginoon ng anghel upang pigilin si Abraham sa pagpatay sa kanyang anak? (Genesis 22:12.) Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ni Abraham noon?
- Anu-anong pagpapala ang ipinangako ng Panginoon kay Abraham dahil sa kanyang katapatan? (Genesis 22:16–18.) Ipaliwanag na ang *binhi* ay tumutukoy sa mga inapo o anak. Ang lahat ng nabinyagan ay nagiging "binhi" ni Abraham.
- May naiisip ba kayong isa pang Ama na kinailangang ialay ang kanyang Anak? Bigyang-diin na isang dahilan ng paghiling kay Abraham na ialay ang kanyang anak ay upang ituro ang tungkol sa sakripisyong pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Jacob 4:5). Bakit kinailangang hindi paligtasin ang Anak ng Ama sa Langit sa kanyang ginawang pagsasakripisyo? Ituro ang mga pagkakahalintulad ng pagpapadala ng Ama sa Langit kay Jesucristo sa lupa upang ialay at ng muntik nang pag-aalay ni Abraham kay Isaac (tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1).
- Paano nakatutulong sa inyo ang muntik nang pag-aalay ni Abraham kay Isaac upang higit na maunawaan ang pagmamahal ng Ama sa Langit sa inyo sa pagsasakripisyo sa kanyang Anak? Ano ang kahulugan sa inyo ng ginawang sakripisyo ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? Paano kayo natutulungan nito na magkaroon ng higit na malaking pagtitiwala sa ipinagagawa sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Talakayin ang mga sumusunod na paghahalintulad sa pagitan ng pagpapadala ng Ama sa Langit kay Jesucristo sa lupa upang ihain at ng muntik nang paghahain ni Abraham kay Isaac:

   a. Si Isaac ang tanging anak nina Abraham at Sara.

      Si Jesucristo ang Bugtong na Anak sa laman ng Ama sa Langit (ang Ama sa Langit ang ama ng espiritu *at* katawan ni Jesus).

   b. Mahal ni Abraham si Isaac.

      Mahal ng Ama sa Langit si Jesus.

c. Si Abraham ay masunurin sa Ama sa Langit.

Si Isaac ay masunurin sa kanyang ama.

Si Jesus ay masunurin sa kanyang Ama.

d. Inilaan ng Panginoon ang isang lalaking tupa para sa pag-aalay ni Abraham.

Ipinagkaloob ng Ama sa Langit si Jesus, ang Kordero ng Diyos, bilang sakripisyo para sa atin.

2. Basahin at talakayin ang Mga Kawikaan 3:5–6. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang lahat o kaya ay bahagi ng banal na kasulatang ito. Himukin ang mga bata na bigkasin ang banal na kasulatang ito para sa kanilang mag-anak at talakayin ang kahulugan nito sa kanila.

3. Imungkahi ang mga sumusunod o katulad na mga sitwasyon kung kailan kailangan ng mga bata na magtiwala sa Ama sa Langit. Tulungan silang magpasiya kung paano ipakikita ang pagtitiwalang ito:

Kapag nananalangin tayo. (Hilingin na mangyari ang kalooban ng Ama sa Langit.)
Kapag pumupunta tayo sa Primarya. (Makinig at matuto.)
Kapag natutukso tayong gumawa ng bagay na mali. (Alalahanin ang itinuro ni Jesus, at tumangging gawin ang bagay na mali.)
Kapag nasasaktan ng isang tao ang ating damdamin. (Maging mapagpatawad at magpakita ng pagmamahal sa halip na galit.)
Kapag inaakala nating mas kailangan natin para sa ibang bagay ang ating salapi para sa ikapu. (Magbayad ng ikapu.)
Kapag gusto ng ating mga kaibigan na maglaro tayo ng *soccer* o manood ng sine sa araw ng Sabbath. (Panatilihing banal ang araw ng Sabbath.)
Kapag oras na upang bumangon para sa pagbabasa ng mag-anak ng banal na kasulatan kahit na inaantok pa tayo. (Bumangon at magbasa.)

4. Isulat sa mga papel ang mga biyaya na maaari nating matanggap mula sa pagtitiwala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at paggawa ng hinihingi nila. Gamitin ang sumusunod o ang katulad na mga biyaya:

Kaligayahan
Kalusugan
Pagmamahal sa iba
Isang payapang tahanan
Isang patotoo ng ebanghelyo
Higit na matatag na pananampalataya kay Jesucristo
Kasiyahan kapag dumadalo sa simbahan
Ang Espiritu Santo bilang kasama

- Ilagay ang mga papel sa isang supot at itanong, “Ilan sa inyo ang gustong makatanggap ng mabubuting bagay?

Paalalahanan ang mga bata na natanggap na natin ang dakilang biyaya ng pagkakaroon ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sabihin sa kanila na nangako ang Ama sa Langit at si Jesus ng marami pang biyaya kung nagtitiwala tayo sa kanila at ipinamumuhay ang ebanghelyo. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na mabasa ang isang biyaya mula sa supot at matalakay kung paano nila maaaring matamo ang biyayang iyon. Tiyakin na ang mga ideyang katulad ng mga sumusunod ay natalakay:

Pagsali nang kusang-loob sa gabing pantahanan ng mag-anak at panalangin ng mag-anak
Pagdalo sa simbahan
Pagtulong sa mga miyembro ng mag-anak
Pagsunod sa mga magulang
Pagsunod sa Salita ng Karunungan
Pagbasa ng mga banal na kasulatan

Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga biyaya ay hindi palaging kaagad-agad na dumarating. Ang ilang mga biyaya ay maaaring dumating makaraan ang mga taon at ang ilan ay maaaring hindi dumating habang tayo ay naririto sa lupa. Pagpasiyahin ang bawat bata sa isang bagay na magagawa nila sa loob ng susunod na linggo upang ipakita ang kanilang pagtitiwala sa Ama sa Langit at kay Jesus.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "'Pinadala ang Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa mga sakripisyo na ginawa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo para sa inyo. Magpatotoo na kapag nagtitiwala tayo sa kanila at sinusunod ang kanilang mga kautusan, tayo ay pagpapalain.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 22:1–13 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Isaac at Rebeca

Aralin
12

**Layunin**

Ituro sa mga bata na ang mga walang hanggang biyaya na ipinangako kina Abraham, Isaac, at Jacob ay mapapasakanila kung gagawin at igagalang nila ang mga tipan sa pagpapakasal sa templo.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 24:1–6—Inutusan ni Abraham si Isaac na huwag mag-asawa ng isang taga Canaan. Ang kanyang tagapaglingkod ay naghanap ng asawa para kay Isaac.
   - Genesis 24:7–59—Ginabayan ng Panginoon ang tagapaglingkod ni Abraham sa pagpili kay Rebeca bilang asawa para kay Isaac.
   - Genesis 24:60–67—Pinagpala si Rebeca na maging ina ng libu-libong milyon. Pinakasalan ni Rebeca si Isaac.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Magsanay sa paggupit ng singsing na papel na gagamitin ninyo para sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman. Itupi nang pahaba ang isang papel na may sukat na 5”x7” at gupitin sa natutuldukang guhit tulad nang nakikita sa krokis [diagram]. Sa huli, gupitin sa pinakatupi mula sa *X* hanggang *Y*, na iiwan nang di-gupit ang dalawang nakatuping dulo. Alisin ang pagkakatupi at maingat na iunat ang papel na pahugis singsing. Isang buong parisan ang makikita sa susunod na pahina.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang 5”x7” na piraso ng papel at gunting.
   c. Larawan 6-15, Si Rebeca sa Balon (62160).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Sabihin sa mga bata na ipakikita ninyo sa kanila kung paano gumawa ng isang malaking singsing na papel mula sa 5”x7” na piraso ng papel. Ipaliwanag na sa paggawa nito ay kailangan ninyong sundin nang tama ang mga direksiyon. Gupitin ang papel ayon sa mga direksiyon at maingat itong buksan sa isang singsing. Patayuin ang isang bata at marahang isuot ang singsing na papel sa kanyang ulo at akayin ito sa sahig.




Mga Tagubilin:

1. Itupi sa gitna ang papel nang pahaba.
2. Gupitin ang lahat ng natutuldukang guhit hanggang sa dalawang kalahati ng papel.
3. Gupitin sa pinakatupi mula X hanggang Y.
4. Huwag gupitin nang lagpas sa X o Y hanggang sa dulo ng papel.

- Paano katulad ng singsing ang walang hanggang kasal? (Ito ay walang katapusan.) Ano ang kailangan upang magtagal nang habang panahon at maging walang katapusan ang kasal sa templo? (Kailangang sundin ng mag-asawa ang mga kautusan ng Ama sa Langit at tuparin ang kanilang mga tipan.)

Sabihin sa mga bata na marami pa silang matututuhan tungkol sa walang hanggang kasal sa araling ito. Ipaliwanag na nagbigay ang Ama sa Langit ng daan para matanggap natin ang katulad na mga biyaya na ipinangako niya kay Abraham. Muling pag-aralan ang mga pangako sa Genesis 22:17–18 at ipaliwanag na gumawa rin ang Panginoon ng mga katulad na tipan kina Isaac at Jacob na ginawa niya kay Abraham. Gayundin ang ipinangangako niya sa lahat ng magpapakasal sa templo at tumutupad sa kanyang mga tipan sa templo.

Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang isang singsing at talakayin kung paano ito katulad ng walang hanggang kasal.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro ang pangyayari mula sa Genesis 24 na tungkol sa kung paano pinili ni Abraham ang asawa para kay Isaac, at talakayin ang mga katangiang pinagyaman ni Rebeca upang ihanda siya sa walang hanggang kasal na ito. Ipaliwanag ang kahalagahan ng paghahanda para sa kasal na selestiyal at paghiling ng tulong ng Ama sa Langit sa pagpili ng tamang mapapangasawa. Ipakita ang larawan sa naaangkop na panahon. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa mga banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa Banal na Kasulatan,” p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit nag-alala si Abraham na makapag-asawa si Isaac ng isang babaeng taga Canaan? (Genesis 24:3–4; ang mga taga Canaan ay sumasamba sa mga diyus-diyosan. Kung mag-aasawa si Isaac ng isang may ibang pananampalataya, siya ay makakasal sa labas ng tipan. Nais ni Abraham na makapag-asawa si Isaac ng isang babae na tutulong sa kanya na manatiling tapat. Tanging sa paraang ito lamang mapananatili ang pagkasaserdote sa mga inapo ni Abraham at makatatanggap ng mga natatanging biyaya na ipinangako ng Panginoon kay Abraham at sa kanyang binhi.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Ano ang madarama ninyo kung may isa na magsasaayos ng kasal ninyo sa tao na hindi ninyo kilala, katulad ng nangyari kina Isaac at Rebeca? Anong uri ng tao ang pagtitiwalaan ninyo para pumili ng inyong mapapangasawa?
- Anu-ano ang katangian ng tagapaglingkod ni Abraham na nagpakita na mapagkakatiwalaan siya upang humanap ng tamang asawa para kay Isaac? (Genesis 24:12–14, 33, 48. Nanalangin siya sa Panginoon na pagtibayin ang kanyang plano sa halip na lutasin ang kanyang suliranin. Higit siyang nag-alala na tapusin ang kanyang takdang gawain kaysa sa sarili niyang

kaginhawahan. Nagpahayag siya ng pasasalamat sa tulong ng Panginoon.) Sa paghingi ng tulong ng Panginoon, paano ninyo masusundan ang halimbawa ng tagapaglingkod ni Abraham?

- Ano ang ipinakita ng kahandaan ni Rebeca na iigib ang mga kamelyo ng tagapaglingkod tungkol sa uri ng kanyang pagkatao? (Genesis 24:18–19.) Ano ang magagawa ninyo upang taglayin ang mga katangian ng pagiging masipag, di-makasarili, at maaasahan? Kapag binibigyan kayo ng mahirap na gawain, ano ang ginagawa ninyo upang maging kaaya-aya ang gawain? Paano natapos ni Rebeca ang kanyang mahirap na gawain? (Genesis 24:20.) (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Paano tumugon ang ama at kapatid na lalaki ni Rebeca sa kahilingan na pakasalan niya si Isaac? (Genesis 24:50–51.) Paano maaapektuhan ang mga anak ng mga halimbawang ipinakikita ng kanilang mga magulang?
- Anong dakilang katangian ang ipinakita ni Rebeca nang sumagot siya sa kanyang mag-anak tungkol sa pagsama niya sa tagapaglingkod? (Genesis 24:58; may pananampalataya siya sa Diyos.) Bakit sa palagay ninyo handang magpakasal si Rebeca sa isang dayuhang mula sa ibang lupain? (Nais ni Rebeca na makasal sa loob ng tipan at makamtan niya ang mga biyaya ni Abraham at gayundin ng kanyang mga anak.)
- Ano ang ginawa ng mag-anak ni Rebeca bago niya sila nilisan? (Genesis 24:60.) Paano sa palagay ninyo makatutulong sa isang taong naghahanda sa kasal ang pagbabasbas ng ama?
- Kailan kayo dapat magsimulang maghanda para sa inyong walang hanggang kasal? Isang propeta sa huling araw, si Spencer W. Kimball, ay nagsabi na, "Iminumungkahi namin . . . na lahat ng batang lalaki at babae mula sa kanilang kamusmusan hanggang paglaki ay magplano na makasal sa templo lamang . . . na panatilihing malinis ang kanilang buhay upang maisagawa ito" ("The Matter of Marriage" [talumpating binigkas sa Salt Lake Institute of Religion, ika-22 ng Okt. 1976]).
- Ano ang ilang bagay na maaari ninyong gawin upang maghanda para sa inyong walang hanggang kasal? Ano ang magagawa ninyo sa inyong mag-anak sa ngayon upang matulungang maging higit na selestiyal ang inyong mag-anak?
- Ano ang isang mahalagang bagay na ginawa ni Isaac upang gawing maligaya sa kanyang pag-aasawa? (Genesis 24:67; minahal niya ang kanyang asawa.) Paano ninyo maipakikita ang higit na pagmamahal sa mga miyembro ng inyong mag-anak?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipakita sa mga bata ang ilang larawan ng mga templo at magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagiging kasal sa templo ng Diyos. Ipaliwanag na sa pamamagitan ng pagpapakasal sa templo ay magiging karapat-dapat sila sa lahat ng mga biyaya nina Abraham, Isaac, at Jacob. Muling pag-aralan ang mga biyayang ipinangako kay Abraham (tingnan ang aralin 9, gawaing

nagpapayaman sa kaalaman 1). Maging sensitibo sa mga batang maaaring nanggagaling sa mga tahanan na kung saan ang mga magulang ay hiwalay. Tanungin ang mga bata kung paano nila maaaring himukin na makapaghanda para sa mga biyaya ng templo ang mga magulang na hindi pa nagkakaroon ng pribilehiyo na mabuklod sa templo. Kung nakapasok na kayo sa templo, ibahagi sa klase ang ilan sa inyong damdamin.

2. Ipakita sa mga bata ang larawan ng isang kamelyo (6-15, Si Rebeca sa Balon, 62160; o Ang mga Pantas na Lalaki, Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 203; 62120). Ipaliwanag na bagamat maaaring tumagal ang kamelyo ng ilang araw na hindi umiinom ng tubig, sa tag-araw ay maaaring makainom ang kamelyo ng limang galon ng tubig sa isang araw. Isipin kung gaano karaming ulit nagpabalik-balik si Rebeca sa balon upang kumuha ng tubig para punuin ang kanyang banga na sapat ipainom sa sampung kamelyo. Ituro kung gaano kahanda si Rebeca na maglingkod sa iba. Magpaguhit sa mga bata ng ilang banga sa papel at magpasulat sa bawat isa ng bagay na handa nilang gawin upang paglingkuran ang iba.

3. Paupuin ang mga bata sa kanilang mga upuan na ang pagkakaayos ng lahat ng upuan ay medyo pabilog. Magpalabis ng isang upuan. Hilingin sa mga bata na isipin na sila ay nasa langit at nakaupo sa mga upuang iyon na kasama ang kanilang mag-anak. Ano ang magiging katulad ng langit kung sa pagtingin ninyo sa inyong paligid ay matuklasan ninyo na nawawala ang isang miyembro ng inyong mag-anak?

   Maaaring naisin ninyong ibahagi ang siping-banggit na ito mula kay Pangulong Ezra Taft Benson, ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan:

   “Nilayon ng Diyos na maging walang hanggan ang mag-anak. Ako ay nagpapatotoo nang buong kaluluwa ko sa katotohanan ng pahayag na iyon. Nawa’y pagpalain Niya tayo upang mapalakas ang ating tahanan at ang buhay ng bawat miyembro ng mag-anak upang sa takdang panahon ay makapag-ulat tayo sa ating Ama sa Langit sa Kanyang tahanang selestiyal na tayong lahat ay naroroon—ama, ina, mga kapatid, lahat ng nagmamahalan sa isa’t isa. May nakaupo sa bawat upuan. Lahat tayo ay nakabalik sa tahanan” (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], p. 493).

   Talakaying kasama ng mga bata ang mga paraan kung paano nila masusunod ang payo ni Pangulong Benson ngayon at sa hinaharap. (Maging sensitibo sa mga bata sa inyong klase na nagmumula sa mga mag-anak na hindi lahat ay miyembro.) Himukin silang umuwi at talakayin ang mga ideyang ito sa kanilang mag-anak at gumawa ng talaan ng mga ideya na sama-sama nilang gagawin.

4. Ipasadula sa mga bata ang kuwento nina Rebeca at Isaac. Maaaring naisin ninyong magdala ng ilang simpleng kasuotan o *props*.

5. Kung mayroon kayong rekomendasyon sa templo, maipakikita ito sa mga bata at maipahahayag kung gaano kasagradong pribilehiyo ang mapahintulutang pumasok sa templo ng Panginoon. Ibahagi sa mga bata ang ilan sa mga bagay na kinakailangang gawin ng isang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw upang makatanggap ng rekomendasyon sa templo:

Panatilihing malinis at dalisay ang katawan at isip.
Itaguyod ang Pangulo ng Simbahan bilang propeta, tagakita, at tagapagpahayag.
Magbayad ng buong ikapu.
Ipamuhay ang Salita ng Karunungan.
Maging lubos na matapat.
Dumalo sa mga pulong ng Simbahan at sundin ang mga kautusan.
Pakitunguhang mabuti ang inyong mag-anak.

Himukin ang mga bata na magtakda na ngayon ng layunin na makasal sa templo upang maging karapat-dapat sila sa mga biyaya ni Abraham at nang sa gayon ay magawa nilang maipaabot ang mga biyayang ito sa kanilang mga anak.

6. Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Spencer W. Kimball, ikalabindalawang Pangulo ng Simbahan:

   "Isinasaisip ang kahalagahan ng gawain sa templo, hindi ba magiging kahanga-hanga kung bawat tahanan ng Banal sa Huling Araw ay may malaking larawan ng templo sa silid-tulugan ng bawat batang lalaki at babae o sa mantel sa sala na makatutulong sa kanila na madalas na maalala ang layunin ng magagandang gusaling ito? Naniniwala ako na mas darami pa ang magpapakasal sa templo kaysa sa ngayon, sapagkat magiging bahagi ng karanasan sa paglaki ng mga bata ang larawan ng isa sa mga templo natin na palagiang nakikita bilang paalala at layunin. Iminumungkahi ko iyon sa mga Banal" ("The Things of Eternity—Stand We in Jeopardy?" *Ensign*, Enero 1977, p. 7).

7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Mag-anak ay Magsasama-sama sa Kawalang Hanggan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Ang Templo'y Kay Gandang Masdan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng inyong patotoo tungkol sa dakilang mga biyaya ng kasal sa templo. Ipahayag ang inyong pasasalamat sa pagmamahal ng Ama sa Langit para sa bawat isa sa atin. Himukin ang mga bata na magkaroon ng mabubuting katangian na magpapahintulot sa kanila na maging bahagi ng isang walang hanggang mag-anak.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 24:42–51, 58 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Jacob at Esau

Aralin
13

**Layunin** Tulungan ang mga bata na maunawaan kung paano iniimpluwensiyahan ang ating mga pagpili ng ating mga pinahahalagahan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 25:21–28—Ang kambal na sina Esau at Jacob ay isinilang kina Isaac at Rebeca.
   - Genesis 25:29–34—Ipinagbili ni Esau ang kanyang (karapatan sa) pagkapanganay.
   - Genesis 26:34–35—Nag-asawa si Esau sa labas ng tipan.
   - Genesis 27:1–40—Tinanggap ni Jacob ang higit na dakilang biyaya.
   - Genesis 27:41–46, 28:1–5—Nilisan ni Jacob ang tahanan at naghanap ng asawa sa loob ng tipan.
   - Genesis 31:3, 32:3–20—Bumalik si Jacob at naghandang salubungin si Esau.
   - Genesis 33:1–16—Muling nagkasama sina Jacob at Esau.
   - Genesis 35:9–12—Pinagpala si Jacob.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel:

   | Pansamantala |
   |---|
   | Walang hanggan |

   c. Ilang bagay, mga larawan ng mga bagay, o mga sinulatang piraso ng papel na kumakatawan sa mga bagay na mahalaga sa habang panahon—tulad ng mga banal na kasulatan, kasal sa templo, buhay na walang hanggan, mabuting kalusugan, maligayang tahanan, at iba pa—at mga bagay na pansamantala ang halaga—tulad ng larong bola, salapi, libangan, pagsunod sa gusto ninyo, laruan o kendi.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin** Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin — Ipakita ang mga inihanda ninyong sinulatang piraso ng papel (o isulat ang *Pansamantala* at *Walang hanggan* sa pisara). Sama-samang talakayin ang

ibig sabihin ng bawat salita. (Pansamantala: panandalian, hindi permanente. Walang hanggan: bagay na panghabang-panahon.) Ipakita ang mga bagay, larawan, o sinulatang piraso ng papel na kumakatawan sa mga bagay na pansamantala at walang hanggan ang halaga. Hayaang magpasiya ang mga bata kung saang sinulatang piraso ng papel nabibilang ang bawat bagay. Maikling talakayin ang bawat bagay at bakit nagbibigay ito ng alinman sa panghabang-panahon na kasiyahan o pansamantalang katuwaan.

- Kung kailangan kayong pumili sa pagitan ng pagpunta sa piknik at pagpapabinyag, alin ang pipiliin ninyo? Alin ang magbibigay ng pansamantalang tuwa? Alin ang maaaring magbigay ng walang hanggang kaligayahan?

Ipaliwanag na ang ginagawa nating ilang pagpili ay magdudulot ng alinman sa mga pansamantala o walang hanggang kahihinatnan. Ipinakikita ng mga pagpiling ginagawa natin kung ano ang mga pinahahalagahan natin, o ano ang pinakamahalaga sa atin.

Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa mga pinahahalagahan ng dalawang magkapatid at paano naapektuhan ng kanilang mga pagpili ang kanilang buhay.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang mga pangyayari kina Jacob at Esau mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ituro na sina Esau at Jacob ay kambal na anak nina Isaac at Rebeca, na napag-aralan ng mga bata sa nakaraang aralin.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

Sina Jacob at Esau ay Isinilang: Natamo ni Jacob ang [karapatan sa] Pagkapanganay

- Ano ang nalaman ni Rebeca sa pamamagitan ng panalangin tungkol sa kanyang mga anak na hindi pa naisisilang? (Genesis 25:22–23.) Alin sa kambal na lalaki ang unang isinilang? (Genesis 25:25.) Sino ang makapangyayari sa isa? (Genesis 25:23.) Ipaliwanag na noong mga panahong iyon ang pinakamatandang anak na lalaki ang karaniwang tumatanggap ng [karapatan sa] pagkapanganay, nangangahulugan na kapag namatay ang kanyang ama minamana niya ang higit na malaking bahagi ng mga ari-arian ng kanyang ama at nagiging susunod na patriyarka, o ulo ng mag-anak.
- Bakit ipinamigay ni Esau ang kanyang [karapatan sa] pagkapanganay? (Genesis 25:30–32.) Alin sa dalawang pagpili ang may pansamantalang halaga? Aling pagpili ang may walang hanggang halaga? Ipaliwanag na nagutom si Esau subalit hindi nanganib ang buhay. Higit niyang pinapahalagahan ang magpakabusog kaysa sa mga biyaya at mga tipan ng kanyang pagkapanganay. Sa anong mga paraan natin pinipili minsan

ang mga bagay na may pansamantalang halaga sa halip na mga bagay na may walang hanggang halaga?

- Ano pang ibang pagpili ang ginawa ni Esau na nagpakita na hindi siya nagmamalasakit sa mga walang hanggang pinahahalagahan? (Genesis 26:34–35.) Bakit nabahala ang kanyang mga magulang sa kung sino ang kanyang napangasawa? Ipaliwanag na ang mga asawa ni Esau ay hindi naniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo o sinunod ang mga turo at kautusan ng Diyos. Bakit mahalaga na mapangasawa ang taong naniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo?
- Bakit mahalaga para kay Jacob na matanggap ang unang basbas ni Isaac? (Alam ng Panginoon na si Jacob ay magiging karapat-dapat sa basbas ng pagkapanganay mula sa simula at inihayag niya ito kay Rebeca bago isinilang ang kambal. (Tingnan sa Genesis 25:23.) Ipaliwanag na noong malaman ni Isaac na binasbasan niya si Jacob sa halip na si Esau, maaaring bawiin niya ang basbas, subalit hindi niya ginawa. Nalaman ni Isaac na tama ang pagbabasbas nang ipahayag niya na, "At siya'y magiging mapalad" (Genesis 27:33). (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.)
- Ano ang nadama ni Esau nang malaman niya na si Jacob ang binigyan ng basbas ng pagkapanganay? (Genesis 27:41.)

Si Jacob ay Ikinasal sa Tipan (Paalala: Ang kuwento ni Jacob at ng kanyang mga asawa ay tatalakayin sa aralin sa susunod na linggo.)

- Bakit ipinadala ni Isaac si Jacob upang pumili ng asawa sa mga anak na babae ni Laban? (Genesis 28:1, 3–4.) Ipaliwanag na si Laban ay kapatid na lalaki ni Rebeca. Kung mapapangasawa ni Jacob ang isa sa mga matapat na anak na babae ni Laban, siya ay makakasal sa tipan.

Sina Jacob at Esau ay Nagpatawad sa Isa't isa at Pinagkasundo

- Mahigit sa dalawampung taon matapos pumunta si Jacob sa Padan-aram upang mag-asawa, bumalik siya sa lupaing Canaan. Bakit siya nag-alala tungkol sa pagkikita nila ni Esau sa kanyang pagbabalik? (Genesis 32:6–7, 11.) Ano ang ginawa ni Jacob nang makita niya si Esau? (Genesis 33:3.) Ano ang ginawa ni Esau? (Genesis 33:4.) Ano ang sinabi ni Esau nang tangkain ni Jacob na bigyan siya ng mga handog? (Genesis 33:8–11.) Paano sa palagay ninyo nagbago ang damdamin ni Esau tungkol kay Jacob?
- Bagaman na kay Jacob ang karapatan ng pagkapanganay, ano ang ninais niyang gawin para kay Esau? (Nais niyang ibahagi kay Esau ang mayroon siya.) Ano ang ilan sa mga pinahahalagahan ni Jacob? Ituro na kailangang magpatawad sila sa isa't isa. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Ano ang lubusang pinahahalagahan natin kapag handa tayong magpatawad?

Ang Pangalan ni Jacob ay Binago sa Israel

- Nang baguhin ng Diyos ang pangalan ni Jacob sa Israel, ano ang ipinangako niya kay Jacob? (Genesis 35:11–12.) Sino pa ang tumanggap ng mga pangakong ito? (Tingnan sa aralin 9.) Ipaliwanag na ang mga biyaya ng tipan ni Abraham ay bumaba mula kay Abraham hanggang kay Isaac, pagkatapos ay kay Jacob at sa kanyang mga anak. Sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith ay ipinanumbalik ang mga biyayang ito at matatanggap ng mga miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng mga ordenansa ng templo.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Magpakuwento sa mga bata ng mga naging magandang karanasan nila sa kanilang mga kapatid. Paalalahanan ang mga bata na dahil ang mag-anak ay maaaring magkasama magpakailanman, dapat nilang mahalin at tulungan ang kanilang mga kapatid.

   Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit sa mga bata:

   "Ang pinakamahalagang pakikipagkaibigan ninyo ay dapat na sa sarili ninyong mga kapatid, at sa inyong ama at ina. Mahalin ang inyong mag-anak. Maging tapat sa kanila. Magkaroon ng tunay na malasakit para sa inyong mga kapatid. Tulungan silang dalhin ang kanilang mga pasanin" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abril 1986, p. 56; o *Ensign*, Mayo 1986, p. 43).

2. Ipatalakay sa mga bata ang mga sitwasyong pangmag-anak tulad ng sumusunod (iangkop ang mga ito kung kailangan at magdagdag ng iba pa upang umayon sa pangangailangan ng inyong klase):

   - Gusto ng iyong nakababatang kapatid na makipaglaro ka sa kanya sa halip na pumunta sa bahay ng iyong kaibigan.
   - Naghahanda ng hapunan ang iyong nakatatandang kapatid na lalaki at hinihiling sa iyo na tumulong kahit hindi araw ng paggawa mo.
   - Nag-aaral ang kapatid mong lalaki para sa isang pagsusulit sa paaralan. Nanonood ka ng isang programa sa telebisyon na nakakagambala sa kanyang pag-aaral.
   - Ilang solusyon ang naiisip ninyo para sa mga sitwasyong ito. Aling mga solusyon ang magdadala ng pansamantalang kasiyahan? Aling mga solusyon ang magdadala ng walang hanggang kaligayahan? Himukin ang mga bata na maging mapagpatawad at maunawain sa tahanan.

3. Basahin ang sumusunod na talaan sa mga bata. Ipaturo nang pataas ang kanilang mga hinlalaki para sa mga pagpiling kumakatawan sa mga walang hanggang pinahahalagahan at pababa para sa mga pagpili na hindi kumakatawan dito (iangkop ang talaang ito ayon sa mga pangangailangan ng inyong klase):

   Pagpunta sa sine sa araw ng Sabbath
   Pag-usal ng panalangin sa oras ng pagkain
   Pandaraya sa pagsusulit
   Pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw
   Pakikipagkaibigan sa isang mag-aaral sa paaralan na walang maraming kaibigan
   Pagrereklamo kapag tinatawag ng magulang para sa Gabing Pantahanan ng Mag-anak
   Paglilinis [pagliligpit] matapos ang inyong paggawa
   Paggawa ng inyong mga gawain nang masaya
   Paninigarilyo
   Pakikinig nang mapitagan sa Primarya

4. Ipalagay sa isang bata ang isang malaking barya o bilog na *cardboard* sa isang mata, ipikit ang isa pa, at pagkatapos ay dahan-dahang igalaw ang bagay palayo sa nakadilat na mata. Ipakuwento sa bata kung ano ang nakikita niya sa matang nakatakip at gaano na ang nakikita kapag ang barya ay naalis.

   Ipaliwanag na ang barya ay maaaring kumatawan sa isang kagyat na pagnanais, tulad ng gutom, na bumubulag sa atin na makita ang iba pang mga bagay sa paligid natin. Katulad ni Esau, kung minsan ay nakararanas tayo ng kabiguan o kalungkutan dahil ipinagpapalit natin ang pinakamimithi natin sa panandaliang gusto natin.

   Ilahad ang ilang sitwasyon tulad ng mga sumusunod para talakayin ng mga bata:

   - Natutukso kang lumiban sa simbahan upang manood ng isang laro o mangaso.
   - Natutukso kang bumili ng isang laruan sa halip na magbayad ng iyong ikapu.

   Ipaliwanag na ang mga tukso, tulad ng barya, ay humahadlang sa atin na makita ang kabuuang larawan (ng isang pangyayari). Himukin ang mga bata na huwag pabulag sa ganitong tukso.

   Tingnan ang “Abraham, Tipan ni, sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*. Muling pag-aralan ang mga biyayang ibinigay ng Panginoon kay Abraham na nakatala sa Genesis 28:4, 13–15. Ipaliwanag na isinuko ni Esau ang mga biyayang ito nang magpakasal siya sa labas ng tipan. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapakasal sa templo, at ipaliwanag na ang mga biyayang ipinangako kay Abraham at sa kanyang inapo ay mapapasalahat na tumatanggap at ipinamumuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo.

6. Muling pag-aralan ang kuwento nina Jacob at Esau kasama ang mga bata sa pamamagitan ng pagpapakuwento sa iba’t ibang miyembro ng klase ng isang bahagi ng kuwento. Himukin ang mga bata na ibahagi ang kuwentong ito sa kanilang mag-anak at talakayin kung bakit isinuko ni Esau ang kanyang [karapatan sa] pagkapanganay.

7. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ama, Ako’y Tulungan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng inyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng mga walang hanggang pinahahalagahan. Paalalahanan ang mga bata na makapipili sila ng [gawain o bagay na] mayroong walang hanggang halaga. Himukin sila na isipin ang mga pagpiling ginagawa nila at manalangin para sa patnubay sa matatalinong pagpili.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 33:1–15 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
14

# Si Jacob at ang Kanyang Mag-anak

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magkaroon ng hangarin na maging matapat at magkaroon ng integridad.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 28:1–5—Ipinadala si Jacob upang humanap ng mapapangasawa mula sa mga anak na babae ni Laban.
   - Genesis 29:1–30—Napangasawa ni Jacob sina Lea at Raquel.
   - Genesis 29:31–35; 30:1–13, 17–24; 35:16–19—Isinilang ang mga anak na lalaki ni Jacob.
   - Genesis 30:25–35, 43—Nagtrabaho nang matagal si Jacob kay Laban at nanagana.
   - Genesis 31:1–18, 38–46, 52–55—Nilisan ni Jacob at ng kanyang mag-anak si Laban.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan ang “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang malaking tsart tulad ng ipinakikita sa hulihan ng aralin. (Paalala: Itabi ang tsart na ito upang magamit sa aralin 15.)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang tsart na inihanda ninyo. Ipaliwanag na ipinakikita ng tsart na ito kung paano nauugnay sa isa’t isa ang ilan sa mga tao sa aklat ng Genesis. Palagyan sa mga bata ang mga patlang sa tsart ng mga pangalan ng mga tao na inilalarawan sa mga pahiwatig sa ibaba.

- Nakipagtipan sa kanya ang Panginoon na ang kanyang mga inapo ay magtataglay ng pagkasaserdote at magdadala ng ebanghelyo sa buong mundo. (Abraham)
- Siya ay pinagpala na magsilang ng anak na lalaki sa kanyang katandaan. (Sara)
- Ang kanyang ama ay inutusan ng Panginoon na ialay siya bilang isang hain. (Isaac)
- Siya ang matwid na ina ng kambal na anak na lalaki. (Rebeca)
- Ipinagbili niya ang kanyang [karapatan sa] pagkapanganay para sa pagkain. (Esau)

- Sinunod niya ang kanyang ama sa pamamagitan ng paglalakbay papunta sa tahanan ng kanyang tiyuhin upang maghanap ng asawa. (Jacob)
- Ipaliwanag ang kaugnayan sa [isa't isa ng] anim na taong ito. Sabihin sa mga bata na ang natitirang mga patlang ay pupunan sa oras ng aralin.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ikuwento sa mga bata ang pangyayari kay Jacob at sa kanyang mga asawa at mga anak mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Habang itinuturo ninyo ang pangyayari, bigyang-diin na nagsikap nang mabuti si Jacob na magkaroon ng integridad at katapatan sa iba.

Maaaring naisin rin ninyong ipaliwanag na inutusan si Jacob na magkaroon ng higit sa isang asawa. Ipadagdag sa mga bata ang mga pangalan ng mga asawa at anak ni Jacob sa tsart kapag nababanggit sa oras ng aralin. (Kung nais ninyong idagdag ang anak na babae ni Jacob na si Dina sa tsart, gumawa ng patlang para sa kanya.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit naglakbay si Jacob papunta sa tahanan ni Laban? (Genesis 28:1–5; ipaalala sa mga bata na makapag-aasawa si Jacob sa loob ng tipan sa pamamagitan ng pagpapakasal sa isang matapat na anak na babae ni Laban.) Bakit napakahalaga ng kasal sa loob ng tipan? (Ang buong mga biyaya ng tipan na ginawa ni Abraham sa Panginoon ay mapapasakanila lamang na magpapakasal sa ilalim ng tipang iyon [sa templo].)
- Ano ang tipan na ginawa ng Panginoon kay Abraham? Ipaliwanag na ang tipang ito ay nagpatuloy hanggang sa mga anak na lalaki ni Jacob at sa kanilang mag-anak at ipinanumbalik sa ating panahon. Ipaalala sa mga bata na lahat ng nabinyagan ay nagiging mga anak ni Abraham at maaaring tumanggap ng lahat ng biyaya ng pagkasaserdote, na kinabibilangan ng kaloob na Espiritu Santo, mga basbas ng patriyarka at lahat ng ordenansa sa templo. Paano tayo magiging karapat-dapat na tumanggap ng gayon ding mga biyaya na ipinangako kay Abraham?
- Paano tinanggap ni Laban si Jacob? (Genesis 29:13.) Bakit pinatuloy si Jacob sa tahanan ni Laban? (Genesis 29:14.)
- Ano ang hiniling ni Jacob nang alukin siya ni Laban ng kabayaran sa kanyang paggawa? (Genesis 29:18.) Ano ang sinabi ni Laban? (Genesis 29:19.) Bakit nakahandang magtrabaho si Jacob nang pitong taon upang mapangasawa si Raquel? (Genesis 29:18, 20.) Nang matapos ang pitong taon, paanong hindi tinupad ni Laban ang pangako niya? (Genesis 29:21, 23, 25.) Anong dahilan ang ibinigay ni Laban sa kanyang ginawa? (Genesis 29:26.) Ano ang maaaring ibang ginawa ni Laban? Habang tinatalakay ninyo ang mga tanong na ito, tulungan ang mga bata na maunawaan na si Jacob ay nagtrabaho nang napakabuti upang tuparin ang kanyang bahagi sa kasunduan kay Laban, subalit hindi siya pinakitunguhan nang matapat ni

Laban. Maaaring naisin ninyong pag-usapan nang ilang sandali na dapat tayong maging maingat kapag gumawa tayo ng mga pangako at dapat pagsumikapan na tuparin ang mga ito. (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)

- Ipaliwanag na makaraan ang isang linggo ay pinakasalan ni Jacob si Raquel. Ilan pang taon ang sinang-ayunan ni Jacob na ipagtatrabaho para kay Laban pagkatapos na pakasalan niya si Raquel? (Genesis 29:30.) Sino pa ang ibang pinakasalan ni Jacob? (Genesis 30:4, 9.) Anu-ano ang pangalan ng labindalawang anak na lalaki ni Jacob? (Genesis 35:23–26.) Ipaliwanag sa mga bata na ang labindalawang anak na lalaking ito ang pinagmulan ng labindalawang lipi ni Israel. Nang mag-asawa ang bawat anak na lalaki at nagkaanak, nagkaapo, nagkaapo sa tuhod at nagpatuloy pa, naging napakalaki ng mga mag-anak kaya tinukoy sila bilang mga lipi.
- Bakit nais ni Laban na manatili si Jacob nang magpasiya si Jacob na dalhin ang kanyang mag-anak at bumalik sa kanyang dating tahanan? (Genesis 30:27.)
- Sa pagpapasiya kung ano ang pagkakautang ni Laban kay Jacob sa pagtatrabaho, ano ang iminungkahi ni Jacob? (Genesis 30:30–32.) Ano ang nadama ni Laban at ng kanyang mga anak na lalaki tungkol sa kasaganaan ni Jacob? (Genesis 30:43; 31:1–2.) Ano ang sinabi ng Panginoon na gawin ni Jacob? (Genesis 31:3.)
- Ano ang nagawa ni Jacob para kay Laban sa dalawampung taong ipinagtrabaho niya rito? (Genesis 31:38–41.) Sa anong mga paraan nagkasala si Laban kay Jacob sa mga taong nagdaan? (Genesis 31:7.) Paano pinagpala ng Panginoon si Jacob sa kanyang pagtitiis? (Genesis 31:8–9.) Ituro na kung ginagawa natin ang tama, kapag may gumawa ng mali sa atin alam ng Panginoon ang ating kalagayan at pagpapalain tayo sa ating pagtitiis at pagkamatwid (tingnan sa Genesis 31:12).
- Bakit mahalaga na maging tapat sa lahat ng oras? Bakit hindi ninyo mapagkakatiwalaan ang taong hindi palaging nagsasabi ng katotohanan? Ituro na kung nagsasabi lamang tayo ng katotohanan kapag gusto natin, hindi na tayo pagtitiwalaan ng iba at maaaring hindi na tayo paniwalaan kapag nagsasabi na tayo ng katotohanan. Paano natin makukuha ang pagtitiwala ng ating mga magulang?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Gumawa ng kopya ng *worksheet* na nasa hulihan ng aralin para sa bawat bata, o gawin ito na kasama ang mga bata sa klase.
2. Talakayin ang paggawa ng mga pangako sa mga bata.
   - Ano ang ibig sabihin ng gumawa ng pangako? (Sumang-ayong gumawa o hindi gumawa ng isang bagay.) Ipaalala sa mga bata na nang binyagan tayo ay gumawa tayo ng tipan o pangako na susundin ang mga kautusan ng Ama sa Langit. Ang isa sa mga bagay na ipinangako natin ay magsabi ng katotohanan at tuparin ang ating salita.

- Bakit mahalaga na tuparin natin ang ating mga pangako? Ipaliwanag na mahirap magtiwala sa tao na hindi tumutupad sa kanyang mga pangako. Himukin ang mga bata na pag-isipan munang mabuti ang mga pangako bago nila gawin ang mga ito. Ang ilang pangako ay mas mabuting hindi na gawin, tulad ng pangangako na hindi pagsasabi ng katotohanan tungkol sa isang bagay na nangyari.

  Ipakinig sa mga bata ang sumusunod na talaan ng mga bagay na maaari nilang ipangakong gawin. Ipataas ang kanilang mga kanang kamay kung inaakala nila na ito ay mabuting gawin na pangako. Pagkatapos ay talakayin ang bawat pangako at ang mga kahihinatnan ng paggawa o ng hindi paggawa sa pangakong iyon.

  Sinabi mo sa iyong kaibigan na makikipagkita ka sa kanya sa isang tiyak na oras upang magkasama kayong lumakad papunta sa paaralan.

  Sinabi mo na magbibigay ka ng pananalita sa Primarya sa isang linggo.

  Sinabi mo sa iyong kaibigan na tutulungan mo siyang gawan ng kapilyuhan ang kanyang kapatid na lalaki.

  Sinabi mo sa iyong ina na babantayan mo ang iyong kapatid na maliit pagkatapos ng klase.

  Sinabi mo sa iyong kaibigan na hindi mo sasabihin kung sino ang bumasag ng salamin sa bintana ng kapitbahay.

  Sinabi mo sa iyong ina na uuwi ka nang alas singko.

3. Ipakita ang isang *wallet* o iba pang kanais-nais na bagay. Papagkunwariin ang mga bata na napulot nila ang bagay na ito papunta sa simbahan. Hindi nila alam kung sino ang may-ari nito, at natutukso silang itago ang napulot nila. Ipatalakay sa kanila kung ano ang magagawa nila rito. Maaaring naisin ninyong sabihin sa mga bata kung saan nakalagay ang mga nawawala at napupulot na bagay sa bahay-pulungan. Himukin silang ibalik ang mahahalagang bagay na napupulot nila sa taong makatutulong na hanapin ang may-ari.

4. Isulat ang bawat pangalan ng mga bata sa magkakahiwalay na piraso ng papel at ilagay ang mga ito sa isang lalagyan. Basahin ang isa sa mga sumusunod na sitwasyon, pagkatapos ay kumuha ng isang pangalan mula sa lalagyan at hayaang sabihin ng bata kung ano ang dapat niyang gawin. Pagkatapos, hayaan ang batang iyon na kumuha ng susunod na pangalan. Kung maliit ang klase, ibalik ang mga pangalan sa lalagyan pagkagamit upang makasagot ang bata ng higit sa isang tanong. Maaaring naisin ninyong magdagdag ng iba pang halimbawa.

   Binigyan ka ng sobrang sukli sa tindahan.

   Nakalimutan mong gawin ang takdang-gawain sa paaralan. Natutukso kang sabihin sa guro na nagkasakit ka.

   Pinaglalaruan mo ang laruan ng isang kaibigan nang ito ay masira.

   Kailangan mo ng pera upang bumili ng pagkain at ang pitaka ng nanay mo ay nasa mesa.

   Ginamit mo ang isa sa mga pag-aari ng tatay mo nang walang paalam at naiwala ito.

Hindi sinasadyang naiwan ng kaibigan mo ang isang laruan sa bahay ninyo. Ito ay isang bagay na gusto mong magkaroon.

Naghahanda ka ng isang palaro habang ang kaibigan mo ay kumukuha ng maiinom na tubig. Naisip mo na habang wala siya sa silid ay maisaayos mo ang palaro upang ikaw ang manalo.

Aksidente mong naihulog ang isang babasaging bagay na pag-aari ng ibang tao. Sinasabi ng kaibigan mo na kung ito ay isang aksidente, hindi mo kailangang aminin na ginawa mo ito.

Nakikita mo ang papel sa pagsusulit ng ibang bata. Alam mo na ang mga sagot niya ay kadalasang tama.

5. Ipabasa sa mga bata ang Exodo 20:15–16. Ipaliwanag na ang mga ito ay dalawa sa sampung kautusan na ibinigay ng Panginoon. (Ipaliwanag na ang “pagbibintang sa kapwa” ay nangangahulugang pagsasabi ng kasinungalingan tungkol sa isang tao.) Bakit mahalagang sundin ang bawat kautusang ito?

6. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ako’y Naniniwala sa Pagiging Matapat” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng inyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagiging matapat. Himukin ang mga bata na maging maingat na magsabi ng katotohanan at maging matapat sa lahat ng kanilang ginagawa. Magpatotoo na habang ginagawa nila ito, tutulungan at pagpapalain sila ng Ama sa Langit. Himukin ang mga bata na talakayin ang kahalagahan ng pagiging matapat sa kanilang mag-anak.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”


Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 29:15–30 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.


Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Mag-anak ni Jacob

Maaaring naisin ninyong gamitin ang tsart na may mga pangalan na kung saan ang mga pangalan ay natatakpan, o maaaring naisin ninyong iguhit ang tsart sa pisara at gumawa ng mga kopya ng blangkong tsart para sa mga miyembro ng klase. Ang kumpletong tsart ay magmumukhang tulad nito:




# Ang Mag-anak ni Jacob



# Ako ay Maaaring Maging Matapat na Tao

Punan ang bawat patlang ng naaangkop na sagot.

A. Kapag sinusunod ko ang mga patakaran sa isang laro, ako ay nagiging matapat. Ang matapat na tao ay hindi __________.

B. Hindi ko kinukuha ang mga bagay na hindi sa akin. Ang matapat na tao ay hindi __________.

C. Kung tinatanong ako sa nalalaman ko tungkol sa isang bagay na nangyari, sinasabi ko ang nalalaman ko. Ang matapat na tao ay __________ __________ __________.

D. Maipapahamak ko ang isang taong hindi ko gusto sa pamamagitan ng hindi pagsasabi ng totoo tungkol sa kanya. Hindi ko gagawin ito sapagkat ang matapat na tao ay hindi __________ __________ __________.

E. Nanghiram ako ng aklat sa isang kaibigan. Talagang gusto ko ito at natutukso akong itago ito, subalit isasauli ko kapag natapos ko na itong basahin, sapagkat ang matapat na tao ay __________ __________ __________.

F. May nalalaman akong masama tungkol sa isang tao subalit hindi ko ito ipamamalita sapagkat ang matapat na tao ay hindi __________.

G. Nakalimutan kong mag-aral para sa isang pagsusulit sa paaralan. Kung titingnan kong mabuti, makikita ko ang mga sagot sa papel ng mag-aaral na kasunod ko. Pero hindi ko kokopyahin ang mga sagot ng ibang tao, sapagkat ang matapat na tao ay hindi __________.

H. Ipinangako ko sa maliit kong kapatid na babae na makikipaglaro ako sa kanya sa hapon. Pagkatapos ay inanyayahan ako ng kaibigan ko na manood ng sine. Makikipaglaro ako sa aking kapatid na babae sapagkat ang matapat na tao ay __________ __________ __________ __________.

Sagot: *a.* nandaraya; *b.* nagnanakaw; *c.* nagsasabi ng katotohanan; *d.* nagbibintang sa kapwa; *e.* nagsasauli ng hiniram; *f.* nagtsitsismis; *g.* nangongopya; *h.* tumutupad sa mga pangako

# Ipinagbili si Jose sa Egipto

Aralin
15

**Layunin**

Ituro sa mga bata na bagaman may mga bagay na nangyayari sa atin na hindi natin palaging kayang pigilin, maaari nating supilin ang ating mga saloobin.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 37:1–4—Minahal at tinangkilik ni Jacob si Jose; kinamuhian siya ng kanyang mga kapatid.
   - Genesis 37:5–11—Napanaginipan ni Jose na yumukod sa kanya ang kanyang mga magulang at kapatid.
   - Genesis 37:12–36—Ipinagbili si Jose ng mga kapatid niya sa Egipto.
   - 1 Nephi 5:14—Ipinagbili si Jose sa Egipto upang mapangalagaan ang kanyang mag-anak.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Gumawa ng isang set ng mga hugis taong papel na kumakatawan sa labindalawang anak na lalaki ni Jacob sa pamamagitan ng pagtupi nang pahaba sa gitna ng isang papel na may sukat na 8 1/2” x 11” (tingnan sa *figure* 1), tinutupi na tulad sa pamaypay (tingnan sa *figure* 2), gumagawa ng isang simpleng drowing (tingnan sa *figure* 3), at ginugupit ito, iniiwan ang mga braso at binti na magkakabit (tingnan sa *figure* 4). Pagkatapos ninyong makagawa ng labindalawang hugis, idikit ang mga ito nang magkakasama sa isang hanay. Isulat ang mga pangalan ng mga anak ni Jacob sa mga hugis: Ruben, Simeon, Levi, Juda, Isacchar, Zebulun, Dan, Naphtali, Gad, Aser, Jose, Benjamin.

Fig. 1





Fig. 2




Fig. 3





Fig. 4




4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang perlas at kaunting buhangin (kung may makukuhanan ng mga ito).
   c. Mga larawan 6-16, Ipinagbili si Jose ng Kanyang mga Kapatid (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 109; 62525), at 6-17, Talaba at Perlas.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Tanungin ang mga bata kung naranasan na ba nila ang mapuwing. Ano ang pakiramdam nito? Ipakita sa mga bata ang larawan ng talaba at perlas, o kung may makukuha, ipakita ang perlas at buhangin. Ipaliwanag na maaaring magkaroon ng isang bagay na kasingganda ng perlas mula sa *irritation* na sanhi ng isang maliit na buhangin sa loob ng talaba. Ipaliwanag na may mga bagay sa ating buhay na nagiging dahilan ng pagkainis, tulad ng pagkasawi, pagkabigo, di-tamang pakikitungo, o di-tamang paghatol. Maaari tayong magreklamo, malungkot, magalit, o managhili, o magkaroon ng positibong saloobin at gawin ang pinakamabuti sa sitwasyon. Ang ating mga kilos na patungkol sa iba ay dapat mas nababatay sa kung ano ang gusto *natin* sa halip na sa kung ano ang ginagawa *nila*. Ipaliwanag na ang ating mga saloobin ang nagtatakda ng ating mga kilos. Habang natututuhan natin ang tungkol kay Jose at sa kanyang mga kapatid, makikita natin kung paano sila naapektuhan ng mga saloobin nila.

Pag-aralang muli na kasama ng mga bata na si Jacob, na ang pangalan ay binago at ginawang Israel, ay anak ni Isaac at apo ni Abraham. Siya ay nagkaroon ng apat na asawa: Lea, Raquel, Bilha (alipin ni Raquel), at Zilpa (alipin ni Lea). Siya at ang kanyang mga asawa ay nagkaroon ng labindalawang anak na lalaki at isang anak na babae, na ang pangalan ay Dina. Hawak ang mga hugis taong papel sa inyong mga kamay, isa-isang kunin ang mga ito, habang pinapangalanan ang mga anak, na binibigyang-diin ang pangalan ni Jose at kung pang-ilan sila sa mag-anak (o maaaring itala ninyo ang mga pangalan ng mga anak ni Jacob sa pisara).

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan ni Jose at ng kanyang mga kapatid sa naaangkop na panahon, ituro sa mga bata ang pangyayari mula sa Genesis 37 tungkol sa pagbibili kay Jose sa Egipto. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Talakaying kasama ng mga bata kung paano naapektuhan ng mga saloobin ni Jose at ng kanyang mga kapatid ang kanilang mga kilos.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay ng mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ilang taon si Jose nang matanggap niya ang kanyang natatanging tunika [coat]? (Genesis 37:2–3.)
- Ano ang naging reaksiyon ng mga kapatid na lalaki ni Jose nang makita nila na higit na mahal ni Jacob si Jose kaysa sa kanila? (Genesis 37:4.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng salitang ang mga kapatid na lalaki "ay hindi mapagsalitaan nang payapa" si Jose? Kapag ang ibang tao ay may mga pag-aari, talino, o atensiyon na nais nating mapasaatin, paano natin maiiwasan ang damdamin ng pananaghili o pagkainis sa kanila?

- Ano ang napanaginipan ni Jose? (Genesis 37:5–9.) Ipaliwanag na ang *pagyukod* ay nangangahulugan ng pagyuko sa nakatataas upang magpakita ng malaking paggalang. Ano ang naramdaman ng mga kapatid at ama ni Jose tungkol sa panaginip ni Jose? (Genesis 37:8, 10–11.)
- Ano ang naging tugon ni Jose nang sabihan siya ng kanyang ama na maglakbay ng mahigit sa apatnaput-limang milya patungo sa Sichem upang malaman kung ang kanyang mga kapatid ay nasa mabuting kalagayan? (Genesis 37:13–14.) Ano ang matututuhan natin sa mga saloobin ni Jose nang ipagpatuloy niya ang kanyang paghahanap sa kanyang mga kapatid kahit nagpunta na sila sa Dotan? (Genesis 38:16–17.) Bukod pa sa kanyang kahandaang maglingkod, nagpakita siya ng tiyaga at pagkamasunurin sa pagpunta sa kahit labindalawang milya pa upang tapusin ang kanyang takdang gawain.
- Nang makita si Jose ng kanyang mga kapatid na parating mula sa malayo, ano ang ibinunsod na gawin ng kanilang saloobin ng pananaghili at poot? (Genesis 37:18–20.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *magbanta* ay palihim na magplano laban sa isang tao.
- Sinong kapatid ang nagsikap na tumulong kay Jose? (Genesis 37:21–22, 29–30.) Ipaliwanag na naiplano ni Ruben na palihim na bumalik upang alisin si Jose mula sa balon. Noong matagpuan ni Ruben na wala na si Jose, pinunit niya ang kanyang damit bilang tanda ng pagsisisi.
- Paano nilinlang ng magkakapatid ang kanilang ama tungkol kay Jose? (Genesis 37:31–33.) Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng mga kapatid ni Jose matapos nilang ipagbili si Jose na naging dahilan ng hinagpis ng kanilang ama?
- Ano ang madarama ninyo kung kayo ay tratuhin nang walang katarungan tulad nang ginawa kay Jose? Paano nakapipinsala ang mga saloobin ng poot, pananaghili, pagkabigo, at hinanakit? Ipaliwanag sa mga bata na patuloy ninyong pag-aaralan ang tungkol kay Jose sa susunod pang dalawang aralin, at matututuhan nila na, bagaman nagkaroon ng maraming pagsubok si Jose bilang tagapaglingkod, bilanggo, at dakilang pinuno, palagi niyang ginagawa ang tamang bagay na may tamang saloobin. Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipasadula sa klase ang kuwento ni Jose na ipinagbili sa Egipto. Maaaring naisin ninyong gumamit ng ilang simpleng *props*, tulad ng bata [robe], dalawampung barya o bagay na kakatawan sa mga barya, piraso ng tela, at iba pa. Maghanda ng mga piraso ng papel mula sa kuwento sa banal na kasulatan tulad ng sumusunod, o ipabasa sa mga bata ang pangyayari mula sa mga banal na kasulatan:

   Jose: Nanaginip ako na nagtatali tayo ng mga bigkis ng trigo sa bukid. Tumindig ang aking bigkis at tumuwid at ang inyong mga bigkis ay tumayong nakapaikot at yumukod sa aking bigkis.

| | |
|---|---|
| Kapatid 1: | Maghahari ka ba sa amin? Dahil sa iyong mga panaginip ay lalo ka pa naming kinapopootan. |
| Kapatid 2: | Tingnan ninyo, dumarating ang mapanaginipin. Patayin natin siya at itapon sa balon. |
| Ruben: | Hindi natin siya dapat patayin. Sapat nang itapon natin siya sa balon. |
| Juda: | Ipagbili natin siya sa mga Ismaelita. Sa ganoong paraan ay magkakaroon tayo ng salapi at hindi pa malalagyan ng dugo niya ang ating kamay. |
| Kapatid 3: | Papatay tayo ng tupa at ilulubog ang tunika [coat] ni Jose sa dugo. |
| Kapatid 4: | Ipakikita natin ito sa ating ama at sasabihin natin sa kanya na natagpuan natin ito. |
| Jacob: | Ito ang tunika ng aking si Jose. Pinatay siya ng isang halimaw. |

2. Kung may makukuhang kalamansi, magdala ng isa na hiniwa nang maninipis para ipatikim sa mga bata. Pagkatapos ay ipaliwanag na magagawa nating di-gaanong maasim ang kalamansi sa pamamagitan ng pagdagdag ng asukal at tubig sa katas ng kalamansi at paggawa ng lemonada. Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit ni Elder Hartman Rector, Jr.:

   "Si Jose ay ipinagbili ng kanyang sariling mga kapatid bilang alipin. Siya ay binili ni Potiphar, isang kapitan ng guwardiya ng Faraon. Si Jose, kahit na isang nabiling tagapaglingkod ay ginawa niyang maging mabuti ang bawat karanasan at pangyayari, gaano man kahirap, ang mga ito.

   " . . . Si Jose, bagaman isang alipin at lubusang hindi karapat-dapat sa kapalarang ito, gayunman ay nanatiling tapat sa Panginoon at nagpatuloy na ipamuhay ang mga kautusan at ginawang napakagandang bagay ang kanyang pinababang kalagayan. Ang mga taong tulad niya ay hindi magagapi, dahil hindi sila susuko. Tama at positibo ang kanilang saloobin at ang pangungusap ni Dale Carnegie ay tila naaangkop: Kung mayroon kang kalamansi, maaari kang magreklamo kung maasim ito, o maaari kang gumawa ng lemonada. Nasasaiyo ito" (sa Conference Report, Okt. 1972, p. 170; o *Ensign*, Enero 1973, p. 130; tingnan din ang Genesis 37; 39:1–4).

3. Tulungan ang mga bata na maunawaan o maisaulo ang isa o ang kapwa sumusunod na mga banal na kasulatan:

   "Ang masayang puso ay mabuting kagamutan: Ngunit ang bagbag na diwa ay tumutuyo ng mga buto" (Mga Kawikaan 17:22).

   "At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios" (Mga Taga Roma 8:28).

   Sumulat sa pisara o gumawa ng tsart ng unang titik ng bawat salita na isasaulo. Halimbawa, gawin ang sumusunod na tsart para sa mga salita sa Mga Kawikaan 17:22.

A m p a m k n a b n d a t n m b

Ituro ang mga titik habang inuulit ninyo ang bawat katumbas na salita. Ulitin ito nang ilang beses at ipaulit ito sa mga bata kung kaya nila. Hindi magtatagal at hindi na nila kakailanganin ang tsart. (Para sa karagdagang ideya tungkol sa pagsasaulo ng mga banal na kasulatan, tingnan sa pahina xii sa "Mga Tulong Para sa Guro.")

4. Tanungin ang mga bata kung ano ang maaari nilang gawin sa mga sumusunod na sitwasyon kung sila ay may masamang saloobin, at kung ano ang kanilang gagawin kung sila ay may mabuting saloobin:
   a. Lumipat kayo sa isang bagong tirahan at nag-aalala na hindi kayo magkakaroon ng sinumang kaibigan.
   b. Kinain ng maliit mong kapatid na lalaki ang pagkain mo.
   c. Ang guro ninyo sa paaralan ay madalas na naiinis sa klase.
   d. Ikaw ay maysakit at hindi makabangon.
   e. Nahihirapan kang maunawaan ang iyong takdang-gawain sa bahay.

5. Ibahagi ang sumusunod na payo tungkol sa mga saloobin ni Pangulong Howard W. Hunter:

   "Nais kong malaman ninyo na palaging may ilang paghihirap sa buhay na mortal, at palaging magkakaroon nito. Dahil alam na natin, at dapat ay mamuhay tayo nang tama, talagang walang lugar, walang dahilan, para sa negatibong pananaw at kawalan ng pag-asa. . . .

   " . . . Umaasa ako na hindi ninyo iisipin na ang lahat ng paghihirap sa mundo ay natipon sa inyong dekada, o ang mga bagay-bagay ay hindi kailanman naging higit na masama kaysa sa nararanasan ninyo nang personal, o hindi na kailanman bubuti ang mga ito. Muli kong tinitiyak sa inyo na ang mga bagay-bagay ay naging higit na masama, at palaging *magiging* higit na mabuti. Totoong palaging bumubuti—lalo na kapag ipinamumuhay at minamahal natin ang ebanghelyo ni Jesucristo at binibigyan ito ng pagkakataon na lumago sa ating buhay" ("An Anchor to the Souls of Men," *Ensign*, Okt. 1993, p. 70).

6. Ipabigkas sa mga bata ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya nang sabay-sabay. Ipaliwanag na ang saligan ng pananampalatayang ito ay nagsasabi kung anong mga saloobin ang kinakailangan nating magkaroon upang maging maligaya.

7. Muling pag-aralan ang kuwento ni Jose kasama ng mga bata (tingnan sa Genesis 37–50).

8. Awitin o bigkasin ang mga salita sa “Sinisikap Kong Tularan si Jesus” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Piliin ang Tamang Daan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magpatotoo sa mga bata na sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Jesucristo ay maaari tayong magkaroon ng mabuting saloobin, na makatutulong sa atin na gawin ang pinakamabuti sa bawat sitwasyon.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 37:18–26 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Jose sa Egipto

Aralin
16

**Layunin**

Himukin ang mga bata na panatilihing dalisay ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paglayo sa tukso at pamumuhay nang malapit sa Panginoon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 39—Si Jose na ipinagbili sa Egipto, naglingkod kay Potiphar, ay inakusahan nang mali, at itinapon sa kulungan.
   - Genesis 40—Ipinaliwanag ni Jose ang mga panaginip ng katiwala at magtitinapay ng Faraon.
   - Genesis 41—Ipinaliwanag ni Jose ang mga panaginip ng Faraon, naghanda para sa taggutom, at namuno sa Egipto.
2. Karagdagang babasahin: Mga Awit 24:3–5—Ang may malilinis na kamay at mga dalisay na puso ay tatayo sa banal na lugar ng Panginoon.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Dalawang *magnet*, isang minarkahan ng “Diyos” at ang isa ay “Satanas,” at pako, aspile, o *paper clip*. O para sa panghaliling gawaing pantawag-pansin ay gumuhit ng isang simpleng hugis ng tao sa isang papel.
   c. Mga larawan 6-18, Tinatanggihan ni Jose ang asawa ni Potiphar (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 110; 62548), at 6-19, Sina Jose, ang Katiwala, at Magtitinapay.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Sabihin sa klase na ang pako, aspile, o *paper clip* ay kumakatawan sa atin. Ilagay ito sa pagitan ng dalawang *magnet* sa patag na ibabaw para maaari itong mabalani ng alinman sa dalawa. Ipakita na kung mas malayo tayo kay Satanas, mas mahina ang kapangyarihan niya para tuksuhin tayo. Habang inilalapit ninyo ang bagay na metal palapit sa *magnet* na kumakatawan sa Diyos, ipaliwanag na kung mamumuhay tayo nang mas malapit sa Panginoon, mas naiimpluwensiyahan tayo ng kanyang kabutihan. Kapag naghahangad tayo ng mabuti, tayo ay hindi gaanong naiimpluwensiyahan ng masama.

Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin

Hilingan ang mga bata sa inyong klase na maging “hangin (puwersa) ng tukso.” Hawakan ang papel na may drowing sa isang sulok nito at ilapit ito sa mga bata habang hinihipan nila ito. Ipakita na habang inilalayo ninyo ang papel

mula sa masasamang impluwensiya, hindi nila ito gaanong naaapektuhan. Kung nais nating maging matatag at hindi matitinag sa harap ng masama, dapat tayong lumayo sa tukso.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Gamit ang mga larawan sa naaangkop na panahon, ituro ang mga pangyayari kay Jose habang nasa Egipto mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

**Si Jose ay Nanatiling Dalisay**

Habang naglilingkod si Jose sa sambahayan ni Potiphar, nanatiling nakapangako siya sa personal na kadalisayan at pagtupad sa mga kautusan ng Diyos.

- Paano pinakitunguhan si Jose habang siya ay tagapaglingkod ni Potiphar? (Genesis 39:3–6.) Bakit sa palagay ninyo pinagkatiwalaan ni Potiphar si Jose at binigyan siya ng ganoong pananagutan? Paano natin makukuha ang pagtitiwala ng ibang tao?
- Nang tangkain ng asawa ni Potiphar na tuksuhin si Jose na gumawa ng masama, paano niya pinanatiling dalisay ang kanyang sarili? (Genesis 39:8–10, 12.) Ano ang dapat nating gawin kapag natutukso tayong gumawa ng mali? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Bagaman si Jose ay inakusahan nang mali at itinapon sa kulungan, paano siya pinagpala ng Panginoon? (Genesis 39:21–23.) Kapag kayo ay pinakikitunguhan o pinarurusahan nang hindi makatarungan, ano ang maaari ninyong gawin upang mapanatili ang Espiritu ng Panginoon?

**Si Jose ay Ginagabayan ng Kapangyarihan ng Panginoon**

Ipinaliwanag ni Jose ang mga panaginip ng katiwala at magtitinapay ng Faraon habang siya ay nasa kulungan at kinalaunan ay ang panaginip ng Faraon tungkol sa pangangailangan na maghanda sa taggutom.

- Paano naipaliwanag ni Jose ang mga panaginip ng katiwala at magtitinapay ng Faraon? (Genesis 40:8.) Pagkatapos na ipaliwanag ni Jose ang mga panaginip na ito, anong tulong ang hiningi niyang kapalit? (Genesis 40:14–15.) Ano ang nakalimutan ng punong katiwala? (Genesis 40:23.) Paano natin maipakikita ang pasasalamat sa mga tumutulong sa atin?
- Bakit naalala rin sa wakas ng punong katiwala si Jose? (Genesis 41:1, 8–9.) Gaano katagal na ang panahong nagdaan? Ano ang sinabi ng punong katiwala sa Faraon? (Genesis 41:9–13.)
- Ano ang sinabi ni Jose sa Faraon tungkol sa kanyang kakayahang makapagpaliwanag ng panaginip? (Genesis 41:6.) Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa pagkatao ni Jose? Kanino tayo dapat magbigay ng papuri para sa ating mga talino, biyaya, at espirituwal na kaloob?
- Paano ipinaliwanag ni Jose ang mga panaginip ng Faraon? (Genesis 41:2–7, 26–31.) Anong solusyon ang ibinigay ni Jose upang matulungan ang Egipto na malagpasan ang taggutom? (Genesis 41:33–36.) Ano ang itinuturo sa

atin ng mga pinuno ng ating Simbahan ngayon tungkol sa pag-iimbak ng pagkain? Bakit magandang ideya ito?

- Bakit pinili ng Faraon si Jose na mamahala sa pagtitipon at pamamahagi ng pagkain? (Genesis 41:38–39.) Anong katangian sa inyong pagkatao ang maaari ninyong gamitin upang pagpalain ang buhay ng iba? (Tulungan ang mga bata na malaman ang mga larangan ng pansariling kalakasan.)
- Anong pribilehiyo at kapangyarihan ang ibinigay kay Jose sa Egipto? (Genesis 41:41–43.) Ano ang ginawa ni Jose sa panahon ng pitong taong kasaganaan? (Genesis 41:48–49.)
- Nang dumating ang taggutom gaya ng hula, sinu-sino maliban sa mga taga Egipto ang dumating sa kamalig ni Jose upang bumili ng pagkain? (Genesis 41:56–57.) Ipaliwanag na matututuhan ng mga bata sa susunod na aralin ang tungkol sa mag-anak ni Jose, na dumating mula sa Canaan patungong Egipto upang bumili ng pagkain sa panahon ng taggutom.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Nalalaman ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na mas mahirap iwasan ang tukso kapag pinapayagan natin ang ating sarili na mapalapit dito. Talakaying kasama ng mga bata kung paano nila mailalayo ang kanilang mga sarili mula sa tukso sa mga sumusunod na sitwasyon:

    a. Ang isang pinggan ng iyong paboritong himagas ay nasa mesa, nakahanda nang dalhin sa isang maysakit na kapitbahay.

    b. Binalaan ka ng iyong mga magulang na huwag lumangoy nang walang nakakakita. Nag-iisa ka sa tabi ng tubig sa isang napakainit na araw; marahil ay maaari ka man lamang lumusong nang hanggang tuhod. . . .

    c. Ilan sa iyong mga kaibigan ang nagsisikap na hikayatin kang subuking manigarilyo. Tuwing kasama ka nila, hinahamon ka nilang humithit ng isa man lang.

    d. May mga aklat na kapag binabasa mo ay ginagambala ka ng masasamang kaisipan.

    Maaari kayong gumawa ng talaan sa pisara ng ibang mga tukso, tulad ng pagtsitsismis, pagtingin sa malalaswang babasahin, paggamit ng masasamang salita, pagdadamit nang mahalay, panonood ng di-wastong palabas sa sine o telebisyon, pagsasabi ng maruruming biro o kuwento, pakikinig sa mga di-wastong salita ng kanta, o paggamit ng droga. Talakayin ang mga paraan para maiwasan ang masama, tulad ng pag-iwas natin mula sa sitwasyon at pagpapalit sa tukso ng bagay na mabuti. Burahin ang bawat masamang impluwensiya mula sa pisara habang ito ay tinatalakay.

2. Ipaliwanag na ang pagpapasiya na manatiling malinis at dalisay bago dumating ang tukso ay maaaring maging pananggalang. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball:

    "Gawin ang ilang pasiya nang minsan lang. . . . Mailalayo natin sa atin ang ilang bagay nang minsan at magagawa ang mga ito . . . nang hindi kailangang mag-alala at muling magpasiya ng sandaang beses kung ano ang ating gagawin at hindi gagawin" (sa Conference Report, Abril 1976, p. 69–70; o *Ensign*, Mayo 1976, p. 46).

Talakaying kasama ng mga bata ang ilang pasiya na magagawa nila ngayon, tulad ng hindi paninigarilyo kailanman, hindi pagtingin sa masasamang aklat, magasin, palabas sa telebisyon, o *video*; manalangin tuwing umaga at gabi; magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw; at panatilihing malinis ang moralidad. Hamunin ang bawat bata na sumulat ng isa o higit pang pasiya na gagawin niya ngayon.

3. Ipaliwanag na sa halip na magtuon ng pansin sa mga kasamaan na iiwasan, dapat nating punuin ang ating buhay ng mabubuting impluwensiya. Bigkasin ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya kasama ang inyong klase at talakaying kasama ng mga bata ang mabubuting bagay na maaari nilang hangarin sa kanilang buhay.

4. Hamunin ang mga bata na mangakong magiging malinis at dalisay. Hilingan ang isang bata na basahin ang Mga Awit 24:3–5. Hayaang talakayin ng mga bata kung paano umaangkop kay Jose ang paglalarawang ito ("malinis na mga kamay at dalisay na puso"—tinakasan ang tukso; "na hindi nagmataas ang kaniyang kaluluwa sa walang kabuluhan"—nagbigay ng papuri sa Diyos para sa kanyang mga kakayahan). Tulungan ang mga miyembro ng inyong klase na maunawaan kung paano nila maisasagawa ang banal na kasulatang ito.

   Bigyan ang mga bata ng lapis at papel at ipatapos sa kanila ang pangungusap na: "Pananatilihin ko ang aking isip at puso na dalisay sa pamamagitan ng ____________ ." Maaaring isulat nila ang mga sumusunod na ideya: pananalangin, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdalo sa simbahan, pagiging matapat, panonood lamang ng nagpapasigla ng kalooban na mga palabas sa sine, pagbabasa ng mabubuting aklat, at pagsunod sa halimbawa ni Jose ng pag-iwas sa masama. Himukin ang mga bata na iuwi ang kanilang mga papel at talakayin sa kanilang mag-anak ang kanilang isinulat.

5. Awitin ang "Ako'y Magiging Magiting" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) na kasama ang mga bata. Kapag inaawit ninyo ang linyang "Ang Tama ay Ipaglaban" patayuin ang lahat.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo sa mga miyembro ng inyong klase na kapag nagpapasiya sila sa una pa lamang na pananatilihin ang kanilang mga sarili na dalisay, bibigyan sila ng Panginoon ng higit na lakas upang labanan ang masama. Himukin sila na lumayo sa tukso hanggang sa makakaya nila.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 39 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Pinatawad ni Jose ang Kanyang mga Kapatid na Lalaki

Aralin
17

**Layunin** Tulungan ang bawat bata na magkaroon ng pagnanais na patawarin ang iba.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 42:1–38—Ipinadala ni Jacob ang kanyang mga anak na lalaki sa Egipto upang bumili ng trigo. Yumukod sila kay Jose.
   - Genesis 43:1–34—Ipinadala ni Jacob si Benjamin sa Egipto.
   - Genesis 44:1–34—Inayos ni Jose na mapigil ang pagbalik ng kanyang mga kapatid sa Canaan.
   - Genesis 45:1–19—Nagpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid, at sama-sama silang nagsaya.
2. Karagdagang babasahin: Mateo 6:14–15 at Doktrina at mga Tipan 64:10.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Doktrina at mga Tipan.
   c. Papel at lapis para sa bawat bata.
   d. Larawan 6-20, Pinatatawad ni Jose ang Kanyang mga Kapatid na Lalaki.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Bigyan ang mga bata ng papel at lapis, at ipasulat ang mga bilang na 1 hanggang 5 pababa sa kaliwang bahagi ng papel. Ipaliwanag na bibigyan ninyo sila ng maikling pagsusulit tungkol sa pagpapatawad. Lahat ng mga tanong ay maaaring sagutin ng oo o hindi.

1. Nagpapatawad ka ba kapag sinasabi mong, “Pinatatawad kita, subalit hindi ko kailanman malilimutan kung gaano ka naging salbahe sa akin”?
2. Nagpapatawad ka ba kapag natutuwa ka na may masamang nangyari sa taong kinaiinisan mo?
3. Nagpapatawad ka ba kapag gusto mong makaganti sa isang taong tumulak o sumuntok sa iyo?
4. Nagpapatawad ka ba kapag hindi mo kinakausap ang isang taong nagsabi ng kasinungalingan tungkol sa iyo?

5. Nagpapatawad ka ba kapag nagsasalita ka nang masakit tungkol sa taong hindi pumipili sa iyo na mapasali sa kanyang koponan?

Ituro na ang tamang sagot sa lahat ng tanong ay hindi. Ipaliwanag na upang tunay na makapagpatawad kailangan nating:

1. Mapaglabanan ang ating galit na damdamin.
2. Huwag hatulan o pintasan ang iba.
3. Kalimutan ang tungkol sa nagawa.

Anyayahan ang mga bata na muling ikuwento nang maikli kung paano ipinagbili si Jose ng kanyang mga kapatid sa Egipto (tingnan sa aralin 15), at ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa kung paano pinatawad ni Jose ang kanyang mga kapatid na naging malupit sa kanya.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan sa naaangkop na panahon, ituro sa mga bata ang pangyayari mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit ipinadala ni Jacob ang mga anak niya sa Egipto upang bumili ng mais? (Genesis 41:56–57; 42:1–2.) Sino sa mga anak ni Jacob ang hindi sumama? Bakit? (Genesis 42:3–4.)
- Anong panaginip ng propeta ang natupad ng mga kapatid ni Jose nang yumukod sila sa kanya? (Genesis 37:7–8; 42:6.)
- Bakit hindi nakilala si Jose ng mga kapatid niya? (Genesis 42:7–8, 23; dalawamput dalawang taon na nang muli nilang makita si Jose. Nang ipagbili nila siya sa Egipto, siya ay labimpito, at ngayon siya ay nasa hustong gulang na. Hindi nila inaasahan na muli nilang makikita pa si Jose, ni inaasahan na siya ay magiging pangalawang pinakamakapangyarihang tao sa Egipto. Gayundin, nagsalita siya sa kanila sa ibang wika, nakipagtalastasan sa kanila sa pamamagitan ng isang tagasalin.)
- Paano nalaman ni Jose na nakadama ng pagkakasala ang kanyang mga kapatid tungkol sa ginawa nila sa kanya? (Genesis 42:21–23; ipaalala sa mga bata na hindi alam ng mga kapatid ni Jose na nauunawaan niya ang kanilang sinasabi.) Paano natin maaalis ang pagkadama ng pagkakasala?
- Ano ang sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid na kailangan nilang gawin bago niya sila pagbilhan ng trigo? (Genesis 42:15–16, 20.)
- Bakit ayaw papuntahin ni Jacob si Benjamin sa Egipto? (Genesis 42:36, 38.) Bakit sa wakas ay pinayagan ni Jacob si Benjamin na sumama sa kanyang mga kapatid? (Genesis 43:1–4.)

- Ano ang nadama ni Jose nang makita niya ang kanyang kapatid na si Benjamin? (Genesis 43:29–30.) Bakit sa palagay ninyo sadyang malapit ang damdamin ni Jose kay Benjamin? (Iisa ang ina nina Jose at Benjamin.)
- Ano ang ginawa ni Jose upang mahadlangan ang pagbalik ng kanyang mga kapatid sa Canaan? (Genesis 44:1–5, 11–13.) Bakit sa palagay ninyo ginawa niya iyon?
- Ano ang ginawa ni Juda na nagpakita na siya ay nagsisi at naging mas mabait, mas maalalahaning tao? (Genesis 43:8–9; 44:31–34; ipaalala sa mga bata na si Juda ang may ideya na ipagbili si Jose sa mga Ismaelita.) Ano ang maaari ninyong gawin upang maging mas mabait at mas maalalahanin sa inyong mag-anak?
- Anong mga kapakinabangan ang napag-alaman ni Jose na dumating dahil sa pagkakapagbili niya sa Egipto? (Genesis 45:5–8.) Ituro na sa bawat pagkakataon na naharap si Jose sa mahirap na sitwasyon, siya ay nagkaroon ng mabuting saloobin at ginawa niyang positibong karanasan ang masamang karanasan. Anong mahihirap na sitwasyon ang kinakaharap ninyo na maaari ninyong gawing mga positibong karanasan?
- Paano ipinakita ni Jose na napatawad na niya ang kanyang mga kapatid? (Genesis 45:9–11, 14–15.) Ano sa palagay ninyo ang nadama niya? Ano ang nadarama ninyo kapag pinatatawad ninyo ang isang tao na hindi naging mabait sa inyo? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.) Ano ang nadarama ninyo kapag pinatatawad kayo ng isang tao?
- Bakit kailangan nating lahat na matutong magpatawad sa iba? (Mateo 6:14–15; Doktrina at mga Tipan 64:10.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga naging positibong karanasan nila sa pagpapatawad.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Isulat ang mga salitang tulad ng *galit*, *payapa*, *masaya*, *nananaghili*, *mapagmahal*, *malungkot*, *mapamintas*, at *palakaibigan* sa magkakahiwalay na piraso ng papel. Isulat ang mga salitang *Nagpapatawad* at *Di-nagpapatawad* sa pisara at ipasa sa mga bata ang mga papel. Salit-salitang ipasabi sa mga bata ang kanilang salita at ipalagay ito sa pisara sa ilalim ng salita na angkop dito.
2. Magdala ng mga simpleng *props* tulad ng mga bata [robe] at bandana at ipasadula sa mga bata ang isang bahagi o ilang bahagi ng kuwento ni Jose at ng kanyang mga kapatid.
3. Gumawa ng "medalya" para sa bawat bata. Kabitan ito ng laso o tali upang maisuot bilang kuwintas. Basahin ang Mateo 6:14–15 na kasama ng mga bata at talakayin ang kahulugan nito. Tulungan silang maunawaan na kung pinatatawad nila ang iba, liligaya sila at patatawarin sila ng Ama sa Langit sa kanilang mga pagkakamali. Ipaisip sa mga bata ang tao na nakasakit

sa kanilang damdamin. Hamunin sila na ipanalangin ang taong iyon at pagkatapos ay gumawa ng kabaitan sa kanila. Sa Olimpiyada ang pinakamahuhusay na manlalaro ay tumatanggap ng mga medalya para sa kanilang mga paggawa. Ang espirituwal na paggawa ay lalong higit na mahalaga kaysa sa paggawa sa palaro, at bawat isa sa atin ay pagpapalain dahil tayo ay nagpapatawad sa mga nakasakit ng ating damdamin. Habang tinatanggap ng bawat bata ang hamon na magbalik ng kagandahang-loob para sa di-mabuting gawa, bigyan siya ng “medalya” bilang paalala ng ipinangakong gagawin ng bata.




4. Makipag-usap sa mga bata tungkol sa pagpapatawad. Maaaring naisin ninyong magdala ng bag at ilang bato, aklat, o ibang mabibigat na bagay. Pahawakan sa bata ang bag habang inilalagay ninyo ang bawat bato sa loob. Ipaliwanag na ang bawat bato ay kumakatawan sa galit o nasaktang damdamin. Palakarin sa paligid ng silid ang bata o pahawakan na lang ang bag sumandali. Ipaliwanag na kapag nagtatanim tayo ng galit at nasaktang damdamin, nagiging pabigat sa atin ang mga ito. Kung mapatatawad natin ang iba, mawawala ang ating pasanin at bubuti ang ating pakiramdam. (Alisin ang mga bato.) Bigyang-diin na mas mahalaga ang mga tao kaysa sa mga suliranin. Mahalaga na magpatawad sa iba at magpatuloy na mahalin at pangalagaan sila. Himukin ang mga bata na maging mapagpatawad na tulad ni Jose sa kanyang mga kapatid.

   Imungkahi na ibahagi ng mga bata ang gawaing ito sa kanilang mag-anak. Himukin sila na talakayin kung paano naging katulad ng pagtatanim ng galit o nasaktang damdamin ang pagdadala ng bag ng mabibigat na bato.

5. Isulat ang *Doktrina at mga Tipan 64:10* sa pisara; pagkatapos ay basahin at talakayin ito sa mga bata. Ipaliwanag na kapag puno tayo ng galit sa iba, hindi natin makakasama ang Espiritu Santo. Nais ng Ama sa Langit na magpatawad tayo upang mawala ang mga galit na iyon at matamasa ang pagsama ng Espiritu Santo. Tulungan ang mga bata na isaulo ang banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagpapabigkas sa kanila nito habang isa-isa ninyong binubura ang salita.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa unang talata ng “Ama, Ako’y Tulungan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ninyo ang inyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagpapatawad sa iba. Maaaring naisin ninyong ilarawan ang kapayapaan na naramdaman ninyo pagkatapos na mapatawad ninyo ang isang tao.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Genesis 45:1–8 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Aralin 18

# Ang Pagsilang at Pagtawag kay Moises

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na nagsisimula silang maghanda para sa kanilang sariling misyon sa lupa.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Genesis 46:1–7—Nagpunta ang mga Israelita sa Egipto.
   - Exodo 1:1–22—Ang mga Israelita ay maraming anak at ginawang mga alipin ng mga taga Egipto. Iniutos ng Faraon na patayin ang lahat ng mga anak na lalaki na isisilang ng mga Israelita.
   - Exodo 2:1–10—Ang batang si Moises ay iniligtas at pinalaki ng anak na babae ng Faraon.
   - Exodo 2:11–25—Tumakas si Moises papuntang Madian at napangasawa ang isa sa mga anak na babae ni Jetro.
   - Exodo 3:4–20; Moises 1:1–6, 25–26—Tinawag ng Panginoon si Moises upang pamunuan ang mga Israelita mula sa Egipto.
2. Karagdagang babasahin:
   - Mga Gawa 7:17–24; Sa Mga Hebreo 11:24–26—Pinili ni Moises na paglingkuran ang Panginoon.
   - Doktrina at mga Tipan 84:6—Tinanggap ni Moises ang pagkasaserdote mula kay Jetro.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.
   c. Tali o estambre na mga dalawang yarda (dalawang metro) ang haba (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).
   d. Mga larawan 6-21, Si Moises sa Talahiban (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 106; 62063); 6-22, Ang mga Israelita sa Pagkaalipin; at 6-23, Si Moises at ang Nagniningas na Puno (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 107; 62239).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Pagtaliin ang mga dulo ng estambre. Iabot ang estambre o pisi sa isang bata at ipataas ito nang nakapabilog na ginagamit lamang ang kanyang mga kamay. Kapag hindi ito magawa ng bata, patulungin ang isa pang bata, pagkatapos ay isa pa hanggang ang lahat ng bata ay tumutulong na ihugis ang pisi nang

nakapabilog. (Kung dadalawa o tatatlo lamang ang bata sa klase, magpagawa sa kanila ng kuwadrado [parisukat] o hugis na may anim na gilid.)

Ipaliwanag na tulad ng kinailangan ang bawat bata upang tumulong na magawa ang hugis, bawat isa sa atin ay may misyon na isasagawa sa kaharian ng Diyos. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa propetang si Moises at ang kanyang misyon na isasagawa nang tinawag siya.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari sa mga Israelita at ang salaysay ng pagsilang, kabataan, at pagtawag kay Moises mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng mga pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Gamitin ang mga larawan sa naaangkop na panahon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Anong pangalan ang ibinigay ng Panginoon kay Jacob? (Genesis 32:28; 46:2.) Saan sinabi ng Panginoon kay Jacob na dalhin ang kanyang mag-anak? Bakit? (Genesis 46:3–4.)
- Ano ang mga pangalan ng labindalawang anak na lalaki ni Jacob (Israel)? (Exodo 1:1–5.)

Muling pag-aralang kasama ng mga bata ang impormasyon mula sa aralin 14 tungkol sa labindalawang lipi ni Israel. Pagkatapos ay ipaliwanag na noong lumipat ang mga kapatid at ama ni Jose sa Egipto, nakilala sila bilang Israel at mga anak ni Israel. Nakilala rin sila bilang mga Hebreo. (Maaaring naisin ninyong isulat ang *Mga Israelita* at *Mga Hebreo* sa pisara.) Sa simula ay pinakitunguhan nang mabuti ang mga Israelita ng Faraon, na nagbigay sa kanila ng lupain at mga handog (tingnan sa Genesis 45:23; 47:5–6.) Subalit pagkatapos ay may ibang Faraon na naghari at hindi niya nagustuhan ang mga Israelita.

- Bakit hindi nagustuhan ng bagong Faraon ang mga Israelita? (Exodo 1:7–10; ipaliwanag na ang *Hari ng Egipto* at *Faraon* ay kapwa mga pangalan para sa pinuno ng Egipto.) Ano ang iminungkahi ng bagong Faraon na gawin sa mga Israelita? (Exodo 1:11–14.) Ano ang nangyari sa mga Israelita habang inaalipin sila ng mga taga Egipto? (Exodo 1:12.)
- Ano ang gusto ng Faraon na gawin ng mga hilot na Hebreo? (Exodo 1:15–16.) Bakit? Paano ang ginawa ng mga hilot sa suliraning ito? (Exodo 1:17–19.) Sino ang sumunod na inutusan ng Faraon na pumatay sa mga sanggol na Hebreo? (Exodo 1:22.) Ano ang maaari nating gawin kung pinagagawa tayo ng bagay na alam nating mali?
- Ano ang ginawa ng ina ni Moises upang iligtas ang kanyang buhay? (Exodo 2:2–4.) Sino ang tumingin sa batang si Moises? (Exodo 2:4; ang kanyang kapatid na babae, si Miriam, at ang Ama sa Langit.) Ano ang ipinasiyang

gawin ng anak na babae ng Faraon sa batang si Moises nang matagpuan niya ito? (Exodo 2:5–10.) Sino ang nag-alaga kay Moises?

- Ano ang nangyari nang sikaping ipagtanggol ni Moises ang isang Hebreo? (Exodo 2:11–12.) Bakit nilisan ni Moises ang Egipto? (Exodo 2:13–15.)
- Paano nalaman ni Moises kung ano ang nais ng Panginoon na ipagawa sa kanya? (Exodo 3:2–10; Moises 1:1–2, 25–26.) Ano ang misyon ni Moises? Bakit mahirap na misyon ito? (Exodo 3:19–20; 4:10.) Bakit sa palagay ninyo pinagagawa tayo kung minsan ng Panginoon ng mga bagay na mahirap? Maaaring naisin ninyong magbahagi ng isang karanasan na kinailangan ninyong gawin ang isang mahirap na bagay at paano kayo nakinabang sa paggawa nito.
- Ano ang nadama ni Moises nang sabihin sa kanya ng Diyos ang magiging misyon niya? (Exodo 3:11.) Ano ang sinabi ng Panginoon kay Moises na nagbigay sa kanya ng lakas at tapang? (Moises 1:6.) Anong pampalakas ng loob ang maibibigay ninyo sa isang taong nadaramang nadadaig siya ng isang takdang-gawain o pagsubok? (1 Nephi 3:7.)
- Anong mahalagang misyon ang isinagawa ng mga hilot na Hebreo? ni Miriam? ng ina ni Moises? ng anak na babae ng Faraon? Paano tumulong ang bawat isa sa mga taong ito upang matupad ni Moises ang kanyang misyon?
- Paano ninyo malalaman kung anong gawain ang ipagagawa sa inyo ng Panginoon? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Paano ninyo maihahanda ang inyong sarili upang matupad ang inyong tungkulin sa hinaharap? (Tingnan sa mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3 at 5.)
- Ano ang ipinagparaya ni Moises upang maging pinuno ng mga Hebreo? (Sa Mga Hebreo 11:24–26.) Kung kailangan ninyong pumili ng isa lamang sa mga sumusunod, higit ninyo bang gugustuhin ang maging disipulo ni Jesucristo o mayaman at kilalang-kilala? Bakit?
- Paano tinulungan ni Moises ang mga anak na babae ng saserdote ng Madian? (Exodo 2:16–17.) Ipaliwanag na ang saserdote ng Madian (kilala rin bilang Ruel o Jetro) ang naggawad ng pagkasaserdoteng Melquisedec kay Moises (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:6). Bigyang-diin na si Moises ay ikinasal sa loob ng tipan nang mapangasawa niya ang isa sa mga anak ni Jetro.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Talakayin ang iba’t ibang uri ng misyon na maaari nating gampanan. Maaaring magkuwento ang mga bata tungkol sa mga miyembro ng mag-anak o mga kaibigan na naglilingkod o naglingkod bilang mga misyonero. Ipaliwanag na maraming mahahalagang bagay na kailangang ipagawa sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesus. Hali-haliling pasulatin ang mga bata ng kanilang mga mungkahi sa pisara. Maaaring kabilangan ang mga ito ng pagiging isang magulang, guro, pinuno ng Simbahan, o mabuting halimbawa. Bigyang-diin na bawat isa sa atin ay may isa man lamang na misyon na isasagawa sa

lupa at kailangan tayong lahat ng Diyos upang tumulong sa pagtatayo ng kanyang kaharian.

Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit ni Pangulong Brigham Young:

"Walang sinuman, lalaki o babae, sa Simbahang ito ang wala sa misyon. Ang misyon na iyon ay tatagal hangga't sila ay nabubuhay, at ito ay gumawa ng mabuti, magtaguyod ng pagkamatwid, magturo ng mga alituntunin ng katotohanan, at himukin ang kanilang sarili at lahat ng nakapaligid sa kanila na ipamuhay ang mga alituntuning iyon upang matamo nila ang buhay na walang hanggan" (*Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widstoe [1941], p. 322).

Ipahanap sa mga bata sa talaan sa pisara ang mga misyon na magsasagawa ng mga bagay na binanggit ng Pangulong Young. Maaaring naisin ninyong bigyan ang mga bata ng kopya ng pahayag ni Brigham Young upang ibahagi sa kanilang mag-anak.

2. Talakayin ang sumusunod na siping-banggit ni Virginia H. Pearce:

   "• Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay buhay, at sila ang namamahala sa mundong ito.

   "• Kilala nila ako.

   "• Mahal nila ako.

   "• May plano sila para sa aking kinabukasan.

   "• Susundin ko ang mga kautusan, magpapakasipag, at magtitiwala sa kanilang plano. Sa malao't madali, ang lahat ay maisasaayos" ("Faith Is the Answer," *Ensign*, Mayo 1994, p. 92).

3. Basahin ang Moises 1:25–26 sa mga bata. Ipaliwanag na matututuhan natin ang tungkol sa ating misyon sa buhay, tulad ng ginawa ni Moises, sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Ama sa Langit. Makipag-usap sa mga bata tungkol sa basbas ng patriyarka. Ipaliwanag na ang mga patriyarka ay inordenan upang magbigay ng basbas ng patriyarka sa mga miyembro ng Simbahan. Ang mga basbas na ito ay maaaring magbigay sa atin ng kaunting pagkaunawa sa ating mga tungkulin sa lupa. Ang mga ito ay salita ng Panginoon sa atin mismo.

   Maaaring naisin ninyong sabihin ang tungkol sa pagtanggap ninyo ng sariling basbas ng patriyarka. Tandaan na bawat basbas ng patriyarka ay sagrado at hindi dapat ibahagi ang mga detalye sa mga tao sa labas ng inyong mag-anak.

4. Gumawa ng kopya ng *maze* sa pahina 80 para sa bawat bata, o hali-halinhinang ipatunton ang daan sa kopya ng guro sa pamamagitan ng kanilang daliri. Ipabasa sa mga bata nang malakas ang mga palatandaan habang dumadaan sa mga ito.

5. Ipasabi sa mga bata ang ginagawa nilang paghahanda para sa kanilang misyon sa buhay. Itala ang mga sagot sa pisara sa ilalim ng pamagat na *Ginagawa Ko*. Ang mga mungkahi ay maaaring kabilangan ng pagpapabinyag, pagdalo sa simbahan, pagbasa ng mga banal na kasulatan, paglilingkod sa iba, pagtatrabahong mabuti, at iba pa. Pagkatapos ay ipatala sa kanila ang maaari nilang gawin sa hinaharap sa ilalim ng pamagat na *Gagawin Ko*. Ang mga ideya rito ay maaaring kabilangan ng paglilingkod sa misyon,

pagpapakasal sa templo, pagtuturo sa kanilang mga anak ng ebanghelyo, pagtanggap ng kanilang basbas ng patriyarka, pag-aaral ng ibang wika, at iba pa. Himukin ang mga bata na magpasiya na ngayon na gumawa tungo sa mga layunin na maghahanda sa kanila na maglingkod sa Panginoon sa buong buhay nila.

Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Bawat isa sa inyo ay pinagkalooban ng inyong Ama sa Langit ng napakalaking kakayahan na gumawa ng mabuti sa mundo. Turuan ang inyong mga isipan at kamay upang maging kasangkapan ninyo sa mabuting paglilingkod sa lipunan na kinabibilangan ninyo. Linangin ang sining ng pagiging mabait (maganda ang kalooban), maalalahanin, at matulungin. Padalisayin sa kalooban ninyo ang katangian ng awa na bahagi ng mga katangiang mula sa Diyos na minana ninyo" ("The Light Within You," *Ensign*, Mayo 1995, p. 99).

6. Isalaysay ang sumusunod na pangyayari tungkol kay Hugh B. Brown, dating tagapayo sa Unang Panguluhan:

   Sa bukid ni Elder Brown ay may tumubong palumpon ng *currant* na napakalaki. Sapagkat hinayaang lumaki nang malaya, hindi ito nagkaroon ng mga bulaklak at bungang *currant*. Habang pinuputol ni Elder Brown ang karamihan sa mahahabang sanga, naisip niya kung ano ang maaaring masabi ng palumpon ng *currant* kung makapagsasalita lamang ito. "Paano ninyo nagagawa ito sa akin? Kahanga-hanga ang aking paglaki. Halos kasinlaki na ako ng punong nagbibigay ng lilim at ng bungang-kahoy na nasa loob ng bakuran at ngayon ay pinutol ninyo ako. Bawat tanim sa halamanan ay kukutyain ako sapagkat hindi ko nagawa ang dapat na ginawa ko." Inisip niya, "Ako ang hardinero rito, at alam ko kung ano ang gusto kong gawin mo. Hindi ko nilayon na maging punong nagbibigay ng lilim o bungang kahoy ka. Gusto kong maging palumpong ka ng *currant*." Lumipas ang panahon, ang palumpong ng *currant* ay nagbulaklak at nagbunga.

   Makaraan ang mga taon, si Elder Brown ay nasa Sandatahan ng Britanya, nagsisikap upang maging isang heneral. Naipasa niya ang lahat ng kinakailangang pagsusulit at nagtitiwalang matatanggap niya ang promosyon (pagtaas ng ranggo). Nang malaman niya na itinalaga siya sa isang hindi gaanong mahalagang tungkulin dahil siya ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, siya ay lubhang nabigo. Nag-isip siya kung bakit hinayaan ng Diyos na mangyari ito sa kanya. Alam niyang ginawa niya ang lahat nang magagawa niya upang maging marapat sa promosyon. Pagkatapos ay naalala niya ang sarili niyang mga salita mga taon na ang nakalipas. "Ako ang hardinero rito. Alam ko kung ano ang gusto kong gawin mo." Lumuhod siya upang manalangin para sa kapatawaran. Napag-isipan niya na alam ng Panginoon ang magiging misyon niya sa buhay at pagpapalain siya sa pagtupad nito habang patuloy siyang nabubuhay nang matwid. (Tingnan sa "The Currant Bush," *New Era*, Enero 1973, p. 14–15.)

   Sabihin sa mga bata na sa halip na gugulin ang kanyang buhay bilang isang mahalagang opisyal ng sandatahan, si Pangulong Brown sa wakas ay tinawag upang maging isang Apostol ni Jesucristo at naglingkod sa Unang Panguluhan

ng Simbahan. Ipaliwanag na kung minsan ay gusto natin ng mga bagay na kukuha ng ating panahon at pansin palayo sa ating misyon sa buhay. Kailangan nating magtiwala sa patnubay ng Panginoon na tulungan tayong matalinong pumili at tanggapin ang dumarating sa atin.

7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Susundin Ko ang Plano Niya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), ang koro sa "Matapang si Nephi" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Ako'y Anak ng Diyos" (*Aklat ng mga Awit Pambata* o *Mga Himno*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na ang bawat isa sa atin ay may misyon na isasagawa sa buhay na ito. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pamumuhay nang matwid, upang maging karapat-dapat at magawang makapaglingkod. Tiyakin sa mga bata na ang Ama sa Langit ay tutulungan at pagpapalain tayo habang nagsisikap tayong matutuhan at maisagawa ang ating misyon.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak


Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Exodo 3:1–10 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Pagtupad sa Aking Misyon sa Buhay



# Iniligtas ni Moises ang mga Israelita mula sa Pagkaalipin

Aralin
19

**Layunin** Ituro sa mga bata na ang pagkasaserdote ay ang kapangyarihan ng Diyos.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Exodo 5:1–9—Hiniling nina Moises at Aaron sa Faraon na palayain ang Israel.
   - Exodo 7:1–3, 8–25—Ibinigay ni Moises ang salita ng Panginoon sa Faraon. Ginawa niyang ahas ang tungkod at ginawang dugo ang ilog.
   - Exodo 8:6–24—Nagpadala ang Panginoon ng mga salot na palaka, kuto, at langaw.
   - Exodo 9:6, 10, 23—Nilipol ng Panginoon ang mga baka ng mga taga Egipto at nagpadala ng mga salot na bukol at ulan ng granito.
   - Exodo 10:14–15, 22—Nagpadala ang Panginoon ng mga salot na balang at kadiliman.
   - Exodo 11:15—Ipinahayag ng Panginoon na lahat ng panganay sa lupain ng Egipto ay mamamatay.
   - Exodo 12:21–40—Sinimulan ng Panginoon ang Paskua.
   - Exodo 13:3, 21–22—Naglaan ang Panginoon ng haliging ulap at haliging apoy upang gabayan ang mga Israelita.
   - Exodo 14:5–31—Tinawid ng mga Israelita ang Dagat na Pula tungo sa tuyong lupa.

   Paalala: Kung saan ipinahihiwatig sa Biblia na pinatigas ng Panginoon ang puso ng Faraon, ipinapahayag ng Pagsasalin ni Joseph Smith na pinatigas ng Faraon ang sarili niyang puso.

2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.

3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Doktrina at mga Tipan.
   c. Larawan 6-12, Ang Pagtawid sa Dagat na Pula (62100).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ibigay sa mga bata ang mga sumusunod na pahiwatig, at ipataas ang kanilang mga kamay kapag inaakala nila na alam nila ang inilalarawan ninyo:

Pinagpapala ng Panginoon ang kanyang mga anak sa pamamagitan nito. Tinanggap ito ni Moises mula sa kanyang biyenan na si Jetro.

Ginagawa nitong posible ang walang hanggang mag-anak.
Ipinagkakaloob ito sa mga karapat-dapat, nabinyagang lalaki,
labindalawang taong gulang at pataas.
Ito ay dakilang kapangyarihan.
Nagsisimula ito sa titik na *P*.
Ano ito?

Kapag nahulaan ng mga bata na ang sagot ay *pagkasaserdote*, itanong sa kanila kung alam nila kung ano ang pagkasaserdote. Tulungan silang maunawaan na ito ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos na ibinibigay niya sa kalalakihan upang makaganap para sa kanya. Sabihin sa mga bata na marami pa silang matututuhan sa araling ito tungkol sa kung paano ginamit ni Moises ang pagkasaserdote upang iligtas ang mga Israelita mula sa pagkaalipin.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari ng pagliligtas ni Moises sa mga Israelita mula sa pagkaalipin tulad ng matatagpuan sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Gamitin ang larawan sa naaangkop na panahon. Ipaalala sa mga bata na ang mga Israelita ay nanirahan sa Egipto simula sa panahon ni Jose (mga 400 taon) at isang Faraon ang naghari na kumalaban sa mga Israelita at umalipin sa kanila. Sa oras ng inyong talakayan sa araling ito, bigyang-diin ang mga sumusunod na bagay:

- Tinanggihan ng Faraon ang pakiusap ni Moises na palayain ang mga Israelita (Exodo 5).
- Inutusan ng Panginoon si Moises na gamitin ang pagkasaserdote upang pababain ang mga salot sa mga taga Egipto, subalit tumanggi pa rin ang Faraon na palayain ang mga Israelita (Exodo 7:20–21; 8:6, 17, 24; 9:6, 10, 23; 10:14–15, 22; 11:5).
- Nang sa wakas ay makatakas ang mga anak ni Israel mula sa Egipto, muling ginamit ni Moises ang kapangyarihan ng pagkasaserdote upang iligtas ang kanyang mga tao mula sa mga kawal ng Faraon, na nagsikap na muli silang bihagin (Exodo 13:3, 2–22; 14:5–31).

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Paano tumugon ang Faraon nang ipakiusap nina Moises at Aaron na payagang sumamba ang mga Israelita sa ilang sa loob ng tatlong araw? (Exodo 5:2.) Anong mga dagdag na pahirap ang ibinigay niya sa mga Israelita? (Exodo 5:6–9.)
- Nang sabihan ng Panginoon si Moises na pumunta sa Faraon at muling pakiusapan siya na palayain ang mga tao, nakadama si Moises ng kakulangan ng kakayahan. Paano tinulungan ng Panginoon si Moises na matupad ang tungkuling ito? (Exodo 7:1–2; ituro na ang pagliliwanag ng Pagsasalin ni Joseph Smith sa mga talababang *1b* at *1c* ay mababasa na:

"Ginawa kitang propeta . . . at si Aaron na iyong kapatid ay magiging iyong tagapagsalita." Paano tumugon ang Faraon sa pakiusap na ito? (Exodo 7:3; pinatigas ng Faraon ang kanyang puso.)

- Ano ang unang himala na isinagawa nina Moises at Aaron sa harap ng Faraon? (Exodo 7:10.) Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan naisagawa ang himalang ito?
- Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan nagaya ng mga mahiko (o salamangkero) ang himalang ito? (Exodo 7:11–12.) Bakit nalamon ng ahas ni Aaron ang mga ahas ng mga mahiko? Ipaliwanag na ang kapangyarihan ng pagkasaserdote ay lubhang higit na malakas kaysa ibang mga kapangyarihan.
- Anu-ano ang sampung salot na iniutos ng Panginoon kay Moises na pababain sa Egipto dahil tumanggi ang Faraon na palayain ang Israel? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)

  (1) Exodo 7:20–21, ang ilog ay naging dugo
  (2) Exodo 8:6, mga palaka
  (3) Exodo 8:17, mga kuto
  (4) Exodo 8:24, mga langaw
  (5) Exodo 9:6, namatay ang mga baka
  (6) Exodo 9:10, mga bukol
  (7) Exodo 9:23, ulan ng granito at apoy
  (8) Exodo 10:14–15, mga balang
  (9) Exodo 10:22, kadiliman
  (10) Exodo 11:5, kamatayan ng mga panganay

- Anong pamarisan ang sinunod ng Faraon sa bawat salot? (Exodo 8:8, 13, 15.)
- Pagkatapos ng unang dalawang himala ay hindi na nagaya ng mga mahiko ang mga salot? Ano ang nalaman ng mga mahiko? (Exodo 8:18–19.) Ano ang maaaring maging epekto ng mga palatandaan at himala sa ating pananampalataya? (Doktrina at mga Tipan 63:9.) Ipaliwanag na ang mga himala at mga palatandaan ay hindi magbibigay sa atin ng patotoo. Pagkatapos na magampanan natin ang ating bahagi upang magkaroon ng patotoo, kung minsan tayo ay binibiyayaan ng mga palatandaan o himala na nagpapalakas ng ating pananampalataya.
- Sa ikasampung salot, paano nalaman ng mapamuksang anghel na lalampasan ang mga bahay ng mga Israelita? (Exodo 12:21–23.) Paano pinagpala ang mga Israelita sa pamamagitan ng pagsunod sa propetang si Moises? Bakit dapat tayong maging masunurin sa mga pinuno ng ating Simbahan?
- Ilang tao ang pinamunuan ni Moises palabas sa lupain ng Egipto? (Exodo 12:37. Paalala: tinutukoy ng banal na kasulatan ang bilang ng kalalakihan. May mga babae at mga bata rin bukod sa 600,000 na kalalakihan.) Paano nila nalaman kung saan pupunta? (Exodo 13:21.)
- Ano ang naging reaksiyon ng mga anak ni Israel nang makita nila na hinahabol sila ng lahat ng karuwahe ng Egipto? (Exodo 14:10–12.) Paano tayo dapat kumilos kapag dumating ang mga pagsubok sa ating buhay? Paano tumugon si Moises sa mga tao habang palapit ang mga karuwahe? (Exodo 14:13–14.) Paano sila pinangalagaan ng Panginoon? (Exodo 14:19–20.)

- Paano tumawid ang mga Israelita sa Dagat na Pula? (Exodo 14:16, 21–22.) Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan nagawang supilin ni Moises ang tubig? Ano ang nangyari sa mga taga Egipto? (Exodo 14:26–31.) Paano natupad ng himalang ito ang bahagi ng pangako na natanggap ni Moises noong bata pa siya? (Moises 1:25–26.) Paano kayo nabiyayaan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote sa inyong buhay?


## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipamigay ang mga papel na may bilang na sinulatan ng mga sangguniang banal na kasulatan para sa bawat isa sa sampung salot sa katumbas na papel na may bilang. Ipahanap sa bawat bata ang kanyang sanggunian at hayaang sabihin niya sa klase ang tungkol dito. Maaari ninyong bigyan ang klase ng mga kagamitan sa sining [art materials] at hayaan silang magdrowing ng salot na nabasa nila. Pagkatapos ay maaari nilang ipakita ang larawan sa klase habang nagkukuwento sila tungkol sa salot.

2. Patayuin ang buong klase. Paupuin ang panganay na anak sa kanilang mag-anak. Ipaliwanag na kung ang miyembro ng klase na nakaupo ay kabilang sa mga mag-anak na taga Egipto noong panahon ni Moises, mamamatay sila sa ikasampung salot. Lahat ng anak ng mga Israelitang mag-anak na naglagay ng dugo ng tupa sa mga haligi ng kanilang bahay ay naligtas; sila ay nilampasan ng mapamuksang anghel. Taun-taon ay nagdaraos ang mga Israelita ng kapistahan ng Paskua bilang pag-alala sa panahon nang lampasan sila ng mapamuksang anghel at maligtas sila mula sa pagkaalipin.

   Nang manirahan si Jesus sa mundo, siya at ang kanyang mag-anak ay nagdiwang ng kapistahan ng Paskua (Lucas 2:41; 22:7–8). Isang tupa na walang bahid-dungis ang pinatay para sa kapistahan. Ang tupa ay kumatawan sa Kordero ng Diyos, o kay Jesucristo, na namatay upang iligtas tayo. Pagkatapos ng Pagpapako sa Krus, tumanggap ang mga disipulo ng sakramento, na itinatag ni Cristo sa Huling Hapunan, sa halip na sa Kapistahan ng Paskua. Maaaring naisin ninyong idrowing ang sumusunod na paglalarawan sa pisara upang bigyang-diin ang bagay na ito:



3. Talakayin at isaulo ang ikalimang saligan ng pananampalataya.
4. Kung mayroon kayong mga batang lalaki sa inyong klase na magiging 12 taong gulang na sa susunod na taon, talakayin ang kahalagahan na ihanda nila ang kanilang mga sarili na tumanggap ng Pagkasaserdoteng Aaron. Ipatala sa bawat isa ang mga tungkulin ng isang diyakono (matatagpuan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 14) sa isang papel. Talakayin ang kahalagahan ng pagtupad sa mga kautusan upang maging karapat-dapat sa pananagutang ito. Himukin ang mga batang lalaki na igalang at ikarangal ang pagkasaserdote sa buong buhay nila at gamitin ito upang paglingkuran ang Panginoon.
5. Awitin o basahin ang mga salita sa “Sundin ang Propeta” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Ang Pagkasaserdote’y Naipanumbalik” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Isang Kabataang Handa” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Dito’y May Pag-ibig” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang inyong damdamin tungkol sa katapangan at pananampalataya na ipinakita ni Moises nang gamitin niya ang kapangyarihan ng pagkasaserdote upang palayain ang mga Israelita. Ipahayag ang inyong pasasalamat na muling naipanumbalik ang pagkasaserdote sa lupa. Maaari ninyong ibahagi ang isang karanasan nang makita ninyo ang kapangyarihan ng pagkasaserdote na ginamit upang gumanap sa pangalan ng Diyos dito sa lupa.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Exodo 14:21–31 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
20

# Tumanggap ng Pagkain ang mga Israelita mula sa Langit

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na ipagdiwang ang Sabbath bilang araw ng pagsamba at kagalakan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Exodo 16:1–35—Pinadalhan ng mana mula sa langit ang mga Israelita maliban kung araw ng Sabbath.
   - Doktrina at mga Tipan 59:9–19, 23—Tinutulungan tayo ng Sabbath na manatiling walang bahid-dungis sa daigdig. Kung susundin natin ang Sabbath nang may galak sa puso at pasasalamat, ang kabuuan ng daigdig ay mapapasaatin.
2. Karagdagang babasahin:
   - Exodo 31:12–13, 16–17—Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay isang palatandaan at tipan. Nagpahinga ang Panginoon sa ikapitong araw at naginhawahan.
   - Isaias 58:13–14—Tawagin ang Sabbath na kaluguran.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Doktrina at mga Tipan.
   c. Anim na piraso ng papel na nasusulatan ng isa sa mga sumusunod na parirala (huwag isama ang bilang), o simpleng mga drowing upang ilarawan ang bawat araw ng paglikha:

      Hinati ang liwanag mula sa kadiliman (1)
      Langit o papawirin (2)
      Kalupaan, dagat, at mga halaman (3)
      Araw, buwan, at mga bituin (4)
      Mga ibon at isda (5)
      Mga hayop at tao (6)

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Tulungan ang inyong klase na pagbalik-aralan ang Paglikha ng daigdig sa pamamagitan ng sunud-sunod na pagsasaayos sa mga papel ng paglikha. Kung mayroon kayong anim na bata man lamang sa inyong klase, isang bata

ang maaaring humawak ng isang papel at patayuin sila ayon sa tamang pagkakasunud-sunod. Tanungin ang mga bata kung ano ang nangyari sa ikapitong araw. Anyayahan ang isang bata na basahin ang Genesis 2:1–3. Ang ikapitong araw ay pinagpala at pinabanal.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari sa mga Israelita sa ilang mula sa Exodo 16. Ipaliwanag sa mga bata na ang ibig sabihin ng *bumulung-bulong* ay magreklamo o maghimagsik. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit nagreklamo ang mga anak ni Israel laban kina Moises at Aaron sa ilang? (Exodo 16:2–3.) Anong pagkain ang inilaan ng Panginoon para sa mga Israelita sa umaga? Anong pagkain ang inilaan ng Panginoon sa gabi? (Exodo 16:11–15.) Paano inilalarawan ang mana sa mga banal na kasulatan? (Exodo 16:14, 21, 31.)
- Gaano karaming mana ang gusto ng Panginoon na pulutin (tipunin) ng mga Israelita bawat araw? (Exodo 16:16–18.) Ano ang nangyari sa pinulot na sobrang mana na hindi kailangan para sa araw na iyon? (Exodo 16:19–20.)
- Ano ang itinagubilin ng Panginoon na gawin ng mga Israelita sa ikaanim na araw? (Exodo 16:22–23.) Ano ang itinuro sa mga Israelita tungkol sa Sabbath sa paraan ng pagkuha nila ng mana? (Exodo 16:24–30.) Ano ang nangyari nang hindi maghanda nang maaga ang mga tao at umasang pupulot ng mana sa Sabbath? (Exodo 16:27.)
- Ano ang ginagawa ng mga Israelita kung Sabbath? (Exodo 16:30.) Ano ang natutuhan ng mga Israelita sa pagpapahinga kung Sabbath? Paano natin mapananatiling banal ang araw ng Sabbath? (Doktrina at mga Tipan 59:9–10.) Bakit sa palagay ninyo gusto ng Ama sa Langit na magkaroon tayo ng Sabbath linggu-linggo?
- Ilang taon naglaan ang Panginoon ng pagkain para sa mga Israelita sa ilang? (Exodo 16:35.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Hilingan ang isa sa mga bata na basahin nang malakas ang Exodo 31:16–17. Ipaulit sa buong klase ang pariralang "at sa ikapitong araw, ay nagpahinga at naginhawahan." Hilingan ang mga bata na ibahagi ang kanilang mga ideya tungkol sa maaaring ibig sabihin ng salitang *naginhawahan*. Paano nakagiginhawa ang pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath?

Gamitin ang pitsel ng tubig, mangkok, at tasa upang ilarawan kung paano tayo maaaring maging puno sa espiritu. Ibuhos ang tubig ng pitsel sa tasa at ipaliwanag na habang dumadalo tayo ng ating mga pulong sa Simbahan, sumasamba, at pinananatiling banal ang araw ng Sabbath, tayo ay napupuno ng espiritu ng Panginoon. Sa buong linggo, tayo ay abala sa mga gawaing maaaring makabawas sa ating espirituwalidad. Tukuyin ang ilang posibilidad, tulad ng paaralan, gawain, laro, mga kaibigan, isang di-pagkakaunawaan sa miyembro ng mag-anak o paggawa ng maling pasiya, habang ibinubuhos ninyo ang tubig mula sa tasa papunta sa mangkok. Malalamnan nating muli ang ating tasa nang unti-unti bawat araw habang nagbabasa tayo ng mga banal na kasulatan, nananalangin, at sinusunod ang mga kautusan (ibuhos ang kaunting tubig ng pitsel sa tasa para sa bawat mungkahi). Ang araw ng Sabbath ay para sa espirituwal na kaginhawahan (tapusin ang pagpuno sa tasa). Kapag puno na ang ating tasa, mas madaling sundin ang mga aral ni Jesus sa buong linggo.

2. Ang Doktrina at mga Tipan 59:9–19, 23 ay nagbibigay sa atin ng mga tagubilin sa makabagong panahon tungkol sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath. Anyayahan ang ilang bata upang hali-haliling basahin ang mga talatang 15–19. Ipaliwanag na pinapangakuan tayo na habang tinutupad natin ang Sabbath nang may pasasalamat at galak, tayo ay lubos na pagpapalain. Ipatukoy sa mga bata ang ilan sa mga biyayang binanggit sa mga talatang ito. Ipinangako ng Panginoon na ang kabuuan ng mundo ay sa atin kung sinusunod natin ang mahalagang kautusan na ito.

   - Paano natin magagawang araw ng pasasalamat ang Sabbath?

   Himukin ang mga bata na tumingin sa paligid at pahalagahan kung ano ang mayroon sila at pasalamatan ang Ama sa Langit para sa kanyang dakilang pagmamahal, ang Tagapagligtas, ang kanilang mga kaibigan, mag-anak, ang ebanghelyo, at ang kagandahan ng mundo. Bigyan ang bawat bata ng lapis at papel, at ipasulat sa kanila ang mga bagay na kinalulugdan nila at ipadrowing ang larawan ng ilang biyaya na pinasasalamatan nila. Maaari ninyong awitin o basahin ang mga salita sa "Para sa Ganda ng Mundo" (*Hymns*, blg. 92) o "Ako'y Mahal ng Aking Ama sa Langit" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

3. Ipatukoy sa mga bata ang mga bagay, tulad ng mga sumusunod na ideya, na mabuting gawin sa Sabbath, at isulat ang mga ito sa pisara:

   Sumulat sa mga misyonero
   Gumawa ng mga kard ng pasasalamat para sa mga miyembro ng mag-anak
   Sumulat sa inyong talaarawan
   Tumugtog o makinig sa sagradong musika
   Mag-aral ng mga banal na kasulatan
   Magbasa o magsalaysay ng kuwento sa banal na kasulatan sa nakababatang kapatid
   Dalawin ang mga kamag-anak
   Magbigay ng aralin sa gabing pantahanan ng mag-anak
   Sikaping matanggap ang iyong gantimpala sa Ebanghelyong Isinagawa
   Dalawin ang isang taong maysakit o nalulungkot
   Makipaglaro nang tahimik sa mga kapatid
   Salit-salit na isadula at hulaan ang mga kuwento sa banal na kasulatan

Magbasa mula sa inyong talaarawan ng pagkabata o kasaysayan ng mag-anak

Tumingin sa mga larawan ng mag-anak

Bigyan ang bawat bata ng lapis, walong piraso ng papel, at isang maliit na kahon, sobre, o ibang simpleng lalagyan. Ipasulat sa mga bata ang isang gawain sa Sabbath mula sa talaan sa pisara sa kani-kanyang papel. Maaaring iuwi ang mga ito ng mga bata upang gamitin sa isang aralin sa gabing pantahanan ng mag-anak, o maaaring isa-isa nilang kunin ang mga ito kung kinakailangan nila ng angkop na mga gawain sa Sabbath.

4. Awitin o basahin ang mga salita sa "Natatangi ang Sabado" (*Aklat ng mga Awit Pambata*). Hilingan ang mga bata na tukuyin o isadula nang hindi nagsasalita ang ilang bagay na dapat nilang gawin isang araw bago ang Sabbath bilang paghahanda para sa araw ng Panginoon. Tulungan ang mga bata na maunawaan na tulad ng mga Israelita ay kailangang pumulot ng dobleng dami ng pagkain isang araw bago ang Sabbath, kaya kailangan nating magplano nang maaga upang gawing araw ng pamamahinga at pagpapasigla ang ating Sabbath.

   Ipaliwanag na hindi lahat ng relihiyon ay itinuturing ang Linggo bilang Sabbath. Ang ilan ay nagdaraos ng Sabbath sa ikapitong araw ng Linggo, na Sabado sa ating kalendaryo, at ang ilan ay nagdaraos nito kung kailan sa atin ay Biyernes. Bago ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas, pinanatili ng mga Judio ang Sabbath sa ikapitong araw. Pagkatapos na mabuhay na mag-uli si Cristo sa araw ng Linggo, ang unang araw ng linggo, tinagubilinan ni Jesus ang Simbahan na magpulong at sumamba sa araw na ito. Ipinahayag ng Panginoon sa Propetang si Joseph Smith na ang Linggo ang tamang araw ng pagsamba ngayon. (Tingnan sa *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan* "Sabbath.")

5. Ipaliwanag sa mga bata na maaaring mapansin nila ang mga taong gumagawa ng mga bagay sa Sabbath na tila hindi tama. Tulad ng pagtatrabaho sa bakuran, pagdalo o panonood ng mga palaro, paggasta sa libangan, o pamimili sa tindahan. Ang ilan ay maaaring nagdaraos ng Sabbath sa Sabado o Biyernes, kayat kailangan tayong maging maingat sa paghusga. Maraming tao sa mundo, gayunman, ang gumagamit ng Sabbath bilang araw ng paggawa o paglilibang. Tanungin ang mga bata kung ano ang maaari nilang gawin kapag hindi sila nakatitiyak kung tamang gawin ang isang bagay sa Sabbath (tanungin ang kanilang mga magulang, manalangin sa Ama sa Langit para sa patnubay). Sabihin sa kanila na maaari rin nilang tanungin ang kanilang sarili, "Ano ang nanaisin ni Jesus na gawin ko?" Ito ay makatutulong sa kanila na pumili nang matalino. Muling ikuwento ang sumusunod na karanasan tungkol sa isang bata sa Primarya na piniling panatilihing banal ang araw ng Sabbath:

   "Isang araw nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa apo kong si Joel, na malapit nang maging diyakono. Nahihirapan siyang magpasiya. Naanyayahan siyang pumunta kasama ng isang grupo ng mag-aaral mula sa kanyang paaralan sa *Sea Camp* sa San Diego, California. Nakatutuwa ito sa isang batang lalaki! Magkakaroon ng mga karanasang hindi karaniwang nakikita ng mga turista sa *Sea World*—panonood sa mga tagasanay at pagtulong sa pagpapakain ng mga hayop sa dagat. Ang problema niya ay matataon sa Sabado at Linggo ang *camp*, na may *scuba diving* at paggalugad sa tabing-dagat sa Linggo.

"Sinikap siyang pigilan ng kanyang mga magulang sa pagsama ngunit pinayagan siyang gumawa ng sarili niyang pasiya sa paniniwalang pipiliin niya ang tama. Tiniyak niya sa kanila na bagaman hindi siya makadadalo sa simbahan ng Linggo, siya ay hindi lalangoy. Sinabi niya, 'Maaari akong maupo sa tabing-dagat at mapaligiran ng mga nilikha ng Diyos. Hindi iyon mamasamain ng Ama sa Langit, di ba?'

"Gustong malaman ni Joel kung ano sa palagay ng Lolo Rex ang dapat niyang gawin. Sinagot ko siya ng tanong na, 'Joel, ano sa palagay mo ang gugustuhin ni Jesus na gawin mo?' Sa basag niyang tinig, siya ay sumagot na, 'Lolo, sa palagay ko ay hindi Siya magiging maligaya sa akin kung gagawin ko iyon sa Linggo. Hindi po ba?'

"Hindi ito naging madaling pagpapasiya, subalit ito ang tama" (Rex D. Pinegar, sa Conference Report, Okt. 1991, p. 56–57; o *Ensign*, Nob. 1991, p. 41).

6. Bigyan ang mga bata ng simpleng pagsusulit na oo-o-hindi "Ang Sabbath ay mabuting araw upang . . . " na maikling pagsusulit. Sabihin sa kanila na kung ang sagot ay oo, dapat nilang itaas ang kanilang hinlalaki. Para sa hindi, dapat nilang iturong pababa ang kanilang hinlalaki. Tapusin ang pangungusap sa pamamagitan ng sari-saring gawain, tulad ng pagdalo sa simbahan, lumangoy, dalawin ang mga kamag-anak, mamili, awitin ang mga himno nang masigla, manood ng sine, magbasa ng mga banal na kasulatan, sumali sa mga laro, gumawa ng kard para sa inyong lolo at lola, sumulat ng mga liham, maglakad-lakad at iba pa. Kung hindi tiyak na alam ng mga bata kung ang gawain ay wasto, maaari nilang tanungin ang kanilang sarili ng dalawang katanungan tungkol dito: "Lalo ba akong mapapalapit sa Ama sa Langit sa paggawa nito?" at "Sasang-ayon ba si Jesus sa paggawa ko nito ngayon?" Kung ang mga sagot sa mga tanong na ito ay oo, marahil ang gawain ay mabuting gawin sa Sabbath.
7. Binibigyan tayo ng Panginoon ng mga kautusan upang higit na mapaligaya ang ating buhay. Paano tayo mapaliligaya ng pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath? (Nadarama nating mas malapit tayo kay Jesucristo at sa Ama sa Langit, wala tayong pasok sa paaralan, gawain, at takdang gawain sa bahay, at malulugod tayong makasama ang ating magulang at mag-anak.) Ikuwento ang isang pagkakataon nang kayo o ang isang taong kilala ninyo ay nagpasiya na panatilihing banal ang araw ng Sabbath at nabiyayaan.

   Ipaliwanag na ang kabanalan ng Sabbath ay nasa ating mga puso gayundin sa ating mga kilos. Ipinahayag ni Henry Ward Beecher ang katotohanang ito nang sabihin niyang: "'Ang mundong walang Sabbath ay makakatulad ng taong walang ngiti, tulad ng tag-araw na walang mga bulaklak, at tulad ng tirahang walang halamanan. Ito ang masayang araw ng buong linggo'" (sinipi sa "Keeping the Sabbath Day Holy," ni Ezra Taft Benson, *Ensign*, Mayo 1971, p. 5).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang inyong pagmamahal para sa Sabbath, na ibinigay upang tulungan tayo at muling pasiglahin ang ating mga espiritu. Mangako sa mga bata na habang sinasamba nila ang Diyos at pinananatiling banal ang araw ng

Sabbath, makadarama sila ng pagbabago at mabibigyan ng higit na lakas upang matupad ang kanilang mga tipan at makagawa ng mabubuting pasiya sa buong linggo.

**Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak**

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Exodo 16:2–8, 11–31 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
21

# Ang Sampung Utos

**Layunin**

Ituro sa mga bata na ang pagsunod sa Sampung Utos ay makatutulong sa atin na maging maligaya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Exodo 19—Ang Panginoon ay nakipagtipan sa mga tao at nagpakita sa Bundok ng Sinai.
   - Exodo 20:1–22—Ang Sampung Utos ay inihayag.
   - Exodo 24:12, 18—Nanatili si Moises sa Bundok ng Sinai sa loob ng apatnapung araw.
   - Exodo 31:18—Ang mga bato ay sinulatan sa pamamagitan ng daliri ng Panginoon.
   - Exodo 32:1–24, 30–32—Gumawa si Aaron ng gintong guya (calf).
2. Karagdagang babasahin:
   - Mosias 12:34–36, 13:15–24—Ibinigay ang Sampung Utos sa mga Nephita.
   - Doktrina at mga Tipan 59:5–9—Inulit ng Panginoon ang ilan sa Sampung Utos kay Propetang Joseph Smith.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Resipe ng isang *cake* para sa bawat bata.
   c. Larawan 6-24, Si Moises at ang Sampung Utos.
   d. Ang tsart ng Sampung Utos na nasa hulihan ng araling ito o mula sa aklatan ng bahay-pulungan (65038).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Bigyan ang mga bata ng resipe at tanungin sila kung paano nila gagamitin ang mga ito sa paggawa ng *cake* nang hindi nagbibigay ng mga tagubilin. Kapag nagsimula na silang magtanong kung paano gumawa ng *cake,* ipaliwanag na ang mga tagubilin ay mahalaga upang magawa nila ang ipinagagawa ninyo sa kanila. Pagkatapos ay talakayin kung paano katulad ng mga tagubilin ang mga patakaran at mga batas. Ipaliwanag na makagagawa pa rin ng *cake* ang mga bata kahit na hindi sila sumunod sa mga tagubilin, kaya nga lamang ay maaaring hindi nila gustong kainin ito. Ngunit kung maingat nilang sinunod ang mga tagubilin ng isang resipe, ang *cake* ay makakain nang masarap.

Ipaliwanag na ang mga patakaran ay kailangan sa ibang aspeto ng ating buhay. Hilingan ang mga bata na magbanggit ng ilang patakaran na dapat nating sundin para maging ligtas, magkaroon ng mabuting kalusugan, magkaroon ng magandang pakikipag-ugnayan sa iba, o magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ituro na ang mga patakaran ay nagdudulot ng kaayusan sa ating buhay at kailangan natin para malaman kung paano mamuhay nang maligaya. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol kay Moises at sa mga anak ni Israel na tumanggap sa Sampung Utos. Ito ay mga batas na ibinigay ng Diyos upang tulungan tayong malaman kung ano ang gagawin at kung paano mamumuhay upang maging maligaya.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa pagtanggap ni Moises ng Sampung Utos mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." Ipakita ang larawan at tsart kung saan naaangkop. (Para sa mga mungkahing pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga Israelita ay hindi maligaya kapag hindi nila sinusunod ang Sampung Utos at ipinagkakait sa kanila ang mga biyaya kapag sinusuway nila ang mga utos na ibinigay sa kanila.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Pagkatapos makalabas ng mga anak ni Israel mula sa Egipto at buong himalang matulungan ng Panginoon na tumawid sa Pulang Dagat, sila ay naglakbay sa ilang ng Sinai. Nang makipag-usap ang Panginoon kay Moises mula sa Bundok ng Sinai, hiniling niya kay Moises na paalalahanan ang mga anak ni Israel kung paano niya sila iniligtas mula sa mga taga Egipto (tingnan sa Exodo 19:4). Bakit mahalaga para sa kanila na gunitain ang pangyayaring ito? Bakit dapat nating palaging gunitain ang mga biyaya na tinatanggap natin mula sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?
- Ano ang hiniling na gawin ng mga Israelita upang sila ay maging "tanging kayamanan" ng Diyos? (Exodo 19:5–6.) Ipaliwanag na sa Lumang Tipan "ang salitang Hebreo na pinagmulan ng salin ng *tangi* (peculiar) ay ang *segullah* na ang ibig sabihin ay 'pinahahalagahang ari-arian' o 'kayamanan' " (Russell M. Nelson, sa Conference Report, Abr. 1995, p. 44; o *Ensign,* Mayo 1995, p. 34). Ano ang maaari nating gawin upang ipakita sa Ama sa Langit na nais nating maging bahagi ng kanyang "tanging," o pinagtipanang, mga tao?
- Ano ang sinabi ng mga Israelita nang sila ay nakipagtipan sa Panginoon? (Exodo 19:8.) Anong katulad na mga tipan ang ginawa natin sa Panginoon? (Ang ating mga tipan sa pagbibinyag na susundin ang kanyang mga kautusan.) Kailan natin sinasariwa ang ating mga tipan sa Panginoon? (Kapag tumatanggap tayo ng sakramento tuwing linggo.) Bakit mahalagang sariwain at gunitain ang ating mga tipan tuwing Linggo?
- Anong sagradong pagkakataon ang ipinangako ng Panginoon sa mga Israelita kung lalabhan nila ang kanilang mga damit at gagawing dalisay ang

kanilang sarili? (Exodo 19:9–11.) Ipaliwanag na inihahanda nila ang kanilang sarili upang idulog sa Diyos.

- Pagkatapos maihanda ng mga anak ni Israel ang kanilang sarili upang makarating sa piling ng Panginoon, ano ang kanilang nakita at narinig? (Exodo 20:18, 22.)

- Ano ang ibinigay ng Panginoon kay Moises sa Bundok ng Sinai? (Exodo 24:12; 31:18.) Ano ang Sampung Utos? (Tingnan sa mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1, 2, at 3.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang Sampung Utos ay bahagi ng isang mas kumpletong espirituwal na batas na ibinigay ng Diyos kay Moises.)

  1. Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko (Exodo 20:3).
  2. Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan (Exodo 20:4).
  3. Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan (Exodo 20:8).
  4. Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin (Exodo 20:8).
  5. Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina (Exodo 20:12).
  6. Huwag kang papatay (Exodo 20:13).
  7. Huwag kang mangangalunya (Exodo 20:14).
  8. Huwag kang magnanakaw (Exodo 20:15).
  9. Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa (Exodo 20:16).
  10. Huwag kang mag-iimbot (Exodo 20:17).

- Gaano katagal si Moises sa Bundok ng Sinai? (Exodo 24:18.) Ano ang ginawa ng mga anak ni Israel habang wala siya? (Exodo 32:1–4.) Bakit kaya hiniling nila kay Aaron na gumawa ng gintong guya (calf)? Bakit kaya pinayagan ito ni Aaron?

- Sino ang sinisi ni Aaron sa kanyang mga ginawa? (Exodo 32:22–24.) Ano ang dapat nating gawin sa halip na sisihin ang iba kapag nakagagawa tayo ng mali?

- Alin sa Sampung Utos ang sinusuway ng mga Israelita sa pagsamba nila sa gintong guya (calf)? (Exodo 20:4–5.) Anong uri ng “mga larawang inanyuan” o mga diyus-diyosan ang sinasamba ng mga tao sa makabagong daigdig? (Ituro na ang ilang tao ay sumasamba sa mga diyus-diyosan na gawa sa tanso o kahoy, na katulad din ng pagsamba ng mga Israelita sa gintong guya. Subalit ang pagsamba sa diyus-diyosan ay maaaring higit pa roon. Ang isang diyus-diyosan ay maaaring anumang bagay na nagiging napakahalaga kung kaya nakukuha nito ang hindi angkop na dami ng ating panahon at kaisipan. Nagiging diyos ito sa atin. Ngayon ang ating mga huwad na diyos ay maaaring nasa anyo ng pera, mga ari-arian, pisikal na kaanyuan, libangan, o pagsamba sa mga tanyag na manlalaro, aktor, o manunugtog.)

- Ano ang naging reaksiyon ni Moises nang makita niya ang ginawa ng mga tao? (Exodo 32:19.) Bakit niya binasag ang mga tapyas (bato)? (Hindi niya

maibabahagi ang gayong sagradong mga bagay sa mga taong hindi handang tumanggap sa mga ito.) Ano ang ipinagawa ng Panginoon kay Moises pagkatapos basagin ang unang mga tapyas (bato)? (Exodo 34:1, 28.) Paalala: Ang Pagsasalin ni Joseph Smith sa Deuteronomio 10:2 ay nagpapaliwanag na ang mga tapyas (bato) na ito ay nasusulatan ng Sampung Utos, ngunit hindi na nito taglay ang "mga salita ng walang hanggang tipan ng banal na pagkasaserdote." Dahil sa kanilang kasamaan, nawalan ng pagkakataon ang mga anak ni Israel na mapasakanila ang mas matataas na espirituwal na batas.

- Paano ipinakita ni Moises ang kanyang dakilang pagmamahal sa kanyang mga tao kahit na sila ay nagkamali? (Exodo 32:30–32.) Paano ipinakita ng Panginoon ang kanyang pagmamahal sa mga Israelita? (Pagsasalin ni Joseph Smith, Exodo 32:14; ipinangako ng Panginoon na ililigtas ang mga Israelita kung pagsisisihan nila ang nagawa nilang kasamaan.)
- Paano sana pagpapalain ng pagtupad sa Sampung Utos ang mga anak ni Israel? Paano tayong pagpapalain ng pagtupad sa Sampung Utos? Bakit napakahalagang sundin ang mga kautusan? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipakita ang tsart ng Sampung Utos na tinatakpan ang ilan sa mga salita, at hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagsagot sa mga patlang. (O maaari kayong gumawa ng mga kopya ng tsart na ito para sa bawat bata, na kung saan ay wala ang ilan sa mga salita, at hayaang punan ng mga bata ang mga patlang sa kanilang sariling kopya.) Sa gayon ay maiuuwi na nila ang kanilang mga kopya upang paalalahanan sila na sundin ang Sampung Utos.
2. Maikling talakayin kung ano ang ibig sabihin ng bawat kautusan at tulungan ang mga bata na matutuhan ang mga ito sa pamamagitan ng paglalaro. Bigyan ang bawat bata ng isang bilang o mga bilang, batay sa laki ng klase, mula isa hanggang sampu. Hayaang pag-aralan nila ang kautusan na katugon ng kanilang bilang. Pagkatapos ay tawagin ang iba't ibang bilang. Kapag natawag na ang bilang ng bawat bata, ipabigkas (o ipabasa mula sa tsart) sa kanya ang kautusang iyon. Pagkalipas ng ilang ulit ay bigyan muli ng bagong bilang ang mga bata at maglarong muli.
3. Pansinin na ang lahat ng Sampung Utos ay lapat sa dalawang dakilang kautusan na ibinigay ni Jesucristo sa Mateo 22:37–40: ang mahalin ang Diyos at mahalin ang ating mga kapwa. Isulat sa pisara ang *Mahalin ang Diyos* at *Mahalin ang Kapwa*. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagbasa ng bawat kautusan mula sa Exodo 20:3–17 o mula sa tsart. Ipasulat sa kanila sa pisara ang ilang mahalagang salita mula sa bawat kautusan sa ilalim ng angkop na pamagat. Talakayin ang mga tiyak na paraan upang maipamuhay ang mga kautusang ito, at hamunin ang mga bata na pumili ng isang tiyak na paraan upang maipakita ang pagmamahal sa Diyos at upang maipakita ang pagmamahal sa kapwa sa linggong ito.

4. Ilagay ang sinulatang papel na "Pagkawala ng Kalayaan—Kalungkutan" sa isang dingding ng silid-aralan at ang sinulatang papel na "Kalayaan—Kaligayahan" sa kabila. Ipaliwanag na kahit na madalas na ginagawa ni Satanas na magmistulang masaya ang paglabag sa mga kautusan, ang lahat ng mga pagpili na ginagawa natin ay may mga kahihinatnan. Kapag sinusunod ng mga tao ang plano ni Satanas, sa una ito ay tila nagbibigay sa kanila ng higit na kalayaan. Ngunit sa patuloy nilang paggawa ng mga maling pagpili, sinisimulan silang igapos ng mga ibinubunga nito. Halimbawa, kung ang mga tao ay nagsisinungaling at nandaraya, sila ay hindi karapat-dapat na mapunta sa piling ng Diyos. Ang mga taong pumipili na sundin ang mga kautusan ay nakadarama sa una na tila hinahadlangan sila. Ngunit sa patuloy nilang paggawa ng mga tamang pagpili, ang kanilang mga buhay ay nagsisimulang mabuksan sa mas malawak na kalayaan. Halimbawa, kung ang mga kabataan ay mananatiling dalisay at malinis, sa dakong huli ay magkakaroon sila ng tanging karapatan na makapunta sa banal na templo para tanggapin ang lahat ng pagpapala ni Abraham, Isaac, at Jacob. Papiliin ang mga bata ng mga papel na nasusulatan ng mga gawa, tulad halimbawa ng "huwag magnakaw," "pigilan ang iyong galit," "manigarilyo at uminom," "magsinungaling," "manatiling dalisay at malinis," at marami pang iba.

   Batay sa kung ano ang nakasaad sa kanilang mga papel, patayuin ang mga bata sa tabi ng naaangkop na sinulatang papel at ipabasa ang gawa at ipasabi kung ano ang maaaring ibunga nito at kung bakit ito nagdudulot sa atin ng kaligayahan at kalayaan o kalungkutan at pagkawala ng kalayaan.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Sundin ang Utos" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na dahil mahal tayo ng Panginoon, tayo ay binibigyan niya ng mga kautusan. Ang pagsunod sa mga batas na ito ay nagdudulot sa atin ng kaligayahan. Maaari ninyong ibahagi ang isang pagkakataon nang makadama kayo ng kagalakan at makatanggap ng mga biyaya sa pagsunod ng isang tiyak na kautusan.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Exodo 20:1–22 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# ANG SAMPUNG UTOS

1. Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko.
2. Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan.
3. Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan.
4. Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin.
5. Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina.
6. Huwag kang papatay.
7. Huwag kang mangangalunya.
8. Huwag kang magnanakaw.
9. Huwag kang magbibintang sa iyong kapwa.
10. Huwag kang mag-iimbot.

Aralin
22

# Ang Israel at ang Ahas na Tanso

**Layunin**

Himukin ang mga bata na maging mapagpakumbaba at magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Mga Bilang 21:4–7—Sinalot ng mababangis na ahas ang Israel (mga makamandag na ahas).
   - Mga Bilang 21:8–9—Pinagawa ng Panginoon si Moises ng ahas na tanso upang pagalingin ang mga tumitingin dito.
   - 1 Nephi 17:40–42—Ginunita ni Nephi kung paano inakay ng Panginoon ang mga Israelita tungo sa lupang pangako, ngunit dahil sa katigasan ng kanilang mga puso ay maraming Israelita ang namatay sa tuklaw ng mga ahas.
   - Alma 33:18–22—Namatay ang mga Israelita dahil ayaw nilang maniwala na sila ay mapapagagaling. Kailangan tayong tumingin kay Cristo at maniwala.
   - Deuteronomio 8:1–2, 4, 7–10—Ang mga Israelita ay lumagi sa ilang sa loob ng apatnapung taon upang matuto ng kababaang-loob at pagkamasunurin. Kailangang maging mapagpakumbaba ang mga Israelita at alalahanin ang Panginoon, na siyang nagbigay sa kanila ng lahat ng bagay.
   - Deuteronomio 8:11–20—Binalaan ng Panginoon ang Israel na huwag siyang kalimutan at magmayabang sa kanilang sariling kapangyarihan.
   - Helaman 8:14–15—Katulad ng pag-aangat sa ahas na tanso sa isang haligi, gayundin iaangat si Cristo sa krus. Sa pamamagitan ng pagtingin natin sa kanya tayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.
   - Juan 3:14–15—Ang sinumang miyembro na naniniwala kay Jesucristo at sumusunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay hindi mamamatay kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.


3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon.
   c. Mga larawan 6-25, Si Moises at ang Ahas na Tanso (62202); 6-26, Hinuhugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Apostol (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 226; 62550); 6-27, Ang Pagpapako sa Krus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230; 62505); at 6-28, Ang Ikalawang Pagparito (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 238; 62562).


**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Bago magklase turuan ang isa sa mga bata kung paano gawin ang sumusunod na palaisipan. Bigyan ang bawat bata ng papel at lapis. Hilingin na magdrowing sila ng tatlong pantay-pantay na hanay ng mga tuldok na may tatlong tuldok sa bawat hanay—siyam na tuldok lahat. Hilingin sa mga bata na magsimula sa bandang itaas ng kaliwang bahagi at gumuhit ng apat na tuwid na linya sa lahat ng siyam na tuldok nang hindi iniaangat ang kanilang mga lapis. Pagkatapos na subukan ng mga bata na pagdugtungin ang mga tuldok, hayaan ang bata na tinuruan ninyo na siyang magpaliwanag sa ibang bata kung paano ito ginagawa sa pamamagitan ng pagsunod sa nakalakip na paglalarawan.






Ipaliwanag na dahil hindi maisip ng mga bata kung paano gagawin ang palaisipan, kinailangan na maturuan sila ng iba. Maaari tayong matuto sa isa't isa. Ang kagustuhang matuto mula sa iba ay pagpapakumbaba. Ang isang mapagpakumbabang tao ay hindi nahihiyang tumanggap ng tulong at kaalaman mula sa iba. Ang isang mapagpakumbabang tao ay madaling turuan.

Ipakita ang larawan ni Jesus na hinuhugasan ang mga paa ng mga Apostol. At basahin at talakayin ang pangyayari sa Juan 13:3–5, 8–9, at 12–15. Ipaliwanag na kahit si Jesus ang pinuno at pinakamahalagang tao roon, siya ay lumuhod at hinugasan ang mga paa ng ibang tao. Isulat sa pisara ang salitang *Kababaang-loob.* Ipaliwanag na si Cristo ay nagpakita ng kababaang-loob sa paglilingkod niya sa kanyang mga Apostol. Ang isang mapagpakumbabang tao ay naglilingkod sa iba at tumatanggap ng paglilingkod mula sa iba.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa mga Israelita at sa ahas na tanso noong nasa ilang sila, mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na ang pagtingin sa ahas na tanso para maligtas ay sagisag ng pagtingin kay Cristo para sa kaligtasan.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin

sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Gaano katagal naglakbay sa ilang ang mga Israelita? (Deuteronomio 8:2.) Bakit pinanatili ng Panginoon ang mga Israelita nang gayon katagal sa ilang? Ano ang dapat na maging hitsura ng lupang pangako? (Deuteronomio 8:7–9.) Ano ang babala ng Panginoon sa mga tao na maaaring mangyari sa kanila sa pagtira sa gayong uri ng lupain? (Deuteronomio 8:11–14, 17–18.) Sa situwasyong ito ano ang ibig sabihin ng pagmamataas ng inyong puso? (Maging palalo at mapagmayabang at aangkinin ang papuri para sa mga biyaya na ibinigay ng Panginoon.) Bakit kaya sa palagay ninyo kinailangan na maging mas mapagpakumbaba pa ang mga Israelita? Ano ang mga katangian ng mapagpakumbabang tao? Paano tayo magiging mapagpakumbaba? (Tingnan sa mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 at 2.)
- Bakit nagpadala ang Panginoon ng mababangis na ahas (makamandag na mga ahas) upang tuklawin ang mga Israelita? (Mga Bilang 21:5–6; kahit na naglaan ng pagkain ang Panginoon para sa mga Israelita, sila ay nagreklamo dahil sa napakatagal na nila sa ilang at sawa na sa pagkain ng mana.) Kapag nalulungkot tayo sa mahihirap na pangyayari na nagaganap sa atin, ano ang maaari nating gawin upang bumuti ang pakiramdam? (Ituro na ang isang bagay na makatutulong sa atin upang bumuti ang ating pakiramdam ay ang paggunita kung paano tayo pinagpala ng Panginoon.) Ano ang ilan sa mga bagay na ginawa ng Panginoon upang pagpalain ang mga Israelita? (Deuteronomio 8:4, 14–16.) Paano tayong pinagpapala?
- Ano ang sinabi ng Panginoon na gawin ni Moises pagkatapos niyang manalangin tungkol sa mga ahas? (Mga Bilang 21:8–9.) Ano ang kinailangan ng mga tao na gawin upang gumaling? Bakit namatay pa rin ang ilang tao sa tuklaw ng mga ahas? (1 Nephi 17:41; Alma 33:20; ang mga namatay ay nagmatigas sa kanilang mga puso at hindi nagkaroon ng pananampalataya na ang gayon kasimpleng bagay ay makapagpapagaling sa kanila.) Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng matigas na puso? (Maging palalo sa halip na magpakumbaba at tumangging maniwala at sumunod sa Panginoon.)
- Ang mga anak ni Israel ay kailangang tumingin sa ahas na tanso upang gumaling. Ano ang isinagisag ng ahas na tanso? (Juan 3:14–15.) Paanong iniangat si Cristo? (Si Cristo ay itinaas sa krus at ipinako upang maligtas tayo.) Paano tayong titingin kay Cristo upang espirituwal na maligtas? (Makilala siya sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at ng mga aral ng mga pinuno ng Simbahan at mga magulang; magkaroon ng pananampalataya sa kanya; magsisi; magpabinyag; sumunod sa kanyang mga kautusan, at magpakumbaba.)
- Ano ang ilan sa mga bagay na ginawa ni Jesus na nagpapakita ng kanyang kababaang-loob? (Hinugasan niya ang mga paa ng kanyang mga disipulo; bininyagan siya, kahit na hindi siya nagkasala; may pagmamahal at pagkahabag siya sa lahat, pati na sa mga makasalanan; pinapurihan niya ang Ama sa Langit para sa lahat ng mabubuting bagay na kanyang ginawa; pinatawad niya ang kanyang mga kaaway; at nagdusa siya para sa ating mga kasalanan at namatay para sa atin.)
- Ano ang ilan sa mga biyaya na ipinangako sa mga mapagpakumbaba? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Paano magiging

mapagpakumbaba ang isang taong binigyan na ng maraming bagay, gaya ng kayamanan o kagandahan o mga talino? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Ano ang ibig sabihin ng madaling turuan?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Habang binabasa ninyo ang sumusunod na mga salita, ipataas sa mga bata ang kanilang mga hinlalaki kung ang salita ay naglalarawan sa isang taong mapagpakumbaba at ipababa ang kanilang mga hinlalaki kung ang salita ay naglalarawan sa isang tao na hindi mapagpakumbaba.

| Mapagpakumbaba: | Hindi Mapagpakumbaba: |
|---|---|
| madaling turuan | palalo |
| may tiwala sa sarili | binibigyang matwid ang sarili |
| maalalahanin | suplado/suplada |
| matulungin | mapagmayabang |
| magalang | mapagpasikat |
| mapagpaumanhin | makasarili |
| maunawain | mapintasin |
| mapagpasalamat | matigas ang puso |
| masunurin | hindi nagbabago |
| maamo | sakim |

2. Ipasadula sa mga bata o ipatalakay ang ilan sa mga sumusunod na situwasyon at pagkatapos ay alamin kung sino ang mapagpakumbaba sa bawat sitwasyon:

   a. Isang taong nagsasalita habang kumakain, na hindi nagbibigay ng pagkakataon sa iba upang magsalita.

   b. Isang kuya na nagsasabi sa kanyang nakababatang kapatid na babae na, “Magandang ideya iyan; hindi ko naisip iyan ah.”

   c. Isang taong nagsasabing, “Sige, kailangan ko pala talaga ng tulong; mahirap nga palang ibaon nang tuwid ang isang pako.”

   d. Isang tao na nagpipilit na malinis ang kanyang silid at tumatangging linisin ito kahit na sinasabi ng kanyang mga magulang na napuna nilang maalikabok ito at marumi.

   e. Isang tao na natalo sa paglalaro ng tenis at matapat na sinabi sa nanalo na, “Maraming salamat sa laro. Mahusay kang manlalaro.”

   f. Isang tao sa paaralan na iniisip na, “Hindi ko kailangang makinig; alam ko na naman ang lahat ng ito.”

   g. Isang ate na tumutulong sa kanyang nakababatang kapatid na lalaki na laruin ang simpleng laro, kahit na iba ang gusto niyang laruin.

   h. Isang guro sa Primarya na nagsasabing, “Hindi ko alam ang sagot sa tanong na iyan; pag-aaralan ko pang mabuti at mananalangin na sana ay maunawaan ko.”

i. Isang tao na ipinagmamayabang ang kanyang mga ari-arian at tumatangging makipaglaro sa mga batang hindi kasingganda ng kanyang damit ang suot.

j. Isang taong nagyayabang sa lahat ng mabubuting bagay na nangyayari sa kanya.

k. Isang tao na kapag nahilingang magbigay ng pananalita ay nagsasabing, "Oo, gagawin ko. Mahirap para sa akin, ngunit maghahanda ako at gagawin ko ang lahat sa abot ng aking makakaya."

3. Upang matulungan ang mga bata na maunawaan ang ilan sa mga biyaya na ipinangako ng Ama sa Langit sa mga mapagpakumbaba, ipatugma sa kanila ang sumusunod na mga pangako at mga sanggunian sa banal na kasulatan. Bigyan ang bawat bata ng isang banal na kasulatan bilang takdang-aralin, at ipabasa nang tahimik sa mga bata ang ibinigay sa kanilang mga banal na kasulatan. Pagkatapos ay basahin nang malakas ang mga pangako sa hanay sa kanan at itugma ang pangako sa talata nito.

| Mga Banal na Kasulatan: | Mga Pangako sa Mapagpakumbaba: |
|---|---|
| a. II Mga Cronica 7:14 | Kung tatalikuran natin ang kasalanan, diringgin ng Diyos ang ating mga panalangin at patatawarin ang ating mga kasalanan. |
| b. Mateo 18:4 | Maaari tayong maging dakila sa kaharian ng langit. |
| c. Doktrina at mga Tipan 1:28 | Maaari tayong palakasin at makatanggap ng kaalaman. |
| d. Doktrina at mga Tipan 112:10 | Gagabayan tayo ng Panginoon at sasagutin ang ating mga panalangin. |

4. Hilingin sa mga bata na isulat sa isang piraso ng papel ang ilan sa kanilang mga talino. Itanong kung puwede tayong magkaroon ng maraming talino at maging mapagpakumbaba rin naman. Ipaliwanag na ang bawat isa sa atin ay binigyan ng mga talino na dapat na palaguin. Ang ilang tao ay nais angkinin ang papuri para sa kanilang mga talino, na iniisip na sila lamang ang nagsikap para mapagbuti ang mga ito. Minamaliit naman ng ibang tao ang kanilang sarili, na sinasabing wala silang mga talino. Ang tunay na pagpapakumbaba ay hindi pagmamaliit o pagbabalewala sa ating mga kakayahan. Ito ay pagtingin sa ating sarili tulad ng pagtingin sa atin ng Diyos na bilang mga anak Niya, tayo ay binigyan niya ng lahat ng mayroon tayo. Ang bawat isa sa atin ay biniyayaan ng maraming talino.

   Gawin ang sumusunod na mga sinulatang piraso ng papel bago magklase:

| |
|---|
| Wala akong mga kaloob o mga talino. |

| |
|---|
| Ang aking mga talino ay galing sa aking sariling pagsisikap at hindi kaloob ng Ama sa Langit. |


| |
|---|
| Alam kong ibinigay sa akin ng Ama sa Langit ang aking mga talino, at kailangan ko ang tulong niya para mapaunlad ang mga ito. |


Isulat ang bawat isa sa mga sumusunod na salita sa magkakahiwalay na piraso ng papel:

| | | |
|---|---|---|
| *Mapagpakumbaba* | *Matatakutin* | *Suplado/Suplada* |
| *Mapagpasalamat* | *Nasisiraan ng Loob* | *Mapagmayabang* |
| *Hindi mapagpasalamat* | *Sakim* | *Tapat* |

Pataob na ilagay ang mga papel sa tatlong hanay sa sahig. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa paghahagis ng maliit na bag ng bins sa isa sa mga papel. Pagkatapos ay sama-sama ninyong pagpasiyahan kung aling saloobin ang pinakamainam na inilalarawan ng bawat salita at bakit.

5. Ang isang mapagpakumbabang tao ay hindi naiinggit sa mga tagumpay at talino ng iba kundi nagagalak sa mga tagumpay ng ibang tao. Gumawa ng isang kopya ng sumusunod na mga hugis at gupitin ang mga ito. Ilagay ang hugis na may pamagat na “Aking Sarili” sa sahig; pagkatapos ay ilagay ang hugis na may pamagat na “Ibang Tao” sa ilalim nito mismo. Itanong kung aling hugis ang mas malaki. Pagbaligtarin ang posisyon ng mga hugis at itanong kung alin ang tila mas malaki. Pagkatapos ay pagtabihin ang dalawang hugis upang ipakita na sa katunayan ay magkasinglaki ang dalawa. Ituro na walang sinumang tao ang mas mahalaga kaysa sa kanyang kapwa, kahit na kung minsan ay tila nakahihigit siya. Tulungan ang mga bata na maunawaan na tayong lahat ay mga anak ng Diyos at pantay-pantay ang kahalagahan.



Basahin at talakayin ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley, ang ikalabinlimang Pangulo ng Simbahan:

"May kabanalan sa kaibuturan ng bawat isa sa inyo. . . . Ang bawat isa sa inyo ay pinagkalooban ng inyong Ama sa Langit ng malaking kakayahan na gumawa ng kabutihan sa daigdig. . . .

"Maaaring madama ng ilan sa inyo na hindi kayo kaakit-akit . . . na tulad ng nais ninyong mangyari. Paglabanan ninyo ang gayong mga damdamin. . . .

"Hindi kayo kailangang makadama kailanman na mas mababa kaysa sa iba. Hindi kayo kailangang makadama kailanman na ipinanganak na walang mga talino o walang mga pagkakataon upang maipahiwatig ang mga ito. Pagyamanin ang anumang talino na nasa inyo, at ang mga ito ay lalago . . .

"Bilang pagbubuod, lalo pang magsikap upang maging karapat-dapat sa kabanalan na taglay ng bawat isa sa inyo" ("The Light Within You," *Ensign,* Mayo 1995, p. 99).

6. Magpakita ng isang larawan ni Jesucristo. Isulat sa pisara ang *Halimbawa ni Cristo* at *Pagbabayad-sala ni Cristo.* Ipaliwanag na tumitingin tayo sa buhay at halimbawa ni Jesus upang malaman kung paano mamuhay. Tumitingin tayo sa kanyang Pagbabayad-sala upang mapatawad ang ating mga kasalanan. Ang pagtingin kay Cristo ay makatutulong sa atin na makahanap ng kaligayahan at buhay na walang hanggan. Hayaang magbahagi ang mga bata ng mga halimbawa mula sa buhay ng Tagapagligtas na maaari nating sundan. Tanungin ang mga bata kung ano ang kailangan nating gawin upang mapatawad sa ating mga kasalanan.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa "O, Tagapagligtas" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Magpakumbaba" (*Mga Himno*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang inyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagiging mapagpakumbaba at pagtingin kay Jesucristo nang may pananampalataya upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Magbigay ng patotoo na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang lahat ng bagay. Himukin ang mga bata na magpasalamat para sa mga biyayang ito.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mga Bilang 21:6–9, Juan 3:14–15, at Doktrina at mga Tipan 112:10 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Pinamunuan ni Josue ang Israel

Aralin
23

**Layunin** Tulungan ang mga bata na piliing paglingkuran ang Panginoon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Deuteronomio 34:9—Si Josue ay inordenan ni Moises na maging propeta at pinuno ng Israel.
   - Josue 1:1–3, 5–11—Sinabihan ng Panginoon si Josue na angkinin ang lupang pangako.
   - Josue 1:16–18—Si Josue ay inutusang magkaroon ng lakas ng loob.
   - Josue 2:1–24—Nagpadala si Josue ng mga espiya sa Jerico kung saan pinangalagaan sila ni Rahab. Ipinangako nilang ililigtas si Rahab at ang kanyang sambahayan.
   - Josue 3:6–17; 4:13–18—Ang mga Israelita ay tumawid sa Jordan sa tuyong lupa.
   - Josue 6:1–25—Bumagsak ang mga bakod ng Jerico at gumuho ang lungsod; tanging si Rahab at ang kanyang sambahayan ang naligtas.
   - Josue 24:14–15, 24, 31—Si Josue at ang kanyang mga tao ay nakipagtipan na maglilingkod sa Panginoon.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon.
   c. Pampiring.
   d. Mga larawan 6-29, Sinakop ni Josue ang Jerico, at 6-30, Inordenan ni Moises si Josue.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ikuwento sa mga bata ang tungkol sa mga tao na naglakbay sa isang madilim na yungib. Nang nasa pusod na ng yungib ang mga tao, ang mga ilaw ay pinatay. Sinabihan sila ng gabay na huwag mabahala; na ipinakikita lamang niya ang lubos na kadiliman. Bago sindihan ng gabay ang mga ilaw, hinilingan niyang ituro ng mga tao ang daan palabas sa yungib at manatiling nakaturo hanggang sa makakita silang muli. Nang sindihang muli ang mga ilaw, ang bawat isa ay nakaturo sa magkakaibang direksiyon. Naligaw sila ng daan sa kadiliman.

Hilingin sa isang boluntaryo na magpapiring siya upang maipakita kung gaano kadaling maligaw ng daan sa dilim (ipapikit sa bata ang kanyang mga mata upang walang maaninag na liwanag samantalang nakapiring). Hilingin sa mga bata na tumahimik silang mabuti. Paikutin nang ilang ulit ang batang nakapiring, at ilakad siya sa palibot ng silid nang ilang hakbang. Bago ninyo tanggalin ang piring, ipaturo sa bata kung nasaan ang kanyang upuan.

Tanungin ang mga bata kung gusto nilang mamuhay sa lubos na kadiliman. Ipaliwanag na ang uri ng liwanag na pinag-uusapan ninyo sa gawaing ito ay ang pisikal na liwanag, subalit mas mahalaga pa rito ang espirituwal na liwanag. Ipabasa nang malakas sa mga bata ang Juan 8:12 at 1 Nephi 12:17. Ipaliwanag na kung pipiliin nating sundin si Jesus, tayo ay mabubuhay sa liwanag, ngunit kung pipiliin nating sundin si Satanas, tayo ay mapupunta sa espirituwal na kadiliman. Hilingin sa mga bata na pakinggan ang kuwento tungkol kay Josue upang makita kung sino ang pinili niyang sundin.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa pamumuno ni Josue sa mga anak ni Israel patungo sa lupang pangako na matatagpuan sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Gamitin ang mga banal na kasulatan sa angkop na mga pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Josue samantalang naghahanda siya sa pagpasok sa lupang pangako? (Josue 1:5.) Ano ang dapat gawin ni Josue upang makatanggap ng tulong mula sa Panginoon? (Josue 1:7–8; ipaliwanag na ang aklat ng batas ay ang mga banal na kasulatan.) Ano ang iniutos na gawin ni Josue sa mga banal na kasulatan? (Josue 1:8.) Paano angkop sa atin ngayon ang payong ito?
- Bago pumasok sa lupang pangako ang mga anak ni Israel, si Josue ay apat na ulit na sinabihan na maging malakas at matapang (tingnan sa Josue 1:6–7, 9, 18). Bakit sa palagay ninyo kailangan niyang maging malakas at matapang sa partikular na panahong iyon? Bakit kailangan tayong maging espirituwal na malakas at matapang sa ngayon?
- Paano tinulungan ni Rahab ang dalawang espiya na isinugo ni Josue? (Josue 2:4–6, 15–16.) Anong tulong ang hiniling ni Rahab sa mga espiya? (Josue 2:12–13.) Ano ang sinabi ni Rahab na nagpakita ng kanyang paniniwala sa Diyos ng Israel? (Josue 2:11.) Ituro na si Rahab ay umanib sa mga Israelita pagkatapos na malipol ang Jerico. Kapwa sumulat tungkol sa kanya sina Pablo at Santiago (tingnan sa Sa Mga Hebreo 11:31; Santiago 2:24–25).
- Ano ang ginawa ng Panginoon upang ipakita sa mga anak ni Israel na ginabayan niya si Josue katulad ng kanyang paggabay kay Moises?

(Josue 3:7–8, 15–17; ipaliwanag na ang kaban ng tipan ay isang altar na maaaring buhatin na naglalaman ng mga sagradong kasulatan, kabilang na ang mga isinulat ni Moises at ang mga tapyas (bato) na naglalaman ng Sampung Utos.) Bakit mahalaga na sundin natin ang buhay na propeta?


- Ano ang kinailangang gawin ng mga saserdote bago nahati ang tubig ng Jordan? (Josue 3:13, 15–17.) Ano sa palagay ninyo ang nadama ng mga saserdote habang naglalakad sa umaapaw na ilog samantalang dala-dala nila ang kaban ng tipan? Paano natin maipamumuhay ang halimbawa ng mga saserdote? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kung minsan ay kailangan nating sumunod kahit na tila hindi tayo pinagpapala. Ang mga biyaya ay dumarating pagkatapos subukin ang ating pananampalataya at pagkamasunurin.
- Paano napasailalim sa kapangyarihan ng mga Israelita ang Jerico? (Josue 6:11–16, 20; tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.) Ano sa palagay ninyo ang nadama ng mga taong taga Jerico habang pinanonood nilang nagmamartsa ang mga Israelita sa palibot ng lungsod araw-araw? Bigyang-diin na ang mga bakod ng lungsod ay bumagsak dahil sa kapangyarihan ng Panginoon at sa pananampalataya at pagkamasunurin ng mga Israelita. Ano sa palagay ninyo ang maaaring nangyari kung hindi pinili ng mga Israelita na gawin ang mga bagay sa pamamaraan ng Panginoon?
- Ano ang ginawa ni Josue bago niya hiniling sa mga tao na piliin kung sino ang paglilingkuran nila? (Ipaliwanag na bilang propeta siya ay nagpakita ng halimbawa na susundin ng mga anak ni Israel.) Nang hilingin ni Josue sa mga anak ni Israel na piliin kung sino ang paglilingkuran nila, ano ang pinili nila? (Josue 24:15, 24, 31.) Paano natin mapaglilingkuran ang Panginoon? (Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa ating mga pinuno sa Simbahan at pagsunod sa kanilang mga salita.) Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na, "Ang katapatan sa Panginoon ay kinapapalooban din ng katapatan sa mga pinuno na kanyang pinili" ("Give the Lord Your Loyalty," *Ensign,* Mar. 1980, p. 4). Bakit hindi natin sabay na mapaglilingkuran ang Panginoon at si Satanas? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Bakit mahalaga na gumawa na tayo ngayon ng pagpili upang sundin ang Panginoon? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Magdrowing sa pisara ng mga simpleng hugis, na katulad ng sumusunod, upang mailarawan ang mga pangyayari tungkol sa pagsakop ng mga Israelita sa lungsod ng Jerico habang ikinukuwento ninyo ito:




2. Hilingan ang dalawang bata na isadula nang hindi nagsasalita (pantomime) ang mga nagbubuhat ng isang napakalaki at mabigat na bagay nang hindi ipinaririnig sa ibang bata ang inyong mga tagubilin. Paglayuin nang mga tatlong talampakan (isang metro) ang dalawang bata at patayuin sila nang magkaharap. Pagkatapos ay dapat silang magkunwari na binubuhat ang bagay, sinisikap na magkasabay na itulak ito sa isa't isa, ngunit hindi makagalaw nang pasulong o paurong. Habang nagsasadula nang hindi nagsasalita (pantomime) ang mga bata, sabihin sa klase na isang araw ay may dalawang tao na nagsikap na buhatin ang isang mabigat na bagay papasok sa pinto sa loob ng ilang minuto. Sa bandang huli, dahil sa pagod, ang mga nagbubuhat ay sumuko. Ang isang nagbubuhat ay nagsabing, "Ibinuhos ko na ang lahat ng aking lakas, ngunit sa palagay ko ay hindi ko kailanman maipapasok ito sa may pintuan." "Papasok sa pinto?" ang sabi ng isa pa. "Akala ko ba ay sinisikap nating ilabas ito!"

   Ipaliwanag na imposibleng magpunta sa dalawang direksiyon sa magkasabay na panahon. Kailangan nating piliin kung aling direksiyon ang pupuntahan natin. Tanungin ang mga bata kung bakit imposibleng sabay na sundin si Jesus at si Satanas. (Tingnan sa Mateo 6:24; Alma 5:38–40.)

3. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang sumusunod na banal na kasulatan: "Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; . . . ngunit sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon" (Josue 24:15).

4. Bago magklase ay gumawa ng isang kopya ng sumusunod na mga sinulatang piraso ng papel at idikit ang mga ito sa ilalim ng mga upuan ng mga bata:

| |
|---|
| Nananatili sa atin ang Espiritu Santo. |
| Iniiwan tayo ng Espiritu Santo. |
| Nagkakaroon tayo ng pananampalataya. |
| Nawawalan tayo ng pananampalataya. |
| Mas napaglalabanan natin ang tukso. |
| Hindi natin gaanong napaglalabanan ang tukso. |
| Nagtatamo tayo ng mga espirituwal na pagpapala. |
| Nawawala sa atin ang mga espirituwal na pagpapala. |
| Nakatatagpo tayo ng kaligayahan. |
| Nakatatagpo tayo ng kalungkutan. |

Isulat ang sumusunod na mga pamagat sa isang tsart o pisara:

*Mga Ibinubunga ng Pagsunod kay Jesucristo*
*Mga Ibinubunga ng Pagsunod kay Satanas*

Ipahanap sa mga bata ang mga sinulatang piraso ng papel at ipalagay ang mga ito sa ilalim ng tamang pamagat. Ipaliwanag na kung pipiliin nating sundin ang Panginoon ngayon ay maiiwasan natin ang maraming sakit at kalungkutan at tatanggap tayo ng higit na kaligayahan. Isang propeta sa huling araw ang nagsabi sa atin na gustung-gusto ni Satanas na nasisiraan tayo ng loob at nag-aatubili tayong gumawa ng mga pasiya dahil mas madali para sa kanya na tuksuhin tayo. Sinabi ng propeta na, "Kung hindi pa ninyo nagagawa, magpasiya na kayo na magpasiya!" (Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1976, p. 70; o *Ensign,* Mayo 1976, p. 46).

5. Talakayin at isaulo ang ikalabing-isang saligan ng pananampalataya. Ituro na binibigyan tayo ng Ama sa Langit ng kalayaang pumili sa lahat ng bagay, kabilang na ang kalayaang pumili ng kung sino ang ating sasambahin. Alam natin na maaaring sumamba ang lahat ng anak ng Panginoon ayon sa kanilang kagustuhan, subalit sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan at ng ating mga propeta, alam natin na ang tamang pagpili ay ang sambahin ang Diyos.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ang Musmos Bang Tulad Ko?" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Maagang Hanapin si Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Piliin ang Tamang Daan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Maaaring naisin ninyong patotohanan na tanging sa paglilingkod sa Panginoon tayo makahahanap ng tunay at walang hanggang kaligayahan. Ulitin ang sumusunod na kasabay ang klase: "Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; . . . ngunit sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon" (Josue 24:15). |
| Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak | Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan." |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Josue 3:13–17, 6:1–5, at 24:15 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.<br><br>Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin. |

# Gedeon

Aralin
24

**Layunin**

Ituro sa mga bata ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Panginoon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Mga Hukom 6:1–16—Si Gedeon ay tinawag upang iligtas sa pagkaalipin ang mga Israelita.
   - Mga Hukom 6:25–32—Winasak ni Gedeon ang altar ni Baal.
   - Mga Hukom 6:33–40—Binigyan ng Panginoon si Gedeon ng isang palatandaan.
   - Mga Hukom 7:1–8—Ang hukbo ni Gedeon ay binawasan at naging 300 kalalakihan.
   - Mga Hukom 7:9–23; 8:4, 11–12—Tinalo ng mga Israelita ang hukbo ng Madian.
   - Mga Hukom 8:22–23—Tumanggi si Gedeon na maging hari.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Magsulat sa magkakahiwalay na piraso ng papel ng ilang tanong na tulad ng sumusunod (tingnan sa gawaing pantawag-pansin):

   Sinulatan ng nakababata kong kapatid na babae ang aking aklat. Ano ang dapat kong gawin?
   Paano kong maipakikita ang paggalang sa aking mga magulang?
   Bakit kailangan kong tumulong sa pagpapanatiling malinis ng aming tahanan?
   Dapat ko bang pagkatiwalaan ang aking kaibigan kung nagsinungaling na siya sa akin noon?

4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Larawan 6-31, Tinalo ni Gedeon ang hukbo ng Madian.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Paupuin ang isang bata sa isang silya sa harapan ng klase. Ipaliwanag na siya ang magiging hukom. Bigyan ng isang tanong ang bawat bata (tingnan ang bahaging “Paghahanda”) upang itanong sa hukom. Pasagutin ang hukom sa bawat tanong.

Ipaliwanag na pagkatapos ni Josue ay wala nang nag-iisang naging pinuno sa Israel. Sa halip, ang mga hukom ang nagpayo, gumawa ng mga pasiya, at naglingkod bilang mga pinuno sa militar. Ang mga hukom na ito ay nagtatagumpay lamang habang umaasa sila sa Panginoon para sa patnubay.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol kay Gedeon, isa sa mga hukom ng Israel, mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na ang mga taga Madian, mga Amalecita, at iba pang mga grupo ng mga tao na nabanggit sa mga banal na kasulatan ay nanirahan sa Canaan o sa mga kalapit na pook nito at itinuring ang mga Israelita na kanilang kaaway. Gamitin ang larawan sa angkop na pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang ginawa ng mga taga Madian at ng iba pang mga grupo sa mga Israelita? (Mga Hukom 6:3–6.) Bakit hindi tinulungan ng Panginoon ang Israel sa mga suliraning ito? (Mga Hukom 6:1, 8–10.) Ano ang ilan sa iba pang mga dahilan kung bakit maaaring hindi alisin ng Panginoon ang ating mga suliranin? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Nang magpunta ang anghel kay Gedeon, ano ang itinanong ni Gedeon? (Mga Hukom 6:12–13.) Paano nakatulong sa mga Israelita ang kanilang mga pagsubok upang bumaling sa Panginoon? (Mga Hukom 6:6.)
- Sino ang sinabi ng Panginoon na magliligtas sa Israel mula sa mga Madian? (Mga Hukom 6:14, 16.) Ano ang naging reaksiyon ni Gedeon nang sabihin sa kanya ng anghel ng Panginoon na ililigtas niya ang Israel? (Mga Hukom 6:15.) Sino pa ang napag-aralan natin nitong taon na ito na nakadama ng katulad ng nadama ni Gedeon? Ipaalala sa mga bata ang mga kuwento tungkol kina Enoc (Moises 6:31) at Moises (Exodo 3:11; 4:10). Anong mga katangian ang taglay ni Gedeon na makatutulong sa kanya na magampanan ang kanyang tungkulin? (Mga Hukom 6:12; gayundin, siya ay namuhay sa paraang matatanggap niya ang gabay at patnubay ng Panginoon.)
- Ano ang sinabi ng Panginoon kay Gedeon na gawin sa altar ni Baal na itinayo ng kanyang ama at sa asera (grove) na malapit doon? (Mga Hukom 6:25–26; ipaliwanag na ang ama ni Gedeon at ang iba pa ay sumamba sa mga diyus-diyosan at nagkasala nang gamitin nila ang altar ni Baal at ang asera [grove].)
- Ano ang sinabi ni Joas sa mga kalalakihan na nagtangkang pumatay sa kanyang anak na si Gedeon? (Mga Hukom 6:31; ipaliwanag na kahit na sumamba si Joas kay Baal, natanto niya na kung tunay na diyos si Baal, ito ay may tiyak na kapangyarihan na ipananggalang ang kanyang altar.)
- Ano ang hiniling ni Gedeon na gawin ng Panginoon sa balat na lana upang malaman niya na ang Panginoon ay kasama niya? (Mga Hukom 6:37–40; ipaliwanag na si Gedeon ay hindi naghahanap ng palatandaan upang

malaman kung ang Ama sa Langit ang nag-iisang tunay na Diyos; kailangan niya ng katiyakan na siya ay sasamahan ng Panginoon sa digmaan.) Bakit sa palagay ninyo binaligtad ni Gedeon ang mga kondisyon sa palatandaan nang sumunod na gabi? (Upang malaman niya na iyon nga ay tunay na gawa ng Diyos at hindi isang pangkaraniwang pangyayari o hindi nagkataon lamang.)

- Mula sa hukbo na may 32,000 kalalakihan na nagtipon upang makipaglaban sa mga Madian ay 300 daan lamang ang ginusto ng Panginoon na lumaban sa digmaan. Paano babawasan ni Gedeon ang kanyang hukbo? (Mga Hukom 7:3, 5–7.) Bakit 300 kalalakihan lamang ang ginusto ng Panginoon? (Mga Hukom 7:2; ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *magmalaki* ay magmayabang o magmagaling. Nais ng Panginoon na magtiwala sa kanya ang mga Israelita, at hindi sa kanilang sariling lakas.) Paano maaaring nasubok nito ang pananampalataya ni Gedeon? Ano kaya ang madarama ninyo kung kayo ang nasa kalagayan ni Gedeon at gayon lamang kaunti ang inyong hukbo?
- Paano nakatulong sa mga Israelita ang mga tagubilin ng Panginoon sa pagtalo nila sa mga Madian? (Mga Hukom 7:20–22; nalito ang mga Madian at nagpatayan sila sa gitna ng kadiliman.) Ituro na dahil sa sinunod na mabuti ng mga tauhan ni Gedeon ang kanyang mga tagubilin at dahil sinunod na mabuti ni Gedeon ang mga tagubilin ng Panginoon, sila ay nagtagumpay. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Paano tayong pinagpapala sa pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit?
- Nang naisin ng mga tao ng Israel na gawing hari si Gedeon, sino ang sinabi ni Gedeon na dapat maghari sa kanila? (Mga Hukom 8:23.) Sino ang dapat nating sundin? Sino ang namumuno sa Simbahan ngayon? Ipaliwanag na tayo ay mayroong propeta at mga pinuno na pinili ng Diyos na magturo sa atin, subalit si Jesucristo ang siyang ulo ng Simbahan.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Talakayin ang sumusunod na pahayag na kasama ang mga bata:

   “Makakukuha tayo ng lakas mula sa halimbawa ni Gedeon. Maaalala ninyo kung paano hinarap ni Gedeon at ng kanyang hukbo ang napakalakas na puwersa na talagang mas nakahihigit sa kagamitan at sa bilang. . . . Ang naging bunga ng malaking digmaang iyon ay nakatala sa isang maikling pangungusap: ‘At sila’y nangakatayo, bawat isa, sa kaniyang dako . . . ’ (Mga Hukom 7:21), at sila ay nagtagumpay.

   “Ngayon, tayo ay nagkakampo laban sa pinakamalaking hanay ng kasalanan, bisyo, at kasamaan na ngayon lamang nagsama-sama sa ating harapan. Ang gayong nakatatakot na mga kaaway ay maaaring maging dahilan ng panghihina ng mga kalooban o pag-iwas sa labanan. Ngunit ang plano ng pakikidigma na kung saan tayo ay nakikipaglaban upang iligtas ang mga kaluluwa ng mga tao ay hindi atin. Ito ay inilaan . . . sa pamamagitan ng inspirasyon at paghahayag mula sa Panginoon. . . . Idinadalangin ko na ang

bawat isa sa atin ay mananatiling nakatayo sa lugar na itinalaga sa kanya, na ang pakikidigma para sa kaluluwa ng mga tao ay tunay na mapagtatagumpayan" (Thomas S. Monson, "Correlation Brings Blessings," *Relief Society Magazine,* Abr. 1967, p. 246–47).

Isipin ang ilang hamon na kinakaharap ng mga bata sa inyong klase na maituturing na ilan sa mga pakikidigma sa buhay. (Halimbawa: Natutukso kayong manigarilyo, o ang inyong paboritong koponan ay nasa telebisyon na kasabay ng oras na dapat ay nasa simbahan kayo.) Maghagis ng bag ng bins sa isa sa mga bata. Ilarawan ang isa sa mga pakikidigma sa buhay. Ipasabi sa bata kung ano ang magiging plano ng Panginoon sa pakikidigma at pagkatapos ay ipahagis muli sa guro ang bag ng bins na hawak ng bata. Magpatuloy hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang lahat ng bata. Himukin ang mga bata na sundin ang plano ng Panginoon sa pagpapasiya kung ano ang gagawin sa gayong mga situwasyon.

2. Isulat sa malalaking papel ang bawat salita mula sa sumusunod na siping-banggit: "At sila'y nangakatayo, bawat isa, sa kaniyang dako" (Mga Hukom 7:21).

   Ipamahagi ang mga papel sa mga bata nang hindi inaayos ang mga ito. Patayuin sila upang mabasa nang wasto ang mensahe. (Maaari ninyong bigyan ng dalawang magkasunod na papel ang ilan sa mga bata kung ang inyong klase ay maliit.) Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtayo sa tamang lugar ng bawat tao, katulad ng ginawa ng mga tauhan ni Gedeon, upang maisakatuparan nila ang nais ipagawa sa kanila ng Panginoon.

   Pag-usapan ang mga pagkakataon na kung kailan ay nakatayo tayo sa tamang lugar, tulad ng pagdalo sa simbahan tuwing linggo, hindi pagpunta sa mga lugar ng tukso, at marami pang iba.

3. Patayuin ang mga bata samantalang binibigyan ninyo sila ng mga tagubilin tulad ng umikot, itaas ang inyong kanang kamay, at marami pang iba. Ipalista sa mga bata ang ilan sa mga tiyak na tagubilin na ibinigay kay Gedeon (tingnan sa Mga Hukom 6:25–26 at 7:3–6). Ipaliwanag na dahil sa sinunod na mabuti ni Gedeon ang mga tagubiling ito, siya at ang kanyang hukbo ay nagtagumpay. Ituro na kung minsan ay ipinagagawa sa atin ang mga bagay na tila hindi naman mahalaga o walang katuturan para sa atin. Kung binibilinan tayo ng mga pinuno ng Simbahan o ng mga magulang na kumikilos sa katwiran, tayo ay kailangang maging masunurin at magkaroon ng pananampalataya na mahalaga at tama ang bagay na ipinagagawa sa atin.

   Maaari ninyong naisin na piliin ang isang bata na sumunod nang mabuti sa inyong mga ibinilin upang siyang maging susunod na pinuno at ulitin ang gawain.

4. Papagbanggitin ang mga bata ng mga dahilan kung bakit binibigyan tayo ng mga pagsubok ng Panginoon (halimbawa, ang paglutas sa mga ito ay nakatutulong upang tayo ay maging mas malakas at mas matatag, ang mga ito ay nakapagpapakumbaba sa atin upang bumaling tayo sa Diyos, ang mga ito ay bahagi lamang talaga ng buhay na mortal, ang mga ito ay bunga ng ating kasalanan o masasamang pasiya, at marami pang iba). Magbahagi ng angkop na sariling karanasan noong matuto kayo mula sa pakikibaka sa

isang pagsubok. Ipaliwanag na maaaring hindi alisin ng Panginoon ang ating mga suliranin, ngunit kung magtitiwala tayo sa kanya, tayo ay bibiyayaan niya ng kapanatagan at kalakasan.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ibig kong Ipamuhay ang Ebanghelyo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Sundin ang Utos" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng inyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagtitiwala sa Panginoon at sa kanyang piniling mga tagapaglingkod. Himukin ang mga bata na makinig sa propeta at sa iba pang pinuno ng Simbahan at sunding mabuti ang mga kautusan na tulad ng ginawa ni Gedeon.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Hukom 6:12–16 at 7:15–22 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
25

# Samson

**Layunin** Ituro sa mga bata na sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga tipan ay magkakaroon tayo ng espirituwal na lakas.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Mga Hukom 13:1–5, 24—Ang asawa ni Manoa ay pinangakuan ng isang anak na lalaki na siyang magsisimulang magligtas sa Israel mula sa pagkaalipin. Si Samson ay isinilang.
   - Mga Hukom 14:5–6—Si Samson ay pumatay ng isang leon sa pamamagitan lamang ng kanyang mga kamay.
   - Mga Hukom 15:3–8, 11–15, 20—Sinunog ni Samson ang mga mais (trigo) ng mga Filisteo at pinatay ang isanlibong Filisteo sa pamamagitan ng buto ng panga ng asno.
   - Mga Hukom 16:2–3—Tinangay ni Samson ang mga pinto ng pintuang-bayan.
   - Mga Hukom 16:4–20—Ipinagkanulo ni Dalila si Samson at nawala ang kanyang lakas.
   - Mga Hukom 16:21–31—Binulag si Samson at ikinulong. Winasak niya ang isang gusali, na siyang ikinamatay niya at ng 3,000 iba pa.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang malaking patpat (kung nanaisin).
   c. Larawan 6-32, Hinihila ni Samson ang mga Haligi.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Hilingan ang isang boluntaryo na ipakita kung paano palitawin ang mga kalamnan [muscles] ng kanyang braso. Hayaang subukan ito ng buong klase upang malaman kung madarama nila ang kanilang sariling mga kalamnan. Maaaring naisin ninyong hayaang magbunong-braso o maghatakan ng patpat (isang laro na kinawilihan ni Joseph Smith) ang dalawang bata.
Sa paghahatakan ng patpat, paupuin ang dalawang batang lalaki sa sahig nang magkaharap, nakatuwid ang kanilang mga paa, nakabali ang mga tuhod, at magkadikit ang mga talampakan. Pahawakin ang bawat isa sa kanila sa malaking patpat at sikaping itulak pataas ang isa sa kanila hanggang sa makatayo na siya sa kanyang mga paa.

- Paano tayong tinutulungan ng mga kalamnan? Talakayin kung ano ang nangyayari kapag iniehersisyo natin ang ating mga kalamnan at kung ano ang nangyayari kapag hindi natin ginagamit ang mga ito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang pag-ehersisyo ay tumutulong sa atin na magkaroon ng malalakas na kalamnan.
- Ipaliwanag na kailangan ding lumakas ng ating mga espiritu. Paano higit na lalakas ang ating espirituwalidad? (Sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga tipan sa pagbibinyag, pagsunod sa ating mga magulang, pananalangin, pagdalo sa simbahan, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at marami pang iba.)
- Bakit mahalaga na maging malakas ang espirituwalidad? (Upang makaiwas tayo sa tukso, magabayan ng Espiritu Santo sa ating mga pagpapasiya, at malaman ang mabuti sa masama.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan na kailangan nating magkaroon ng espirituwal na lakas tulad din ng kailangan nating magkaroon ng pisikal na lakas.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay Samson mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Gamitin ang sumusunod na mga tuntunin at impormasyon kapag tinatalakay si Samson:

- Si Samson ay tinawag ng Panginoon upang tulungang makawala ang mga Israelita mula sa mga Filisteo.
- Ang misyon ni Samson ay mangangailangan ng lakas ng katawan. Ang Panginoon ay nakipagtipan kay Samson na habang sinusunod niya ang Panginoon ay magiging malakas ang kanyang katawan. Ang mahabang buhok ni Samson (tingnan sa Mga Hukom 13:5) ay tanda ng tipan na ito.
- Bigyang-diin ang mga pagkakataon nang pinahintulutan si Samson na gamitin ang lakas ng kanyang katawan laban sa mga Filisteo sa halip na talakayin ang detalye ng kanyang pribadong buhay.
- Si Samson ay naglingkod bilang hukom sa Israel sa loob ng dalawampung taon.
- Nang tuparin ni Samson ang kanyang mga tipan siya ay biniyayaan ng kakayahan na tulungan ang kanyang mga tao, subalit nang sirain niya ang kanyang mga tipan ay nawala kapwa ang kanyang espirituwal at pisikal na lakas.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit natalo ng mga Filisteo ang mga anak ni Israel? (Mga Hukom 13:1; ituro na naging espirituwal na mahina ang mga Israelita.)

- Anong mensahe ang ibinigay ng isang anghel ng Panginoon sa asawa ni Manoa? (Mga Hukom 13:3–5.) Ano ang sinabi ng anghel na ipagagawa sa kanyang anak? Maaari ninyong naisin na ipaliwanag na ang mga Nazareo ay nakipagtipan na ihihiwalay ang kanilang mga sarili sa mga makamundong bagay at magiging banal sa Panginoon. Bilang bahagi ng tipang ito, ang bawat Nazareo ay gumawa ng panata na hindi iinom ng alak o gugupitin ang kanyang buhok (tingnan sa Mga Bilang 6:2–6, 8).
- Nang marinig ni Manoa ang sinabi ng anghel sa kanyang asawa, ano ang kanyang ginawa na nagpakita na malakas ang kanyang espirituwalidad? (Mga Hukom 13:8.) Paano makatutulong sa atin ang panalangin upang maging mas malakas ang ating espirituwalidad?
- Maraming ulit na nagamit ni Samson ang kanyang pisikal na lakas upang ipagtanggol ang kanyang sarili at makipaglaban sa mga Filisteo. Saan kinuha ni Samson ang pisikal na lakas na ito? (Mga Hukom 14:5–6; 15:13–14.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na biniyayaan ng Panginoon si Samson ng pisikal na lakas upang maisakatuparan ang kanyang misyon. Nang tuparin ni Samson ang kanyang mga tipan at naging malakas ang kanyang espirituwalidad, siya ay biniyayaan ng pisikal na lakas. Paano tayo pinagpapala kapag tinutupad natin ang ating mga tipan at kapag malakas ang ating espirituwalidad? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Ano ang inialok ng mga Filisteo kay Dalila kung tutulungan niya silang mahuli si Samson? (Mga Hukom 16:4–5.) Bakit sa palagay ninyo natutukso kung minsan ang mga tao na gumawa ng mali dahil sa pera? Paano natin maiiwasan ang matukso ng kayamanan?
- Bakit sa bandang huli ay nagpaubaya si Samson at sinabi kay Dalila ang lihim ng kanyang lakas? (Mga Hukom 16:16.) Bakit nawala ang lakas ni Samson? (Mga Hukom 16:19–20.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang lakas ni Samson ay wala naman talaga sa kanyang buhok. Ang kanyang buhok ay tanda ng kanyang tipan sa Panginoon. Nang sirain ni Samson ang kanyang tipan dahil sa pagkakasala ay binawi ng Panginoon ang kanyang pisikal na lakas. (Tingnan sa "Samson" sa *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.)
- Ano ang ginawa ng mga Filisteo kay Samson pagkatapos na siya ay mahuli? (Mga Hukom 16:21.) Sa bandang huli, nang siya ay ilabas nila mula sa kulungan para sa kanilang sariling paglilibang at pag-aalipusta, ano ang ipinanalangin ni Samson? (Mga Hukom 16:28.)
- Aling uri ng lakas ang mas mahalaga, ang pisikal o espirituwal? Bakit? Tulungan ang mga bata na maunawaan na mabuti ang maging pisikal na malakas, ngunit mas mahalaga ang maging malakas ang espirituwalidad. Ituro na hindi nagkakaroon ng pisikal na lakas ang ilang mga tao, ngunit ang sinumang nagsisikap ay magiging malakas ang espirituwalidad sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tipan at pagsunod sa mga kautusan.
- Ano ang nangyayari kapag nagiging mahina ang espirituwalidad ng mga tao? (Natutukso sila, nagkakasala sila, nawawala sa kanila ang patnubay ng Espiritu Santo, at nawawala sa kanila ang kakayahan na gampanan ang kanilang mga tungkulin at pagpalain ang iba.)

- Paano tayo magkakaroon ng malakas na espirituwalidad na kailangan natin upang mamuhay sa paraan na nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagbanggit ng isang bagay na maaari nilang gawin upang maging mas malakas ang espirituwalidad, katulad ng pagdalo sa simbahan, paggawa ng isang bagay na kanais-nais para sa iba, pananalangin araw-araw, pagiging tagapamayapa sa tahanan, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at marami pang iba. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. Kapag nabanggit na nila ang lahat ng maaari nilang banggitin, bigyan ang bawat bata ng lapis at papel na may pamagat na "Mas lalakas pa ang aking espirituwalidad sa pamamagitan ng:" at ipasulat sa kanila ang isa o higit pa na mga "espirituwal na kalamnan" na gusto nilang "ihersisyo," o mga ideya na gusto nilang isagawa, sa darating na linggo. Himukin sila na ilagay ang papel sa lugar na kung saan madalas nilang makikita ito.

2. Gamit ang mga ideya na nakalista sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1, hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpili ng isa. Maaaring isadula nila ito nang hindi nagsasalita (pantomime) o idrowing ito sa pisara at pahulaan sa iba kung aling ideya ang kanilang inilalarawan.

3. Paalalahanan ang mga bata na si Samson ay gumawa ng tipan sa Panginoon ngunit hindi niya tinupad ito.

   - Anong mga tipan ang ginawa ninyo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo nang kayo ay binyagan? (Tingnan sa Mosias 18:8–10.) Talakayin kung paano makatutulong sa atin ang pagtupad sa mga tipan na ito upang maging malakas ang ating espirituwalidad. Maaari ninyong naising ituro na ang mga bata ay gagawa din ng mga tipan kapag nagpunta sila sa templo, na ang paggawa at pagtupad sa mga tipang ito ay nagdudulot ng malaking espirituwal na kalakasan sa ating buhay, at ang mga bata ay makapaghahanda na ngayon para sa dakilang biyayang ito sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tipan na ginawa na nila.

4. Bago magklase ay tukuyin ang isang kalakasan na napansin ninyo sa bawat bata. Sulatan ang bawat isa na bumabanggit ng tungkol sa kalakasang ito, tulad ng, "Mahal kong __________ , ikaw ay matatag sa pagdalo sa Primarya linggu-linggo." Ang iba pang mga ideya ay maaaring kabilangan ng:

   Pagiging mabait sa iba
   Pagbabahagi ng iyong patotoo
   Pagtulong sa iyong mga magulang
   Pagiging tagapayapa
   Pagiging mabuting kaibigan
   Pagbabasa ng mga banal na kasulatan

Ituro na lahat tayo ay may iba't ibang uri ng kalakasan. Kailangan tayo ng ating Ama sa Langit at gusto niyang gamitin natin ang mga kalakasang ito upang paglingkuran siya at paglingkuran din ang iba. Basahin nang malakas ang mga inihanda ninyong maikling liham, nang hindi binabasa ang mga pangalan, at pagkatapos ay ibigay ang mga ito sa mga bata. Tulungan ang mga bata na malaman na ang mga ito ay ilan lamang sa maraming ipinagkaloob na kalakasan sa kanila ng Ama sa Langit. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na magbanggit ng ibang mga kalakasan na napupuna nila sa mga miyembro ng klase. Himukin sila na pagbutihin pa ang mga ito at ang iba pang mga kalakasan sa darating na linggo.

5. Mamigay ng mga larawan nina Adan at Eva, Noe, Abraham, Rebeca, at marami pang iba, at ipakuwento sa mga bata kung paano naging malakas ang espirituwalidad ng mga taong ito.
6. Sa pahintulot ng pangulo ng Primarya, anyayahan ang isang miyembro ng purok o sangay upang magbahagi sa klase ng isang karanasan na nakatulong sa kanya upang maging malakas ang kanyang espirituwalidad. (Tiyaking bigyan ng takdang oras ang panauhin.)
7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ibig Kong Ipamuhay ang Ebanghelyo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Ako'y Magiging Magiting" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang inyong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagiging malakas ang espirituwalidad at ang pamumuhay nito upang balang-araw ay makabalik tayo sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mga Hukom 13:1–5, 24; 15:20; at 16:25–30 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ruth at Noemi

Aralin
26

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na naising sundin ang halimbawa ng mga matwid na tao at sila mismo ay maging mabubuting halimbawa.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Ruth 1:1–5—Si Noemi at ang kanyang mag-anak ay lumipat sa Moab. Namatay ang kanyang asawa at mga anak na lalaki.
   - Ruth 1:6–22—Lumagi si Ruth sa piling ni Noemi nang magbalik si Noemi sa Bet-lehem.
   - Ruth 2—Si Ruth ay namulot sa bukid ni Booz.
   - Ruth 4:9–17—Pinakasalan ni Booz si Ruth at nagkaroon sila ng anak na lalaki na nagngangalang Obed.
2. Karagdagang babasahin:
   - Juan 7:42—Si Cristo ay magiging inapo ni David at isisilang sa Bet-lehem.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Ilang malalaking bakas ng paa. Bago magklase ay isaayos ang mga bakas ng paa mula sa pinto ng silid-aralan, palibot sa isang bahagi ng silid, at papunta sa kung saan uupo ang mga bata.
   c. Larawan 6-33, Namumulot si Ruth sa bukid ni Booz.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Habang papasok ang mga bata sa silid, sabihan sila na tumuntong sa mga bakas ng paa na inilagay ninyo sa sahig patungo sa kung saan sila makakaupo.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

- Ano ang tinuntungan ninyo papasok sa klase?

Ipaliwanag na tayong lahat ay nag-iiwan ng mga bakas sa ating paglalakbay sa buhay. Kung minsan ay sinusundan natin ang mga bakas ng isang tao at sinisikap na gawin ang tulad ng ginawa nila. Subalit pinagmamasdan tayo ng ibang tao, at maaaring subukan nilang sundan ang ating mga yapak. Ang lahat ng bagay na ginagawa natin ay nag-iiwan ng impresyon sa isang tao, katulad ng kung paano nag-iiwan ng bakas ang ating mga yapak sa malambot na lupa.

Kapag gumagawa tayo ng mabuting bagay, tayo ay nagpapakita ng mabuting halimbawa sa iba; kapag gumagawa tayo ng mali, tayo ay nagpapakita ng masamang halimbawa.

Sabihin sa mga bata na matututuhan nila ang tungkol sa dalawang babae na nakaalam sa kahalagahan ng kapwa pagsunod at pagiging mabuting halimbawa.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari kina Ruth at Noemi mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na sinunod ni Ruth ang mabuting halimbawa ni Noemi, at siya mismo ay nagpakita ng mabuting halimbawa na maaaring sundan ng iba.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit nilisan ni Noemi, ng kanyang asawa, at ng dalawa nilang anak na lalaki ang Bet-lehem at nagpunta sa Moab upang manirahan? (Ruth 1:1.) Ano ang nangyari samantalang naroon sila? (Ruth 1:3–5.)
- Nang lumipas na ang taggutom at nagpasiya si Noemi na magbalik sa Bet-lehem, sino ang sumama sa kanya sa pagsisimula ng paglalakbay? (Ruth 1:7.) Bakit hiniling ni Noemi na iwan siya ng kanyang mga manugang at magbalik sa kanilang mga ina? (Ruth 1:8–13.)
- Paano tumugon ang dalawang kabataang babae sa kahilingan ni Noemi? (Ruth 1:14–17.) Bakit kaya pinili ni Ruth na lumagi sa piling ni Noemi? Ipaliwanag na si Noemi ay kabilang sa sambahayan ni Israel at nauunawaan niya ang ebanghelyo. Si Ruth ay mula sa Moab, kung saan ay hindi nila sinasamba ang Ama sa Langit. Si Ruth ay hindi lamang nagpakita ng pagmamahal sa kanyang biyenan, tinanggap din niya ang ebanghelyo ni Jesucristo. Nais niyang sumunod sa mabuting halimbawa ni Noemi at sumamba sa Ama sa Langit tulad ng ginawa ni Noemi. Kaninong mabuting halimbawa ang sinisikap ninyong sundin? Paano silang nagpapakita ng mabuting halimbawa sa inyo? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Ano ang kusang-loob na ginawa ni Ruth upang may makain sila ni Noemi? (Ruth 2:2.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *mamulot* ay magpunta sa bukid matapos ang anihan at pulutin ang natira.
- Kaninong bukid namulot si Ruth? (Ruth 2:3.) Sino si Booz? (Ruth 2:1, 3.) Paano tinulungan ni Booz si Ruth sa una nilang pagkikita? (Ruth 2:15–16.) Bakit ginawa ito ni Booz para kay Ruth? (Ruth 2:11–12; ipaliwanag na ang halimbawa ni Ruth na pag-alaga kay Noemi ay nagpabatid kay Booz na si Ruth ay isang napakabuting tao.)

- Bakit lalong nadama ni Booz na tungkulin niyang tulungan si Ruth? (Ruth 3:11–13.) Kanino kayo may tungkuling tumulong? Paano ninyo matutulungan ang inyong mga magulang, mga kapatid? Paano ninyong matutulungan ang mga lolo at lola, mga tiya, tiyo, at mga pinsan?
- Anong uri ng halimbawa ang ipinakita ni Ruth sa iba? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Paano kayo magiging mabuting halimbawa sa iba? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Sino ang naging asawa ni Ruth? (Ruth 4:13. Tulungan ang mga bata na maunawaan ang impormasyon sa kabanata 4 sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa mga kaugalian ng kasal sa Israel. Dahil patay na ang asawa ni Ruth, inaasahan na pakakasalan siya ng pinakamalapit na kamag-anak na lalaki upang magkaroon siya ng mga anak. Si Booz ay hindi niya pinakamalapit na kamag-anak na lalaki. Sinabi ng kanyang pinakamalapit na kamag-anak na lalaki na ayaw niyang pakasalan si Ruth, subalit gusto naman ni Booz dahil alam niya na siya ay mabuti, mabait, at mapagmalasakit na babae.) Ano ang pangalan ng kanilang unang anak na lalaki? (Ruth 4:17.) Sino ang apong lalaki ni Obed? Ituro na ang apo-sa-tuhod ni Ruth ay si David, ang batang lalaki na nakipaglaban kay Goliath at sa bandang huli ay naging hari ng Israel, at si David ay ninuno ni Jesucristo (tingnan sa Juan 7:42).

## Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Papag-isipin ang mga bata ng mga matwid na tao na naging mabubuting halimbawa para sa kanila. Hilingin sa kanila na tukuyin ang mga nangingibabaw na katangian ng mga taong ito at isulat ang mga katangiang ito sa mga bakas ng paa na ginamit sa gawaing pantawag-pansin. Maaari ninyong naising ilapag muli sa sahig ang mga bakas ng paa upang maghalinhinan ang mga bata sa pagsunod sa mga yapak. Bigkasin ang nakasulat na katangian sa bawat bakas ng paa habang tinutuntungan ito ng bawat bata.
2. Bigyan ang bawat bata ng papel at lapis at ipabakas sa kanila ang sarili nilang paa. Ipabanggit sa kanila ang mga katangian na gusto nilang taglayin upang makapagpakita sila ng mabubuting halimbawa sa iba. Isulat ang mga katangiang ito sa pisara. Papiliin sila ng isa, o higit pa, na nais nilang pagbutihin at isulat ito sa bakas ng kanilang paa.
3. Sino ang nagpakita sa atin ng perpektong halimbawa? Kung may makukuha ay ipakita ang mga larawan ni Jesucristo na nagpapakitang tumutulong siya sa iba at talakayin kung paano natin masusundan ang kanyang halimbawa. O anyayahan ang mga bata na pumili ang bawat isa sa kanila ng pangyayari mula sa buhay ng Tagapagligtas at pag-usapan kung ano ang matututuhan natin mula rito na makatutulong sa atin upang magpakita ng mabuting halimbawa para sa iba.
4. Ibigay ang bawat isa sa sumusunod na mga banal na kasulatan sa isa o higit pang mga bata upang hanapin:

   Ruth 1:8<br>
   Ruth 1:16<br>
   Ruth 2:2

Pagkatapos ay isa-isang basahin ang mga sumusunod na pangungusap tungkol kay Ruth, at ipabasa sa isang bata ang angkop na banal na kasulatan:

Si Ruth ay mabait. (1:8)
Si Ruth ay matapat. (1:16)
Nais ni Ruth na sambahin ang Ama sa Langit. (1:16)
Si Ruth ay nagtrabahong mabuti. (2:2)

Talakayin kung paano maaaring maging isang halimbawa sa atin si Ruth. Tulungan ang mga bata na magpasiya kung alin sa mga katangian ni Ruth ang nais nilang taglayin.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang inyong pagmamahal sa Tagapagligtas at ang inyong pasasalamat sa perpektong halimbawa na ipinakita niya upang sundan natin. Ipahayag sa mga bata ang inyong pagnanais na maging mabuting halimbawa sa kanila sa lahat ng inyong ginagawa at ang inyong pag-asam na sila rin ay magiging mabubuting halimbawa. Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng kanilang pagpili ng mabubuting halimbawa na pamamarisan.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Ruth 1:16–17, 2:1–18, at 4:13–17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Samuel, ang Batang Propeta

Aralin
27

**Layunin** Himukin ang mga bata na pakinggan ang mga ipinadarama ng Espiritu Santo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - I Samuel 1:1–5, 9–11—Sina Ana at Elcana ay walang anak. Si Ana ay nanalangin na magkaroon ng isang anak na lalaki at ipinangakong ibibigay ito sa Panginoon.
   - I Samuel 1:17–28—Sinabi ni Eli kay Ana na ang kanyang panalangin ay sasagutin. Si Samuel ay isinilang, at tinupad ni Ana ang kanyang pangako sa pamamagitan ng pagdadala sa kanya sa templo.
   - I Samuel 2:18–21, 26—Ang batang si Samuel ay nagministeryo sa templo. Binasbasan ni Eli ang mga magulang ni Samuel sa pagpapahintulot sa kanya na maglingkod sa Panginoon.
   - I Samuel 3:1–10, 19–20—Tinawag ng Panginoon ang batang si Samuel.
   - Apocalipsis 3:20—Si Cristo ay nakatayo sa may pintuan, ngunit kailangan nating pakinggan ang kanyang tinig.
   - Amos 3:7—Ang Panginoon ay nakikipag-usap sa mga miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.
2. Karagdagang babasahin:
   - Moroni 7:13–17—Ang Espiritu ni Cristo ay tumutulong sa atin na malaman ang mabuti sa masama.
   - Doktrina at mga Tipan 6:23, 8:2—Ang kapayapaan ay ipinararating sa isipan bilang saksi mula sa Diyos. Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa ating mga isipan at puso.
   - Doktrina at mga Tipan 9:8–9—Pag-aralan ito sa inyong isipan; pagkatapos ay humingi ng espirituwal na pagpapatibay.
   - Alma 32:23—Ang maliliit na bata ay binibigyan ng mga salita mula sa Diyos.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan.
   c. Mga larawan 6-34, Dinadala ni Ana si Samuel kay Eli sa Templo; 6-35, Ang Batang si Samuel ay Tinatawag ng Panginoon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 111; 62498); at 6-36, Si Jesus sa Pintuan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 237; 62170).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Pagkapasok ng mga bata sa silid-aralan, pumili ng isang bata na lalabas at kakatok sa pinto. Atasan ang isang miyembro ng klase na papasukin ang bata; pagkatapos ay ipakita ang larawang Si Jesus sa Pintuan. Basahin at talakayin ang Apocalipsis 3:20. Hayaang talakayin ng mga bata kung bakit ipininta ng pintor ang labas ng pinto na walang hawakan. (Si Jesus ay naghihintay upang tulungan tayo, ngunit kailangan na tayo mismo ang magbukas ng pinto upang anyayahan siyang pumasok.) Tanungin ang mga bata kung paano nila papapasukin ang Tagapagligtas sa kanilang buhay. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang isang paraan ng pakikipag-usap ng Panginoon sa atin ay sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu. Kung makikinig tayo sa Espiritu Santo, tayo ay makatatanggap ng patnubay mula sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Sabihin sa mga bata na ang araling ito ay tungkol sa isang batang lalaki na nakarinig sa tinig ng Panginoon, nakinig, at sumunod dito.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa pagsilang at kabataan ni Samuel mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Si Ana ay nagpupunta sa templo taun-taon na kasama ang kanyang asawang si Elcana upang mag-alay ng mga hain sa Panginoon. Wala siyang anak, at sa templo ay nanangis at nanalangin siyang mabuti na bigyan ng isang anak na lalaki. Ano ang ginawang pangako ni Ana sa Panginoon habang siya ay nananalangin? (I Samuel 1:11.) Nang lisanin ni Ana ang templo pagkatapos na manalangin para sa isang anak, paano siyang inalo ni Eli? (I Samuel 1:17–18.) Paano tinupad ni Ana ang kanyang pangako sa Panginoon? (I Samuel 1:24–28.) Bakit mahalagang tuparin natin ang mga pangako na ating ginagawa?
- Ano ang dinadala ni Ana kay Samuel kapag sila ni Elcana ay nagpupunta sa templo taun-taon? (I Samuel 2:19.) Paano pinagpala si Ana pagkatapos dalhin si Samuel upang palakihin sa templo at maglingkod sa Panginoon? (I Samuel 2:20–21.)
- Sino ang kumausap kay Samuel sa kalagitnaan ng gabi? (I Samuel 3:4.) Sino ang inakala ni Samuel na tumatawag sa kanya? (I Samuel 3:5–6, 8.) Paano nalaman ni Samuel na ang Panginoon ang tumatawag? (I Samuel 3:8–9.)
- Paano tayo tumatanggap ng mga paramdam mula sa Panginoon? (Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, mga banal na kasulatan, at mga salita ng mga pinuno ng Simbahan.) Sino ang tumutulong sa atin upang malaman

kung ano ang nais ng Panginoon na gawin natin? (Ang Espiritu Santo, ating mga magulang, guro, at mga pinuno ng Simbahan.) Paano natin maihahanda ang ating sarili upang matanggap at maunawaan ang impluwensiya ng Espiritu Santo? (Panatilihing malinis ang ating mga kaisipan at kilos, tuparin ang mga kautusan, hilingin sa Ama sa Langit na iparating ang impluwensiya ng Espiritu Santo, at mag-ukol ng panahon na makinig sa Espiritu pagkatapos nating manalangin para sa patnubay. [Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.])

- Kapag may mensahe ang Panginoon para sa buong Simbahan, paano niya ito ipinararating? (Amos 3:7.) Bakit sa palagay ninyo nakipag-usap ang Panginoon kay Samuel, na isang bata? (I Samuel 3:1.) Ipinaliwanag ni Elder Harold B. Lee na sa panahong ito ay "walang propeta sa balat ng lupa na kung kanino ay maaaring ihayag ng Panginoon ang kanyang kalooban" (*"But Arise and Stand upon Thy Feet"—And I Will Speak with Thee,"* Brigham Young University Speeches of the Year [ika-7 ng Peb. 1956], p. 2). Dahil walang ibang propeta, inihanda ng Panginoon si Samuel mula sa simula ng kanyang buhay upang maging Kanyang propeta.
- Sino pa sa mga propeta ng Diyos ang tinawag mula sa kanilang kabataan? (Mormon [tingnan sa Mormon 1:2–5] at ang Propetang si Joseph Smith.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ikuwento sa klase ang isang pagkakataon nang ang isang bata (kayo o isang kilala ninyo) ay nakinig at sinunod ang mga ipinadarama ng Espiritu Santo. Maaari ninyong isalaysay ang sumusunod na totoong kuwento:

   Isang batang lalaki ang nagbibisikleta nang mabilis upang maghatid ng mga bagay. Nang walang anu-ano ay nagkaroon siya ng malakas na impresyon na tumigil. Huminto siya kaagad. Habang nakatayo siyang katabi ng kanyang bisikleta sa gilid ng daan, isang kotse ang humaharurot sa krus na daan na sana ay kinaroroonan ng batang lalaki kung hindi niya sinunod ang paramdam na ito.

   Anyayahan ang mga bata na magkuwento ng mga pagkakataon nang sila o ang isa sa kanilang mag-anak ay tumanggap ng mga impresyon mula sa Espiritu Santo na gumabay, nagbabala, o umalo sa kanila. Ipaliwanag na hindi natin kailangang makarinig ng totoong tinig; maaari tayong magkaroon ng malakas na damdamin tungkol sa isang bagay. Kapag nangyayari ito, ano ang dapat nating gawin?

2. Itanong sa mga bata ang sumusunod na tanong: Kapag dumarating ang isang impresyon o ideya, paano natin malalaman na ito ay mula sa Diyos? Isulat sa pisara o sa malaking piraso ng papel ang *Mula sa Diyos* at *Hindi Mula sa Diyos.* Pagkatapos ay isulat ang *Moroni 7:13, 16–17* at *Doktrina at mga Tipan 6:23; 9:8–9.* Basahin at talakayin sa mga bata ang mga sanggunian, at ilagay ang kanilang mga ideya sa ilalim ng angkop na pamagat.

| MULA SA DIYOS | HINDI MULA SA DIYOS |
|---|---|
| Mainit na pakiramdam sa kalooban | Pagkalito |
| Gusto ninyong gumawa ng mabuti | Gusto ninyong gawin ang mali |
| Gusto ninyong mahalin at paglingkuran ang Diyos | Ayaw ninyong sumunod kay Jesus |
| Kapayapaan sa inyong isipan | Nag-aalinlangan kayo kay Jesucristo |

3. Atasan ang isang bata na kumatawan sa batang si Samuel sa templo. Papagkunwariing si Eli ang isa pang bata, at pumili ng pangatlo upang maging tinig ng Panginoon. (Mag-ingat sa pagpili ng kakatawan sa Panginoon, at tiyakin na ang gagamiting mga salita ng batang iyon ay ang mga nakatala lamang sa mga banal na kasulatan.) Hayaang isadula ng mga bata ang pangyayari nang marinig ni Samuel ang tinig ng Panginoon (tingnan sa I Samuel 3:1–10). Ang ibang bata sa klase ay maaaring maghalinhinan sa pagbabasa ng mga talata o pangangasiwa sa pangyayari.

4. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ang Munting Tinig" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

5. Ipakita ang larawang Si Jesus sa Pintuan. Awitin o basahin ang mga salita sa "Maagang Hanapin si Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*). Hilingan ang mga miyembro ng klase na banggitin ang mga paraan ng paghahanap sa Panginoon na binanggit sa awit na ito (saliksikin ang mga banal na kasulatan, manalangin, sundin ang propeta, tuparin ang mga kautusan). Sabihin sa mga bata na sa paggawa nila ng mga bagay na ito ay inaanyayahan nila si Jesus sa kanilang buhay. Ipaawit muli sa mga bata ang awit na ito na kasabay kayo.

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi sa mga bata ang isang pagkakataon nang madama ninyo ang pagmamahal ng Tagapagligtas o nang makinig kayo sa mga ipinadarama ng Banal na Espiritu. Magpatotoo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at gabay, at habang namumuhay tayo nang matwid ay maaari nating marinig ang kanyang tinig sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang I Samuel 3:1–10, 19–20 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# David at Goliath

Aralin
28

**Layunin**

Himukin ang mga bata na hangarin ang tulong ng Ama sa Langit sa pagtatagumpay sa mga balakid.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - I Samuel 17:1–11—Ang Israel at ang mga Filisteo ay nagdigmaan. Hinamon ni Goliath ang sinumang Israelita sa pansariling labanan.
   - I Samuel 17:12–58—Pinatay ni David si Goliath. Tinalo ng Israel ang mga Filisteo.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Tatlong lapad na bato (o tatlong piraso ng papel) na matutuntungan ng mga bata, na ang bawat isa ay nasusulatan ng hamon o paghihirap na maaaring makaharap ng bata tulad ng, "Nagkasakit kayo nang mabigat at nagtagal nang ilang araw ang inyong karamdaman," "Ang ilan sa inyong mga kapitbahay ay gumagamit ng bawal na gamot, at sinisikap nilang mabuti na mapagamit ka rin ng mga ito," at "Namatay ang isang taong mahal na mahal mo."
   c. Larawan 6-37, Pinatay ni David si Goliath (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 112; 62073).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Tanungin kung nagawa na ba nilang tumuntong sa mga bato sa pagtawid sa isang sapa o pilapil. Hayaang ipakita ng isa sa mga bata kung paano gawin ito sa pamamagitan ng paggamit sa tatlong lapad na bato (o mga piraso ng papel) na inilagay ninyo sa sahig. Talakayin kung paano makatutulong sa atin ang mga batong ito, ngunit maaaring maging sanhi rin ng ating pagkatisod at pagbagsak ang mga ito kung hindi tayo maingat. Ipabasa sa bata ang nakasulat sa unang bato. Tanungin ang mga bata kung paanong isang batong katitisuran ang hamon na iyon. Pagkatapos ay itanong kung paano magiging batong matutuntungan ang hamon na iyon upang sila ay maging mas mabuting tao.

Ipagpatuloy ang talakayan sa dalawa pang bato. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga hamon sa ating buhay ay maaaring maging mga

batong katitisuran o batong matutuntungan depende sa kung paano natin ituturing ang mga ito. Kung malulungkot tayo at magagalit dahil sa mga kahirapan na ating kinakaharap sa buhay, ang mga ito ay mga batong katitisuran. Kung ituturing naman natin nang may positibong saloobin at matututo mula sa mga ito, sa gayon tayo ay magiging mas mabubuting tao at ang mga hamon ay tulad ng mga batong matuntungan natin. Maaari ninyong hayaang maghalinhinan ang mga bata sa paggamit sa mga bato bilang mga batong matutuntungan. Sabihin sa mga bata na ituturo ninyo sa kanila ang tungkol sa isang batang lalaki na nagngangalang David na nagawang gawing batong matutuntungan ang isang mabigat na hamon.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa pagpatay ni David kay Goliath mula sa I Samuel 17, na ginagamit ang larawan sa angkop na pagkakataon. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Tulungan ang mga bata na maunawaan kung paano ginamit ni David ang kanyang hamon bilang isang batong matutuntungan sa halip na batong katitisuran.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang maaaring makamtan o mawala sa mga Israelita sa pakikipaglaban kay Goliath? (I Samuel 17:8–9; ipaliwanag na nakipaglaban sila upang mapangalagaan ang kanilang kalayaan.)
- Bakit ayaw makipaglaban ng sinuman sa mga Israelita kay Goliath? (I Samuel 17:4–7.) Si Goliath ay humigit kumulang sa 9 na talampakan at 9 na pulgada ang taas (3 metro), at ang kanyang sandata ay tinatayang tumitimbang ng 150 libra (67.5 kilo). (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Bakit nasa pinangyayarihan ng labanan si David? (I Samuel 17:17–18.) Bakit nagalit kay David ang kanyang pinakamatandang kapatid na lalaki nang marinig niyang nagtatanong si David tungkol kay Goliath? (I Samuel 17:26–28.) Paanong mali ang naging paghusga ng kanyang kapatid sa kanya? Paano natin maiiwasan ang maling paghusga sa ating mga kapatid? Paano natin mapaglalabanan ang pagkainggit sa mga kalakasan at kakayahan ng iba?
- Ano ang ipinababatid sa atin ng tanong ni David na, "Wala bang dahilan?" tungkol sa kanyang pagkatao? (I Samuel 17:29.) Ipaliwanag na ang isang dahilan ay isang sitwasyon na maaaring lutasin o mapabuti ng mga tao sa pamamagitan ng pakikisali sa positibong paraan. Ano ang dahilan na tinutukoy ni David? Anong mga matwid na dahilan ang taglay ng mga batang miyembro ng Simbahan sa ngayon? (Pagbabahagi ng ebanghelyo, pagsunod sa Salita ng Karunungan, pagpapanatiling malinis ng kaisipan, pagiging mabuting halimbawa, paglilingkod sa mga nangangailangan, at marami pang iba.)

- Ano ang sinabi ni David kay Haring Saul upang makumbinsi ito na mapapatay niya si Goliath? (I Samuel 17:34–37.) Sino ang pinapurihan ni David sa pagliligtas sa kanya sa oso at sa leon? (I Samuel 17:37.) Sino ang dapat nating papurihan kapag napagtatagumpayan natin ang isang batong katitisuran?
- Paanong naghanda si Goliath sa pakikidigma? (I Samuel 17:5–7.) Anong mga sandata ang ginamit ni David? (I Samuel 17:38–40.) Ano ang taglay ni David na wala kay Goliath? (I Samuel 17:45–47; ipaliwanag na ang tunay na sandata ni David laban kay Goliath ay ang tulong mula sa Panginoon.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Kanino tayo dapat umasa kapag nahaharap tayo sa mga hamon? Ano ang dapat nating gawin upang maging karapat-dapat sa tulong na iyon? Ipaliwanag na tinutulungan tayo ng Panginoon kung ang ating mga mithiin, tulad ng kay David, ay matwid at kung kalooban ng Panginoon na mangyari ang bagay na gusto nating mangyari.
- Ano ang naging reaksiyon ni Goliath nang makita niyang papalapit si David upang makipaglaban sa kanya? (I Samuel 17:42–44.)
- Paano pinatay ni David si Goliath sa kabila ng lahat ng baluti na suot ni Goliath? (I Samuel 17:45–50.) Ipaliwanag na samantalang sinikap ni Goliath na pisikal na mapangalagaan ang kanyang sarili, pinangalagaan naman ni David ang kanyang sarili sa espirituwal. Halos ang buong katawan ni Goliath ay natatakpan ng baluti, ngunit dahil sa ang kanyang noo ay walang proteksiyon, ang kanyang pisikal na baluti ay hindi sapat upang iligtas siya. Ano ang maaaring mangyari sa atin kung hindi pangangalagaan ng ating espirituwal na baluti ang ilang bahagi ng ating katauhan? Paano natin mas espirituwal na mapangangalagaan ang ating sarili?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain sa kasalukuyan ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipakita sa mga bata ang isang tali o pisi na pinutol ninyo na may habang 9 na talampakan at 9 na pulgada (3 metro). Maaaring naisin ninyong ikabit ito sa dingding o kisame o pahawakan sa mga bata ang magkabilang dulo at hatakin ito nang tuwid upang makita nila kung gaano katangkad si Goliath. Upang tulungan silang maisip kung gaano kabigat ang baluti ni Goliath, anyayahan ang mga bata na boluntaryong pagsama-samahin nila ang kanilang mga timbang at tingnan kung gaanong pinagsama-samang timbang ang malapit sa 150 libra (67.5 kilo) na tinatayang bigat ng kanyang baluti. Hayaang ilarawan ng mga bata kung ano ang madarama nila kung makikipaglaban sila sa gayong kaaway.
2. Ipakita ang isang bato o piraso ng papel na inyong kinulayan upang magmistulang bato. Hilingin sa mga bata na iayos nang nakapabilog ang kanilang mga upuan samantalang nakatayo kayo sa gitna. Ibigay ang bato sa isa sa mga miyembro ng klase at ipapasa ang bato sa mga bata na nasa bilog habang inihihimig ninyo ang isang awit na tulad ng “Mangahas na Tama’y Gawin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*). Kapag tumigil kayo sa paghimig, pahintuin ang mga bata sa pagpapasa ng bato. Ipaliwanag na kayo si Goliath at sasabihin ninyo sa kanila ang tungkol sa isang hamon.

Ang bata na may hawak ng bato ay kailangang sumagot nang may positibong solusyon sa hamon. Maaari ninyong gamitin ang mga sumusunod na hamon o gumawa ng sariling inyo:

a. Ikaw ay may nakababatang kapatid na lalaki na tila kumukuha ng lahat ng pansin. Labis itong nagpapagalit sa iyo na parang gusto mo na siyang suntukin.

b. Ang matatalik mong kaibigan ay nagsisimulang magmura at pinagtatawanan ka dahil hindi ka nagmumura. Gusto mong tanggapin ka nila, pero alam mong mali ang magmura.

c. Nahihirapan kang pagbutihin ang iyong pag-aaral sa paaralan.

3. Ipaganap sa mga bata ang mga papel nina David at Goliath sa pamamagitan ng pagpapabasa sa isang bata ng I Samuel 17:44 at sa isa pang bata ang I Samuel 17:45. Talakayin kung paano nagmula sa pananampalataya sa Panginoon ang katapangan ni David. Ipaliwanag na tayong lahat ay may mga balakid, o mga "Goliath," sa ating buhay. Mahahadlangan ng mga ito ang ating daan tungo sa kapayapaan at kalayaan, tulad ng pagsisikap ni Goliath na hadlangan ang daan tungo sa kapayapaan at kaligayahan ng mga Israelita. Hilingin sa mga bata na pakinggan ang sumusunod na kuwento upang malaman kung anong balakid ang nakaharap ni Pangulong David O. McKay, ang ikasiyam na Pangulo ng Simbahan, noong siya ay bata pa at kung ano ang ginawa niya rito upang matagpuan ang kapayapaan.

   "Isang gabi [noong bata pa ako] . . . nagising ako at hindi nagtagal ay naguni-guni ko na may naririnig akong mga yabag ng paa sa malapit sa bintana. . . .  Napakatindi ng takot ko, dahil malalim ang aking paghinga, at tila naririnig ko ang pagtibok ng aking puso. . . .

   "Tapat sa pagpapalaki ng aking ina at sa likas na mithiin ng aking kaluluwa, humingi ako ng tulong sa Panginoon sa panalangin. Para sa akin ay isa lamang ang paraan ng pananalangin at iyon ay ang pagluhod sa tabi ng higaan. Hindi madali ang magbangon mula sa higaan at lumuhod sa kadiliman, ngunit ginawa ko iyon, at noon lamang ako nanalangin nang ganoon para sa katiwasayan at proteksiyon ng Diyos. Pagkasabi ko ng 'Amen,' ay narinig ko ang isang tinig na nagsabi nang buong linaw at noon ko lamang narinig sa aking buong buhay na, 'Huwag kang matakot, walang mananakit sa iyo.' Kaagad-agad na nawala ang lahat ng aking takot . Kaagad akong nakadama ng ginhawa at muling gumapang pabalik sa aking higaan sa matamis at mapayapang pagtulog" ("A Lesson in Faith," *Improvement Era,* Ago. 1964, p. 637).

4. Kung maaari, gumawa ng isang kopya ng larawang nasa hulihan ng aralin para sa bawat bata. Hilingin sa mga bata na pumili ng "mga Goliath," o mga hamon sa kanilang buhay na gusto nilang mapagtagumpayan at isulat ang mga ito sa higante. Pagkatapos ay papag-isipin sila ng mga paraan upang mapagtagumpayan ang kanilang mga hamon, isulat ang mga ito sa papel, at gupitin ang mga papel na ito upang magmistulang mga bato. Ipaliwanag na ang lahat ng mga hamon ay hindi mapagtatagumpayan, ngunit kung hihingin natin ang tulong ng Ama sa Langit, tayo ay bibigyan niya ng lakas

upang mapaglabanan ang mga ito. Himukin ang bawat bata na pumili ng isang hamon na maaari niyang lutasin at isama ang pananampalataya at panalangin bilang bahagi ng kalutasan.

5. Awitin o basahin na kasama ng mga bata ang mga salita sa "Mangahas na Tama'y Gawin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang inyong pasasalamat sa Ama sa Langit para sa tulong na tinanggap ninyo sa pagtatagumpay laban sa inyong personal na "mga Goliath" (maaaring naisin ninyong magbahagi ng isang karanasan). Magpatotoo na kung tayo ay mananalangin, magkakaroon ng pananampalataya, at gagawin ang ating bahagi, tayo ay tutulungan ng Ama sa Langit.


Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang I Samuel 17:44–50 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.



# David at Jonathan

Aralin
29

**Layunin** Tulungan ang mga bata na maunawaan kung paano maging isang tunay na kaibigan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - I Samuel 18:1–16—Si Jonathan, ang anak ni Haring Saul, ay naging kaibigan ni David. Nainggit si Haring Saul sa pagmamahal na ipinakita ng mga tao kay David at sinikap na patayin siya.
   - I Samuel 19:1–10—Sinikap ni Jonathan na hikayatin si Saul na huwag patayin si David.
   - I Samuel 20:1–5, 12–24, 27, 31–42—Binalaan ni Jonathan si David tungkol sa balak ni Saul. Sina Jonathan at David ay gumawa ng tipan ng pagkakaibigan.
   - I Samuel 23:14–18—Pinalakas ni Jonathan si David samantalang siya ay nagtatago kay Saul.
   - I Samuel 24:9–10, 16–20—Hindi pinatay ni Saul si David, at kinilala ni Saul ang kabutihan ni David.
   - II Samuel 1:4, 11–12—Tumangis si David sa pagkamatay nina Jonathan at Saul.
   - II Samuel 9:1–3, 6–7, 13—Tinupad ni David ang kanyang tipan ng pagkakaibigan sa pamamagitan ng pag-aalaga sa anak na lalaki ni Jonathan.

   Paalala: Ang lahat ng mga sanggunian na nagsasaad na si Saul ay may masamang espiritung mula sa Diyos ay itinama sa Pagsasalin ni Joseph Smith upang magsaad na ang masamang espiritu ay hindi sa Diyos.

2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.

3. Gumawa ng bingwit sa pamamagitan ng pagkakabit ng isang mahabang tali sa dulo ng isang patpat at sa kabilang dulo naman ng tali ay ikabit ang isang *paper clip,* ipit ng buhok, o perdible upang magsilbing taga. Gumawa ng isang alimango at ilang isda mula sa itinuping papel na ginagamit ang mga parisan na nasa hulihan ng araling ito. Lagyan ng butas ang magkabilang panig ng alimango at bawat isda upang lumusot ang taga. Sa loob ng bawat isda ay isulat ang isang katangian ng isang tunay na kaibigan, tulad ng pagiging tapat, mabait, maunawain, matulungin, hindi makasarili, handang magbahagi, nang-aalo, matapat, mapagpatawad, mapagtaguyod, at marami pang iba. Iwanang walang sulat ang loob ng alimango. (Tingnan sa gawaing pantawag-pansin.)

4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Ang bingwit, alimango, at isda na inyong ginawa.
   c. Larawan 6-38, David at Jonathan.

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Itayo ang isda at ang alimango sa sahig. Tanungin ang mga bata kung dati na silang nakapangisda na kasama ang isang kaibigan. Ipaliwanag na sa gawaing ito ng pamimingwit ay matututuhan ng mga bata ang tungkol sa pagkakaibigan. Isa-isang ipahuli sa mga bata ang isda o alimango sa pamamagitan ng pagkawit nito sa bingwit. Kapag nahuli ang isda, ipabasa sa mga bata ang katangian ng isang kaibigan na nakasulat sa isda. Isulat ang mga salita sa pisara, o idikit ang isda na nakikita ang salita sa isang tsart sa ilalim ng pamagat na "Ang Isang Kaibigan ay." Kapag nahuli ang alimango, ituro ang sumusunod na aralin tungkol sa mga alimango at magkakaibigan.

"May kamangha-manghang aralin na itinuturo ang mga naninirahan sa mga isla. Kapag nakakahuli sila ng mga alimango, inilalagay nila ang mga ito sa maliliit, at *flat* na basket. Kapag inilagay ninyo ang isang alimango sa basket, ito ay kaagad na gagapang palabas. Kung maglalagay kayo ng dalawang alimango sa loob ng basket, sa tuwing gagapang papalabas ang isang alimango, ito ay hinihilang pabalik ng isa pang alimango." Ang tunay bang kaibigan ay katulad ng mga alimango? Ang tunay na "mga kaibigan ay mga taong ginagawang mas madali ang pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo." Kung aakayin tayo ng ating mga kaibigan palayo sa tamang landas, kung sila man ay tila tanyag na tanyag, masayang kasama, o matalino, dapat nating tanungin ang ating sarili, " 'Pinadadali ba nila ang pamumuhay ng ebanghelyo? Tinutulungan ba nila akong makalabas sa basket? Sila ba ay [aalis na kasama ko kung makakasumpong ako ng patibong]?' " (Robert D. Hales, "This Is the Way; and There Is None Other Way," *Brigham Young University 1981–82 Fireside and Devotional Speeches* [1982], p. 67).

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kina David at Jonathan mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Habang nagtatalakayan ay tulungan ang mga bata na maunawaan ang mga sumusunod na punto:

- Si Saul, na ama ni Jonathan, ang unang hari ng Israel at pinahiran ng langis ng propetang si Samuel upang maging hari.
- Nang tawagin si Saul upang maging hari siya ay "isang bata at makisig: at sa mga anak ni Israel ay walang lalong makisig na lalake kaysa kaniya" (I Samuel 9:2).
- Nang maging hari na si Saul, nagsimula siyang magmahal sa kapangyarihan nang higit sa pagsunod sa mga batas ng Diyos, at dahil dito si Samuel ay nagpropesiya na ang mga anak ni Saul ay hindi magmamana sa kanyang kaharian (tingnan sa I Samuel 13:13–14; 15:26, 28).

- Pinahiran ng langis ni Samuel si David upang maging kasunod na hari ng Israel.
- Kung nanatiling matapat si Saul sa Panginoon, marahil ay mamanahin ni Jonathan ang kaharian ng kanyang ama. Ngunit si Jonathan ay hindi nagpakita ng anumang pagkainggit nang malaman niyang si David ang susunod na hari.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Sino ang nakasamang namuhay ni David matapos niyang mapatay si Goliath? (I Samuel 18:2.) Paano ipinakita ni David na siya ay tapat na kaibigan kay Haring Saul? (I Samuel 18:5.) Ano ang hinayaan ni Saul na sumira sa kanyang pakikipagkaibigan at pagmamahal kay David? (I Samuel 18:6–11.) Ano ang nadarama ng isang tunay na kaibigan sa mga tagumpay ng kanyang kaibigan?
- Ano ang naging damdamin kay David ng anak ni Saul na si Jonathan? (I Samuel 18:1, 3–4.) Bakit sinabihan ni Jonathan si David na magtago? (I Samuel 19:1–2.) Paano tinulungan ni Jonathan ang kanyang ama upang mapagtagumpayan ang damdamin nito ng pagkagalit para kay David? (I Samuel 19:4–7.) Ipinangako ni Saul kay Jonathan na hindi niya sasaktan si David. Paano sinira ni Saul ang kanyang pangako kay Jonathan? (I Samuel 19:9–10.)
- Sina Jonathan at David ay gumawa ng tipan ng pagkakaibigan at kapayapaan na magpapatuloy hanggang sa kanilang mga inapo magpakailanman (tingnan sa I Samuel 20:14–17, 42). Ano ang isang tipan? (Isang taimtim na pangako sa pagitan ng dalawa o higit pang bilang ng mga tao. Ipaalala sa mga bata ang ilan sa mahahalagang tipan na ginagawa natin sa Diyos.) Bakit sa palagay ninyo inisip nina Jonathan at David na ang kanilang pagkakaibigan ay napakahalaga upang gumawa ng tipan tungkol dito?
- Paano ipaaalam ni Jonathan kay David na ligtas nang bumalik sa korte ni Saul? (I Samuel 20:18–22.) Ano ang naging reaksiyon ni Saul sa hindi pagdalo ni David at sa pagtatanggol ni Jonathan sa kanyang kaibigan? (I Samuel 20:27, 31–33; ipaliwanag na dahil sa tindi ng kasalanan ni Saul, ay lalo pa siyang lumalayo sa Panginoon.)
- Ano ang ginawang tulong ni Jonathan kay David nang matagpuan niya itong pinagtataguan si Saul sa mga kakahuyan? (I Samuel 23:16–17.) Paano natin mapalalakas at mahihikayat ang ating mga kaibigan?
- Paano pinatunayan ni David na siya ay tapat pa rin kay Haring Saul kahit na patuloy siyang tinutugis ni Saul upang patayin? (I Samuel 24:9–10.) Ano ang dapat nating gawin kapag malupit sa atin ang ibang tao? Ano ang ginawa ni Saul nang hindi siya pinatay ni David? (I Samuel 24:16–19.)

- Ano ang ginawa ni David nang mabalitaan niyang patay na kapwa sina Jonathan at Saul? (II Samuel 1:11–12.) Nang maging hari si David, ano ang ginawa niya upang ipakita na naaalala niya ang tipan ng pagkakaibigan na ginawa nila ni Jonathan? (II Samuel 9:1, 3, 6–7, 13.)
- Paano naging tunay na kaibigan si David kay Saul kahit na hindi niya naging kaibigan si Saul? Paano ipinakita nina David at Jonathan na sila ay tunay na magkaibigan? Paano tayo magiging mga tunay na kaibigan? Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang tunay na pagkakaibigan ay lumilikha ng bigkis ng pagmamahalan. Ito ang dahilan ng pag-aalala ng mga tao sa kung ano ang nais ng isang tao na nais din naman nila. Paano natin mapagyayaman ang tunay na pagkakaibigan? Ipaliwanag na ang pinakamainam na paraan upang magkaroon ng kaibigan ay ang maging kaibigan. Paalalahanan ang mga bata na si Jesucristo ay isang tunay na kaibigan. Paano natin masusundan ang halimbawa ng pakikipagkaibigan ni Jesus?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Kung maaari, ipagamit sa mga bata ang bawat isa sa sumusunod na mga salita nang kahit isang ulit man lamang habang pinupunan nila ang mga patlang sa sumusunod na mga parapo [paragraphs]. Gumawa ng kopya ng mga parapo para sa bawat bata o isulat ang mga susing salita sa pisara at basahin ang pangungusap sa mga bata upang kumpletuhin ng buong klase.

   *hudyat*
   *tipan*
   *kaligtasan*
   *panganib*
   *mga palaso*
   *tatlong*

   Sina Jonathan at David ay pumasok sa isang __(1)__ ng pagkakaibigan, at sinabi ni Jonathan na titingnan niya kung ligtas nang magbalik o hindi si David sa korte ni Haring Saul. Pagkatapos ng __(2)__ araw si Jonathan ay magpupunta sa parang at kunwari ay magsasanay ng pagpana at magpapalipad ng __(3)__ __(4)__ sa himpapawid. Ito ay magsisilbing __(5)__ kay David. Galit pa rin si Saul kay David, at nagalit din siya kay Jonathan, na ang sariling __(6)__ ay totoong nalagay sa __(7)__ dahil ipinagtanggol niya si David. Pagkatapos makailag sa punyal na inihagis sa kanya ng kanyang ama, si Jonathan ay nagpunta sa parang at pumana ng __(8)__ __(9)__. Sabik na naghintay si David sa __(10)__ na ibibigay ni Jonathan, na sa katunayan ay isang bata ang uutusang mamulot ng __(11)__. Ang utos na "Narito, ang __(12)__ ay nangarito sa dako mo rito," ay mangangahulugan ng __13)__ para kay David, subalit ang utos na, "Narito, ang __(14)__ ) ay nangasa dako mo pa roon," ay mangangahulugan ng __(15)__. Pagkatapos na maibigay ang hudyat ng __(16)__, ang bata ay palalayuin upang makita at makausap ni Jonathan ang kanyang minamahal na kaibigan. Sa paglapit ni David kay

Jonathan mula sa lugar na kanyang pinagtataguan, siya ay yumuko nang __(17)__ beses. Matapos halikan at yakapin ang isa't isa, na siyang kaugalian noong panahong iyon, sinariwa ng dalawang lalaking ito ang kanilang __(18)__, na magpapatuloy magpakailanman sa pagitan nila at ng kanilang mga inapo. (Tingnan sa I Samuel 20:12–42.)

Susi: *hudyat*—5, 10; *tipan*—1, 18; *kaligtasan*—6, 13; *panganib*—7, 15, 16; *mga palaso*—4, 9, 11, 12, 14; *tatlong*—2, 3, 8, 17

2. Ipaliwanag na ang tunay na kaibigan ay isa na tumutulong sa inyo na maging isang mas mabuting tao at hindi kayo kailanman pinipilit na gumawa ng mga bagay na mali. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan tungkol sa mga pagkakataon na kung kailan ay naging isang tunay na kaibigan sa kanila ang isang tao at itanong kung ano ang nadama nila. Maaari rin ninyong naisin na magbahagi ng naging karanasan ninyo.

3. Ilatag ang lima o anim na piraso ng iba't ibang kulay ng mga papel upang makita ng klase ang lahat ng ito. Tanungin ang mga bata kung alin sa palagay nila ang pinakamainam na kulay at kung alin ang pinakapangit na kulay. Pagkatapos sumagot ng lahat ng bata, ipaliwanag na walang kulay na mas mainam o mas pangit sa mga ito. Magkakaiba lamang ang mga ito, at kahit na ang isang kulay ang paborito natin ay hindi nangangahulugan na hindi na mainam ang ibang kulay. Ang pagkakaiba ng mga kulay ay tumutulong sa pagpapaganda ng ating daigdig, at ang pagkakaiba sa mga tao ay higit na nakapagpapabuti rin sa ating daigdig. Hilingin sa mga bata na talakayin kung paano magkakaiba ang mga tao. Banggitin ang mga bagay na nakikita—tulad ng kulay ng buhok, kulay ng mata, edad, laki, at personalidad—subalit sikapin ding talakayin nang may pagkasensitibo ang ibang bagay.

   Maaari ninyong ipakita kung ano ang pakiramdam ng pagiging iba sa pamamagitan ng pagpapakunwari sa mga bata na sila ay nasa isang bansa na kung saan ang lahat ng bagay ay kaiba sa kanila. Ang kanilang mga kapitbahay ay kaiba ang kinakain, kaiba ang isinusuot na damit, at gumagamit ng wika na kaiba sa nakagisnan ng mga bata. Hilingan ang mga bata na gumawa ng isang bagay para sa inyo na gumagamit ng wikang dayuhan. Gamitin ang mga sumusunod na halimbawa o iba pa na nalalaman ninyo.

   Tagalog: Maaari bang tumayo ka at sabihin mo sa amin ang iyong pangalan.
   Aleman: Bitte stehen Sie auf, und sagen Sie uns wie Sie heissen.
   Pranses: Levez-vouz, s'il vous plait. Comment vous appelez-vouz?

   - Sinu-sino ang dapat nating piliin na maging kaibigan? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kung nililimitahan natin ang ating mga pakikipagkaibigan sa mga katulad lamang natin, marami ang mawawala sa atin na mga magagandang karanasan. Ipaliwanag na sa halip na iwasan ang mga kaiba sa atin, ay dapat nating gawin ang ating magagawa upang unawain sila. Dapat ay palagi tayong handa na makipagkaibigan sa mga taong katulad natin ang mga pinahahalagahan at mithiin.

4. Sabihin sa mga bata na ang isang paraan upang patatagin ang mga pagkakaibigan ay sa pamamagitan ng higit na pagkilala sa bawat isa. Upang matulungan ang mga miyembro ng klase na makilala nang mas mabuti ang bawat isa, laruin ang sumusunod.

Ipasa ang isang mangkok ng maliliit na kendi o tuyong bins. Habang ipinapasa ninyo ang mangkok, pabanggitin ang bawat bata ng isang bagay na gusto niyang gawin, pakuhanin ng isang kendi o bins, at ipapasa ang mangkok sa kasunod na bata. Patuloy na ipasa ang mangkok hanggang sa ang lahat ng bata ay magkaroon ng kahit isang pagkakataon.

Panghaliling laro: Paupuin nang pabilog ang mga bata. Laruin ang pagpapaikot ng bote sa pamamagitan ng paglalagay nang pahiga ng makipot na bote sa sahig. Magsabi ng isang bagay tungkol sa inyong sarili at paikutin ang bote. Kung kanino man nakaturo ang bibig ng bote kapag tumigil na ito sa pag-ikot, ang taong iyon ang kasunod na magsasabi ng tungkol sa kanyang sarili, at ng isa pang mabuting bagay na alam niya tungkol sa isang tao sa klase (ito ay maaaring isang bagay na natuklasan lamang nila habang naglalaro o isang bagay na alam na nila noon pa man tungkol sa taong iyon.) Ipaikot sa bata ang bote upang malaman kung sino ang susunod.

5. Pagbalik-aralan ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya at talakayin kung ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa pagiging isang tunay na kaibigan.
6. Awitin o basahin ang mga salita sa “Sinisikap Kong Tularan si Jesus” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Tayo’y Magkakaiba” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo at Hamon

Bigyang-diin na kung mapagyayaman natin ang mga katangian ng isang tunay na kaibigan, tayo ay bibiyayaan ng mga pagkakaibigan na maaaring maging walang hanggan. Hamunin ang mga bata na patatagin ang kanilang pakikipagkaibigan kay Cristo sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga kautusan at pag-alaala sa kanya sa tuwina.







Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang I Samuel 18:1–4, 20:35–40 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 30

# Haring David at Bath-sheba

**Layunin** Tulungan ang mga bata na panatilihing dalisay ang kanilang mga kaisipan at mga kilos.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - II Samuel 11:1–11, 14–17, 26–27—Pinag-imbutan ni Haring David ang asawa ni Uria, na naging dahilan upang si David ay mangalunya at pumatay.
   - II Samuel 12:1–10—Sinabi kay David ng propetang si Nathan ang tungkol sa talinghaga ng munting kordero.
   - II Samuel 12:13—Nang harapin si Haring David ay inamin niya ang kanyang mga kasalanan. (Paalala: Itinama ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang talatang ito na mababasa nang ganito, "hindi inalis ang iyong kasalanan upang hindi ka mamatay.")
   - Doktrina at mga Tipan 88:86—Pinayuhan tayo ng Panginoon na panatilihing malaya ang ating sarili sa pagkakasangkot sa kasalanan.
   - Doktrina at mga Tipan 14:7—Kung sinusunod natin ang mga kautusan at nagtitiis hanggang sa wakas, ipinapangako sa atin ng Ama sa Langit ang kanyang pinakadakilang kaloob.
2. Karagdagang babasahin:
   - Mosias 4:30—Ingatan ang inyong mga kaisipan, mga salita, at kilos at magpatuloy sa pananampalataya.
   - Genesis 39:12—Tumakas si Jose sa asawa ni Potiphar.
   - Alma 41:10—Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan.
   - Exodo 20:17—Huwag kang mag-iimbot sa asawa ng iyong kapwa.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.

   Paalala: Habang itinuturo ninyo ang araling ito, maging sensitibo sa pang-unawa ng mga bata tungkol sa mga pamantayan ng Panginoon sa moralidad. Huwag ipaliwanag ang tunay na anyo ng kasalanan ni David kay Bath-sheba. Sa halip ay maaaring sapat na ipaliwanag na sina David at Bath-sheba ay nakagawa ng mabigat na kasalanan sa paglabag sa isa sa Sampung Utos.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan.
   c. Sinulid o manipis na tali (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipabasa sa isa sa mga bata ang Doktrina at mga Tipan 88:86. Tanungin ang mga bata kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ng masangkot sa kasalanan. Patayuin sa harapan ng klase ang isang boluntaryo na nakaunat ang kanyang mga kamay sa harapan. Maluwag na itali ang kaputol na sinulid sa mga pulso ng bata. Ipaliwanag na ang sinulid na ito, na kung titingnan ay hindi naman talaga makagagapos, ay kumakatawan sa isang maruming kaisipan. Pagkatapos ay hayaang patirin ng bata ang sinulid sa pamamagitan ng biglang paghihiwalay ng kanyang mga kamay (tiyakin na ang inyong sinulid ay mapapatid ng bata). Kapag may maruming kaisipan na sumusulpot sa ating isip, dapat ay kaagad natin itong pigilan, tulad ng kung paano pinatid ng bata ang sinulid. Paikutan ng ilang hibla ng sinulid ang mga pulso ng bata, at ngayon ay pasubukan ninyong patirin niya ang sinulid (damihan ang iiikit na sinulid upang hindi niya ito mapatid). Ipaliwanag na kung hahayaan nating dumami ang maruruming kaisipan at pagnanasa, tayo ay maaaring masangkot (magapos) sa kasalanan at mahihirapan na tayong makakawala.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kina Haring David at Bath-sheba mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Paalalahanan ang mga bata na ito rin ang David na nakipaglaban kay Goliath, na naglingkod kay Haring Saul, at naging kaibigan ni Jonathan.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang nagpasimula sa pagbagsak ni Haring David? (II Samuel 11:2–3.) Ano ang ginawa ni Jose nang tuksuhin siya ng asawa ni Potiphar? (Genesis 39:12.) Ano ang maaari sanang ginawa ni David upang higit siyang maging katulad ni Jose at maiwasan ang masangkot sa kasalanan? (Ipinikit ang kanyang mga mata, tumalikod, pumasok, at nanalangin na magkaroon ng pagpipigil sa sarili.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Kapag nakakakita tayo ng mga bagay na nagpapasok ng masasamang kaisipan sa ating mga isipan, ano ang maaari nating gawin? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Saan sa mga aralin natin narinig ang salitang *mag-imbot*? (Exodo 20:17; “huwag kang mag-iimbot” ay isa sa Sampung Utos.) Ipaliwanag na ang gamit sa salitang *mag-imbot* ay naglalarawan ng matinding pagnanasa para sa isang bagay na pag-aari ng ibang tao. Paano maaaring napangalagaan si David kung sinunod niya ang kautusang ito? Ano ang maaari nating gawin kung matatagpuan natin ang ating sarili na naghahangad ng isang bagay na pag-aari ng iba? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.)


- Bagamat hindi naman si David ang mismong pumatay kay Uria, bakit may pananagutan pa rin siya sa kasalanang ito? (II Samuel 11:14–17.) Ipaliwanag na kahit na hindi mismong si David ang pumatay kay Uria, ang kanyang intensiyon ay ipapatay si Uria. Bakit sa palagay ninyo kailangan nating pigilan ang ating mga kaisipan at ating mga salita gayundin ang ating mga kilos? (Mosias 4:30.)
- Bakit sinabi ni Nathan kay Haring David ang tungkol sa talinghaga ng batang kordero? Ano ang napagtanto ni David matapos niyang marinig ang talinghaga? (II Samuel 12:13.) Ipaliwanag na hindi natakasan ni David ang parusa kahit na sinikap niyang ikubli ang kanyang ginawa (tingnan sa talababa *13b* at Doktrina at mga Tipan 132:39).
- Kapag nilalabag natin ang alinman sa mga kautusan ng Panginoon ay inaanyayahan natin ang kalungkutan sa ating buhay (tingnan sa Alma 41:10). Ano ang maaari nating gawin kapag nakagawa tayo ng mali? Sa oras ng talakayang ito ay tulungan ang mga bata na maunawaan na mahal tayo ng Ama sa Langit maging kapag nakagagawa tayo ng mali, at nais pa rin niyang manatili tayong malapit sa kanya sa pamamagitan ng panalangin. Kahit na nakagawa ng matinding kasalanan si David, siya ay nanalangin pa rin sa Diyos. At kahit na dumanas ng maraming kalungkutan si David na bunga ng kanyang mga kasalanan, siya ay hindi nakalimutan ng Diyos. Paano matutulungan ng panalangin ang isang taong nakagawa ng pagkakamali?
- Ano ang ibig sabihin ng magtiis hanggang sa wakas? Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang bawat isa sa atin ay kailangang magsikap upang manatiling matapat sa buong buhay natin. Ang mabubuting gawa at mga biyaya ni David noong bata pa ay hindi humadlang sa mga tukso sa dakong huli. Si Haring David ay kinailangan pa ring magsikap upang mapanatiling malinis ang kanyang kaisipan at puso. Anong kaloob ang ipinangako ng Panginoon sa mga miyembro ng Simbahan na tumutupad sa kanyang mga kautusan sa buong buhay nila? (Doktrina at mga Tipan 14:7.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Sa pisara o sa isang papel ay idrowing ang isang simpleng hugis ng isang tao na nakatayo sa tuktok ng isang matarik na bangin. Sabihin sa mga bata na kapag pinayagan natin na papasukin ang masasamang kaisipan, tayo ay nakabingit na mahulog sa tukso. Ang mga hindi angkop na kaisipan ay maaaring humantong sa mga hindi angkop na salita at kilos. Magdrowing ng pananggalang na bakod na rehas sa pagitan ng tao at ng gilid ng bangin. Ipaliwanag sa inyong klase na ang mga malinis na kaisipan ay tulad ng bakod na rehas sa gilid ng bangin. Hindi tayo dapat humakbang nang lampas sa bakod na rehas sa pamamagitan ng pagkakaroon ng masasamang kaisipan, sa halip ay dapat nating palitan ang masasamang kaisipan ng mga ideya na nakapagpapasigla.



2. Ipakita ang isang buto o isang pakete ng mga buto at isang prutas o gulay (o larawan nito) na magkakaiba ang uri. Tanungin ang mga bata kung ang buto ay magbubunga ng gayong prutas o gulay. Bigyang-diin na ang tanging kauri ng buto ang maaaring maging bunga nito. Ipabasa sa mga bata ang 3 Nephi 14:16–18. Ipaliwanag na ang mga kaisipan na itinatanim natin sa ating isipan ay nagbubunga ng mga salita na ating sinasabi at ng mga bagay na ating ginagawa.

3. Talakayin ang ilang paraan kung paano mahahadlangan ng mga bata ang maruruming kaisipan na maaaring pumasok sa kanilang isipan (tumalikod, iwan ang sitwasyon, palitan ang masasamang kaisipan ng mabubuting kaisipan at mga kilos, bumigkas ng panalangin, umisip ng isang awit o talata ng banal na kasulatan na nakapagpapasigla, bigkasin ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, at marami pang iba). Hamunin ang mga miyembro ng klase na paunang maghanda ng tiyak na pamalit sa isang hindi kanais-nais na kaisipan. Bigyan sila ng isang minuto upang pumili ng isang bagay na maiisip nila na nakapagpapasigla. Upang matulungan ang mga bata na magsanay ng gagawin nila kapag may masamang kaisipan na sumagi sa kanilang isip, laruin ang sumusunod.

   Ano ang Dapat Ninyong Gawin?

   Mag-isip ng mga sitwasyon, tulad ng mga sumusunod, na maaaring maranasan ng mga bata (kailangan ninyo ng sapat na bilang ng mga sitwasyon upang magkaroon ng kahit isa man lamang na pagkakataon ang bawat bata). Maghagis ng isang bag ng bins sa isang bata, ilarawan ang isa sa mga sitwasyon, ipapaliwanag sa batang iyon kung ano ang maaari niyang gawin upang maiwasan ang masasamang kaisipan, pagkatapos ay ipabalik sa bata ang bag ng bins sa inyo.

   - May narinig kang nagmura. Naisipan mo ring magmura.
   - May nagpapakita sa iyo ng mga larawan ng mga tao na hindi ayos ang pananamit. Natutukso kang tumingin.
   - May isang nagpasimula ng malaswang biro o kuwento. Gusto mong makinig.
   - Isang kaibigan ang nagkukuwento nang hindi maganda tungkol sa isang tao. Naisip mong ikalat ang tsismis.
   - Nanonood ka ng programa sa telebisyon na nagpapakita ng imoral na kilos. Tanyag ang programang ito sa iyong mga kaibigan at gusto mong panoorin ito.
   - Nagagalit ka sa isang tao at parang gusto mo siyang suntukin.
   - Nakita mo ang paborito mong kendi sa tindahan. Naisip mong nakawin ito.

4. Tanungin ang mga bata kung bakit sa palagay nila binabalaan tayo na huwag pag-imbutan ang isang bagay na pag-aari ng iba. Ipaliwanag na kapag hinayaan natin ang ating sarili na isipin na mapasaatin ang isang bagay na pag-aari ng iba, tayo ay maaaring matukso na gumawa ng mali upang makuha ito. Banggitin na ang ganitong uri ng pag-iimbot ay maaaring humantong sa pagnanakaw, pagsisinungaling, at maging pagpatay. Maaakay rin tayo nito palayo sa ebanghelyo ni Jesucristo.

   Ang isang paraan upang maiwasang hangarin ang mga pag-aari ng iba ay ang pansinin at pasalamatan ang ating sariling mga biyaya. Mamigay ng mga papel at mga lapis at hilingin sa mga bata na ilista o idrowing ang ilan sa mga bagay na kinawiwilihan at pinasasalamatan nila. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga ideya sa klase. Imungkahi na itala ng mga bata sa kanilang sariling talaarawan ang isang liham ng "pasasalamat" sa kanilang Ama sa Langit para sa mga biyayang natanggap nila.

5. Tulungan ang mga bata na isadula ang talinghaga ng propetang si Nathan tungkol sa batang kordero. Ipaganap sa mga bata ang papel ng lalaking mahirap, ng batang kordero, ng lalaking mayaman, ng manlalakbay, at ng tupa ng lalaking mayaman. Hilingin sa mga miyembro ng klase na ipaliwanag kung paano nauugnay ang kuwentong ito sa mga kilos ni Haring David. Tanungin sila kung paano ito naaangkop sa atin sa ngayon.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Sundin ang Utos" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo sa mga bata na ang malilinis na kaisipan ay humahantong sa malinis na pamumuhay, at ang malinis na pamumuhay ay humahantong sa kaligayahan. Anyayahan ang mga bata na hanapin sa kanilang buhay ang mga biyaya ng Panginoon at maging kuntento sa kung ano ang mayroon sila. Pangakuan sila na mas pagpapalain pa sila habang sinusunod nila ang mga kautusan at nagtitiis hanggang sa wakas.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang II Samuel 12:1–7 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Katalinuhan ni Haring Salomon

Aralin 31

**Layunin**

Patatagin ang pagnanais ng bawat bata na maging higit na katulad ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagiging matalino at pagkakaroon ng maunawaing puso.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - I Mga Hari 1:39—Si Salomon ay pinahiran ng langis.
   - I Mga Hari 2:1–4—Inutusan ni David si Salomon na sundin ang mga kautusan.
   - I Mga Hari 2:10, 12—Namatay si David; Si Salomon ang naging hari ng Israel.
   - I Mga Hari 3:3–15—Si Salomon ay humiling na magkaroon ng maunawaing puso.
   - II Mga Cronica 1:7–12—Si Salomon ay humiling na magkaroon ng katalinuhan at kaalaman.
   - I Mga Hari 3:16–28—Tinukoy ni Salomon kung sino ang ina ng bata.
   - I Mga Hari 4:29–30, 34—Binasbasan ng Diyos si Salomon ng katalinuhan at pang-unawa.
   - I Mga hari 5–8—Si Salomon ay nagpatayo at naglaan ng isang magandang templo.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan: Biblia para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Hilingan ang mga bata na magbanggit ng kanilang mga kahilingan na alam nilang maaari nilang hilingin sa Ama sa Langit at ibibigay niya ito sa kanila. Isulat ang mga ideya ng mga bata sa pisara.

Ipakita sa mga bata ang ilan sa mga bagay na hindi tinatablan ng tubig na maaaring sumagisag sa mga bagay ng daigdig, tulad ng isang alahas, barya, magandang bato, at marami pang iba. Ilagay ang mga bagay na ito sa isang malaking pitsel o sisidlan habang binabanggit ninyo ang tungkol sa mga ito. Talakayin kung paano ginugugol ng ilang tao ang kanilang mga pagsisikap upang mapasakanila ang mga materyal na bagay. Pagkatapos ay dagdagan ng tubig ang sisidlan upang sumasisag sa mabubuting gawa o mga espirituwal na kaloob habang tinatalakay ninyo ang mabubuting gawa na maaari nating gawin at ang mga espirituwal na kaloob na maaari nating pagyamanin, tulad

ng pagtulong sa isang miyembro ng mag-anak o kaibigan, pagkakaroon ng patotoo, pagiging matapat, o pagkakaroon ng maunawaing puso. Salain sa isang sisidlan ang laman ng unang sisidlan. Ipaliwanag na ang unang sisidlan ay sumasagisag sa buhay ng isang tao, ang salaan ay kumakatawan sa kamatayan, at ang ikalawang sisidlan ay sumasagisag sa buhay pagkatapos ng buhay na ito. Talakayin kung paanong hindi natin madadala ang mga materyal na bagay kapag tayo ay namatay, subalit madadala natin ang mga espirituwal na kaloob na ating pinagyaman at ang mabubuti nating gawa.

Tanungin ang mga bata kung alin sa mga bagay sa pisara ang sumasagisag sa mga bagay na magtatagal sa habampanahon at kung gusto nilang baguhin ang alinman sa mga binanggit nila kanina. Sabihin sa mga bata na matututuhan nila ang tungkol sa isang tao na humiling sa Diyos ng isang bagay, at pinili niya ang walang hanggan na espirituwal na kaloob sa halip na isang bagay na pansamantala at makalupa lamang.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay Haring Salomon na matatagpuan sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Sino ang susunod kay David na magiging hari ng Israel? (I Mga Hari 1:39; 2:12.) Anong payo ang ibinigay ni David sa kanyang anak na si Salomon? (I Mga Hari 2:1–3.) Paano natin maisasagawa sa ating buhay ang payong ito?
- Bakit kaya tinukoy ni Salomon ang kanyang sarili bilang "isang munting bata"? (I Mga Hari 3:7; nadama niyang hindi pa siya karapat-dapat sa tungkulin na mamuno at humatol sa kanyang mga tao.) Ano ang ginawa ni Salomon nang madama niya ang kanyang kakulangan? (I Mga Hari 3:3–9; inihanda niya ang kanyang sarili upang tanggapin ang mga espirituwal na kaloob.) Ano ang dapat nating gawin kung nahaharap tayo sa mahirap o napakalaking gawain at hindi tayo tiyak sa ating mga kakayahan? Paano tayo magiging karapat-dapat sa pagtanggap ng mga espirituwal na kaloob? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.) Paano natin mapagyayaman ang mga kaloob na ito? (Sa pamamagitan ng pag-aaral, paglilingkod, panalangin, at pagsunod sa mga ipinadarama ng Espiritu Santo.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Sino ang nagpakita kay Salomon sa isang panaginip? (I Mga Hari 3:5.) Ano ang ipinagagawa kay Salomon? Ano ang hiniling ni Salomon? (I Mga Hari 3:9, II Mga Cronica 1:10.) Bakit napakahalaga para kay Salomon ang katalinuhan at maunawaing puso? Bakit dapat maging mahalaga sa atin ang mga ito?
- Ano ang nadama ng Panginoon tungkol sa kahilingan ni Salomon? (I Mga Hari 3:10.) Ipaliwanag na nalugod ang Diyos kay Salomon nang humiling siya ng mga espirituwal na kaloob sa halip na mga kayamanan o

makasariling hangarin. Ano pa ang ibinigay ng Panginoon kay Salomon bilang karagdagan sa hiniling nito? (I Mga Hari 3:11–14.)

- Sa anong bagay naging tanyag si Haring Salomon sa sarili niyang bansa at sa iba pang mga bansa? (I Mga Hari 4:29–30, 34.) Bakit mas mahalaga ito kaysa sa makilala siya nang dahil sa mga kayamanan at kapangyarihan? Anong mga katangian na tulad ng kay Cristo ang gusto ninyong taglayin upang maging bantog sa inyong mag-anak at mga kaibigan? Ano ang maaari ninyong gawin upang magkaroon ng ganitong katangian? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Dahil nagawa ni Salomon na humatol nang matwid sa pamamagitan ng kanyang katalinuhan at pang-unawa, idinulog sa kanya ng mga tao ang kanilang mga problema. Sa isang pagkakataon, bakit inaangkin ng dalawang babae na kapwa sila ina ng buhay na sanggol? (I Mga Hari 3:16–22.) Paano nakatulong kay Salomon ang kanyang katalinuhan upang matuklasan ang tunay na ina? (I Mga Hari 3:24–27; ang pang-unawa ni Salomon ay nakatulong sa kanya upang malaman ang nararamdaman ng ina ng sanggol.) Ano ang nadarama ng iba kapag kayo ay mabait at maunawain sa kanila? Paano ninyo natulungan ang isang tao sa pamamagitan ng pagiging mabait at maunawain? Paano kayo natulungan ng isang tao sa ganitong paraan?
- Ano kaya ang ibig sabihin ng “kaluwagan ng puso”? (I Mga Hari 4:29; magpakita ng pagmamahal sa lahat at maging mabait at mapagbigay sa iba.) Paano tayo magkakaroon ng “kaluwagan ng puso” sa ating mga mag-anak? sa ating mga kaibigan?

Ano ang naisagawa ni Salomon dahil binasbasan siya ng Panginoon ng katalinuhan at pang-unawa? (I Mga Hari 3:27–28; I Mga Hari 5–8.) Ipaliwanag na maraming ginawang kabutihan si Salomon sa panunungkulan niya bilang hari. Tumanggap siya ng pahintulot mula sa Panginoon na magtayo ng isang templo sa Jerusalem, na itinayo niya mula sa mga pinakamainam na kagamitan na natipon ng kanyang amang si David, para sa layuning iyon. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Ibinahagi din ni Salomon ang kanyang katalinuhan sa iba pa. Ang karamihan sa kanyang matatalinong salawikain ay nakatala sa aklat ng Mga Kawikaan sa Biblia. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)

Sa kabila ng mga nagawang ito, sa dakong huli ay tumalikod si Salomon sa Diyos. Ginamit niya ang kanyang mga kayamanan at katalinuhan para sa kanyang sariling kaluwalhatian. Nag-asawa rin siya ng mga babae sa labas ng tipan. Ang mga babaeng ito ay sumasamba sa mga diyus-diyosan at hinikayat si Salomon na sumamba rin sa mga diyus-diyosan. Bigyang-diin na kapag binibigyan tayo ng Diyos ng kaloob, dapat nating gamitin ito sa pagluwalhati sa kanya at sa paglilingkod sa iba. Ituro ang kahalagahan ng wastong paggamit sa mga kaloob na ito sa buong buhay natin, hindi lamang habang bata pa tayo.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Isulat sa pisara ang *kaalaman, karunungan,* at *isang maunawaing puso.* Talakayin ang ibig sabihin ng bawat isa. Ipaliwanag na ang kaalaman ay nakukuha mula sa pag-aaral o karanasan; ang katalinuhan ay ang paggamit ng natutuhan natin sa pinakamabuting paraan upang gumawa ng mga tamang pagpili; at ang maunawaing puso ay nagpapahintulot sa atin na malaman kung ano ang nadarama ng iba.

   Hilingan ang mga bata na magmungkahi ng mga sitwasyon, tulad ng mga sumusunod, kung saan ay mahihiling nila sa Ama sa Langit na basbasan sila ng kaalaman, katalinuhan, o maunawaing puso:

   Ang isang nakababatang kapatid ay nasaktan o natakot.
   Nasaktan ng isang kaibigan ang iyong damdamin.
   May problema ang isang tao at humihingi ng payo sa iyo.

   Tulungan ang mga bata na matanto na makatatanggap sila ng mga kaloob kung sasaliksikin nila ang mga ito at mamumuhay nang karapat-dapat.

2. Sumangguni sa mga ideya ng mga bata na nasa pisara tungkol sa mga kaloob na maaaring hilingin nila (tingnan sa gawaing pantawag-pansin). Kung ang mga ideyang nakalista ay mga espirituwal na kaloob, talakayin kung paano pagyayamanin at gagamitin ang mga ito. Kung ang ilan sa mga ito o kaya ang lahat ng ito ay mga makamundong regalo, hayaang magmungkahi ang mga bata ng mga espirituwal na kaloob na ipapalit sa mga makamundong regalo bago talakayin ang mga ito.

3. Ipaliwanag sa mga bata na si David na ama ni Salomon ay naghangad na magtayo ng templo ngunit pinagkaitan ng pribilehiyong ito. Sa halip ay pinili ng Panginoon si Salomon upang pangasiwaan ang pitong taon na pagpapatayo. Nang matapos ang maraming palamuting templo (karamihan nito ay yari sa ginto), dinala ng mga saserdote ang kaban ng tipan, na naglalaman ng dalawang tapyas ng bato na ibinigay ng Panginoon kay Moises, "sa kabanal-banalang dako" ng gusali (I Mga Hari 8:6). Sa gayon ay napuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon ang templo (tingnan sa I Mga Hari 8:10–11), at inialay ni Salomon ang panalangin ng paglalaan (tingnan sa I Mga Hari 8:22–53.)

   Ipakita ang larawang Lugar na Pinagbibinyagan sa Templo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 504; 62031). Ituro na ngayon ang bawat templo ay may lugar na pinagbibinyagan na nakapatong sa labindalawang baka, na katulad ng templo ni Salomon. Noong panahon ni Salomon ang lugar na ito ay ginamit para binyagan ang mga buhay; sa ating mga templo ngayon ang mga lugar na pinagbibinyagan ay ginagamit upang magdaos ng mga pagbibinyag para sa mga patay.

4. Ipahanap sa mga bata ang aklat ng Mga Kawikaan sa kanilang Biblia. Ipaliwanag na ang karamihan sa mga kawikaang ito (matatalinong kasabihan) ay isinulat ni Salomon, at dahil sa kanyang dakilang katalinuhan, ang mga kasabihang ito ay makatutulong sa atin sa ngayon.

   Pumili ng ilan sa mga sumusunod na talata mula sa Mga Kawikaan at isulat ang katugon nitong mga titik sa hiwalay na mga piraso ng papel. Ilagay ang mga papel sa isang sisidlan at hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpili ng mga titik. Basahin ang kawikaan o ipahanap ito sa mga bata sa kanilang Biblia at ipabasa ito. Tulungan silang sabihin ito sa sarili nilang mga

salita. Pagkatapos ay tulungan silang magpasiya kung paano naaangkop ang mga ito sa kanila. Maaaring naisin ng mga bata na markahan ang ilan sa mga kawikaang ito sa sarili nilang Biblia.

a. "Dinggin mo ang turo ng iyong ama, at huwag mong pabayaan ang kautusan ng iyong ina" (1:8).

b. "Kung ikaw ay hikayatin ng mga makasalanan, huwag mong tulutan" (1:10).

c. "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas" (3:5–6).

d. "Mapalad ang tao na nakakasumpong ng karunungan" (3:13).

e. "Mga sinungaling na labi ay kasuklam-suklam sa Panginoon: ngunit ang nagsisigawang may katotohanan ay kaniyang kaluguran" (12:22).

f. "Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot" (15:1).

g. "Ang masayang puso ay nagpapasaya ng mukha" (15:13).

h. "Ang Panginoon ay malayo sa masama: ngunit kanyang dinidinig ang dalangin ng matuwid" (15:29).

i. "Pagkaigi nga na magtamo ng karunungan kaysa ginto!" (16:16).

j. "Ang kapalaluan ay nagpapauna sa kapahamakan, at ang mapagmataas na diwa ay sa pagkabuwal" (16:18).

k. "Mga maligayang salita ay parang pulot-pukyutan, matamis na kaluluwa at kagalingan sa mga buto" (16:24).

l. "Siyang makupad sa pagkagalit ay maigi kaysa makapangyarihan" (16:32).

m."Ang kaibigan ay umiibig sa lahat ng panahon" (17:17).

n. "Ang masayang puso ay mabuting kagamutan" (17:22).

o. "Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo: at sinumang napaliligaw sa kanya ay hindi pantas" (20:1).

p. "Ang bata man ay nagpapakilala sa kaniyang mga gawa, kung ang kaniyang gawa ay magiging malinis, at kung magiging matuwid" (20:11).

q. "Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya" (23:7).

r. "Huwag mong sabihin, Gagawin kong gayon sa kaniya na gaya ng ginawa niya sa akin" (24:29).

s. "Ang tapat na tao ay mananagana sa pagpapala" (28:20).

t. "Ang naglalagak ng kaniyang tiwala sa Panginoon ay maliligtas" (29:25).

Tulungan ang mga bata na pumili ng isa sa mga kawikaan upang isulat ito sa kanilang mga mag-anak o isaulo at ibahagi.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Magmahalan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o *Mga Himno*).

**Katapusan**

| | |
|---|---|
| Patotoo | Ipahayag ang inyong pasasalamat sa mga bata para sa mga tiyak na bagay na kung saan ay nakitaan ninyo sila ng kabaitan at pagkamaunawain sa iba. Patotohanan na habang pinagyayaman nila ang kakayahan na maging matalino at magkaroon ng maunawaing puso sa kanilang mag-anak at mga kaibigan, sila ay magiging higit na katulad ng Tagapagligtas. |
| Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak | Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan." |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang I Mga Hari 3:5–28 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.<br><br>Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin. |

# Roboam

Aralin
32

**Layunin**

Himukin ang bawat bata na maging positibong impluwensiya sa iba at labanan ang negatibo at malakas na pamimilit ng mga kasa-kasama.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - I Mga Hari 11:43—Si Roboam, na anak ni Salomon, ay naging hari.
   - I Mga Hari 12:1–5—Sinabi ni Jeroboam kay Roboam na paglilingkuran siya ng Israel kung pagagaanin niya ang kanilang mga dalahin.
   - I Mga Hari 12:6–11—Si Roboam ay humingi ng payo sa matatanda at kabataang lalaki.
   - I Mga Hari 12:12–21—Hindi tinanggap ni Roboam ang payo ng matatandang lalaki. Nag-alsa ang sampung lipi at sumunod kay Jeroboam.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan: Biblia para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ilagay ang sumusunod na balangkas sa pisara o sa isang papel kung saan makikita ito ng lahat ng mga bata.



Ipaliwanag na ang araling ito ay maaaring ibuod sa dalawang salita. Upang matuklasan kung tungkol saan ang aralin, kailangang alamin ng mga bata kung ano ang apat na mahihiwagang salita. Habang hinuhulaan ng mga bata ang mga titik, punan ang angkop na puwang o mga puwang kung ang titik na iyon

ay bahagi ng mga salita. Kung ang titik ay wala sa mga salita, ekisan o burahin ang isa sa mga mukha at isulat ang hindi ginamit na titik upang hindi na ito mapiling muli. Sabihin sa mga bata na sikapin nilang tuklasin kung ano ang mahihiwagang salita bago maekisan o mabura ang lahat ng mga mukha. Ang mahihiwagang salita ay *Pamimilit ng mga Kasa-kasama (peer pressure).*

Talakayin ang ibig sabihin ng pamimilit ng mga kasa-kasama. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang pamimilit ng mga kasa-kasama ay ang impluwensiya nila at ng kanilang mga kaibigan sa isa't isa. Talakayin kung paano maaaring maging negatibo o positibo ang pamimilit ng mga kasa-kasama. Bigyan ang mga bata ng mga halimbawa ng kapwa negatibo at positibong pamimilit ng mga kasa-kasama, tulad ng pagsali sa isang grupong salbahe sa isang tao upang maiwasan na tuksuhin o pagiging mabait sa isang tao at panghihimok sa iba na makisali. Ipaliwanag na mapag-aaralan ng mga bata ang tungkol sa isang hari na naimpluwensiyahan ng negatibong pamimilit ng mga kasa-kasama at ang mga dinanas niya bilang bunga ng kanyang mga pasiya.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay Roboam mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Sino ang ama ni Roboam? (I Mga Hari 11:43.) Nang mamatay si Salomon at maging hari si Roboam, ano ang ninais ng mga tao na gawin niya para sa kanila? (I Mga Hari 12:3–4.) Ipaliwanag na si Salomon ay nagpataw ng mabigat na buwis sa mga tao, at ang mga tao ay napagod na sa pagbabayad ng malaking buwis.
- Kanino unang sumangguni si Roboam? (I Mga Hari 12:6.) Ano ang payo nila kay Roboam? (I Mga Hari 12:7.) Bakit sa palagay ninyo mabuting payo ito? Ano ang matututuhan natin mula sa payong ito tungkol sa kung paano natin dapat pakitunguhan ang ating mga mag-anak, kaibigan, at kapitbahay?
- Kanino sumunod na sumangguni si Roboam? (I Mga Hari 12:8–9.) Ano ang payo nila kay Roboam? (I Mga Hari 12:10–11; ang alakdan na binanggit sa talata 11 ay tumutukoy sa mga latigo na yari sa ilang piraso ng balat (leather) na may nakakabit na sima sa mga dulo.)
- Paano tumugon si Roboam nang magpunta sa kanya ang mga tao upang hingin ang kanyang sagot? (I Mga Hari 12:13–14.) Bakit kaya nagpasiya si Roboam na sundin ang payo ng mga kabataang lalaki kaysa sa mga matatandang lalaki? Ano kaya ang nadama ng mga tao sa pasiya ni Roboam? Ano ang ilan sa mga ibinunga ng pagiging malupit sa iba?
- Ano ang naging bunga ng pagsunod ni Roboam sa payo ng kanyang mga batang kaibigan sa halip na makinig sa mas matatandang kalalakihan? Ipaliwanag na dahil sinunod ni Roboam ang hindi matalinong pasiya, tanging ang mga lipi nina Juda at Benjamin ang tumanggap sa kanya bilang kanilang

hari. Pinamunuan ni Jeroboam na naging hari ng sampung lipi ang pag-aalsa laban kay Roboam. Sa ganitong paraan nahati sa dalawang kaharian ang labindalawang lipi ni Israel, ang kaharian ni Juda (Roboam) at ang kaharian ni Israel (Jeroboam). (Paalala: Kahit na magkahawig ang mga pangalang *Roboam* at *Jeroboam,* ang dalawang lalaking ito ay hindi magkapatid o ni magkaanu-ano.)

- Bakit tayo dapat maghangad ng payo mula sa matatalinong tao? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Bakit mahalagang pumili ng mga kaibigan na may makabuluhang pinahahalagahan? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Ano ang dapat nating gawin kung may manghihikayat sa atin na gumawa ng isang bagay na mali? Paano nagkakaroon ng masamang impluwensiya sa ilang kabataan sa ngayon ang negatibong pamimilit ng mga kasa-kasama? Paano tayo makikinabang sa positibong pamimilit ng mga kasa-kasama? Paano natin magagamit ang positibong pamimilit ng mga kasa-kasama upang matulungan ang ibang mga kabataan?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Magsulat ng mga sitwasyon na tulad ng sumusunod sa mga piraso ng papel at ilagay ang mga ito sa isang sisidlan. Pabunutin ang bawat miyembro ng isang piraso ng papel at hayaang maghalinhinan sila sa pagsasabi kung paano sila dapat tumugon sa sitwasyon. Paalalahanan ang mga bata na maaari silang maging positibong impluwensiya sa ibang tao sa maraming paraan.

   a. May kaibigan ka na madalas kang hinihikayat na pumalya sa paaralan at gugulin ang araw sa paglalaro. Paano ka magiging positibong impluwensiya sa iyong kaibigan?

   b. Magpapalipas ka ng magdamag sa bahay ng iyong kaibigan. Gabi-gabi bago matulog ay lumuluhod ka at nananalangin, pero alam mong hindi iyon ginagawa ng iyong kaibigan. Ano ang maaari mong gawin kapag oras na para ikaw ay manalangin?


   c. Isang grupo ng mga kaibigan ang gustong makasama ka sa panonood ng sine. Alam mong itinuturing ng mga magulang mo na hindi angkop ang panonood ng sine, pero nagpupumilit ang mga kaibigan mo na sumama ka. Paano ka magiging positibong impluwensiya sa iyong mga kaibigan?

   d. Gusto mong magpunta sa simbahan tuwing Linggo, ngunit gusto ng ilan sa iyong mga kaibigan na manatili ka na lang sa bahay at maglaro ng *soccer* na kasama nila. Paano ka magiging positibong impluwensiya sa iyong mga kaibigan?

   e. May kaibigan ka na gusto kang isama upang tulungan ang isang balo na nakatira sa inyong kalye. Mas gusto mong maglaro. Ano ang dapat mong gawin? Bakit?

   Hilingan ang mga bata na magbahagi ng mga naging karanasan nila o ng napagmasdan nilang halimbawa ng isang tao na nakaimpluwensiya sa iba sa kabutihan.

2. Idrowing ang Malaking Panabo (Big Dipper), ang Maliit na Panabo (Little Dipper) at ang Tala sa Hilaga (North Star) sa pisara at ipaliwanag na sa Hilagang Bahagi ng Kalahati ng Mundo (hilaga ng ekwador) ay may bituin na tinatawag na Tala sa Hilaga (North Star). (Paalala: Kung nakatira kayo sa Katimugang Bahagi ng Kalahati ng Mundo, mangyaring iakma ang paglalarawan sa Krus sa Timog (Southern Cross.) Ito ay naging gabay na sa mga magdaragat, nagkakampo, at mananaliksik sa lahat ng panahon. Ang pahilagang direksiyon ay palaging natatagpuan sa pamamagitan ng bituing ito. Ang Tala sa Hilaga ay matatagpuan sa pamamagitan ng paghahanap sa Malaking Panabo, isang grupo ng pitong bituin na hugis tabo na may hawakan. Kung guguhit ng linya sa dalawang panturong bituin ng Malaking Panabo, ang dalawang bituin na malayo sa hawakan, ang linya ay tumuturo sa Tala sa Hilaga. Ang Tala sa Hilaga ang siya ring huling bituin sa hawakan ng Maliit na Panabo.




Sabihin sa mga bata ang tungkol sa karanasan ni Pangulong Gordon B. Hinckley nang umasa siya sa Tala sa Hilaga para magkaroon siya ng kapanatagan ng loob at katatagan.

"Pagkatapos ng maghapong mabigat na pagtatrabaho, ako at ang nakababata kong kapatid na si Sherm ay nahihiga sa kahon ng isang lumang bagon at nakakatulog sa pagmamasid sa mga bituin. . . . Natutukoy namin ang ilan sa mga *constellation* at iba pang bituin . . . ang [aming] paborito ay ang Tala sa Hilaga. Gabi-gabi, tulad ng mga naunang henerasyon ng mga kabataang lalaki, ay babakasin namin ang Malaking Panabo, ang hawakan at pinakatasa nito, upang makita ang Tala sa Hilaga.

"Natuklasan namin ang pananatili ng bituing iyon. Sa pag-ikot ng mundo, ang iba ay tila umiikot din sa magdamag. Subalit ang Tala sa Hilaga ay nananatili sa kinalalagyan nito na tapat sa *axis* ng mundo. Dahil sa mga alaalang iyon ng kabataan, ang tala sa hilaga ay naging makahulugan para sa akin. Natanto ko na iyon ay isang bagay na nananatili sa kabila ng mga pagbabago. Iyon ay isang bagay na palaging maaasahan, isang bagay na masasandigan, isang angkla sa kalangitan na para sa akin ay tila palaging umiikot at nagbabago" (sa Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Hunyo 1995, p. 5).

Talakayin kung paano tayo mananatili tulad ng Tala sa Hilaga. Kung magpapasiya tayo sa ngayon na pipiliin natin ang tama kapag nahaharap tayo sa mga tukso o pamimilit ng mga kasa-kasama, tayo ay mananatiling gumagawa ng mga matwid na desisyon na pamamarisan ng ibang tao.

Ang ating mga desisyon ay hindi maaapektuhan ng kung ano ang iisipin ng iba sa atin o ng negatibong pamimilit ng ibang tao.

3. Tuklasin ang isang natatanging kakayahan na taglay ng isang miyembro ng klase o ng miyembro ng purok, tulad ng pagtugtog ng isang musikal na instrumento, paglalaro ng larong pampalakasan, at marami pang iba. Hilingan siyang sabihin sa klase ang tungkol dito o ipakita sa klase kung paano gawin ito. Tanungin ang mga bata kung kanino sila hihingi ng tulong kung nais nilang matutuhan ang kasanayang iyon. Talakayin ang kahalagahan ng paghahangad ng tulong at pagsunod sa payo ng mga may kaalaman at karanasan upang magabayan tayo. Hilingan ang mga bata na magbanggit ng mga taong mahihingan nila ng payo tungkol sa:

   a. Mga problema sa kanilang mag-anak.
   b. Isang maling bagay na ginagawa ng isang kaibigan.
   c. Paano patataasin ang kanilang marka sa paaralan.
   d. Paano mapaglalabanan ang isang masamang ugali.

   Tulungan ang mga bata sa oras ng talakayan na maunawaan na dapat ay palagi tayong humingi sa Ama sa Langit ng tulong sa ating mga desisyon at problema. Tutulungan niya tayo upang malaman natin kung ano ang gagawin o kung kanino tayo lalapit para humingi ng tulong at payo.

4. Ipaliwanag na kung minsan ay hindi natin alam kung dapat ba nating gawin ang isang bagay na pilit ipinagagawa sa atin ng isang tao. Basahin ang Moroni 7:13 at pag-usapan kung paano makatutulong sa atin ang banal na kasulatang ito upang malaman ang dapat nating gawin sa mga sitwasyong ito. Maaari ninyong naisin na talakayin ang ilan sa mga sitwasyon mula sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 bilang mga halimbawa. (Ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ay maaaring gamitin na kasama o bilang panghalili sa Moroni 7:13.)

5. Ikuwento at talakayin ang sumusunod:

   “Isang araw sa klase ko sa relihiyon noong ikaapat na baitang ko sa Jamaica ay hinilingan ng aking guro ang lahat ng mag-aaral na magsabi ng tungkol sa mga paniniwala sa kanilang relihiyon. Dahil sa ako lamang ang Mormon sa aking paaralan, ako ang piniling kinatawan ng Mormon.

   “Nang ako na ang magsasalita ay naging napakabilis ng kaba ng aking dibdib. Hindi naman talaga ako sanay magsalita sa madla, at hindi malakas ang aking tinig. Nang tumayo ako, tumitig lamang ako sa maraming mata sa aking harapan at sinikap na magsalita tungkol sa ilan sa ating mga paniniwala. Una ay nagsalita ako tungkol sa Salita ng Karunungan, pagkatapos ay binanggit ko ang sakramento, kung paano natin ginagamit ang tinapay at tubig bilang sagisag ng katawan at dugo ng Tagapagligtas nang mamatay siya para sa atin.

   “Bago ako makapagsalitang muli ay nagsimulang magtawa ang lahat sa akin. Namuo ang mga luha sa aking mga mata habang pinagtatakahan ko kung ano ang nasabi ko na nagpatawa sa kanila. Mabilis kong pinahiran ang aking mga mata at nagbalik sa aking upuan habang pilit na pumapasok sa aking isipan ang ‘Tinapay at tubig, tinapay at tubig.’ Matatapos na lamang ang maghapon ay tinutukso pa rin ako. . . .  Hindi ko pa rin maisip kung bakit pinagtatawanan nila ang aking sinabi.

"Nang makauwi ako, kinuha ko ang malaking Biblia ng aking ina na nasa salansanan at nagsimulang tumingin sa ilan sa mga larawan. Habang inililipat ko ang isang pahina, napansin ko ang isang banal na kasulatan at mabilis kong binalikan ito. Iyon ay ang Mateo 10:32: 'Kaya't ang bawat kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit.' Habang binabasa ko nang paulit-ulit ang mga salita, ako ay napuspos ng damdamin ng kapayapaan nang mapagtanto ko na hindi mahalaga kung sino ang nagtatawa sa akin basta tama ang ginagawa ko" (Camille Nugent, *The New Era,* Hunyo 1994, p. 15).

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Mangahas na Tama'y Gawin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi sa mga bata ang inyong pagnanais na manatiling hindi nagbabago at matapat sa Ama sa Langit sa lahat ng pagkakataon. Maaari ninyong naisin na sabihin kung paano naging positibong impluwensiya sa inyong buhay ang isang kaibigan at kung paano ninyo gustong matulungan ang inyong mga kaibigan na gumawa ng matatalinong desisyon. Hamunin ang mga bata na huwag padadala sa negatibong pamimilit ng mga kasa-kasama at maging positibong impluwensiya sa mga nakapaligid sa kanila sa pamamagitan ng pananatili sa paggawa ng mga matwid na desisyon sa lahat ng sitwasyon.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang I Mga Hari 12:1–20 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ginamit ni Elias ang Pagkasaserdote

Aralin 33

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magkaroon ng mas malawak na pang-unawa sa kung paano pinagpapala ng pagkasaserdote ang ating buhay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - I Mga Hari 16:29–33—Sina Achab at Jezabel ay masasamang pinuno.
   - I Mga Hari 17:1—Ipinahayag ni Elias na magkakaroon ng tagtuyot.
   - I Mga Hari 17:2–6—Si Elias ay pinakain ng mga uwak.
   - I Mga Hari 17:7–16—Si Elias ay pinakain ng isang balo, at ang kakaunting pagkain ng balo ay mahimalang nadagdagan.
   - I Mga Hari 17:17–24—Binasbasan at binuhay ni Elias ang anak na lalaki ng balo.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang magnet at ilang piraso ng metal o lobong may hangin o suklay at ilang maliliit na piraso ng papel (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).
   c. Larawan 6-39, Pinakakain ng mga Uwak si Elias.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipagamit sa mga bata ang magnet para dumikit dito ang ilang piraso ng metal (o ikiskis ang isang lobo na may hangin sa damit upang dumikit ito sa dingding o sa kamiseta ng isang bata; o ilang ulit na ipasuklay sa isang bata ang kanyang buhok, at ipakita kung paano ito nakakamagnet ng maliliit na piraso ng papel). Tanungin ang mga bata kung ano ang dahilan ng pagdikit ng metal sa magnet (o pagdikit ng lobo sa dingding o para makakuha ng papel ang suklay). Ipaliwanag na ang mga magnet ay may isang uri ng kapangyarihan na tinatawag na pagmamagnet na nagiging dahilan ng pagdikit dito ng metal. Ang kapangyarihan na tinatawag na elektrisidad ang nagpadikit sa lobo sa dingding at dahilan kung bakit nakakuha ng papel ang suklay. Ang mga kapangyarihang ito ay hindi nakikita, subalit nakikita natin ang mga epekto ng mga kapangyarihang ito.

Sabihin sa mga bata na ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi rin nakikita subalit palagi nating nakikita ang mga epekto nito. Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa propeta ng Diyos at sa kanyang paggamit ng pinakadakilang kapangyarihan sa mundo, ang pagkasaserdote ng Diyos.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa pagsasagawa ni Elias ng mga himala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipakita ang larawan sa angkop na pagkakataon.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Sino si Achab? (I Mga Hari 16:29–30; isa sa pinakamasama at makapangyarihang hari sa hilagang bahagi ng Israel. Sino si Jezabel? (I Mga Hari 16:31; asawa ni Achab. Sila ang nagpasimula ng pagsamba sa diyus-diyosan sa Israel sa kaanyuan ng huwad na diyos na si Baal at sinikap na pawiin ang pagsamba sa Diyos.) (Tingnan ang mga nakasulat sa ilalim ng "Achab" at "Jezabel" sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.) Si Elias ang propeta ng Diyos noong panahon na namumuno sina Achab at Jezabel sa hilagang bahagi ng kaharian ng Israel. (Tingnan sa "Elias" sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)
- Ano ang sinikap na gawin ni Elias upang mapagsisihan ni Achab ang kanyang kasamaan? (I Mga Hari 17:1.) Sa anong kapangyarihan ibinuklod ni Elias ang kalangitan upang hindi umulan? Ipaliwanag na ang tagtuyot na ipinahayag ni Elias sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote ay tumagal ng tatlo at kalahating taon. Ano ang mangyayari kung walang ulan o tubig sa loob ng tatlo at kalahating taon?
- Nang magsimula ang tagtuyot, paano pinangalagaan ng Panginoon si Elias? (I Mga Hari 17:2–6.) Sino ang inihanda ng Panginoon na tumulong kay Elias pagkatapos matuyo ang batis? (I Mga Hari 17:8–9.) Paano kadalasan tinutulungan ng Panginoon ang mga nangangailangan? Ipaliwanag na kadalasan ay tinutulungan niya tayo sa pamamagitan ng mga paglilingkod ng ibang tao. Paano tayo maaaring kasangkapanin ng Panginoon upang matulungan ang iba? Ipaliwanag sa mga bata na kung tayo ay umaayon sa Espiritu, magagabayan tayo ng Panginoon sa nais niyang ipagawa sa atin.
- Ano kaya ang naramdaman ng balo nang kakaunti na lamang ang pagkain (harina) at langis na kakainin ng kanyang mag-anak at hinilingan pa siya ni Elias na gumawa muna ng "munting tinapay" para sa kanya at pagkatapos ay gumawa rin ng para sa balo at sa kanyang anak na lalaki? (I Mga Hari 17:12–13.) Anong pangako ang ibinigay ni Elias sa balo? (I Mga Hari 17:14.) Paano ipinakita ng balo ang kanyang pananampalataya sa Panginoon at ang kanyang pagtitiwala kay Elias? (I Mga Hari 17:15.) Paano natin mapatatatag ang pananampalataya kay Jesucristo upang masunod ang mga salita ng mga propeta at ang ipinadarama sa atin ng Espiritu na dapat nating gawin?
- Ano ang nangyari sa gusi ng harina at banga ng langis ng balo sa kabuuan ng tagtuyot? (I Mga Hari 17:16.) Kanino ipinakain ng balo ang pagkaing ito na mahimalang natustusan? (I Mga Hari 17:15.)

- Ano ang ginawa ni Elias nang magkasakit at mamatay ang anak na lalaki ng balo? (I Mga Hari 17:19–22.) Sa anong kapangyarihan nagawang buhaying muli ni Elias ang anak na lalaki ng balo? Ano kaya ang nadama ng balo nang ibalik ni Elias sa kanya ang kanyang anak? Paano pinatatag ng himalang ito ang patotoo ng balo? (I Mga Hari 17:24.) Paano pinatatatag ng mga pagbabasbas ng pagkasaserdote ang ating mga patotoo? Ipaliwanag na hindi natin nakakamtan ang ating mga patotoo sa pamamagitan ng pagsaksi sa mga himala, subalit ang mga patotoong nasa atin na ay maaaring mas lumakas pa.
- Paano napagpala ang inyong buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Isulat sa mga papel ang iba't ibang paraan kung paano tayo mabibiyayaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, tulad ng sumusunod:

   Pagbabasbas sa mga sanggol
   Pagbibinyag
   Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo
   Sakramento
   Pangangasiwa sa maysakit
   Basbas ng ama
   Ordinasyon sa pagkasaserdote
   Pagkatalaga para sa misyon o iba pang tungkulin
   Mga ordenansa sa templo

   Ilagay nang pataob sa mesa o sa sahig ang mga papel. Gamit ang magnet (lagyan ng klip o aspili ang bawat papel upang mamagnet ito) o ang suklay mula sa gawaing pantawag-pansin, hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagdampot ng papel at malakas na pagbasa nito. Talakayin sa mga bata kung paano sila binibiyayaan nitong mga ordenansa ng pagkasaserdote. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan nila o nalalaman nila habang tinatalakay ninyo ang bawat ordenansa. Maaari ninyong naisin na magbahagi ng mga naging karanasan ninyo.

2. Hilingin sa mga bata na magbanggit ng ilang kapatid na lalaki na kilala nila na humahawak ng pagkasaserdote. Kopyahin ang sumusunod na palaisipan sa pisara o malaking papel, o gumawa ng kopya para sa bawat bata. Ipahanap at pabilugan sa mga bata ang sumusunod na mga pamagat sa palaisipan:

OBISPO
KAPATID
DIYAKONO
AMA
TAGAPAGTURO NG TAHANAN
MISYONERO
SASERDOTE
PROPETA
ELDER
GURO

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Q | W | T | Y | I | O | K | A | P | A | T | I | D |
| F | H | J | K | D | G | M | X | C | G | P | Y | T |
| I | R | E | C | Z | X | S | T | Q | U | R | W | P |
| T | A | G | A | P | A | G | T | U | R | O | I | F |
| N | G | T | A | H | A | N | A | N | O | P | B | S |
| Z | Q | D | L | O | G | F | W | K | L | E | U | Y |
| E | B | I | S | A | S | E | R | D | O | T | E | R |
| L | S | Y | R | T | O | P | Q | A | M | A | Z | D |
| D | J | A | K | M | B | T | H | N | X | N | E | Y |
| E | W | K | Q | Z | I | V | Y | R | M | K | J | L |
| R | Z | O | M | I | S | Y | O | N | E | R | O | V |
| Q | W | N | H | J | P | Q | M | V | B | G | D | S |
| Y | U | O | K | L | O | S | T | R | A | E | W | Q |

Talakayin sa mga bata kung maaaring gamitin o kung paano ginagamit ng mga taong ito ang pagkasaserdote upang biyayaan ang kanilang buhay.

3. Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Bago naging miyembro si Elder Hugh B. Brown ng Unang Panguluhan ng Simbahan, siya ay naglingkod sa Inglatera bilang opisyal ng hukbo ng Canada. Dahil sa opisyal siya ng hari, siya ay may malakas na kapangyarihan. Sumasaludo sa kanya ang mga kalalakihan at tinatawag siyang "sir." Sila ay madalas humiling ng mga pabor sa kanya.

Isang araw ay nakatanggap ng mensahe si Kapatid na Brown na kailangan siya sa ospital. Una ay inisip niya na nangangailangan ng tulong niya ang isang sundalo bilang isang opisyal ng hukbo. Nang makarating siya sa ospital, nakadama siya ng pagmamalaki dahil talagang iginagalang siya ng mga doktor at nars. Pagkatapos ay dinala siya ng isang tao sa isang maliit na silid kung saan nakaratay ang binatang may sakit. Naalala ni Kapatid na Brown na minsan ay naging guro siya ng binata sa Panlinggong Paaralan.

"Kapatid na Brown," ang sabi ng binata, "Puwede po ba ninyong gamitin sa akin ang inyong awtoridad? Hindi na raw po magtatagal ang buhay ko ang sabi ng mga doktor. Puwede po ba ninyo akong bigyan ng basbas?"

Ayon kay Kapatid na Brown ay tila natunaw ang kanyang uniporme. At ang lahat ng pagmamalaki na nadama niya sa pagsusuot ng uniporme ng hari ay naglaho. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo ng binata at binigyan siya ng basbas. Ang tulong na kailangan ng binata ay hindi mula sa anumang awtoridad ng isang opisyal ng hari kundi mula sa awtoridad ng pagkasaserdote. Sinabi ni Kapatid na Brown na, "Pumasok ako sa ospital na mapagmalaking opisyal ng hukbong Inglatera, at umuwi ako na isang

mapagpakumbabang elder na Mormon. Simula noon ay sinikap ko talagang alalahanin na may isang kapangyarihan at awtoridad na ibinigay sa tao, na hindi mula sa hari o pangulo, kundi mula sa Hari ng mga Hari." (Hango mula sa Hugh B. Brown, *Be What You Will to Be,* Brigham Young University Speeches of the Year [ika-14 ng Peb. 1967], p. 8–9.)

4. Pagbalik-aralan ang ikalimang saligan ng pananampalataya na kasama ang mga bata. Talakayin kung paano tayo pagpapalain sa pagkakaroon ng mga pinuno at miyembro ng mag-anak na nagtataglay o tinawag ng pagkasaserdote.
5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ang Pagkasaserdote ay Ipinanumbalik" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Isang Kabataang Handa (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magpatotoo sa mga bata na ang pagkasaserdote ng Diyos ang pinakadakilang kapangyarihan sa mundo at mabibiyayaan nito ang ating buhay sa maraming paraan. Maaari ninyong naisin na magbigay ng isang karanasan nang pagpalain ng pagkasaserdote ang inyong buhay. Himukin ang mga batang lalaki sa inyong klase na maghanda sa pagtanggap ng Pagkasaserdoteng Aaron.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang I Mga Hari 17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
34

# Si Elias at ang Huwad na mga Propeta ni Baal

**Layunin**

Himukin ang mga bata na buong sigasig na sambahin ang Ama sa Langit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - I Mga Hari 18:17–18—Sinabi ni Elias kay Achab na ang kanyang kasamaan ay nagdulot ng problema sa Israel.
   - I Mga Hari 18:19–29—Hinamon ni Elias ang huwad na mga propeta na hilingin kay Baal na magpadala ng apoy mula sa langit. Nabigo ang huwad na mga propeta.
   - I Mga Hari 18:30–38—Si Elias ay nanalangin at nagpadala ng apoy ang Panginoon upang sunugin ang hain at ang altar.
   - I Mga Hari 18:39—Kinilala ng lahat ng tao ang tunay na Diyos.
   - I Mga Hari 19:11–13—Ang Panginoon ay nakipag-usap kay Elias sa pamamagitan ng marahan at munting tinig.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Bato o ibang bagay na walang buhay.
   c. Mga larawan 6-40, Ang Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470), at 6-41, Si Elias at ang mga Propeta ni Baal.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang larawan ng Unang Pangitain at ang bato o ibang bagay.

Tanungin ang mga bata kung kanino sila nananalangin kapag kailangan nila ng tulong sa isang problema. Tanungin ang mga bata kung bakit hindi sila mananalangin sa isang bato (o ibang bagay). Ipaliwanag na noong mangailangan ng tulong si Joseph Smith, siya ay nanalangin sa ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo, at ang kanyang panalangin ay nasagot. Tulad ni Joseph Smith, dapat tayong manalangin sa Ama sa Langit sa pangalan ng kanyang Anak na si Jesucristo. Ang Ama sa Langit ay may kapangyarihan na dinggin ang ating mga panalangin at sagutin ang mga ito. Ituro na ang bato (o ibang bagay) ay hindi makaririnig o makasasagot sa mga panalangin. Ito ay walang kapangyarihan, walang buhay, walang katauhan, walang damdamin, at hindi makapagbibigay o makapagpapakita ng pagmamahal. Sabihin sa mga

bata na malalaman nila kung paano sinikap ni Elias na turuan ang mga Israelita na sumamba at manalangin sa Ama sa Langit sa halip na sumamba sa mga bagay na walang buhay o mga larawang inanyuan.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan ni Elias at ng mga propeta ni Baal sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay Elias mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Isinara ng propetang si Elias ang kalangitan upang hindi umulan. Sino ang sinisi ni Achab sa pagkakaroon ng tagtuyot? (I Mga Hari 18:17.) Ano ang sinabi ni Elias na sanhi ng tagtuyot? (I Mga Hari 18:18.) Ipaliwanag na inakay ni Achab at ng kanyang asawang si Jezabel ang mga Israelita palayo sa Ama sa Langit at sinamba ang diyus-diyosan na nagngangalang Baal (tingnan sa "Baal," sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Ang tagtuyot ang naging sanhi ng matinding taggutom sa lupain, at si Achab at ang kanyang mga tauhan ay nahirapan sa paghahanap ng tubig para sa kanilang mga pananim at mga hayop. Bakit pinahihintulutan kung minsan ng Panginoon na magkaroon ng tagtuyot at iba pang kalamidad? Ituro na kung minsan ang masasamang bagay ay talagang bahagi ng buhay, ngunit maaari ring babala ang mga ito upang tayo ay magsisi at sumamba sa Ama sa Langit. Ang mga ito ay maaaring mga palatandaan din na nagbababala sa atin na maghanda para sa Ikalawang Pagparito.
- Matapos tipunin ni Elias ang mga tao ng Israel at ang huwad na mga propeta, ano ang itinanong niya sa mga tao? (I Mga Hari 18:21.) Ano ang gusto ni Elias na gawin ng mga tao? Ipaliwanag na alam niya na hindi nila mapaglilingkuran kapwa si Baal at ang Panginoon at nais niyang magpasiya ang mga Israelita kung sino ang sasambahin nila. Bakit mahalaga para sa atin na magpasiya na ngayon na sambahin ang Ama sa Langit? Paano tayo sumasamba sa Ama sa Langit? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Ano ang sinasamba ng mga tao sa ngayon, na marahil ay hindi alam na gayon nga ang kanilang ginagawa? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 5.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na sinasamba natin ang bagay na pinakamahalaga sa atin. Kaya sinabi ng Tagapagligtas na, "Datapuwat hanapin muna ninyo ang kanyang [Diyos] kaharian, at ang kanyang katuwiran" (Mateo 6:33, talababa *a*). Ipaliwanag na dapat nating unahin sa ating buhay ang Ama sa Langit upang sambahin natin siya. Kung may bagay na mas mahalaga para sa atin, ito ay isang diyus-diyosan o huwad na diyos.
- Anong paligsahan ang iminungkahi ni Elias na gawin upang patunayan sa mga tao kung sino ang dapat nilang sambahin? (I Mga Hari 18:23–24.) Ilang propeta ng Panginoon ang naroon noong araw na iyon? Ilan naman

ang propeta ni Baal? (I Mga Hari 18:22.) Bakit higit ang kapangyarihan ni Elias kaysa sa mga propeta ni Baal, kahit na mas marami sila?

- Ano ang nangyari nang tumawag ang huwad na mga propeta kay Baal? (I Mga Hari 18:29.) Bakit hindi sinagot ni Baal ang panalangin ng huwad na mga propeta at hindi nagpadala ng apoy?
- Nang si Elias na, bakit kaya ginawa niyang mas mahirap sunugin ang hain? (I Mga Hari 18:32–35; ipaliwanag na gusto niyang patunayan nang walang pag-aalinlangan ang kapangyarihan ng Diyos.) Ano ang nangyari nang magdasal si Elias sa Ama sa Langit? (I Mga Hari 18:36–38.) Ano ang nangyayari kapag nananalangin tayo sa Ama sa Langit? Ipaliwanag na dinidinig niya ang ating mga panalangin at sinasagot ang mga ito ayon sa ating pananampalataya at kanyang kalooban subalit ang mga sagot sa atin ay hindi karaniwang dumarating nang tulad ng nangyari kay Elias.
- Ano ang ginawa ng mga tao pagkatapos ng paligsahan? (I Mga Hari 18:39.)
- Kahit na nagsimula nang umulan at lumipas na ang tagtuyot, si Jezabel ay galit pa rin kay Elias at sumumpang papatayin siya (tingnan sa I Mga Hari 19:2). Nagpunta si Elias sa ilang, at habang naroon siya ay nakipag-usap ang Panginoon sa kanya. Paano nakipag-usap ang Panginoon kay Elias? (I Mga Hari 19:11–13.) Paano tayo tumatanggap ng mga mensahe mula sa Panginoon? Ipaliwang na nananalangin tayo sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo, at ang mga sagot sa atin ay dumarating sa pamamagitan ng Espiritu Santo, karaniwan ito ay payapang kaisipan at mainit na pakiramdam sa ating mga puso (tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3). Ituro na sa pananalangin sa Ama sa Langit at pakikinig at pagsunod sa marahang bulong na tinig ng Espiritu Santo, tayo ay sumasamba sa ating Ama sa Langit.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Pagkatapos ninyong ituro ang pangyayari tungkol kay Elias at sa mga saserdote ni Baal, maaari ninyong naisin na ipasadula o ipaganap ang kuwento sa mga bata nang hindi nagsasalita.
2. Hatiin ang klase sa mga grupo na kung saan ay may dalawa o tatlong bata sa bawat grupo. Bigyan ang bawat grupo ng papel at lapis at sa loob ng dalawa o tatlong minuto ay pasulatin sila ng mga bagay hanggat makakaya nila na sasagot sa sumusunod na tanong: “Ano ang ilang bagay na ginagawa natin upang sumamba sa Ama sa Langit?” Hayaang basahin ng isang batang mula sa bawat grupo ang kanilang mga sagot. Maaaring makasama sa listahan ang mga sumusunod na ideya:

   Manalangin araw-araw at ipahayag ang ating pasasalamat sa Ama sa Langit
   Dumalo sa Primarya at mga pulong sakramento
   Maging mapitagan at makinig sa ating mga pulong
   Umawit ng mga himno ng papuri

Makisali sa mga gabing pantahanan ng mag-anak, panalangin, at pagbabasa ng banal na kasulatan
Pakitunguhan nang may pagmamahal ang ibang tao
Gumawa ng mga tamang pagpili
Mag-isang basahin ang mga banal na kasulatan

Talakayin ang kahalagahan ng araw-araw na pagsamba sa Ama sa Langit at kilalanin siya na mahalagang bahagi ng ating buhay. Maaari ninyong naising ipasulat sa mga bata ang ilan sa mga ideyang ito sa papel upang iuwi at ibahagi sa kanilang mag-anak.

3. Ipaulit sa klase ang unang saligan ng pananampalataya. Pagbalik-aralan sa klase ang papel na ginagampanan ng bawat miyembro ng Panguluhang Diyos, na ipinaaalala sa kanila na sila ay magkakahiwalay na katauhan ngunit sama-sama silang gumagawa at nagkakaisa upang tayo ay tulungan. Isama ang sumusunod sa inyong talakayan:

   Ang Ama sa Langit ay ang Ama ng ating mga espiritu. Bago tayo isinilang sa mundo, inilahad sa atin ng Ama sa Langit ang plano ng kaligtasan upang makapamuhay tayo sa mundo at maging katulad niya. Pinamahalaan niya ang paglikha sa mundo. Nananalangin tayo sa Ama sa Langit.

   Si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Ama sa Langit. Siya ang lumikha sa mundo sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit. Siya ang nangangasiwa sa gawain ng Ama sa Langit sa mundo sa pamamagitan ng mga buhay na propeta. Si Jesus ang ulo ng ating Simbahan. Sa Lumang Tipan, si Jesus ay kilala bilang si Jehova o ang Panginoon. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayo ay mabubuhay na mag-uli at magkakaroon ng pagkakataon na magsisi at makabalik sa Ama sa Langit. Nananalangin tayo sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo.

   Ang Espiritu Santo ay isang katauhan na espiritu. Wala siyang katawang pisikal. Kapag tayo ay binibinyagan, tinatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo, na siyang karapatan upang mapasaatin ang kanyang palagiang pagtulong at pag-alo sa ating buhay. Kung tayo ay karapat-dapat, sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin at nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa pamamagitan ng isang marahang bulong na tinig sa ating mga puso at isipan.

4. Upang mapagbalik-aralan ang mga ginagampanan at pangalan ng tatlong miyembro ng Panguluhang Diyos, ihanda ang sumusunod na mga sinulatang papel. Gumawa ng tatlong hanay sa pisara na nasusulatan ng pangalan ng miyembro ng Panguluhang Diyos sa itaas ng bawat isa. Papiliin ng sinulatang papel ang bawat bata at ipalagay ito sa ilalim ng naaangkop na pamagat. Magpatuloy hanggang sa mailagay at matalakay ang lahat ng mga sinulatang papel.

| Ama sa Langit | Jesucristo | Espiritu Santo |
|---|---|---|
| Ama ng ating mga espiritu | Tagapagligtas | Marahang bulong na tinig |
| Inilahad ang plano ng kaligtasan | Jehova | Taga-alo |
| Pinamahalaan ang paglikha sa mundo | Lumikha sa mundo | Tagapagpatotoo |
| Ang Diyos na ating dinadalanginan | Tumubos sa ating mga kasalanan | Espiritu ng katotohanan |
| | Ulo ng Simbahan | |
| | Ganap na halimbawa | |

5. Isulat sa mga piraso ng papel ang mga makamundong bagay na sinasamba natin kung minsan, tulad ng pera; kapangyarihan; katanyagan; mga sikat na tao; libangan; larong pampalakasan; pisikal na kaanyuan; pananamit; at marami pang iba. Ipakita ang bagay na ginamit sa gawaing pantawag-pansin. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpili ng isa sa mga papel at pagdidikit nito sa bagay na iyon. Ipatalakay sa mga bata kung paano masyadong pinahahalagahan ang mga bagay na ito ng ilang tao. Tanungin ang mga bata kung ano ang maaari nating gawin upang maiwasan ang pagsamba sa mga makamundong bagay o pagbibigay ng malaking pagpapahalaga sa mga ito sa ating buhay. Tulungan ang mga bata na maunawaan na mahalagang unahin sa ating buhay ang Ama sa Langit at ang nais niyang ipagawa sa atin.

   Ipasaulo sa mga bata ang bahagi ng I Mga Hari 18:21: "Hanggang kailan kayo mangag-aalinlangan sa dalawang isipan? kung ang Panginoon ay Diyos, sumunod kayo sa kanya." Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapasiya ngayon na palaging sambahin ang Ama sa Langit at huwag hayaang ilayo tayo sa kanya ng ibang bagay.

6. Sabihin sa mga bata na ang unang tatlong kautusan sa Sampung Utos na ibinigay ng Panginoon kay Moises ay nagsasabi sa atin kung paano dapat sambahin ang nag-iisang tunay na Diyos (tingnan sa Exodo 20:3–7). Basahin ang mga sumusunod na kautusan na kasama ang mga bata. Tanungin sila kung paano makatutulong sa kanila sa pagsamba sa Ama sa Langit ang pagsunod sa bawat utos.

   "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko" (Exodo 20:3).

   "Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anumang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa. Huwag mong yuyukuran sila, o paglilingkuran man sila" (Exodo 20:4–5).

   "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan" (Exodo 20:7).

Ipaliwanag na noong nabubuhay pa siya sa mundo ay ibinuod ni Jesucristo ang Sampung Utos sa dalawang dakilang kautusan, mahalin ang Diyos at mahalin ang kapwa. Basahin at talakayin ang unang dakilang kautusan:

"Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo. Ito ang dakila at pangunang utos" (Mateo 22:37–38).

Tanungin ang mga bata kung ano ang sinasabi sa atin ng lahat ng kautusang ito tungkol sa kahalagahan ng pagsamba sa Ama sa Langit.

7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Aking Ama'y Buhay (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Ako ay Anak ng Diyos" (*Aklat ng mga Awit Pambata* o *Mga Himno*).

---

## Katapusan

Patotoo at Hamon

Ipahayag ang inyong pasasalamat sa pribilehiyong sambahin ang Ama sa Langit at manalangin sa kanya. Himukin ang mga bata na magpasiya ngayon na sambahin ang Ama sa Langit. Hamunin sila na mag-ingat sa pagsamba sa mga huwad na diyos at huwag hayaang maging mas mahalaga pa ang anumang bagay kaysa sa pagsamba at pagsunod sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang I Mga Hari 18:19–39 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
35

# Gumaling si Naaman

**Layunin** Patatagin ang pagnanais ng bawat bata na sundin ang mga matwid na pinuno.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - II Mga Hari 5:1–9—Nagpunta si Naaman kay Eliseo upang pagalingin ang kanyang ketong.
   - II Mga Hari 5:10–19—Gumaling si Naaman.
   - II Mga Hari 5:20–27—Si Giezi ay naghangad ng personal na kapakinabangan mula kay Naaman at siya ay isinumpa at nagkaroon ng ketong.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang kahon na naglalaman ng sorpresa para sa bawat bata, tulad ng mga lapis, maikling liham ng pasasalamat, o larawan.
   b. Mga larawan 6-42, Utusan nina Eliseo at Naaman, at 6-43, Gumaling si Naaman.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ilagay sa mesa ang kahon na naglalaman ng mga sorpresa. Isulat sa pisara ang mga sumusunod na mensahe (na may *code*) o gumawa ng kopya para sa bawat bata.

ATOINNYGUNEALN BAINEG LKAARHIOCN TSRA ZMWETSGA

Sabihin sa mga bata na ang mensaheng ito ay magbibigay sa kanila ng mga tagubilin kung paano hanapin ang isang bagay na gusto nila. Ipaliwanag na upang maalis ang *code* ng mensahe ay kailangan nilang sundin nang husto ang inyong mga tagubilin. Hilingin sa kanilang burahin o ekisan ang bawat titik na nakapagitan sa ibang titik ng mensahe. Simulan ito sa unang titik ng bawat salita. Kapag nalaman na nila kung ano ang mensahe, huwag itong ipasabi kahit kanino hanggang sa magkaroon ang bawat isa ng pagkakataon na hulaan ito. Ang mensahe ay magmumukhang ganito:

TINGNAN ANG KAHON SA MESA

Pagkatapos nilang tumanggap ng sorpresa o regalo mula sa kahon, talakayin kung paano humantong sa kanais-nais na sorpresa ang pagsunod sa mga tagubilin. (Bilang panghaliling gawain, maaari ninyong naising itago ang isang

kahon na may lamang sorpresa sa isang dako ng silid-aralan bago magsimula ang klase at pagkatapos ay bigyan ang mga bata ng mga pahiwatig na susundan upang matagpuan ang kahon.) Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa isang mahalagang pinunong militar na sumunod sa mga tagubilin ng isang propeta at gumaling mula sa isang matinding karamdaman.

**Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin**

Sa isang mapa ay ituro ang isang sangandaan kung saan ay kailangang magpasiya ang isang manlalakbay kung siya ay kakanan o kakaliwa. Bakasin ang daanan ng bawat lansangan, at ipakita sa kanila kung gaano kalayo ang dulo ng kanang daan sa dulo ng kaliwang daan. Ihambing ito sa pagsunod o pagsuway sa ating mga pinuno sa Simbahan.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Gamit ang mga larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa paggaling ni Naaman mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na si Eliseo ay malapit kay Elias at siya ang propeta na humalili kay Elias.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Anong uri ng tao si Naaman? (II Mga Hari 5:1.) Anong sakit ang dumapo sa kanya? Ipaliwanag na ang ketong ay sakit sa balat at dahil takot mahawa ang mga tao, ang mga ketongin ay kadalasang itinataboy sa labas ng mga lungsod at kailangang manirahan sa inilaang mga lugar na kasama ang ibang ketongin.
- Sino ang nagsabi sa asawa ni Naaman na may propeta ang Diyos sa Samaria na makapagpapagaling sa ketong ni Naaman? (II Mga Hari 5:2–3.) Ano ang sinasabi sa atin nito tungkol sa matapat na batang babaeng Israelitang ito? Paano matutulungan ng ating pananampalataya ang ibang tao?
- Bakit nagalit ang hari ng Israel nang makatanggap siya ng liham mula sa hari ng Siria na nakikiusap sa kanya na pagalingin si Naaman? (II Mga Hari 5:7.) Ipaliwanag na ang kapangyarihang taglay ng isang hari ay kakaiba sa kapangyarihan ng pagkasaserdote na taglay ni Eliseo. Ang hari ay walang kapangyarihang magpagaling, at natakot siya na baka magalit ang hari ng Siria kung hindi mapagagaling si Naaman.
- Anong mga bilin ang ipinarating ng propetang si Eliseo kay Naaman sa pamamagitan ng isang sugo? (II Mga Hari 5:10.) Bakit nagalit si Naaman? (II Mga Hari 5:11–12; dahil nagsugo lamang ng tagapaglingkod si Eliseo sa halip na dumating siya mismo, at dahil napakasimple ng sagot.) Kailan natin maaaring maipagwalang-bahala ang mga mensahe mula sa Ama sa Langit dahil sa gusto natin ng mga mas kagila-gilalas na sagot? Bakit natin ginagawa ito? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Paano hinikayat si Naaman ng kanyang mga tagapaglingkod na gawin ang ipinagagawa sa kanya ng propetang si Eliseo? (II Mga Hari 5:13.) Ano ang dapat nating gawin kung ayaw nating sundin ang mga aral ng propeta?

Ano ang nangyari noong sundin ni Naaman ang mga tagubilin ni Eliseo? (II Mga Hari 5:14.) Ano ang nangyayari kapag sinusunod natin ang propeta? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Ano ang dapat nating gawin kapag gusto nating tumanggap ng natatanging biyaya, tulad ng paggaling? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)

- Nang alukin ni Naaman si Eliseo ng salapi at mga kasuotan, bakit tumanggi si Eliseo? (II Mga Hari 5:16; tingnan sa mga talata 15 hanggang 22 para sa buong kuwento.) Ipaliwanag na si Naaman ay pinagaling ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote at ang pagkasaserdote ay hindi maaaring gamitin ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote upang magkaroon ng katanyagan o kayamanan. Ano ang dapat nating gawin upang ipahayag ang ating pasasalamat sa tulong na ating natatanggap at upang makaganti sa mga taong tumutulong sa atin?
- Anong kasinungalingan ang sinabi ni Giezi kay Naaman? (II Mga Hari 5:21–22.) Pagkatapos mailagay ang pera at mga damit sa kanyang bahay, paano sinagot ni Giezi ang tanong ni Eliseo na saan siya nanggaling? (II Mga Hari 5:25.) Ano ang maaaring mangyari kung magsisinungaling tayo? Sino ang lubos na nasasaktan kapag nagsisinungaling tayo?
- Ano ang sinabi ni Eliseo na mangyayari kay Giezi dahil sa kanyang ginawa? (II Mga Hari 5:27.) Ano ang naging hitsura ni Giezi nang umalis siya sa harapan ni Eliseo? (II Mga Hari 5:27.) Ipaliwanag na ang anyo ni Giezi na, “kasingputi ng niyebe,” ay sintomas ng ketong.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Papagbalik-aralan sa mga bata ang mga pangyayari sa banal na kasulatan sa araling ito at pagkatapos ay ipasadula o ipaganap nang hindi nagsasalita (pantomime) ang naganap sa pagitan ng asawa ni Naaman, ng tagapaglingkod na batang babaeng Israelita, kina Naaman, Eliseo, mensahero ni Eliseo, tagapaglingkod ni Naaman, at kay Giezi. Maaari ninyong naising isulat ang mga pangalan ng pitong taong ito sa magkakahiwalay na papel na maaaring ikabit ng mga bata sa damit habang nagsasadula nang hindi nagsasalita (pantomime).
2. Basahin at pagkatapos ay talakayin ang sumusunod na siping-banggit ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Kung ang isang tao ay umaasam ng mga kagila-gilalas na bagay, maaaring hindi lubos na nauunawaan ng taong iyon na ang paghahayag ay palagian” (sa Conference Report, Abr. 1977, p. 115; o *Ensign,* Mayo 1977, p. 78). Paalalahanan ang mga bata na minsan nang si Joseph Smith ay nagbabasa ng mga banal na kasulatan, dumating sa kanya ang inspirasyon na magpunta sa kakahuyan at manalangin tungkol sa kung aling simbahan ang kanyang aaniban. Maaaring naisin ninyong magbahagi ng inyong sariling karanasan nang kayo ay magkaroon ng inspirasyon sa pamamagitan ng maliliit na bagay. Talakayin kung paano maaaring dumating ang mga sagot sa mga situwasyon na tulad ng sumusunod:

   May taong nananalangin upang malaman kung totoo ang Simbahan.
   May taong nananalangin para humingi ng tulong upang mapagbuti niya ang isang mahirap na klase sa paaralan.

May taong nananalangin na sana ay mas bumuti pa ang kanyang pakikisama sa mga kaibigan o mga miyembro ng mag-anak.

3. Ipakita ang larawan ng buhay na propeta, at ibahagi ang isang mensahe na ibinahagi niya sa mga miyembro ng Simbahan. Ipaliwanag sa mga bata na ang pakikinig sa itinuturo ng propeta at pagsunod sa hinihiling niyang gawin natin ay magpapala sa ating buhay. Maaari ring naisin ninyong talakayin ang isang bagay na ipinagagawa ng pangulo ng istaka o ng obispo sa mga miyembro ng inyong istaka o purok at ang mga biyayang darating kapag kayo ay masunurin.

4. Isalaysay sa mga bata ang sumusunod na kuwento:

   Si Pangulong David O. McKay ay nasa Berlin, Germany, noong 1952 nang tumanggap siya ng isang mensahe mula sa isang miyembro ng Simbahan sa misyong iyon—isang kapatid na babae na kapwa ang kanyang asawa at panganay na anak na lalaki ay napatay. Itinaboy siya mula sa kanyang tahanan, at dahil sa pagkalantad [sa init at lamig] at kakulangan ng nutrisyon ay naging paralisado siya sa dakong huli at naratay sa kanyang higaan sa loob ng limang taon. Ipinahayag niya ang kanyang pagnanais na ang dalawa niyang maliliit na anak—isang lalaki at isang babae na sampu at labindalawang taong gulang—ay mapapunta upang makadaupang-palad ang Pangulo ng Simbahan. Sinabi ng mabuting kapatid na babaeng ito na, "Alam ko na kung papupuntahin ko ang aking mga anak at makikipagkamay sa Pangulong McKay, at kapag sila ay uuwi na at hahawakan ang aking kamay—kung mahahawakan ko ang kanilang mga kamay alam kong ako ay gagaling."

   Isinaayos ang kanilang paglalakbay. Sinabi ni Pangulong McKay na, "Nang dumating ang mga batang iyon, lumapit ako at kinamayan ko sila, at sinabing, 'Puwede ba ninyong dalhin ang panyong ito sa inyong ina na kasama ang aking basbas?' Napag-alaman ko matapos ko silang kamayan, hindi na sila nakipagkamay sa iba, dahil ayaw nilang hawakan ang kamay ng sinuman hangga't hindi sila nakababalik sa kanilang ina."

   Kasunod nito ay iniulat ng asawa ng pangulo ng misyon na, "Pagkauwing-pagkauwi ng mga bata, ang kanyang mga paa ay nagsimulang makaramdam, at ang pakiramdam na ito ay unti-unting gumapang sa kanyang mga binti. At ngayon ay nakababangon at nakauupo na siyang mag-isa. At pagkatapos, sa pamamagitan ng kanyang mga paa at upuan, ay magsisikap na makarating sa lababo ng kusina. Doon siya ay dinadalhan ng mga bata ng maruruming pinggan at iba pang bagay na huhugasan, lubos ang kanyang pasasalamat na ngayon ay nakatutulong na siya." (Hango mula sa *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss, binagong edisyon [1976], p. 142–44.)

   Ipaliwanag sa mga bata na ang mga tao ay maaaring mapagaling:

   Ayon sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo.
   Kung sila ay karapat-dapat at nagampanan nila ang kanilang bahagi.
   Kung iyon ay kalooban ng Panginoon.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa ikasiyam na talata ng "Sundin ang Propeta" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa payo ng mga matwid na pinuno at ang mga biyayang dumarating sa ating buhay sa pamamagitan ng pagsunod na ito. |
| Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak | Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.” |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang II Mga Hari 5:9–14 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito. |
| | Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin. |

# Ang Propetang si Isaias

Aralin
36

**Layunin**

Ituro sa mga bata na ang propetang si Isaias ay tumanggap ng paghahayag para sa kanyang kapanahunan at para sa mga huling araw.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - II Mga Hari 18:1–7—Si Ezechias ay isang matwid na hari ng Juda.
   - Isaias 36:1–2, 4, 13–15—Nagapi ni Haring Sennacherib ng Asiria ang maraming lungsod ng Juda. Isinugo niya ang kanyang tagapaglingkod na si Rabsaces sa Jerusalem upang takutin si Haring Ezechias at ang mga Judio.
   - Isaias 37:1–4—Hiniling ni Haring Ezechias kay Isaias na manalangin upang humingi ng tulong na iligtas ang Jerusalem.
   - Isaias 37:5–7—Ipinropesiya ni Isaias na ang Asiria ay magagapi at si Haring Sennacherib ay mapapatay sa kanyang sariling lupain.
   - Isaias 37:15–20—Si Ezechias ay nanalangin para sa kaligtasan.
   - Isaias 37:21, 33–38—Ang propesiya ni Isaias na ipagtatanggol ng Panginoon ang Jerusalem ay natupad.
   - Isaias 38:1–5—Pinahaba pa ang buhay ni Ezechias.
   - Isaias 40:3–5; 45:23—Si Isaias ay nagpropesiya tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Malalaman ng lahat ng tao na si Jesus ang Cristo.
   - Isaias 63:1–2—Si Cristo ay magsusuot ng pula sa kanyang pagdating.
   - Isaias 66:15, 18; Doktrina at mga Tipan 88:96–98—Ang masasama ay masusunog, subalit ang mga matwid ay iaangat.
   - Isaias 2:4; 11:6–9—Si Isaias ay nagpropesiya tungkol sa Milenyo.
   - Isaias 54:10, 13–14, 17—Sa mga huling araw ang mga matwid ay pangangalagaan at pagpapalain.
2. Karagdagang babasahin:
   - Mga Taga Filipos 2:10–11.
   - Doktrina at mga Tipan 29:11.
   - *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 43, “Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo,” at kabanata 44, “Ang Milenyo.”
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Unang pahina ng isang pahayagan.
   b. Larawan 6-28, Ang Ikalawang Pagparito (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 238; 62562).

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

### Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang pahayagan.

- Bakit mayroon tayong mga pahayagan? (Upang malaman kung ano ang nagaganap sa daigdig.) Anyayahan ang isa o dalawang bata na magpunta sa harapan ng klase at basahin ang isa sa mga ulo ng balita. Tanungin ang mga bata kung masasabi nila sa inyo kung saan patungkol ang artikulo. Maaari ninyong naisin na gumugol ng ilang minuto upang talakayin ang kahalagahan ng pangyayaring inilalarawan ng artikulo sa pahayagan.

Ipaliwanag na maraming propeta sa panahon ng Lumang Tipan ang nagsabi sa mga tao ng tungkol sa mahahalagang pangyayari sa hinaharap, kabilang na rito ang ilan na magaganap sa mga huling araw. Ang mga artikulo na nababasa natin sa pahayagan ay karaniwang naglalarawan sa mga pangyayari na nagsasakatuparan sa mga sinaunang propesiyang ito tungkol sa mga huling araw. Sa araling ito ay matututuhan ng mga bata ang tungkol sa ilang mahahalagang kaganapan na ipinropesiya ng propetang si Isaias noong mahigit pa sa 700 taon bago pa isinilang si Jesucristo.

### Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang mga propesiya ni Isaias tungkol kay Ezechias at sa kanyang mga tao, ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, at ang Milenyo mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Paalala: Mangyaring ilahad ang impormasyon tungkol sa Ikalawang Pagparito sa positibong paraan upang makita ito ng mga bata bilang isang masayang kaganapan sa halip na nakasisindak na pangyayari.

Habang tinatalakay ninyo ang mga propesiya ni Isaias, ituro ang sumusunod na mga punto:

- Ang propetang si Isaias ay nabuhay mahigit sa 700 taon bago pa isilang si Jesucristo.
- Marami sa mga aral at propesiya ni Isaias ang sinipi ng ibang propeta sa Aklat ni Mormon at sa Bagong Tipan at ng Tagapagligtas mismo.
- Ipinropesiya ni Isaias ang maraming pangyayari na naganap na at marami pa na magaganap pa lamang.
- Nang dalawin ni Jesus ang mga Nephita pagkatapos ng kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ipinayo niya sa kanila na pag-aralan ang mga salita ni Isaias (tingnan sa 3 Nephi 23:1).

### Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

Nanalangin si Ezechias para sa Patnubay at Sinunod ang Payo ni Isaias

- Anong uri ng tao si Ezechias? (II Mga Hari 18:3, 5–6.) Ano ang ginawa niya para mapigilan ang mga tao sa pagsamba sa mga diyus-diyosan? (II Mga Hari 18:4.) Paano siya pinagpala nang dahil sa kanyang pagkamatwid? (II Mga Hari 18:7.)
- Matapos magapi ng hukbong Asiria ang marami sa mga lungsod ng Juda, saan bumaling si Ezechias para humingi ng tulong? (Isaias 37:2, 15.) Ano ang sinabi ng Panginoon kay Ezechias sa pamamagitan ni Isaias? (Isaias 37:6–7, 33–34.) Kung tayo ay tinutuligsa sa pagtitiwala sa Diyos, paano tayo makatatanggap ng lakas? (Sa pamamagitan ng pananalangin, pag-aayuno, at pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagsunod sa mga salita ng buhay na propeta.)
- Paano pinangalagaan ng Panginoon ang mga tao ng Jerusalem? (Isaias 37:36–38.) Ano ang nangyari sa hari ng Asiria? Tulungan ang mga bata na maunawaan na kahit na maaaring hindi tayo makakita ng gayong resulta kapag nananalangin tayo, ang ating mga panalangin ay diringgin at sasagutin. Magbahagi ng isang angkop na karanasan nang kayo ay nanalangin para sa tulong at tumanggap ng sagot. Anyayahan ang mga bata na magbahagi rin ng kanilang mga karanasan. Bigyang-diin na maaaring hindi alisin ng Ama sa Langit ang ating mga problema, ngunit bibigyan niya tayo ng lakas at kapanatagan ng loob.
- Nang malaman ni Ezechias na mamamatay na siya, ano ang hiniling niyang alalahanin ng Panginoon? (Isaias 38:3.) Paano sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin? (Isaias 38:5–6.) Kapag hinihiling natin sa Ama sa Langit na pagalingin tayo o ang isang mahal sa buhay, ang ating panalangin ay maaaring sagutin sa iba't ibang paraan. Kailangan nating kusang-loob na tanggapin ang kalooban ng Ama sa Langit.

Si Isaias ay Nagpropesiya Tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at sa Milenyo

- Ayon kay Isaias sino ang makakakita sa Tagapagligtas sa kanyang Ikalawang Pagparito? (Isaias 40:5; 66:18.) Ayon kay Isaias ano ang magiging kasuotan ni Jesus sa Ikalawang Pagparito? (Isaias 63:2.)
- Ano ang ipinropesiya ni Isaias na gagawin ng bawat tao balang-araw? (Isaias 45:23; tingnan din sa Mga Taga Filipos 2:10–11. Ang ibig sabihin ng *sumumpa* sa mga talatang ito ay magpatotoo.) Ipaliwanag na hindi ito nangangahulugan na ang lahat ay magsisisi sa kanilang mga kasalanan; gayunman, tatanggapin ng lahat ng tao na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas. Bakit mahalaga na magkaroon tayo ngayon ng patotoo tungkol kay Jesus? Paano natin patatatagin ang ating mga patotoo?
- Paano inilarawan ni Isaias ang Ikalawang Pagparito ni Jesus? (Isaias 66:15.) Ipaliwanag na doon sa mga naging masama, ito ay magiging kakila-kilabot na pagkakataon, ngunit sa mga matwid ito ay magiging isang dakila at maluwalhating araw (tingnan sa Isaias 66:13). Paano makikilala ng Panginoon ang masasama sa mabubuti? (Isaias 66:18.) Bigyang-diin na alam ng Ama sa Langit at ni Jesus ang mga naisin ng ating mga puso. Kung nagsisikap tayong mamuhay nang matwid, tayo ay pangangalagaan at pagpapalain sa panahong ito. Ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayari sa mga Banal kapag sinunog na ang masasama? (Doktrina at mga Tipan 109:75–76.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 at 2.)

- Sa palagay ninyo paano kaya ang magiging pamumuhay sa mundo sa panahon ng Milenyo? (Doktrina at mga Tipan 29:11.) Ano ang sinasabi ni Isaias tungkol sa digmaan sa pagitan ng mga bansa sa mundo? (Isaias 2:4.) Paano kikilos ang mababangis na hayop? (Isaias 11:6–9; 65:25.) Bakit sa palagay ninyo magiging pagpapala ang manirahan sa isang daigdig na kung saan ang bawat isa ay naturuan ng ebanghelyo? (Isaias 11:9; 54:13–14.) Ano ang maaari nating gawin upang maging karapat-dapat na mamuhay sa mundo sa panahong ito?

  Ipaliwanag na tanging ang Ama sa Langit ang nakaaalam kung kailan magaganap ang Ikalawang Pagparito at kung kailan magsisimula ang Milenyo. Gayunman, dapat ay naghahanda na tayo para sa panahong iyon.

  Bigyang-diin na ang Milenyo ay isang panahon na dapat asamin. Kahit na magkakaroon ng mga paghihirap bago ang Ikalawang Pagparito, tayo ay pagpapalain at tutulungan sa mga panahong ito kung mamumuhay tayo nang matwid. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Talakayin ang ilang kaganapan sa mga huling araw. Ipaliwanag na ang mga palatandaan ay nagsasabi sa atin tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesus, tulad ng kasamaan, digmaan, kaguluhan, ang Pagpapanumbalik ng ebanghelyo, ang paglitaw ng Aklat ni Mormon, ang pangangaral ng ebanghelyo sa buong daigdig, ang pagpapanumbalik ng kapangyarihan ng pagbubuklod, ang pagiging malakas ng mga Lamanita, at ang pagtatatag ng Bagong Jerusalem.

   Tapusin ang talakayan sa pamamagitan ng pagsangguni sa Isaias 54:10, 13–14, 17. Bigyang-diin na ang mga matwid ay pagpapalain sa mga panahong ito ng kahirapan.

2. Papikitin ang mga bata at ipalarawan sa kanilang isipan ang isang daigdig na kung saan ang lahat ng nilikha ay namumuhay nang mapayapa. Tanungin ang mga bata kung ano ang magiging kaibahan ng gayong daigdig sa ating daigdig. Tulungan silang mag-isip ng mga pagpapala, tulad ng walang mga digmaan, walang krimen, walang sakit, at marami pang iba, na magiging bahagi ng gayong uri ng daigdig. Ipaliwanag na ang mundo ay magiging ganito sa Milenyo. Ipabasa nang malakas sa isang bata ang Juan 14:27.

3. Hayaang maghalinhinan ang bawat bata sa pagsasadula nang hindi nagsasalita (pantomime) na tila naghahanda sila para sa isang bagay (paaralan, higaan, hapunan, isang pagsusulit, at marami pang iba). Subukang pahulaan sa klase kung ano ang pinaghahandaan ng bata. Pagkatapos ay talakayin kung paano tayo makapaghahanda para sa panahon ng pagdating na muli ni Jesus, at ilista ang mga ideyang ito sa pisara. Ang mga ideyang ito ay maaaring kabilangan ng: pagdalo sa simbahan, pagiging mabait, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pananalangin, at marami pang iba.

Ipaliwanag sa mga bata na ang bawat isa sa kanila ay naghahanda na para sa Ikalawang Pagparito sa pamamagitan ng pagdalo sa simbahan at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. Himukin ang mga bata na magpatuloy na magsisi, tuparin ang mga kautusan, at gawin ang mga bagay na makatutulong upang lumago ang kanilang patotoo.

4. Ipaliwanag na si Isaias ay nagpropesiya tungkol sa maraming pangyayari na naganap na. Ipahanap sa mga bata ang sumusunod na mga sangguniang banal na kasulatan at magpasiya kung ano ang ipinropesiya ni Isaias at kung paano ito nagkaroon ng katuparan (ito ay maaaring gawing laro ng pagtutugma o bilang bigay-sipi):

   Isaias 2:1–2 (Ang kaharian ng Diyos ay itatatag sa *Rocky Mountains*)
   Isaias 7:14 (Ang pagsilang ni Jesucristo)
   Isaias 29:4 (Ang paglitaw ng Aklat ni Mormon)
   Isaias 52:7–8 (Pinalalaganap ng mga misyonero ang ebanghelyo)
   Isaias 53:3–5 (Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo)

5. Gamit ang isang malaking papel, ipasulat sa mga bata ang isang ulo ng balita tungkol sa Ikalawang Pagparito batay sa natutuhan nila sa araling ito. Maaaring naisin ng ilan sa mga bata na sumulat ng maikling artikulo tungkol sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito.

6. Talakayin at tulungan ang mga bata na isaulo ang ikasampung saligan ng pananampalataya. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *malaparaiso* ay magbabalik sa pagiging isang paraiso ang mundo na katulad sa Halamanan ng Eden noon.

7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Sa Kanyang Pagbalik" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Nais Kong Ipamuhay ang Ebanghelyo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

**Patotoo**

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa bawat isa sa atin at kung gaano nila ninanais na mamuhay tayo nang matwid at maging handa para sa mga mangyayari sa hinaharap. Himukin ang mga bata na asamin ang kapayapaan at kagalakan na darating kapag nagbalik na si Jesucristo sa mundo.

**Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak**

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Isaias 54:10, 13–14, 17 at 11:6–9 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 37

# Binasa nina Josias at Ezra ang mga Banal na Kasulatan sa mga Tao

**Layunin**

Ituro sa mga bata na ang pagbabasa at pagsunod sa payo sa mga banal na kasulatan ay nagdudulot ng kagalakan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - II Mga Hari 22:1–2—Si Josias ay namuno nang matwid.
   - II Mga Hari 22:3–10—Habang kinukumpuni ang templo ay natagpuan ni Hilcias ang aklat ng batas. (Paalala: Ang *Aklat ng batas* at *aklat ng tipan* ay mga katagang tumutukoy sa mga banal na kasulatan noong panahong iyon.)
   - II Mga Hari 22:11–13—Nalungkot si Josias dahil sa kasamaan ng mga tao.
   - II Mga Hari 22:14–20—Ipinropesiya ni Hulda ang pagkalipol ng masasama subalit nangakong pagpapalain si Josias.
   - II Mga Hari 23:1–4, 21–25—Binasa ni Josias ang aklat ng batas sa mga tao; gumawa sila ng mga tipan at tumigil sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.
   - Nehemias 8:1–12—Binasa at binigyang-kahulugan ni Ezra ang batas ni Moises. Nagalak ang mga tao.
2. Karagdagang babasahin:
   - Deuteronomio 6:6–7—Sinabihan ni Moises ang mga Israelita na ituro ang mga kautusan sa kanilang mga anak sa lahat ng oras.
   - II Mga Cronica 34—Isa pang pagsasalaysay ng kuwento tungkol kay Josias (ihambing sa II Mga Hari 22).
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang talaarawan, *scrapbook,* album ng mga larawan, o aklat ng sanggol (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Tanungin ang mga bata kung naaalala pa nila ang mga aralin sa kursong ito. Kung naaalala pa nila ang pangkalahatang mga paksa, magtanong ng mas detalye. Ipaliwanag na mahirap para sa atin na maalala ang impormasyon na

natutuhan natin sa paglipas ng matagal nang panahon. Ipakita sa mga bata ang isang talaarawan, *scrapbook,* album ng mga larawan, aklat ng sanggol, o katulad na aklat, at isalaysay ang sumusunod na tunay na karanasan o isang pansariling karanasan ninyo sa pagtatago ng mga tala.

Hiniling ng ilang bata sa kanilang ina na sabihin sa kanila kung ano ang sinabi at ginawa nila noong bata pa sila. Ang kanilang ina ay sumulat ng isang talaarawan tungkol sa ilan sa mga karanasang iyon. Binasa ng buong mag-anak ang talaarawan. Nalaman ng panganay na lalaki na ang unang pananalita na ibinigay niya sa Primarya ay tungkol sa dalawang magkapatid na lalaki na nagpasiyang hindi sila mag-aaway. Natuwa siyang malaman ito dahil palagi niyang sinisikap na maging tagapamayapa sa kanyang mag-anak. Nalaman ng isang anak na babae na noong tatlong taong gulang siya ay nanalangin siya gabi-gabi para sa kanyang mga kapitbahay upang matutuhang tumigil sa paninigarilyo at para manatili silang ligtas sa kapahamakan. Ang pagkamaalalahaning ito ay nagpatuloy hanggang sa pagtanda niya. Nalaman ng isa pang anak na sa pagbabasbas sa kanya noong sanggol pa siya ay binasbasan siya ng kanyang ama na magkaroon ng lalong malapit na ugnayan sa kanyang ina. Ang basbas na iyon ay natupad sa buong buhay niya. Kahit na ang ina ay nagulat sa ilan sa mga kuwento. Sa paglipas ng taon ay nakalimutan na niya ang karamihan sa mga ito. Kapwa ang ina at ang kanyang mga anak ay nakadama ng kagalakan sa pagbabasa nila ng talaarawan at paggunita sa mga naging karanasan nila noon.

Ipaliwanag na madaling makalimutan ang mga bagay na hindi palaging ipinaaalala sa atin. Ang mahahalagang impormasyon ay dapat na patuloy na pag-aralan at pagbalik-aralan upang hindi natin makalimutan. Ipakita sa mga bata ang inyong mga banal na kasulatan, at sabihin sa kanila na ang mga aklat na ito ay naglalaman ng mga salita ng Ama sa Langit sa atin. Ang masusing pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa araw-araw ay makatutulong sa atin na maalala at masunod ang kanyang mga kautusan. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa mga tao ng Juda sa dalawang magkaibang panahon sa kasaysayan: noong panahon ng pamumuno ni Haring Josias (mga 640 B.C.) at ang panahon nina Nehemias at Ezra (mga 450 B.C.) (Ang ibig sabihin ng *B.C.* ay bago isilang si Cristo). Naiwala ng kapwa grupo ng mga taong ito ang aklat ng batas—ang mga banal na kasulatan na ibinigay sa kanila ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises—kaya nakalimutan nila ang mga kautusan at hindi sinunod ang mga ito.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay Josias, ang batang hari ng Juda, at tungkol kay Ezra mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Anong uri ng tao si Haring Josias? (II Mga Hari 22:2; 23:25. Paalala: Ang David na binanggit sa II Mga Hari 22:2 ay si Haring David, na ninuno ni

Josias, at hindi ang tunay niyang ama. Ang ama ni Josias ay si Amon.) Ipaliwanag na ang ama ni Josias ay isang masamang hari na pinatay ng kanyang mga tagapaglingkod noong walong taong gulang pa lamang si Josias. Minana ni Josias ang kaharian at naging matwid na hari.

- Sa ikalabing-walong taon ng pamumuno ni Haring Josias, ano ang ginawa sa templo? (II Mga Cronica 34:8–11.) Ano ang natuklasan ni Hilcias, na mataas na saserdote, sa templo nang ito ay kinukumpuni? (II Mga Hari 22:8.) Ipaliwanag na ang *aklat ng batas* ay isa pang tawag sa mga banal na kasulatan.
- Matapos basahin kay Haring Josias ang aklat ng batas, ano ang ginawa niya na nagpakita ng kanyang malaking kalungkutan? (II Mga Hari 22:11–13.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "hinapak ang kanyang suot" ay winarak o sinira niya ang kanyang damit upang ipakita ang kanyang matinding kalungkutan dahil sa paglayo ng kanyang mga tao sa mga batas ng Diyos.
- Paano ipinakita ng mga tao na nakalimutan nila ang mga batas ng Panginoon? (II Mga Hari 22:16–17.) Paano inalis ni Haring Josias ang pagsamba sa diyus-diyosan at iba pang masasamang gawain ng kanyang mga tao? (II Mga Hari 23:4, 24–25.)
- Paano tinulungan ni Haring Josias ang kanyang tao na magsisi ng kanilang mga kasalanan? (II Mga Hari 23:2–3.) Ano ang naging daan upang matanto ng mga tao na nakagawa sila ng pagkakamali? Ipaliwanag na ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ang nagturo sa mga tao ng mga pamamaraan ng Panginoon. Dahil nawala ang aklat ng mga batas at mga tipan, nakalimutan ng mga tao ang mga kautusan at naligaw sila ng landas. Paano tayo matutulungan ng mga banal na kasulatan? Ano ang dapat nating ugaliin upang matulungan tayong maalala ang mga salita ng Diyos? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Anong matwid na gawain ang ibinalik ni Haring Josias? (II Mga Hari 23:21–23.)
- Sino si Nehemias? (Nehemias 8:9. Paalala: Ang talababa sa Nehemias 7:65 na tagapamahala ay *Tirshatha* sa Ingles, na ang ibig sabihin ay gobernador. Si Nehemias ay isang matwid na pinuno ng kanyang mga tao.) (Tingnan din sa "Nehemias" sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan).
- Sino si Ezra? (Nehemias 8:9.) Ipaliwanag na si Ezra ay isang saserdote at kalihim at bilang kalihim siya ay isang guro ng batas. Ang mga Judio nang panahong ito (mga 450 B.C.) ay nasa ilalim ng pamimihag ng Imperyo ng Persia sa loob ng maraming taon, at hindi ipinababasa sa kanila ang kanilang mga batas. Sila rin ay nahulog sa mga masamang paraan ng mga nakapalibot sa kanila. Ang ilan sa mga Judio, kabilang na sina Ezra at Nehemias, ay pinahintulutang magbalik sa Jerusalem upang itatag muli ang kanilang kultura at mga paniniwalang pangrelihiyon.
- Kanino binasa ni Ezra ang aklat ng batas ni Moises? (Nehemias 8:1–3, 5.) Ipaliwanag na itinuturo ng Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa ilalim ng pamagat na "Ezra" na bago ang panahong ito ang batas ay nababasa lamang ng mga saserdote. Ang pagbabasa ng aklat ng batas sa mga lansangan ang naging daan upang ito ay marinig ng lahat. Ano ang naging reaksiyon ng mg tao nang marinig nila ang aklat ng batas? (Nehemias 8:3, 9.) Paano natin dapat basahin ang mga banal na kasulatan?

- Sino ang tumulong sa mga tao upang maunawaan nila ang mga banal na kasulatan? (Nehemias 8:7–8.) Ituro na ang espiritu ng Panginoon ay nasa mga tao habang ipinaliliwanag ng mga saserdote kung ano ang binabasa sa kanila. Ano ang naramdaman ng mga tao nang maunawaan nila ang mga banal na kasulatan na binasa sa kanila? (Nehemias 8:12.) Ano ang nadarama ninyo kapag binabasa at nauunawaan ninyo ang mga banal na kasulatan? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Paano natin matataglay ang gayong uri ng kasabikan sa mga banal na kasulatan na taglay ng mga taong ito?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Sabihin sa mga bata na may ibubulong kayo sa kanila na nais ninyong sikapin nilang tandaan. Ibulong ang banal na kasulatang ito sa bawat bata: “Ang hari ay tumayo sa kanyang dako, at nakipagtipan sa harap ng Panginoon, upang lumakad ng ayon sa Panginoon, at upang ingatan ang kanyang mga utos” (II Mga Taga Cronica 34:31). Pagkatapos ninyo itong ibulong sa bawat bata, ipaulit ninyo ito sa kanila. Kung nahihirapan silang tandaan ito, ipaliwanag na ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga nakasulat na banal na kasulatan ay mapag-aaralan at mababasa natin ang mga ito nang madalas upang matulungan tayong matandaan ang mga ito. Pagkatapos ay basahin ninyo at ng klase nang malakas ang talata mula sa mga banal na kasulatan. Sa hulihan ng aralin, tanungin ang mga bata kung natatandaan nila ang banal na kasulatan na ibinulong ninyo sa kanila at magkasabay na binasa. Kung inulit ninyo ito ng ilang beses, malamang na matatandaan ito ng ilan sa kanila. Sabay-sabay ninyong muling basahin ito. Ituro na natatandaan natin ang mahahalagang katotohanan sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagkadinig at pagbasa ng mga ito.

2. Isulat sa pisara ang dalawang pamagat: “Bakit kaya mahirap basahin ang mga banal na kasulatan?” at “Mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga kahirapang ito.” Tanungin ang mga bata kung bakit mahirap para sa kanila ang magbasa ng mga banal na kasulatan, at pagkatapos ay magpamungkahi sa kanila ng mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga kahirapang ito. Talakayin ang bawat ideya sa mga bata, na inililista ang kanilang mga sagot sa angkop na hanay. Ang mga problema sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay maaaring dahil sa mahirap maunawaan ang mga ito o dahil hindi gaanong marunong magbasa ang mga bata. Ang mga maaaring kalutasan sa mga problemang ito ay ang magbasa nang malakas, basahin at talakayin ito na kasama ang isang may sapat na gulang, manalangin para sa pang-unawa, o basahin ang mungkahing babasahin sa tahanan na kasama sa hulihan ng bawat aralin habang sariwa pa sa kanilang isipan ang aralin. Hamunin ang mga bata na basahin ang mga nakatakdang talata mula sa araling ito at sa bawat aralin. Ipaliwanag na kapag palagiang nakapagbabasa ang isang tao ng mga banal na kasulatan, ang mga banal na kasulatan ay nagiging mas pamilyar at mas madaling unawain.

3. Kung makukuha ang mga bagay na ito, isawsaw ang isang *toothpick* sa kaunting pulot-pukyutan para sa bawat bata. Ipatikim sa mga bata

ang pulot-pukyutan. Bigyang-diin ang katamisan ng pulot-pukyutan, at pagkatapos ay basahin ang Mga Awit 19:8, 10. Papag-isipin ang mga bata kung paano magiging mas matamis kaysa sa pulot-pukyutan ang mga banal na kasulatan sa kanilang buhay. Ituro na sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan ay madarama natin ang pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit, at makatatanggap tayo ng tulong sa pagharap sa ating mga problema. Ang mga ito at ang iba pang bagay ay nagdudulot ng tamis, o kagalakan, sa ating buhay. Himukin ang mga bata na magbahagi ng isang bagay na gusto nila tungkol sa mga banal na kasulatan.

4. Maglaro ng *charades* sa pamamagitan ng tahimik na pagpapasadula sa isang bata sa bawat sumusunod na mga sitwasyon. Pahulaan sa klase kung ano ang ginawa nila.

   a. Pagmamaneho papunta sa isang gasolinahan at pagkakarga ng gasolina sa tangke ng isang kotse.

   b. Pagkain ng hapunan.

   c. Pagtatanim at pagdidilig ng halaman.

   d. Pagbabasa ng mga banal na kasulatan.

   Maglaro hanggang sa mahulaang lahat ang apat na sitwasyon. Talakayin ang anumang pagkakahawig sa magkakaibang gawaing ito. Ituro na sa bawat sitwasyon ay may kailangang bagay upang magkaroon ng enerhiya upang makapagpatuloy ang mga ito. Katulad ng kung paano nangangailangan ng gasolina ang isang kotse, ng pagkain ang isang halaman, o ang ating katawang pisikal, ay gayundin naman na kailangang pakainin ang ating espiritu upang maging malusog ito. Talakayin kung paano natin mapakakain ang ating espiritu. Talakayin kung gaano kadalas dapat pakainin ang ating espiritu. Basahin ang Deuteronomio 6:6–7 na kasama ang mga bata, at bigyang-diin na dapat nating isipin ang mga salita ng Panginoon sa atin sa lahat ng oras sa lahat ng ating ginagawa. Hamunin ang mga bata na magbasa mula sa mga banal na kasulatan araw-araw sa darating na linggo.

5. Paalalahanan ang mga bata na upang masunod ang mga kautusan, dapat ay matandaan nila ang mga ito. Upang matulungan silang matandaan ang mga ito, laruin ang larong pangkaisipan (memory game). Isulat ang mga pangalan ng sumusunod na mga tao mula sa Lumang Tipan sa magkakahiwalay na kard na may sukat na 3”x5”. Sa ibang mga kard ay isulat ang mga paglalarawan sa bawat tao. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagtutugma ng mga kard na nasusulatan ng pangalan ng tao sa kard na nagsasabi kung ano ang kanyang ginawa. Kapag napagtugma na ng mga bata ang lahat ng mga kard, talakayin ang espirituwal na mga katangian na naaalala nila tungkol sa bawat tao.

| Tao | Ginawa |
|---|---|
| Adan | Nilisan ang Halamanan ng Eden |
| Enoc | Ang kanyang matwid na lungsod ay nabago (translated) |
| Noe | Nagtayo ng arka |
| Abraham | Buong pusong ihahain ang kanyang anak na lalaki |

| | |
|---|---|
| Rebeca | Iniwan ang kanyang mag-anak upang mapangasawa si Isaac |
| Jose | Pinatawad ang kanyang mga kapatid na lalaki |
| Moises | Iniligtas ang kanyang mga tao mula sa pagkaalipin |
| Ruth | Tinanggap ang ebanghelyo mula sa kanyang biyenan |
| David | Sa taglay na lakas mula sa Panginoon, napatay niya ang isang higante |
| Elias | Pinakain ng mga uwak sa panahon ng tagtuyot |

6. Tulungan ang mga bata na maunawaan at maisaulo ang ikawalong saligan ng pananampalataya. Basahin ang Isaias 40:8 at talakayin ang mga paraan kung paano "mamamalagi magpakailanman" ang mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na, halimbawa, ang Sampung Utos na ibinigay kay Moises mga libu-libong taon na ang nakararaan ay "mamamalagi magpakailanman"; ang mga ito ay mga kautusan pa rin sa ating kapanahunan. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng kanilang mga paboritong banal na kasulatan at mga dahilan kung bakit gusto nila ang mga ito.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa "Maghanap, Mag-isip at Manalangin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang inyong damdamin tungkol sa dakilang pagpapala na dulot ng mga banal na kasulatan sa inyong buhay at ang kagalakan at kapayapaan na dulot nito sa inyo sa pag-alala ninyong sundin ang mga batas ng Ama sa Langit. Himukin ang mga bata na palagiang basahin ang mga banal na kasulatan sa tahanan.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang II Mga Hari 23:1–3, 25 at Isaias 40:8 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
38

# Iniligtas ni Esther ang Kanyang mga Tao

**Layunin**

Ituro sa mga bata kung paano pinagpapala ng pag-aayuno ang kanilang buhay.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Esther 2:5–11, 15–23—Pinili ng hari si Esther upang maging kanyang bagong reyna. Iniligtas ni Mardocheo ang buhay ng hari.
   - Esther 3:1–6, 8–11, 13—Tumanggi si Mardocheo na yumuko kay Aman. Binalak ni Aman na patayin ang lahat ng Judio.
   - Esther 4—Hiniling ni Esther sa mga Judio na mag-ayuno para sa ikatatagumpay ng kanyang pagsusumamo sa hari para sa buhay ng mga Judio.
   - Esther 5—Tinanggap ng hari si Esther. Inanyayahan ni Esther ang hari at si Aman sa isang piging. Binalak ni Aman na bitayin si Mardocheo.
   - Esther 6—Naalala ng hindi makatulog na hari na hindi naparangalan si Mardocheo sa pagliligtas ng kanyang buhay. Hindi alam ni Aman na ang mga plano niya ay gantimpala kay Mardocheo.
   - Esther 7:1–6, 9–10—Inihayag ni Esther ang plano ni Aman na patayin ang mga Judio. Ipinabitay ng hari si Aman sa itinayong pagbibitayan para kay Mardocheo.
   - Esther 8:1–8, 11, 17—Gumawa ng bagong utos ang hari na nagligtas sa buhay ng mga Judio.
   - Esther 10:3—Si Mardocheo ay binigyan ng awtoridad na pumapangalawa lamang sa hari.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Kung nanaisin: 1 kutsarang libadura,  tasa ng maligamgam na tubig, kutsaritang asukal, at isang lalagyan para sa paghahalo ng mga sangkap na ito.
   c. Larawan 6-44, Esther.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Sabihin sa mga bata na ang libadura ay pampaalsang gamit sa masang tinapay upang gawin itong magaan at maalsa. Ipaliwanag na kapag inilagay sa maligamgam na tubig ang libadura, ito ay nagsisimulang umalsa at lumaki. Tanungin ang mga bata kung ano sa palagay nila ang mangyayari kung

lalagyan ng asukal ang pinaghalu-halong sangkap. (Kung makukuha ang mga sangkap na ito, pagsama-samahin ang mga ito upang ipakita kung ano ang mangyayari.) Ipaliwanag na ang libadura ay lumalaki kapag inilalagay ito sa maligamgam na tubig, mamasa-masang kapaligiran at mas mabilis pa itong lumaki kung may asukal na ilalahok. Sabihin sa mga bata na may ilang sangkap na kapag pinagsama-sama ay nagdaragdag sa ating pananampalataya, katulad ng tubig at asukal na pinagsama upang tulungang lumaki ang libadura.

Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang kailangan upang tulungang lumago ang kanilang pananampalataya at espirituwalidad. Ipaliwanag na ang taimtim na panalangin ay makatutulong sa atin na magkaroon ng pananampalataya at dagdag na espirituwalidad, ngunit kung daragdagan natin ng pag-aayuno ang ating mga panalangin, ang ating pananampalataya at espirituwalidad ay mas madaragdagan. Ang pag-aayuno ay ang pagpapasiyang huwag kumain at uminom. Hindi lamang nadaragdagan ng wastong pag-aayuno na may kasamang panalangin ang ating espirituwalidad at pananampalataya, kundi dinaragdagan din nito ang ating kababaang-loob, ang ating pagmamahal sa Diyos, at ating kakayahang tumanggap ng tulong sa ating mga problema. (Tingnan sa Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* ika-2 edisyon [1966], p. 276.) Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay malalaman nila kung paano ginamit ng isang babaeng malakas ang loob ang pag-aayuno upang tumulong na mailigtas ang kanyang mga tao.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kay Esther mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.)

Habang tinatalakay ninyo ang pangyayari tungkol kay Esther, ipaliwanag na si Haring Assuero ng Persia ay nagdaos ng pitong araw na piging para sa kanyang magigiting na lalaki at mga prinsipe, kung saan buong pagyayabang niyang ipinakita ang kanyang ginto, pilak, at magagandang linen upang makita ng lahat. Pagkatapos ay tinawag niya si Vasthi, ang reyna, upang ipakita ang kanyang kagandahan. Subalit tumangging humarap si Vasthi, at ito ang nagpagalit sa hari. Nakakahiya ang ginawang pagtanggi ng reyna na sumunod sa hari sa harap ng kanyang mga panauhin. Tinanong ng hari ang mga pantas sa kanyang kaharian kung ano ang dapat gawin sa reyna. Siya ay pinayuhang tanggalan ng korona si Vasthi at pumili ng bagong reyna. Upang gawin ito, ang lahat ng magagandang dalaga sa kaharian ay dinala sa hari para makapili siya ng bagong reyna.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang relasyon ni Esther kay Mardocheo? (Esther 2:5, 7.) Bakit nanirahan ang mga Judio sa Persia? (Esther 2:6. Ipaliwanag na ang mga Judio ay mga pinagtipanang tao ng Ama sa Langit. Ang ibig sabihin nito ay nangako silang

susundin ang Panginoon. Isa rin sila sa mga lipi ni Israel; sa madaling salita, sila ay mga inapo nina Abraham, Isaac at Jacob. Subalit sila ay nagapi at dinala sa mga lupain ng Media at Persia.) Nang dalhin si Esther sa palasyo ng hari, bakit hindi niya ipinaalam kahit kanino na siya ay isang Judio? (Esther 2:10, 20.)

- Ano ang nangyari nang unang dalhin si Esther sa hari? (Esther 2:17.)
- Ano ang ginawa ni Mardocheo upang mapangalagaan ang hari? (Esther 2:21–23.) Ipaliwanag na sina Bigthan at Teres ay kabilang sa personal na guwardiya ng hari. Ang kanilang plano na patayin ang hari ay lubhang mapanganib dahil marami silang pagkakataon na mapalapit sa kanya at mas madali nilang maisasakatuparan ang kanilang plano.
- Anong dahilan ang ibinigay ni Mardocheo sa mga tao sa hindi niya pagyukod kay Aman, na siyang may hawak ng pinakamataas na katungkulan sa mga opisyal ng hari? (Esther 3:2–4.) Bakit tumangging yumuko si Mardocheo kay Aman? (Exodo 20:3. Ipaliwanag na bilang karagdagan sa pagpapayuko sa mga tao kay Aman, inutusan din sila ng hari na magbigay galang o sambahin siya. Kung ginawa ito ni Mardocheo ay nilabag na niya ang una sa Sampung Utos.)
- Ano ang sinikap gawin ng galit na si Aman upang parusahan si Mardocheo at ang mga Judio? (Esther 3:6, 8–9.) Ano ang madarama ninyo kung magtatakda ng batas na ang lahat ng miyembro ng Simbahan ay papatayin sa isang takdang araw? Ano ang naging reaksiyon ni Mardocheo at ng mga Judio sa bagong batas? (Esther 4:1–3.) Ipaliwanag na ang hinapak na kasuotan ay isang magaspang na tela na yari sa buhok ng kamelyo o kambing at isinusuot kapag nag-aayuno o nananangis. Maliban sa pagsusuot ng hinapak na kasuotan, ang mga tao ay umuupo sa tumpok ng abo o binubudburan ng abo ang sarili bilang tanda na nilisan sila ng kagalakan.
- Bakit natakot si Esther na magpunta sa hari? (Esther 4:11.) Ano ang sinabi ni Mardocheo sa kanya tungkol sa pagpunta sa hari? (Esther 4:13–14.) Ipaliwanag na inisip ni Mardocheo na posibleng inihanda ng Ama sa Langit si Esther upang iligtas ang mga Judio. Ano ang ginawa ni Esther upang magtagumpay siya sa pagsusumamo sa hari? (Esther 4:16–17.) Paano tinanggap ng hari si Esther? (Esther 5:2–3.) Ano ang ilang matwid na bagay na maaari nating ipag-ayuno? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Humiling si Esther ng tatlong araw na pag-aayuno. Gaano katagal tayo dapat mag-ayuno? Karaniwan na ang kahulugan ng pag-aayuno ay pagliban sa pagkain o inumin sa dalawang magkasunod na kainan, ngunit sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith na "hindi naman ito ang itinakdang patakaran, . . . kundi nasa tao ang pasiyang ito batay sa idinidikta ng kanyang konsiyensiya, na pairalin ang katalinuhan at mabuting pagpapasiya. Marami ang napapailalim sa mga kahinaan, ang iba ay nasa maselang kalagayan ng kalusugan . . . ; sa gayon ay hindi hinihiling ang pag-aayuno" (*Gospel Doctrine* [1968], p. 244).
- Sino ang hiniling ni Esther na dumalo sa piging? (Esther 5:4–5.) Ano ang ikinagalit ni Aman matapos siyang lumabas mula sa unang piging? (Esther 5:9.) Ano ang sinabi kay Aman ng kanyang mga kaibigan at asawa na gawin kay Mardocheo? (Esther 5:14.)

- Paano naalala ng hari ang mabuting ginawa ni Mardocheo sa pagliligtas ng kanyang buhay? (Esther 6:1–3.) Ituro na posibleng ang hindi pagkatulog ng hari ay isang pagpapala mula sa Ama sa Langit bilang bunga ng pag-aayuno ng mga Judio. Paano pinagpasiyahan ng hari ang gantimpala kay Mardocheo? (Esther 6:6–10.)
- Ano ang hiniling ni Esther sa hari sa ikalawang piging? (Esther 7:3–4.) Ano ang nangyari kay Aman nang matuklasan ng hari ang planong pagpatay nito sa mga Judio? (Esther 7:9–10.) Anong gantimpala ang ipinagkaloob kay Mardocheo? (Esther 8:1–2.)
- Paano tayo dapat mag-ayuno? (Mateo 6:16–18.) Paano tayo makapag-aayunong mabuti? Ipaliwanag na ang ating pag-aayuno ay dapat kabilangan ng taos-pusong panalangin. Ituro na kadalasan ay magkakaroon din tayo ng tiyak na dahilan sa ating pag-aayuno. Maaaring hindi natin palaging tinatanggap ang sagot na nais natin, subalit dapat tayong magkaroon ng pananampalataya na ang kalooban ng Panginoon ang matutupad. Napakahalaga na ugaliin nating ipamuhay ang batas ng pag-aayuno upang sa gayon ay alam natin kung paano tumanggap ng tulong kapag may tiyak tayong mga pangangailangan. Ang ating pag-aayuno ay dapat ding magbigay sa atin ng pagnanais na tumulong sa iba.
- Bakit kung minsan ay mahirap ang pag-aayuno? Tulungan ang mga bata na maunawaan na maaari silang makadama ng gutom at uhaw, subalit lalago ang kanilang espirituwalidad sa patuloy nilang malugod na pagsunod sa kautusang mag-ayuno. Ano ang naging mga positibong karanasan ninyo sa sariling pag-aayuno o sa pag-aayuno ninyong mag-anak?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipasadula ninyo ang kuwento mula sa Esther (tingnan sa Esther 4:1–5:3). Basahin ang mga linya samantalang isinasadula ng mga bata ang mga bahagi o magbigay ng mga kopya ng mga linya sa mga bata upang basahin. Maaari ninyong bigyan ang mga bata ng mga simpleng *props* o *name tag* upang matukoy ang mga tauhan.

   Tagapaglingkod: Mardocheo, nagtataka ang Reynang si Esther kung bakit ka tumatangis na may hinapak na kasuotan at mga abo.

   Mardocheo: Nakakuha ng pahintulot si Aman na ipapatay ang lahat ng Judio, kapwa bata at matanda, maliliit na bata at kababaihan. Bigyan si Esther ng kopya ng utos, at papagsumamuin siya sa hari para sa kanyang mga tao.

   Tagapaglingkod: Gusto ni Mardocheo na magpunta ka sa hari at magsumamo para sa iyong mga tao.

   Esther: Ipakihatid mo ang mensahe kay Mardocheo na natatakot akong magpunta sa hari nang hindi ipinatatawag, dahil papatayin ako maliban na ilawit sa akin ng hari ang kanyang gintong cetro. Sa loob ng tatlumpong araw ay

| | |
|---|---|
| | hindi hiniling ng hari na makita ako, at natatakot ako na baka hindi ito maging kalugud-lugod sa kanya. |
| Tagapaglingkod: | (Iniabot ang isang papel kay Mardocheo.) |
| Mardocheo: | Sabihin mo kay Esther na hindi niya matatakasan ang kamatayan bilang isang Judio nang dahil lamang sa nakatira siya sa bahay ng hari. Hinihiling ko uli sa kanya na magsumamo sa hari para sa kapakanan ng kanyang mga tao. Marahil ito ang talagang dahilan kung bakit pinahintulutan ng Panginoon na maging reyna si Esther—upang mailigtas niya ang kanyang mga tao. |
| Tagapaglingkod: | Hinihiling muli ni Mardocheo na magsumamo ka para sa kapakanan ng iyong mga tao. |
| Esther: | Sabihan mo si Mardocheo at ang mga Judio na mag-ayuno alang-alang sa akin sa loob ng tatlong araw, maghapon at magdamag. Ako at ang aking mga dalaga [maidens] ay mag-aayuno rin. Haharap ako sa hari at kung mamamatay ako, mamamatay ako. |
| Hari: | (Itataas ang cetro at ngingiti.) Ano ang gusto mo, Esther? Ibibigay ko ang nais mo maging hanggang sa kalahati ng aking kaharian. |

2. Gumawa ng mga kard ng pangalan para sa bawat isa sa sumusunod na mga tauhan ng banal na kasulatan: Haring Assuero, Vasthi, Mardocheo, Esther, at Aman. Ikabit ang kard sa likod ng limang bata nang hindi ipinakikita sa kanila kung alin ang nasa kanila. Papagtanungin sila sa kanilang mga kamag-aral ng mga tanong na masasagot ng oo o hindi tungkol sa mga tauhan upang tulungan silang tuklasin kung sino sila. Maaari ninyong ulitin ang gawaing ito kung may panahon pa.

   Ang mga tanong ay maaaring katulad ng sumusunod: Ako ba ay isang Judio? Ako ba ay matwid? Nag-ayuno ba ako? Naging palakaibigan ba ako kay Mardocheo? Ako ba ay isang reyna?

3. Isalaysay ang sumusunod na kuwento sa inyong sariling mga salita:

   Isang grupo ng mga Banal sa Huling Araw noong mga unang panahon ng Simbahan ang nanirahan sa Mexico. Si Pancho Villa, isang pinuno ng rebolusyonaryong Mehicano, ay lumusob sa maraming pamayanan sa hilagang Mexico. Ang isa sa mga pamayanan na lilipulin isang gabi ay tinawag na Colonia Dublan, isang pamayanan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hinilingan ng obispo ng purok sa bayang iyon ang lahat ng miyembro na mag-ayuno at manalangin. Tumawag siya ng pulong sa simbahan para sa lahat ng tao. Sila ay nanalangin at sinabihang patuloy na mag-ayuno at manalangin sa Ama sa Langit para mapangalagaan sila mula kay Pancho Villa at sa kanyang hukbo. Matutulog na sila pagkatapos na tila ba iyon ay katulad lang ng nakaraang gabi at magtitiwala sa Panginoon na babantayan sila.

   Pagsapit ng gabi nang paparating na sa bayan si Pancho Villa at ang kanyang hukbo, sila ay nakakita mula sa di-kalayuan ng inakala nilang pagsisiga ng isang malaking hukbo na nangangalaga sa bayan. Si Pancho Villa at ang kanyang hukbo ay umalis dahil inisip nilang hindi matalinong salakayin ang Colonia Dublan.

4. Ilista at talakayin ang ilang bagay na maaari nating ipag-ayuno. Maaaring kabilang sa talaan ang:

   Upang tulungan ang ating mga mahal sa buhay na gumaling mula sa sakit o pagkapinsala
   Upang tulungan tayong gumawa ng mahahalagang desisyon
   Upang tulungan tayong magkaroon ng patotoo
   Upang tulungan ang iba na buong-pusong pakinggan ang ebanghelyo
   Upang tumanggap ng proteksiyon laban sa masama
   Upang tumanggap ng tulong sa oras ng mga kalamidad at tagtuyot
   Upang tulungan tayong madama ang Espiritu
   Upang ihanda tayo na tanggapin ang mga natatanging pagbabasbas, tulad ng basbas ng patriyarka
   Upang ipakita ang pasasalamat para sa ating mga biyaya
   Upang tulungan tayong mapagtagumpayan ang kasalanan
   Upang tulungan tayong lutasin ang mga suliranin
   Upang tulungan tayong malaman kung kanino ibabahagi ang ebanghelyo
   Upang tumanggap ng kaaliwan kapag tayo ay nagdadalamhati
   Upang tulungan tayong maunawaan o maisagawa ang isang mahirap na takdang gawain
   Upang tulungan ang iba sa kanilang mga suliranin

5. Hatiin ang klase sa dalawang grupo at bigyan ang bawat grupo ng papel at lapis. Pagawin sila ng isang talaan ng lahat ng katangiang ipinakita ni Esther habang inililigtas niya ang kanyang mga tao mula sa pagkalipol. Ang ilan sa mga sagot na maaaring maisip ng mga bata ay lakas ng loob, pagtitiwala sa Ama sa Langit, pagmamahal sa iba, pagpapakumbaba, at marami pang iba. Ipabahagi sa mga bata ang kanilang mga talaan ng mga katangian sa isa't isa.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Pananampalataya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Nag-aayunong Dumudulog" (*Mga Himno*).

---

## Katapusan

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na kapag taos-puso tayong nag-aayuno at nananalangin, ang ating mga panalangin ay sasagutin at magiging mas malapit tayo sa Ama sa Langit. Tulungan ang mga bata na maunawaan na may malaking kapangyarihan din sa pag-aayuno para sa iba. Himukin ang mga bata na mag-ayuno nang malugod at may layunin.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Esther 4 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 39

# Job

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magkaroon ng pananampalataya at manatiling matatag sa kabila ng mga pagsubok.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Job 1—Ang mga ari-arian ni Job ay naglaho pati ang kanyang mga anak, subalit nagpatuloy pa rin siya sa pagsamba sa Diyos.
   - Job 2:1–12—Si Job ay tinubuan ng mga bukol.
   - Job 19:13–29—Isinalaysay ni Job ang tungkol sa kanyang mga pasakit at nagpatotoo tungkol sa Manunubos.
   - Job 22:5–10—Si Job ay pinaratangan ng kanyang mga kaibigan ng mga kasalanan.
   - Job 27:2–5—Si Job ay nanatiling may paninindigan.
   - Job 42:7–17—Kinastigo ng Panginoon ang mga kaibigan ni Job. Pinagpala si Job nang doble ng kung ano ang mayroon siya noon.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Lapis at isang alahas na may brilyante (kung mayroon).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang lapis at ipaliwanag na ang panulat ng lapis ay grapito (graphite), na isang uri ng karbon. Hilingin sa mga bata na tantiyahin ang halaga ng grapito sa lapis. Pagkatapos ay ipakita ang brilyante (o ilarawan ito) at ipaliwanag na naniniwala ang mga siyentipiko na ang mga brilyante ay nabuo milyun-milyong taon na ang nakalilipas nang ang karbon ay dumaan sa matinding init at presyon. Ang mga brilyante ay napakahalaga dahil ang mga ito ang likas na pinakamatigas na bagay. Nagagawa itong magandang alahas, at nagagamit ang mga ito sa industriya bilang pamputol at panggiling. Maaaring naisin ninyong ipatantiya sa mga bata ang halaga ng brilyante. Talakayin kung paano ang grapito sa lapis at ang brilyante ay yari sa iisang sangkap (karbon), datapuwat ang brilyante ay lalong higit na mahalaga. Tanungin ang mga bata kung ano ang nangyari sa brilyante na naging dahilan upang maging napakahalaga nito.

Ihambing ang mga suliranin at pagsubok natin sa buhay sa init at presyon na kailangang pagdaanan ng karbon upang maging mga brilyante. Ipaliwanag na ang “init” at “presyon” na idinudulot ng ating mga pagsubok ay makapagpapatatag sa atin na tulad ng brilyante kung mananatili tayong matapat sa Ama sa Langit. Hilingin sa mga bata na makinig habang sinasabi ninyo sa kanila ang tungkol sa isang lalaki na dumanas ng maraming pagsubok subalit hindi kailanman nawalan ng pananampalataya sa Diyos.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol kay Job mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Habang nagtatalakayan ay tulungan ang mga bata na maunawaan na si Job ay isang taong makatarungan at perpekto na biniyayaan ng malaking kayamanan. Hinayaan ng Panginoon na tuksuhin at subukin ni Satanas si Job upang mapatunayan ni Job ang kanyang katapatan.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Anong uri ng tao si Job? (Job 1:1.) Ilan ang kanyang anak na lalaki at babae? (Job 1:2.) Ano ang inisip ni Satanas na mangyayari kung mawawala kay Job ang kanyang kayamanan at mag-anak? (Job 1:11.)
- Ano ang nangyari sa mga anak at kayamanan ni Job ? (Job 1:13–19.) Paano tumugon si Job sa mga pagkawalang ito? (Job 1:21–22.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng “ni inari mang mangmang ang Diyos” ay hindi sinisi ang Diyos sa mga pagsubok. Bakit hindi natin dapat sisihin ang Panginoon sa ating mga pagsubok? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Ano ang inisip ni Satanas na mangyayari kung pisikal na magdurusa si Job? (Job 2:5.) Anong pisikal na pagdurusa ang pinahintulutan ng Panginoon na gawing pagsubok ni Satanas kay Job? (Job 2:7.)
- Paano tumugon ang mga kaibigan, mag-anak at mga tagapaglingkod ni Job nang danasin na ni Job ang kanyang mga pagsubok? (Job 19:13–19.) Paano tayo dapat tumugon kapag nakikita nating nagdurusa ang iba? Sino ang patuloy na pinatotohanan ni Job maging pagkatapos niyang magdusa nang labis, kapwa sa katawan at kaisipan? (Job 19:25–27.) Paano tayo mapatatatag sa panahon ng ating mga pagsubok kung patuloy tayong magpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas?
- Anong mga kasalanan ni Job ang inisip ng kanyang mga kaibigan na may kinalaman sa kanyang matinding pagdurusa? (Job 22:5–9.) Ipaliwanag na kung minsan ang pagdurusa ay maaaring dulot ng sarili nating mga kasalanan, subalit tulad ng nangyari kay Job ay hindi rin naman ito totoo sa maraming pagkakataon. Bakit may pagsubok kapwa ang mga matwid at masasama? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Ano ang ipinasiyang gawin ni Job kahit na ano pa ang mangyari sa kanya? (Job 27:4–5.) Paano tayo matutulungan ng ganitong uri ng pagpapasiya sa paglutas sa ating pang-araw-araw na mga pagsubok?

- Paano tumugon ang mga kaibigan ni Job matapos nilang paratangan siya ng kasamaan? (Job 42:7–9.) Paano pinagpala ng Panginoon si Job matapos siyang manatiling matapat sa panahon ng kanyang mga pagsubok? (Job 42:10–17.) Paano tayo maaaring pagpalain ng Panginoon kung mananatili tayong matapat sa panahon ng ating mga pagsubok? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Paano magiging pagpapala sa inyo ang inyong mga pagsubok?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Sabihin sa mga bata ang tungkol sa mga munting ibon, na kapag malapit nang mapisa, ay tinutuka ang balat ng itlog upang makawala sila. Ano ang mangyayari kung tayo ang babasag sa itlog dahil sa naaawa tayo sa ibon? Ipaliwanag na maaaring mamatay ang ibon. Sa pamamagitan ng pagtuka sa balat ng itlog, ang mga ibon ay nakapag-iipon ng lakas upang sa gayon ay makayanan nilang mabuhay kapag napisa na sila. Talakayin kung paano tayo mapalalakas ng ating mga pagsubok upang sa gayon ay makabalik tayo sa piling ng Ama sa Langit.

2. Sabihin sa inyong sariling mga salita ang sumusunod na pangyayari, at pagkatapos ay talakayin ito:

   Ikinuwento ni Pangulong Spencer W. Kimball, ikalabindalawang Pangulo ng Simbahan, ang tungkol sa isang babae na nagtanong sa kanya na: " 'Bakit po kaya tila mas umuunlad ang buhay ng mga taong kakaunti naman ang naitutulong sa pagtatatag ng kaharian? . . . Ipinangingilin po namin ang Sabbath at dumadalo sa aming mga pulong; sila naman ay naglalaro ng *golf*, nangangaso, nangingisda, at naglalaro. . . . Malaki po ang binabayaran namin sa ikapu at iba pang abuloy sa Simbahan; nasa kanila ang buong kinita nila upang magpasasa sila. . . . Sa tingin ko po ay parang hindi naman mahalaga talaga kung ipinamumuhay mo ang ebanghelyo—na ang mga palalo at lumalabag sa tipan ang siyang umuunlad.' " Ipinaliwanag ni Pangulong Kimball na sa dakong huli ay aanihin natin kung ano ang ating itinanim. Sinabi niyang, "Ang araw ng pagtutuos ay tiyak na darating tulad ng paglipas ng panahon at pagdating ng kawalang-hanggan. Ang lahat ng nabuhay sa dakong huli ay tiyak na tatayo sa hukuman ng Diyos upang hatulan ayon sa kanilang mga gawa. Ang huling pagtatakda ay kapapalooban ng mga gantimpala at parusa ayon sa uri ng buhay nila sa mundo. . . . Ang mga aklat ay hindi binabalanse araw-araw, kundi sa panahon ng tag-ani" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], p. 301–4).

3. Maghanda ng mga papel na nasusulatan ng sumusunod na mga salita, o sarili ninyong mga salita: *mga mata, tinapay, aklat, puno, kabayo, lumangoy.* Sabihin sa mga bata na tuturuan ninyo sila ng laro na tinatawag na Dalawampung Tanong. Patayuin ang isang bata sa harapan ng klase at papiliin ng isang papel nang hindi ipinakikita sa ibang bata. Maaaring hulaan ng mga miyembro ng klase kung anong salita ang nasa papel sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga tanong na masasagot ng "oo" o

"hindi," tulad ng: "Kinakain ba ito? Ito ba ay isang hayop? Bahagi ba ito ng katawan?" Ang batang nasa harapan ay tutugon sa pamamagitan ng isang titig kapag ang sagot ay "oo" o ng isang kurap ng mga mata kung ito ay "hindi." (Ito lamang ang tanging paraan ng pakikipag-usap ng batang babae sa sumusunod na kuwento.) Sila ay may dalawampung tanong upang subukang hulaan kung ano ang nasa papel. (Malamang na ang oras ninyo ay sapat lamang upang laruin nang minsan ang larong ito.)

Ikuwento ang tungkol sa isang batang babae na nagngangalang Heather Erickson. Siya ay nagkaroon ng matinding karamdaman kung kaya hindi niya gaanong makontrol ang kanyang katawan. Ang tanging paraan ng kanyang pakikipag-usap ay sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanya ng kanyang mag-anak. Kung ang sagot ay "oo," titingin lamang siya nang diretso sa nagsasalita, at kung ang sagot ay "hindi," siya ay kukurap lamang. Si Heather at ang kanyang mag-anak ay naging napakahusay sa ganitong paraan ng pag-uusap. Ang natatanging pagmamahal ni Heather para kay Jesus, sa kabila ng kanyang pisikal na mga kapansanan, ay kadalasang ipinahahayag sa kanyang pakikipag-usap. Isang araw ay tinanong si Heather ng kanyang *therapist* kung ano ang kanyang paboritong awit. Si Heather ay natuwa at nasabik na malaman ng kanyang *therapist* ang pinakapaborito niyang awit. Pagkatapos ng tatlong araw na pagsasaliksik at pagtatanong, ang awit ay natukoy rin. Ito ay ang "There Is Sunshine in My Soul Today" (*Hymns*, blg. 227).

Ang huling dalawang linya, "*And Jesus listening can hear / The songs I cannot sing*," ang paboritong bahagi ni Heather. Ang kanyang *therapist* ay nagtanong, "Heather, iyon ba? Iyon ba ang gusto mo sa awit na iyon? Iyon ba ang gusto mong malaman ko? Na si Jesus ay nakikinig at naririnig Niya ang mga awit na hindi mo kayang awitin?" Tumingala si Heather at tumingin nang diretso sa mata ng kanyang *therapist* nang may katuwaan at mababakas sa kanyang mukha ang kapanatagan ng loob. Ang patotoo ay naibigay. (Hango mula sa Bruce and Joyce Erickson, *When Life Doesn't Seem Fair* [1995], p. 49–55.)

Talakayin ninyo ng mga bata kung paano pinanatili ni Heather ang positibong saloobin at pananampalataya kay Jesus kahit na hindi siya makapagsalita at walang kontrol sa kanyang katawan. Talakayin ang mga pagsubok na maaaring harapin ng mga bata at kung paano sila makapananatiling matapat sa panahon ng mga pagsubok na iyon.

4. Hilingin sa mga bata na ilarawan sa kanilang isipan ang isang mahabang hibla ng estambre (yarn) na iniikit nang ilang ulit sa mundo. Sabihin sa kanila na ang estambre ay sumasagisag sa kawalang-hanggan. Ipalarawan sa kanilang isipan ang kalahating pulgadang bahagi ng estambreng iyon. Ang bahaging ito ay sumasagisag sa maikling panahon na ipamumuhay natin sa mundo. Sabay-sabay ninyong basahin ang Doktrina at mga Tipan 121:7–10 at talakayin kung gaano kaikli ang buhay na ito kung ihahambing sa kawalang-hanggan. Kung mapagtitiisan natin ang ating mga pagsubok at mananatiling matapat, tayo ay pagpapalain sa buong kawalang-hanggan.
5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Panalangin ng Isang Bata" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Ibahagi sa mga bata kung paano higit na nakapagpalakas sa inyo ang mga pagsubok sa inyong buhay habang nananatili kayong tapat sa inyong Ama sa Langit. |
| Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak | Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan." |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Job 27:2–5 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.<br>Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin. |

# Si Daniel at ang Pagkain ng Hari

Aralin
# 40

**Layunin**

Palakasin ang pagnanais ng bawat bata na ipamuhay ang Salita ng Karunungan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Daniel 1:1–7—Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay sinanay sa palasyo ng hari.
   - Daniel 1:8–16—Kinain nila ang pangkaraniwang pagkain at tinanggihang inumin ang alak ng hari (Paalala: Ang ibig sabihin ng *mga gulay* ay mga pagkaing mula sa mga buto at butil).
   - Daniel 1:17–21—Binigyan sila ng Diyos ng kaalaman at katalinuhan.
   - Doktrina at mga Tipan 89:1–21—Ang pagkamasunurin sa Salita ng Karunungan ay nagdudulot ng mga pagpapalang temporal at espirituwal.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia at Doktrina at mga Tipan para sa bawat bata.
   b. Kung nanaisin: Isang panghuli ng daga na may maliit na piraso ng pagkain bilang pain (o bingwit na may pain).
   c. Larawan 6-45, Tinatanggihan ni Daniel ang Karne at Alak ng Hari (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 114; 62094).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang isang panghuli ng daga na nakahanda nang umigkas at may pain. Gumamit ng isang patpat o katulad na bagay upang paigkasin ang panghuli. (Maaari rin ninyong ipakita ang isang bingwit na may pain at ipaliwanag kung paano ito gamitin.) Tanungin ang mga bata kung ano ang gagawin ng isang daga kung nauunawaan nito kung paano gumagana ang panghuli at kung alam din nito na ang paggalaw sa pain ay tiyak na magdudulot ng kapahamakan. Talakayin sa mga bata ang “pain” na ginagamit ni Satanas upang sikapin tayong hikayatin na suwayin ang batas ng Panginoon sa mabuting kalusugan, ang Salita ng Karunungan. Tulungan silang maunawaan na ang pagsunod sa sinasabi ng mga patalastas na tila kaakit-akit o ang panggigipit mula sa iba ay maihahambing sa paggalaw sa pain ng panghuli ng daga.

Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa katapangan at disiplina sa sarili na taglay ni Daniel sa pagtanggi sa karne at

alak na iniutos ng hari na kainin niya at kung paano pinagpala si Daniel sa pagsunod sa batas sa kalusugan.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa pagtanggi ni Daniel sa pagkain ng hari mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Habang nagtatalakayan ay ipaliwanag na si Nabucodonosor, na hari ng Babilonia, ay nakipagdigmaan sa mga tao ng Juda at nakabihag ng maraming Israelita. Matapos na siya ay makabalik sa kanyang sariling lupain, hiniling niya na dalhin sa kanya ang ilan sa mga pinakapiling kabataang Israelita upang tumira sa kanyang sambahayan na kasama ang ilan sa mga anak ng hari at ilang prinsipe. Kabilang sa mga binatilyong ito si Daniel at ang tatlong Israelita na sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Matapos sakupin ni Haring Nabucodonosor ang Jerusalem at bihagin ang marami sa mga tao ng Juda, sino ang ginusto niyang manirahan sa kanyang sambahayan? (Daniel 1:3–4.) Ano ang mga angking katangian ng mga napili? Ano ang mga pangalan ng apat na napili mula sa mga anak ni Juda? (Daniel 1:6–7.)
- Sa dakong huli ay gusto ng hari na gamitin ang mga binatilyong ito sa paglilingkod sa kanya, dahil dito ano ang ginawa niya upang mapangalagaan sila? (Daniel 1:5.) Anong pangako ang ginawa ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan sa kanilang puso? (Daniel 1:8.) Bakit kaya ayaw ni Daniel na kainin ang pagkain ng hari at ni ayaw inumin ang kanyang alak? (Ipaliwanag na noong si Moises ay propeta pa ng Israel, binigyan ng Panginoon ang mga anak ni Israel ng isang batas na nagsasabi sa kanila kung ano ang kakainin at iinumin. Ang pagkaing ipinakakain ng hari kay Daniel at sa kanyang mga kaibigan ay labag sa batas na ito. Sa panahon natin ay may batas tayo ng kalusugan na inihayag sa atin na tinatawag na Salita ng Karunungan.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Kung may mag-aalok sa inyo ng isang bagay na labag sa Salita ng Karunungan, paano kayo makatutulad kay Daniel? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Bakit nabahala ang pinakamataas na opisyal ng hari noong ayaw kainin at inumin ni Daniel ang pagkain ng hari? (Daniel 1:10.) Ano ang plano ni Daniel? (Daniel 1:12–13; ipaliwanag na ang mga gulay ay pagkaing mula sa mga buto at butil.) Paano naging kakaiba ang kalusugan ng mga binatilyong ito pagkatapos ng sampung araw na panahon ng pagsubok? (Daniel 1:15.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Maliban sa biyaya ng mabuting kalusugan ng pangangatawan, sa anong mga paraan pa biniyayaan si Daniel at ang kanyang mga kaibigan? (Daniel

1:17, 20.) Bakit sa palagay ninyo nadagdagan ang kakayahan ng kanilang kaisipan?

- Paano natin matatanggap ang mga pagpapalang tinanggap ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan? Ano ang mga pangako ng Panginoon sa lahat ng mga sumusunod sa Salita ng Karunungan? (Doktrina at mga Tipan 89:18–21.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Talakayin sa mga bata ang mga pagkaing nagpapalusog na binanggit sa Salita ng Karunungan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89:11–12, 16). Pansinin na ang mga butil ay binanggit, na gustong kainin nina Daniel at ng kanyang mga kaibigan. Pagkatapos ay talakayin kung anong mga bagay ang tiyakang sinasabi ng Salita ng Karunungan na makasasama sa ating katawan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89:5–9). Ipaliwanag na ang pakahulugang ibinigay ng Propetang Joseph Smith sa "mainit na inumin" ay tsaa at kape. Idinagdag ng mga makabagong propeta ang mga gamot, kapag hindi angkop ang gamit, sa listahang ito ng nakasasama sa katawan.

   Magdala sa klase ng mga larawan (o gumawa ng mga sinulatang piraso ng papel) ng mga pagkain at sangkap na nakalista sa Salita ng Karunungan. Gumawa ng dalawang karatula na nagsasabing "Mabuti para sa atin" at "Hindi mabuti para sa atin." Ipamigay ang mga larawan o sinulatang piraso ng papel sa mga bata at hayaan silang maghalinhinan sa paglalagay ng kanilang mga larawan sa tabi ng angkop na karatula.

2. Sinisikap tayong kumbinsihin ni Satanas sa pamamagitan ng patalastas at pamimilit ng mga kasa-kasamang grupo na ang pagsuway sa Salita ng Karunungan ay kasiya-siya at nakatutuwa at hindi makasasama sa atin. Talakayin sa mga bata ang mga paraan na maaaring subukan ng iba upang mapagamit sila ng tabako, alkohol, kape, tsaa, o mga gamot. Maaari silang magbigay ng mga ideya na tulad ng, "Hindi naman makasasama sa iyo ang kaunti nito," "Maganda ang magiging pakiramdam mo," o "Hindi naman makasasama kung minsan lang."

   Ilagay sa maliliit na piraso ng papel ang mga salitang tulad ng: *tsaa, serbesa (beer), sigarilyo.* Pabunutin ng isang papel ang mga miyembro ng klase at ipasadula sa kanila kung paano sila tutugon sa pamimilit ng mga kasa-kasama na gumamit ng bagay na iyon. Ituro na sa bawat kalagayan, kahit na masasabi ito sa iba't ibang paraan, ang sagot ay palaging "Hindi!"

3. Laruin ang "Sabi ni Simon" sa pamamagitan ng pag-uutos ng mga bagay na magagawa ng katawan, katulad ng "Sabi ni Simon, 'Tumayo sa isang paa' " o "Sabi ni Simon, 'Ikaway ang inyong kanang kamay.' " Hangga't ang utos ay sinisimulan sa katagang "Sabi ni Simon," ang mga bata ay dapat sumunod. Kung hindi ninyo babanggitin ang katagang iyon, hindi nila dapat sundin ang utos. Pagkatapos ng ilang minuto, talakayin sa mga bata ang lahat ng kahanga-hangang bagay na nagagawa ng ating katawan. Ipaalala sa kanila ang mga bagay na palaging ginagawa ng ating mga katawan na hindi na natin kailangang isipin pa, tulad ng paghinga, pagdaloy ng dugo sa ating

mga ugat, paggaling ng mga karamdaman, pagpapadala ng mga mensahe mula sa utak patungo sa mga dulong ugat, at marami pang iba. Imungkahi na magpahayag ng pasasalamat ang mga bata sa kanilang mga panalangin sa Ama sa Langit para sa dakilang kaloob, ang kanilang pisikal na katawan. Himukin ang mga bata na magpakita ng kanilang pasasalamat para sa kanilang pisikal na katawan sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan.

4. Isalaysay sa mga bata ang sumusunod na kuwento:

   Noong 1919 si Creed Haymond ay isang mananakbo na kumatawan sa kanyang kolehiyo sa isang taunang paligsahan ng mga manlalaro na kinabibilangan ng 1,700 na kalalakihan. Noong gabi bago idaos ang paligsahan, sinabi ng *coach* ni Creed na, "Creed, paiinumin ko ng kaunting alak ang mga bata ngayong gabi. Gusto kong uminom ka nang kaunti."

   "Hindi ko po magagawa, *Coach.*"

   "Pero Creed, hindi naman talaga kita pinaiinom. Alam ko ang paniwala ninyong mga Mormon. Ibinibigay ko ito sa iyo bilang pampagana."

   Nagpatuloy ang *coach* sa pagtukso kay Creed na uminom ng kaunting alak, ngunit tumanggi si Creed.

   Ngunit sa dakong huli ay naisip ni Creed na, "Paano kung hindi ako makapaglarong mabuti bukas; ano ang sasabihin ko kay *coach*?" Kalaban niya sa pagtakbo ang pinakamabilis na lalaki sa buong daigdig. Kailangan niyang ibigay ang kanyang pinakamahusay. Sinunod ng kanyang mga kasamahan sa koponan ang ipinagagawa sa kanila. Naniwala sila sa kanilang *coach.* Anong karapatan niyang sumuway? Isang karapatan lamang, ang kanyang paniniwala sa Salita ng Karunungan. Nanalangin siya sa Panginoon na dagdagan ang kanyang patotoo tungkol sa Salita ng Karunungan, at pagkatapos ay natulog na siya.

   Kinaumagahan ay may sakit ang lahat ng batang lalaki sa koponan maliban kay Creed.

   Sa kabuuan ng paligsahan ay halatang-halata na may mali sa koponan nina Creed. Isa-isang bumaba nang malaki sa dati nilang rekord ang nakuhang mga puntos ng kanyang mga kasama sa koponan. Pagkatapos ay sinabi kung sino ang nanalo sa 110 yardang (100 metro) takbuhan; iyon at ang 220 yardang (200 metro) takbuhan ay pinanalunan ni Creed Haymond.

   Pinaputok ng tagapagpasimula ang baril, at ang bawat lalaki ay nagsimulang tumakbo maliban kay Creed Haymond. Bumigay ang lupa dahil sa isang hukay na likha ng naunang mananakbo, at napaluhod si Creed. Ngunit sa isang iglap siya ay nakatayong muli, at sa huling sandali sy nilagpasan ang nangunguna at napanalunan ang karera.

   Dahil sa maling pagkakaayos, ang huling takbuhan sa 220 ay kaagad na sumunod pagkatapos ng *semifinals*. Tatlo na ang tinakbong karera ni Creed at halos katatapos lamang ng kanyang takbo sa *semifinal* sa 220. Lumapit siya sa tagapagpasimula para humingi ng kaunting oras upang makapagpahinga. Subalit napag-utusan na ang tagapagpasimula na umpisahan na ang karera, kaya't kailangan na niyang papuntahin sa kanilang puwesto ang mga lalaki.

Sa pagkakataong ito ay mabilis niyang sinimulan ang pakikipagtakbuhan at naging mas mabilis kaysa sa ibang manlalaro. Tinakbo niya ang karerang iyon sa loob ng dalawampu't isang segundo, ang pinakamabilis na naitalang tinakbo ng sinumang tao sa 220. (Hango mula sa "I Can't Do It, Coach," sa *Inspiring Stories for Young Latter-day Saints,* tinipon ni Leon Hartshorn, [1975], p. 123–28.)

Talakayin sa klase ang mga biyayang tinanggap ni Creed Haymond nang dahil sa pagtupad niya sa Salita ng Karunungan.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Tama'y Gawin" (*Mga Himno*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang inyong damdamin ng pasasalamat para sa Salita ng Karunungan, at ipahayag ang inyong patotoo na ang pagtupad sa batas na ito ng kalusugan ay magpapala sa inyo kapwa sa pisikal at espirituwal. Maaari ninyong naising ibahagi ang isang karanasan nang kayo ay pagpalain dahil sa pamumuhay sa Salita ng Karunungan.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Daniel 1:5–17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 41

# Sadrach, Mesach, at Abed-nego

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maging magiting sa kanilang mga patotoo tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Daniel 3:1–7—Inutusan ni Haring Nabucodonosor ang mga tao na sumamba sa isang larawang ginto.
   - Daniel 3:8–18—Sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay tumangging sumamba sa diyus-diyosan.
   - Daniel 3:19–27—Sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay itinapon sa hurnong nagniningas at lumabas nang hindi nasaktan.
   - Daniel 3:28–30—Kinilala ni Nabucodonosor ang kapangyarihan ng Diyos at binigyan sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ng dagdag na tungkulin sa kanyang kaharian.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Isang palaisipan na *P* para sa bawat bata at isang malaking kopya para sa klase (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).
   c. Larawan 6-14, Tatlong Lalaki sa Hurnong Nagniningas (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 116; 62093).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Gumuhit ng malaking *P* sa pisara. Bigyan ang mga bata ng mga piraso ng palaisipan na inyong inihanda at bigyan sila ng isang minuto upang subuking buuin ang mga piraso sa isang titik na *P*. Kung mayroong ilan sa kanila na nakagawa nito, sabihan sila na ipakita sa iba kung paano ito ginawa. Kung walang makakukumpleto sa *P*, ipakita sa klase kung paano ito gawin. Ipaliwanag na kapag nasa atin ang kailangang kaalaman ay magagawa natin ang isang bagay. Ituro na kailangang mayroon tayong kaalaman tungkol sa ebanghelyo bago natin maipamuhay ito. Kapag alam natin na totoo ang ebanghelyo, sinasabi nating tayo ay may patotoo. Isulat ang *Patotoo* sa pisara sa tabi ng *P*.



Sabihin sa mga bata na matututuhan nila ang tungkol sa tatlong kabataang lalaki na may malalakas na patotoo sa ebanghelyo at naging magigiting sa pamumuhay ng ebanghelyo.

**Panghaliling Gawaing Pantawag-pansin**

Hilingin sa mga bata na magbanggit ng mga pangalan ng mga taong hinahangaan nila mula sa mga aralin nila sa taong ito sa Primarya. Isulat sa pisara ang mga pangalan ng mga taong binabanggit nila, at pagkatapos ay itanong kung ano ang mayroon sa kanilang lahat. Matapos makapagbigay ng puna ang mga bata, ituro na ang lahat ng mga taong ito ay naging magiting sa kanilang mga patotoo tungkol kay Jesucristo. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa tatlong kabataang lalaki na naging magiting din sa kanilang mga patotoo.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol kina Sadrach, Mesach, at Abed-nego mula sa mga banal na kasulatan na nakalista sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang nilikha ni Haring Nabucodonosor para sambahin ng lahat sa kanyang kaharian? (Daniel 3:1.) Ipaliwanag na ito ay malaking imahen. Ito ay kasingtaas ng labinlimang lalaki, na may anim na talampakan (dalawang metro) ang taas ng bawat isa, na nakatuntong sa bawat isa, at ito ay kasinglapad ng taas ng isa't kalahati sa mga kalalakihang ito. Maaari ninyong ipakita ang mga sukat na ito sa pisara sa pamamagitan ng paggamit ng mga simpleng hugis na sasagisag sa mga kalalakihan.
- Ano ang hudyat sa lahat upang lumuhod at sumamba sa diyus-diyosang ito? (Daniel 3:4–5.) Ano ang mangyayari sa sinumang tumangging gumawa nito? (Daniel 3:6.)

- Sino ang hindi lumuhod at sumamba sa diyus-diyosan nang tumugtog na ang musika? (Daniel 3:12.) Bakit sa palagay ninyo tumangging sumamba sa diyus-diyosan sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego? Ipaalala sa mga bata na noong tumanggi si Daniel na kainin ang pagkain ng hari (tingnan sa aralin 40) ay may tatlo pang Israelita na nagnais ding gawin ang tama. Ito ay sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego. Sila ay naging alipin sa Jerusalem, dinala sa Babilonia, at sinanay upang manungkulan sa palasyo. Tinuruan sila ng ebanghelyo, at alam nilang masama ang sumamba sa mga diyus-diyosan. Ano ang itinuturo sa atin ng Sampung Utos tungkol sa hindi pagsamba sa mga diyus-diyosan? (Exodo 20:3–5.)
- Ano ang nadama ni Nabucodonosor nang marinig niyang ayaw sumamba sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa kanyang diyus-diyosan? (Daniel 3:13.) Nang sabihin ni Nabucodonosor na bibigyan pa niya sila ng isa pang pagkakataon upang lumuhod at sumamba sa imahen, paano siyang sinagot ng tatlong kabataang lalaki? (Daniel 3:16–18.) Kahit na hindi natitiyak nina Sadrach, Mesach at Abed-nego kung pangangalagaan nga sila ng Diyos, bakit nagawa pa rin nila ang alam nilang tama? Ipaliwanag na sadyang napakalakas ng kanilang mga patotoo at napakagiting nila sa kanilang mga patotoo kung kaya mas gugustuhin pa nilang mamatay kaysa labagin ang mga kautusan ng Diyos? Paano tayo magkakaroon ng gayon katatag na mga patotoo? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)
- Bakit sa palagay ninyo iniutos ng hari na painitin ang hurno nang makapitong beses kaysa sa pangkaraniwan at ipinagapos sa mga kawal ang tatlong lalaki bago sila itinapon sa apoy? (Daniel 3:19–20.) Ano ang nangyari sa kalalakihan na nagtapon kina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa hurno? (Daniel 3:22.)
- Ano ang nakita ni Nabucodonosor nang tumingin siya sa hurno? (Daniel 3:24–25.) Bakit nagawa nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego na lumakad palayo sa apoy nang hindi nasaktan? (Daniel 3:28.) Ano ang pinatunayan nito kay Nabucodonosor? (Daniel 3:29.)
- Kahit na pinangalagaan ng Panginoon sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego dahil sa sila ay magigiting, bakit hindi niya palaging pinangangalagaan ang mga taong matwid? Ano ang mangyayari kung ang lahat ng matatapat na tao ay palaging mapangangalagaan mula sa mga kahirapan? Ipaliwanag na tayong lahat ay may mga pagsubok at problema sa ating buhay na nagtuturo at tumutulong sa ating pag-unlad. Ang pagpili ng tama ay hindi nagbibigay katiyakan na palagi tayong mapangangalagaan, kundi ito ay nagbibigay katiyakan na matatamo natin ang mga walang hanggang pagpapala.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Tulungan ang mga bata na sanaying bigkasin ang mga pangalan nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego. Hatiin sa tatlong grupo ang mga bata at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga pangalang ito. Ipaliwanag na habang itinuturo ninyo ang tungkol sa tatlong kalalakihang ito ay bibigkasin ng mga

bata ang pangalan ng taong iniatas sa kanila kapag itinuro ninyo ang kanilang grupo. Sanayin ito nang ilang ulit; pagkatapos ay magpatuloy sa pagkukuwento, na itinuturo ang tatlong grupo kapag tinutukoy sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego.

2. Isulat sa isang panig ng pisara ang salitang *Magiting.* Tanungin ang mga bata kung anong mga salita ang maiisip nila upang ilarawan ang isang taong magiting.

   Habang nagmumungkahi ng mga salita ang mga bata, isulat ang mga ito sa ilalim ng salitang *Magiting.* Ang listahan ay maaaring kabilangan ng mga salitang tulad ng *matapang, masunurin, malakas ang loob, mapagmahal, mabait, matapat, malakas, totoo, nananampalataya, di-madaya, di-makasarili, matwid,* at *mapagpatawad.*

   Tanungin ang mga bata kung paano naging magiting sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego.

3. Sabihin sa mga bata na sila ay magigiting sa maraming paraan at umaasa kayong magiging mas magigiting pa sila. Ipaliwanag na tutuklasin nila kung ilang magigiting na salita ang maaaring bumuo sa kanilang mga pangalan. Bigyan ng papel at lapis ang bawat bata. Ipasulat ang kanilang mga pangalan nang pababa.

   Upang maipakita kung paano gawin ito, isulat nang pababa ang Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa pisara at tingnan kung mabubuo ang mga pangalang ito na gamit ang mga titik sa mga salita sa listahan ng pagiging magiting. Halimbawa:

   m**A**pagmahal
   ma**B**ait
   **E**dukado
   **D**i-madaya
   masu**N**urin
   dis**E**nte
   ma**G**alang
   disiplinad**O**

   Tulungan ang mga bata na sumulat ng magigiting na salita na kung saan ay kabilang ang mga titik ng kanilang pangalan, tulad ng ginawa sa halimbawa sa itaas. Himukin silang gawing bahagi ng kanilang buhay ang mga katangiang ito. Imungkahing iuwi nila ang kanilang mga papel at ibahagi sa kanilang mag-anak ang mga ideya tungkol sa pagiging magiting.

4. Ihanda ang sumusunod na limang sinulatang piraso ng papel:

   pagnanais

   manalangin

   matuto


| |
|---|
| sumunod |
| Espiritu Santo |

Itanong sa mga bata kung paano natin pinalalakas ang ating mga patotoo tungkol kay Jesucristo at sa kanyang ebanghelyo. Upang tulungan silang masagot ang tanong na ito, papiliin ang isang bata ng isang sinulatang piraso ng papel at ipabasa ito sa kanya sa klase. Tulungan ang mga bata na magpasiya kung paano nauugnay ang salita o pariralang ito sa pagpapalakas ng ating mga patotoo. Isama ang sumusunod na mga ideya:

| | |
|---|---|
| Pagnanais: | Nais nating magkaroon ng mas malakas na patotoo. Ang pagnanais na ito ay tumutulong upang magsikap tayong tumanggap ng patotoo. |
| Manalangin: | Nananalangin tayo sa Ama sa Langit at sinasabi natin sa kanya ang ating pagnanais na malaman na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at totoo ang ebanghelyo. Hinihiling natin sa kanya na tulungan tayong magkaroon ng malakas na patotoo. |
| Matuto: | Natututuhan natin ang tungkol kay Jesucristo at ang nais niyang ipagawa sa atin. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan; pagdalo sa gabing pantahanan ng mag-anak, Primarya, at pulong sakramento; at pakikinig sa ating mga magulang, guro, sa buhay na propeta, at iba pang matwid na mga pinuno. |
| Sumunod: | Kung gusto nating malaman kung totoo ang ebanghelyo, ito ay ipinamumuhay natin. Sinusunod natin ang mga kautusan at mga aral ni Jesus. |
| Espiritu Santo: | Ang ating mga patotoo ay dumarating sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nagsasalita siya sa ating mga puso at isipan at ipinaaalam sa ating kalooban na ang ebanghelyo ay totoo. |

Tukuyin ang *P* at ang salitang *Patotoo* sa pisara. Ipasulat sa mga bata ang salitang *Patotoo* sa isang piraso ng kani-kanilang palaisipan at pasulatin sila sa bawat isa sa tatlong piraso ng isang bagay na maaari nilang gawin sa linggong ito upang mapalakas ang kanilang mga patotoo. Imungkahi na ibahagi nila ang mga ideyang ito sa kanilang mag-anak.

5. Isulat ang sumusunod na paglalarawan sa pisara. Ipaalala sa mga bata na noong nasa nagniningas na hurno sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, sila ay pinangalagaan at hindi nasunog. Nang lumakad na sila papalabas, ang kanilang damit at buhok ay ni hindi man nangamoy usok o apoy. (Tingnan sa Daniel 3:27.)



Ipaliwanag na ang apoy sa hurno ay maihahambing sa tukso. Hayaang ilarawan ng mga bata sa kanilang isipan na sila ang mga taong napalilibutan ng apoy. Tanungin ang mga bata kung paano natin matutulungan na mapangalagaan ang ating mga sarili mula sa tukso upang hindi tayo masunog o masaktan nito sa anumang paraan.

Ipaliwanag sa mga bata na maaari tayong mapangalagaan mula sa tukso sa pamamagitan ng pag-alam sa mga kautusan ng Panginoon at pagiging magiting sa pagsunod sa mga ito. Sa gayon, kahit na napalilibutan tayo ng mga tukso ay mapaglalabanan natin ang mga ito at tayo ay mapangangalagaan.

6. Pagbalik-aralan ang unang saligan ng pananampalataya at talakayin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malakas na patotoo tungkol sa bawat miyembro ng Panguluhang Diyos at sa gawain na kanilang ginagampanan sa ating buhay.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ako’y Magiging Magiting” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Mangahas na Tama’y Gawin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at ang kanyang ebanghelyo ay totoo. Ipahayag ang inyong pagnanais na maging magiting sa paggawa ng inaakala ninyong tama. Himukin ang mga bata na gawin ang inaakala nilang tama kahit na mahirap ito o hindi ito madaling gawin.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Daniel 3 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
42

# Si Daniel sa Yungib ng mga Leon

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maunawaan ang kahalagahan ng araw-araw na panalangin.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Daniel 5:29–31, 6:1–3—Si Dario ang naging hari ng Babilonia. Si Daniel ay binigyan ng kapangyarihan sa kaharian.
   - Daniel 6:4–9—Si Haring Dario ay lumagda ng isang pasiya na nagsasabing hindi maaaring humiling ang mga tao kanino man maliban sa hari.
   - Daniel 6:10–17—Si Daniel ay nanalangin sa kabila ng utos ni Haring Dario at ipinatapon siya sa yungib ng mga leon.
   - Daniel 6:18–24—Nag-ayuno si Haring Dario. Si Daniel ay hindi sinaktan ng mga leon.
   - Daniel 6:25–27—Si Haring Dario ay nagpatotoo tungkol sa Diyos.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Larawan 6-13, Si Daniel sa Yungib ng mga Leon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 117; 62096).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Gumawa ng simpleng drowing ng isang bahay at bundok sa pisara na tulad ng ipinakikita sa ibaba.



Hilingin sa mga bata na magkunwaring ang bahay na nakadrowing sa pisara ay ang kanilang tahanan. Papagkunwariin sila na malayo ang kanilang lalakbayin mula sa kanilang tahanan upang dumalaw sa isang kamag-anak, mamalagi sa ospital, o magmisyon. Magdrowing ng isang simpleng hugis ng tao sa kabilang panig ng bundok.

- Paano kayo makikipag-ugnayan sa inyong mag-anak kung ganoon kayo kalayo sa inyong tahanan? Ano ang gugustuhin ninyong pag-usapan ninyo?

Ipaliwanag na noong namuhay tayo sa piling ng Ama sa Langit ay nagagawa nating makipag-ugnayan sa kanya na tulad ng pakikipag-ugnayan natin sa ating mag-anak at mga magulang dito sa mundo. At ngayon, kahit na nawalay tayo sa piling ng ating Ama sa Langit nang magpunta tayo rito sa lupa ay maaari pa rin tayong makipag-ugnayan sa kanya.

- Paano sinabi sa atin ng Ama sa Langit na maaari pa rin tayong makipag-ugnayan sa kanya? Bakit gusto ng Ama sa Langit na manalangin tayo sa kanya? Ipaliwanag na mahal niya tayo, nais niyang mahalin natin siya, nais niyang humingi tayo sa kanya ng tulong, at nais niyang pagpalain tayo.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Gamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang pangyayari tungkol sa pagpapatapon kay Daniel sa yungib ng mga leon mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang katungkulan ni Daniel sa pamahalaan ni Haring Dario? (Daniel 5:29–31; 6:1–3.) Ipaliwanag na si Nabucodonosor na hari ng Babilonia noong itapon sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa nagniningas na hurno, ay may apong lalaki na nagngangalang Belsasar, na naging hari ng Babilonia. Binigyan ni Daniel ng tamang pakahulugan ang isang mensaheng ibinigay ng Diyos kay Belsasar. Ginantimpalaan si Daniel sa pamamagitan ng paghirang sa kanya na maging isa sa tatlong pinakamataas na pinuno sa kaharian. Nang mapatay si Belsasar, si Dario ang naging hari ng Babilonia. Bakit si Daniel ang pinili na maging pinakamataas sa 120 mga prinsipe? (Daniel 6:3.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "isang marilag na espiritu ay nasa kanya" ay na kay Daniel ang Espiritu ng Diyos upang gabayan siya. Bakit mabuting pagkatiwalaan at bigyan ng tungkulin ang isang mabuting tao na nagtataglay ng Espiritu ng Diyos?
- Ano ang gustong gawin kay Daniel ng ibang mga pangulo at prinsipe? (Daniel 6:4.) Bakit sa palagay ninyo nais nilang hanapan ng kamalian si Daniel? Sa dakong huli, ano ang napagpasiyahan nilang gamitin laban kay Daniel? (Daniel 6:5, 7.) Paano natin lulutasin ang mga sitwasyon na kung saan ay hinahanapan tayo ng kamalian ng iba nang dahil sa ating matwid na pamumuhay? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)

- Bakit sa palagay ninyo nilagdaan ni Haring Dario ang pasiya? (Daniel 6:6–9.) Ipaliwanag na ang mga prinsipe at pangulo ay gumamit ng mga pambobola upang linlangin ang hari sa paggawa ng pasiya. Ano ang kaibahan ng matapat na papuri at pambobola? Ano ang nadama ni Dario nang matanto niya ang kanyang ginawa? (Daniel 6:14.)
- Ano ang ginawa ni Daniel nang marinig niya ang pasiya? (Daniel 6:10–11.) Bakit sa palagay ninyo nagpatuloy na manalangin si Daniel? Bakit napakahalagang manalangin araw-araw? Ano sa palagay ninyo ang inyong gagawin kung kayo ang nasa katayuan na tulad ng kay Daniel?
- Noong ilagay si Daniel sa yungib ng mga leon, kanino nagtiwala si Dario? (Daniel 6:16.) Ano ang ginawa ni Dario habang nasa yungib ng mga leon si Daniel? (Daniel 6:18.) Paano nakatulong sa inyo at sa inyong mag-anak ang pananalangin at pag-aayuno?
- Ano ang naging resulta ng mga panalangin ni Daniel at ng pag-aayuno ni Dario? (Daniel 6:22–23.) Paano pinagpala si Daniel sa pagsunod sa Diyos? Paano kayo pinagpala sa pagsunod sa Diyos? Paano sinagot ng Panginoon ang inyong mga panalangin? Ipaliwanag na kung minsan ang ating mga panalangin ay hindi sinasagot sa mga paraan na nais natin, ngunit palagi tayong pinagpapala sa pananalangin araw-araw at sa paggawa ng tama.
- Ano ang ikalawang pasiya ni Haring Dario? (Daniel 6:25–27.) Paano naging kaiba ang pangalawang pasiya ni Haring Dario sa nauna? (Tingnan sa Daniel 6:7–8.) Sino ang hinangad niyang papurihan sa unang pasiya? Sino ang hinangad niyang papurihan sa pangalawang pasiya? Ipaliwanag na sa katunayan ang kanyang pangalawang pasiya ay isang pagpapahayag ng kanyang patotoo tungkol sa Diyos na buhay.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Papag-isipin ang mga bata ng mga sitwasyon nang sila ay nakaranas ng pagtuligsa dahil sa pamumuhay nila ng ebanghelyo, tulad ng panunukso sa kanila sa pagtangging makinig sa malaswang biro o hindi pagsali sa isang gawain sa araw ng Sabbath. Hayaang magmungkahi sila ng mga paraan kung paano lulutasin ang ganitong mga sitwasyon.
2. Gamit ang pisara o isang malaking papel, pagawain ang mga bata ng isang listahan ng mga bagay na maaari nilang ipanalangin (tingnan sa Alma 34:18–27). Pagkatapos ay ipalista sa kanila ang mga bagay na pinasasalamatan nila. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapasalamat sa panalangin. Himukin ang mga bata na kilalanin at pasalamatan ang Ama sa Langit sa araw-araw para sa kanilang mga pagpapala.

   Sa halip na ilista ang mga bagay na ito, maaaring naisin ninyong magdala ng isang bote na makitid ang leeg at mga *toothpick* at maliliit na patpat. Papagbanggitin ang bawat bata ng isang bagay na maaaring hingin o kaya ay pasalamatan niya sa panalangin at maglagay ng isang *toothpick* nang pahalang sa ibabaw ng bote. Magpatuloy hanggang sa mahulog ang mga *toothpick*.

3. Hayaang magpasiya ang mga bata kung ano ang maaari nilang gawin sa mga sitwasyon na tulad ng mga sumusunod. Ipaalala sa kanila ang mga panalangin ni Daniel at ang pag-aayuno ni Haring Dario:
   a. Naririnig mo ang iyong ina na gising sa hatinggabi kasama ang iyong kapatid na maysakit.
   b. Nahiwalay ka sa iyong mag-anak sa karamihan ng tao.
   c. Ipinakikita sa iyo ng isang kaibigan ang isang magasin na naglalaman ng malalaswang larawan.
   d. Nanghihina ang loob mo dahil sa mga marka mo sa paaralan.
   e. Isang tao sa inyong purok o sangay ang malubha ang karamdaman.

   Ipaliwanag na ang pananalangin, pag-aayuno, at paggawa ng makakaya natin upang makatulong ay mahahalagang paraan sa paglutas natin sa mga problema.

4. Talakayin ang kahalagahan ng panalangin sa araw-araw. Papag-isipin ang mga bata ng mga pagkakataon na maaari silang manalangin. Maaari ninyong ipalista sa mga bata sa pisara ang maaari nilang hilingin o pasalamatan sa kanilang mga panalangin. Tiyaking isama sa talakayan ang mga panalangin sa klase sa Primarya at himukin ang mga bata na manalangin para sa mga hindi nakadalo. Bigyang-diin ang kahalagahan ng palaging pagpapahayag ng pasasalamat sa mga pagpapala, paghingi ng tulong sa Panginoon sa buong maghapon, at pananalangin na kasama ang ating mag-anak hangga't maaari.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa ikawalong talata ng "Sundin ang Propeta" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaari ninyong ibigay ang inyong patotoo na dinirinig ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin at sasagutin ang mga ito para sa ating ikabubuti. Himukin ang mga bata na manalangin tuwing umaga at gabi.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Daniel 6:16–23 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 43

# Si Jonas at ang mga Tao ng Ninive

**Layunin** Tulungan ang mga bata na maunawaan na pinatatawad ng Ama sa Langit ang lahat ng tunay na nagsisisi.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Jonas 1:1–2—Si Jonas ay tinawag na pumunta sa Ninive para mangaral ng pagsisisi sa mga tao.
   - Jonas 1:3–17—Tumakas si Jonas sa pamamagitan ng isang barko. Siya ay inihagis sa dagat, at nilamon ng isang malaking isda.
   - Jonas 2:1–2, 10—Nanalangin si Jonas sa Panginoon, at iniluwa siya ng isda sa tuyong lupa.
   - Jonas 3—Si Jonas ay nagpropesiya tungkol sa pagkawasak ng Ninive. Nagsisi ang mga tao at naligtas ang lungsod. (Paalala: Sinasabi sa Jonas 3:9–10 na pinagsisihan ng Diyos ang kasamaan na sinabi niyang mangyayari sa mga tao ng Ninive. Itinama ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang mga talatang ito at ganito ang isinasaad, "Sino ang nakaaalam kung tayo ay manunumbalik, at babaling sa Diyos, at hihiwalay sa kanyang matinding galit sa atin, upang tayo'y huwag mangamatay? At nakita ng Diyos ang kanilang mga gawa, na sila'y nagsihiwalay sa kanilang masamang lakad; at nagsisi; at hindi na ginawa ng Diyos ang masamang bagay na sinabing kanyang gagawin sa kanila." Ang Diyos ay hindi nagkakasala kung kaya hindi niya kailangang magsisi.)
2. Karagdagang babasahin:
   - Jonas 4:1–2—Hindi ikinatuwa ni Jonas ang pagkahabag ng Panginoon sa mga tao ng Ninive.
   - Mateo 12:38–41—Katulad ng tatlong araw at tatlong gabing nasa tiyan ng balyena si Jonas ay gayundin naman na tatlong araw at tatlong gabing mananatili si Cristo sa ilalim ng lupa.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p. vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Doktrina at mga Tipan.
   c. Isang salamin, lapis o tisa, at isang kopya ng palaisipan mula sa araling ito. (Maaari ninyong naisin na gumawa ng isang kopya ng palaisipan para sa bawat bata upang gawin sa tahanan.)
   d. Larawan 6-46, Sinubukan ni Jonas na Tumakas sa Diyos.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang palaisipan. Hilingin sa isa sa mga bata na tingnan sa salamin ang palaisipan at guhitan ito ng linya na nag-uumpisa sa *Simula* at nagtatapos sa *Ninive.* Hayaan ang bata kung siya ay aatras at liliko sa ibang direksiyon kapag nagkakamali siya sa pagliko, ngunit bigyang-diin na dapat ay sa salamin titingnan ng bata ang palaisipan. (Maaari ninyong gamitin ang palaisipan kahit na walang salamin kung walang makuha nito.)

Kung sa paglalakbay ninyo sa isang lungsod ay nalito kayo at napunta sa maling daan, ano ang gagawin ninyo? (Babalik at pupunta sa tamang daan.)

Kung minsan ay napupunta tayo sa maling daan, o nakagagawa ng mga maling pagpili sa buhay. Papag-isipin ang mga bata ng isang salita na ang ibig sabihin ay tumigil sa paggawa ng mali at magsimulang gawin ang tama. Bigyan ng sapat na panahon ang mga bata upang makapagmungkahi; pagkatapos ay isulat sa pisara ang *Pagsisisi.*

- Ano ang ibig sabihin ng *pagsisisi*?

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata na lahat tayo ay mapapatawad kung tunay tayong magsisisi habang tinatalakay ang pangyayari tungkol kay Jonas mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Ipakita ang larawan sa angkop na pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit nais ng Panginoon na magpunta si Jonas sa Ninive? (Jonas 1:2.) Ang mga tao ng Ninive ay hindi mga Israelita kaya sila ay hindi bahagi ng pinagtipanang tao; bakit isusugo ng Panginoon si Jonas upang ipangaral ang pagsisisi sa kanila? Habang tinatalakay ninyo ang mga tanong na ito, tulungan ang mga bata na maunawaan ang dalawang punto: Una, ang mga taong bahagi ng sambahayan ni Israel ay may pananagutang dalhin ang ebanghelyo sa mga hindi bahagi ng pinagtipanang tao. Ikalawa, mahal ng Ama sa Langit ang lahat ng kanyang anak at nais niyang maging karapat-dapat silang lahat upang makabalik sa kanyang piling. Ano ang magagawa sa atin ng pagsisisi? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Saan nagpunta si Jonas sa halip na magpunta sa Ninive? (Jonas 1:3.) Bakit imposibleng takasan ang Panginoon? Bakit sa palagay ninyo nanaisin ng isang tao na tumakas sa Panginoon?
- Nang paihipin ng Panginoon ang malakas na hangin, ano ang nais ng puno ng sasakyan na gawin ni Jonas? (Jonas 1:6.) Ano ang nais ni Jonas na

gawin sa kanya ng mga tao upang mapayapa ang unos? (Jonas 1:11–12.) Nang mag-atubili ang mga lalaki na ihagis si Jonas sa dagat, ano ang sinubukan nilang gawin upang iligtas ang barko? (Jonas 1:13.)

- Gaano katagal si Jonas sa loob ng tiyan ng malaking isda? (Jonas 1:17.) Ano ang ginawa ni Jonas samantalang nasa loob siya ng isda? (Jonas 2:1–2.) Paano sinagot ng Panginoon ang panalangin ni Jonas? (Jonas 2:10.) Ano ang ginawa ni Jonas na nagpakita na siya ay nagsisisi? (Jonas 2:1; 3:1–4.)
- Ano ang ginawa ng mga tao ng Ninive nang marinig nila si Jonas? (Jonas 3:5–8.) Ipaliwanag na ang kayo ay magaspang at maitim na tela na yari sa buhok ng mga kamelyo at kambing. Ang telang ito ay ginagawang magaspang na kasuotan na isinusuot ng mga tao bilang sagisag ng kalungkutan at pagdadalamhati. Ano ang ginawa ng mga tao ng Ninive upang magsisi? (Jonas 3:5, 8; natanto nila na mali ang kanilang ginagawa, nanalangin sila sa Diyos, at tinalikuran ang kanilang masasamang gawain.)
- Sino ang kailangang magsisi? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Paano natin malalaman kung kailangan nating magsisi? Sino ang nagbigay-daan upang tayo ay magsisi at mapatawad? (Jesucristo.)
- Bakit mahalagang magsisi tayo ng ating mga kasalanan? (Doktrina at mga Tipan 1:31–33.) Bigyang-diin na hindi tayo makapapasok sa kinaroroonan ng Ama sa Langit maliban kung pagsisisihan natin ang ating mga kasalanan. Ano ang kailangan nating gawin upang magsisi? (Aminin ang ating kasalanan, malungkot dahil dito, humingi ng kapatawaran, gawin ang ating magagawa upang maisauli ang nawala, at huwag na itong gawing muli kailanman. Maaari ninyong naising ibuod ang mga sagot sa pisara.) Ano ang ipinapangako ng Panginoon na gagawin niya kung magsisisi tayo? (Doktrina at mga Tipan 58:42; tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Talakayin sa mga bata kung ano ang nagagawa sa atin ng kasalanan. Pagkatapos ay tanungin ang klase kung sino ang gustong magboluntaryo, talian ang kanyang mga bukung-bukong ng lubid, tali, lumang *stocking,* o paha, at sabihin sa bata na subukang tumuntong sa isang bangko o upuan nang hindi tumatalon o lumulukso.

   Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:86. Ipaliwanag na ang mga pagkakamali at maling gawain ay maihahambing sa lubid. Nililimitahan tayo ng mga ito at hinahadlangan ang ating pag-unlad, o pag-angat, patungo sa kaharian ng Ama sa Langit. Ang mga ito ay humahadlang din sa kaligayahang dapat sana ay matamo natin kung hindi tayo nagkasala.

   Tanungin ang mga bata kung ano ang maaari nating gawin upang makalag ang mga lubid ng ating mga pagkakamali. Tulungan ang mga bata na maunawaan na dahil sa Pagbabayad-sala, tayo ay maaaring magsisi, magtagumpay sa ating mga pagkakamali, at makatanggap ng kapatawaran. Kalagin ang lubid at patuntungin ang tao sa bangko o upuan (kung ang

gamit ay upuan, hawakan ito habang tumutuntong dito ang bata). Ipaliwanag na ang pagsisisi ay katulad sa pagkakalag ng lubid. Malaya tayo sa mga pagkakamali na nagdudulot ng kalungkutan at nagagawa nating umunlad upang maging karapat-dapat na mamuhay sa piling ng Ama sa Langit.

2. Kung maaari ay humingi ng larawan ng bawat bata noong sanggol pa sila mula sa mga mag-anak ng mga bata sa inyong klase, o kaya naman ay gamitin ang larawan ng isang sanggol. Ipakita ang (mga) larawan. (Kung may larawan kayo ng bawat isa sa mga bata, maaari ninyong naising pahulaan sa mga bata kung sino ang sanggol na ito.) Ipaliwanag na noong iwan natin ang Ama sa Langit upang magtungo sa daigdig, tayo ay malinis at walang anumang kasalanan. Alam ng Ama sa Langit na hindi tayo mananatiling malinis. Tayo ay makagagawa ng mga kamalian habang tayo ay lumalaki at natututo. Dahil sa kanyang pagmamahal sa atin, si Jesucristo ay nagdusa para sa ating mga kasalanan, na naging daan upang tayo ay mapatawad sa pamamagitan ng pagsisisi.

3. Gamit ang mga parisan sa hulihan ng aralin bilang gabay, gumawa ng siyam na parisukat ng isda at siyam na parisukat ng bangka. Gumawa ng labinlimang parisukat, lagyan ng bilang ang mga ito mula 1 hanggang 15, at ilatag ang mga ito sa mesa o sahig at ihanay nang pahalang. Hatiin ang klase sa dalawang koponan. Ibigay ang mga isda sa isang koponan at ang mga bangka sa isa pang koponan. Ang layon ng laro ay pagsunud-sunurin ang tatlong isda o bangka sa isang hanay. Magtanong sa grupo ng mga isda. Kung tama ang kanilang sagot, ipapatong nila ang isang isda sa isa sa labinlimang numero. Magtanong sa koponan ng mga bangka. Kung tama ang kanilang sagot, ipapatong nila ang isang bangka sa isa sa mga numero. Isang kard lamang ang maaaring ipatong sa bawat numero. Patuloy na magtanong sa bawat koponan hanggang sa mapagsunud-sunod ng isang koponan ang tatlo sa kanilang mga kard sa isang hanay. Kung minsan ay dapat magpasiya ang mga manlalaro kung hahadlangan nila ang kabilang koponan o ipapanalo agad ang laro. Kung hindi magagawa ng mga koponan na pagsunud-sunurin sa isang hanay ang tatlo sa kanilang mga kard bago matakpang lahat ang mga numero, ang koponan na may pinakamaraming isda o bangka ang panalo.

   Mungkahing mga tanong:

   a. Ang lahat ba ay kaagad-agad na mapatatawad sa kanilang mga kasalanan kapag namatay na sila? (Hindi)
   b. Sino ang nagbigay-daan upang mapatawad ang ating mga kasalanan? (Jesucristo)
   c. Saan pinapunta ng Panginoon si Jonas? (Ninive)
   d. Bakit sumakay si Jonas sa barko? (Upang tumakas sa Panginoon)
   e. Ano ang ginagawa ni Jonas nang magsimulang umihip ang hangin? (Natutulog)
   f. Ano ang nais ng puno ng sasakyan na gawin ni Jonas? (Manalangin)
   g. Ano ang sinabi ni Jonas na gawin ng mga tao upang payapain ang dagat? (Ihagis siya sa dagat)
   h. Gusto ba ng mga tao na ihagis si Jonas sa dagat? (Hindi)

i. Paano nakarating sa dalampasigan si Jonas? (Iniluwa siya ng isda sa dalampasigan)

j. Palagi ba tayong mamahalin ng Ama sa Langit kahit na nagkakasala tayo? (Oo)

k. Ano ang ginawa ni Jonas noong nasa tiyan pa siya ng isda? (Nanalangin siya at nagsisi.)

l. Masama ba para sa atin ang mabagabag nang dahil sa ating mga kasalanan? (Hindi, ang pagkabagabag ang siyang paraan upang malaman natin na kailangan nating magsisi)

m. Ubod ba ng sama ang mga tao ng Ninive upang patawarin sila ng Panginoon? (Hindi, pinatawad sila dahil sa tunay silang nagsisi)

n. Ano ang sinabi ni Jonas sa mga tao ng Ninive? (Na sila ay wawasakin sa loob ng apatnapung araw maliban kung sila ay magsisisi)

o. Ano ang ilan sa mga bagay na ginawa ng mga tao ng Ninive upang tulungan silang magsisi? (Pinaniwalaan nila si Jonas, nag-ayuno sila at nanalangin na suot ang magaspang na kasuotan at may abo, at tinalikuran ang kanilang masasamang gawain)

p. Ano ang isinusuot ng mga tao at ng mga hayop kapag sila ay nag-aayuno? (Magaspang na kasuotan)

q. Gusto ba ni Satanas na isipin natin na tayo ay lubhang masasama upang mapatawad pa sa ating mga kasalanan? (Oo)

r. Kung hindi natin pagsisisihan ang ating mga kasalanan, makapamumuhay ba tayong muli sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? (Hindi)

4. Ang pagkakasala ay hindi lamang ang paggawa ng mali; ito ay ang hindi rin paggawa ng tama. Tanungin ang mga bata kung ano ang maaaring maging ilang halimbawa nito. Maaaring tulungan ang mga bata sa mga halimbawa na tulad ng sumusunod:

   Nakita mong sinasaktan ng isang tao ang isang bata, at wala kang ginawa tungkol dito.

   Alam mong totoo ang ebanghelyo, ngunit hindi mo kailanman sinubukang ibahagi ito sa mga hindi miyembro.

   Malaki ang ginagawang sakripisyo ng iyong mga magulang para sa iyong pag-aaral, ngunit hindi ka nag-aaral.

   Nalulungkot ang isang balo na kakilala mo, ngunit hindi mo siya dinalaw kailanman.

   Hindi ka nagpupunta sa simbahan kung Linggo.

   Nakakalimutan mong magpasalamat kapag may mga bagay na ginagawa para sa iyo.

5. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 58:42–43. Ipabasang muli sa mga bata ang mga talatang ito sa kanilang sarili at papiliin ng inaakala nilang apat na pinakamahahalagang salita sa bawat talata. Hayaang sabihin sa inyo ng mga bata ang mga salitang pinili nila at kung bakit sa palagay nila ay

mahalaga ang mga ito. Tandaan na ang bawat salitang pipiliin ng bata ay mahalaga; walang maling sagot. Maaari ninyong naising tulungan ang mga bata na isaulo ang mga talata.

6. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ama, Tulungan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Patotohanan na ginawang posible ni Cristo na mapatawad tayo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, at malugod na patatawarin ng Ama sa Langit ang lahat ng tunay na nagsisisi. Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa dakilang kaloob ng pagsisisi, at bigyang-diin kung gaano kahalaga na samantalahin nating lahat ang kaloob na ito.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak


Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan


Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Jonas 1:1–3, 11–17; 2:1–2, 10; at 3:3–5, 10 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Ninive



Simula




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | | | |


Aralin
# 44 Itinuro ni Malakias ang Tungkol sa mga Ikapu at mga Handog

**Layunin** Patatagin ang pangako ng bawat bata sa sarili na magbayad ng matapat na ikapu.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Malakias 3:7–12—Inutusan ang Israel na magbayad ng mga ikapu at mga handog at pinangakuan ng dakilang mga pagpapala.
   - Doktrina at mga Tipan 119:3–4—Ang mga Banal ay dapat magbayad ng ikasampung bahagi ng kanilang kinikita taun-taon bilang ikapu.
   - Doktrina at mga Tipan 64:23–24—Ang mga nagbabayad ng ikapu ay hindi susunugin sa Ikalawang Pagparito.
   - I Mga Taga Corinto 2:9—Ang Panginoon ay naglaan ng mga dakilang bagay para sa mga nagmamahal sa kanya.
2. Karagdagang babasahin:
   - Alma 13:15—Nagbayad si Abraham ng ikapu kay Melquisedec.
   - Doktrina at mga Tipan 104:14–18—Ang lahat ng bagay ay sa Diyos. Dapat nating bahaginan ang mahihirap.
3. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
4. Gumawa ng kopya o bakasin ang isang kandado at susi. Idikit ang larawan ng kandado sa takip ng isang maliit na kahon. Maglagay sa kahon ng mga papel na nasusulatan ng sumusunod na mga sanggunian: Malakias 3:10–12; Doktrina at mga Tipan 64:23–24; at I Mga Taga Corinto 2:9. Bago magklase, itago ang larawan ng susi saan man sa inyong silid-aralan.





5. Mga kailangang kagamitan:
    a. Biblia para sa bawat bata.
    b. Ang biswal na “Mga Paraan ng Paggamit sa mga Ikapu at mga Handog” (sa hulihan ng aralin).

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita sa mga bata ang kahon na may kandado at ipaliwanag na ito ay naglalaman ng mahalagang bagay. Sabihin sa kanila na may susing nakatago sa loob ng silid na magbubukas sa kahon. Hilingin sa mga bata na tahimik na hanapin ang susi, at pagkatapos ay ipabasa nang malakas sa batang makahahanap nito ang salitang nakasulat doon. Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan ay nagsasabi sa atin na kung susundin natin ang batas ng ikapu ay tatanggap tayo ng dakilang mga pagpapala. Ilagay ang susi sa tabi ng kahon at ipaliwanag na sa bandang huli ng aralin ay gagamitin ninyo ang susi upang buksan ang kahon at tuklasin kung anong mga pagpapala ang nakalaan sa atin kung matapat tayong magbabayad ng ating mga ikapu at mga handog.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang tungkol sa ikapu mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging “Paghahanda.” (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii.) Habang nagtatalakayan, tulungan ang mga bata na maunawaan na itinuro sa mga tao ng Israel ang batas ng ikapu maraming taon na ang nakalilipas (tingnan sa Genesis 14:20; Alma 13:15). Ang mga tao ay nagbayad ng ikapu sa pamamagitan ng pagbibigay ng ikasampung bahagi ng kanilang mga pananim o mga hayop, ngunit nagsimula silang magbigay ng mga bulag at maysakit na hayop at sirang tinapay bilang ikapu. Ang Panginoon ay hindi natuwa sa paraan ng kanilang pagbabayad ng mga ikapu at mga handog kung kaya’t isinugo niya ang propetang si Malakias upang turuan sila.

---

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Ano ang sinabi ni Malakias na gagawin ng Panginoon kung ang mga tao ay “manunumbalik sa [Kanya]”? (Malakias 3:7.) Talakayin ang pariralang “manunumbalik sa akin, at ako’y manunumbalik sa inyo” (Malakias 3:7). Ano ang sinabi ng Panginoon na gawin ng mga tao upang magsisi at “manumbalik sa akin”? (Malakias 3:8–10.) Kung magsisisi tayo sa maling gawain, paano “manunumbalik sa [atin]” ang Panginoon?

- Sang-ayon sa Panginoon, paano siyang ninanakawan ng mga tao? (Malakias 3:8–9.) Bakit ang hindi pagbabayad ng ikapu o ang pagbabayad nito nang

masama sa kalooban ay pagnanakaw sa Diyos? Gaano sa pag-aari natin ang ibinigay ng Panginoon? Gaano sa pag-aari natin ang hinihiling na ibalik natin sa Panginoon? (Doktrina at mga Tipan 119:3–4.) Habang nagtatalakayan ay bigyang-diin na ang lahat ng pag-aari natin ay mula sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ituro na kahit na ibang tao ang gumagawa ng ating damit o nagtatayo ng ating tahanan o naghahanda ng ating pagkain, ang lahat ng bagay na ito ay mula sa mga hayop, halaman, at mineral na inilagay sa daigdig noong panahon ng Paglikha. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang ikasampung bahagi ng pag-aari natin ay hindi gaanong malaki upang ibalik sa Panginoon.

- Paano ginagamit ang pera ng ikapu? (Ipakita at talakayin ang biswal na nasa hulihan ng aralin.) Paano pinagpapala ng perang ito ang ating buhay? Paano ginagamit ang mga handog-ayuno? (Upang maglaan ng pagkain, damit, at masisilungan sa mga mahihirap at nangangailangan.) Anong iba pang mga handog ang maaari nating ibigay sa Panginoon? (Maaari tayong magbayad sa pampurok o sa pangkalahatang pondo ng misyonero, maaari tayong mag-ambag sa pondo ng Aklat ni Mormon, maaari tayong mag-ambag sa templo kung may isang itinatayo sa ating lugar, makapag-uukol tayo ng ating panahon sa pamamagitan ng paglilingkod sa ating pamayanan, at marami pang iba.)

Kunin ang susi at magkunwaring binubuksan ang kahon. Pakuhanin ng tig-isang papel mula sa kahon ang tatlong bata. Habang hinahanap nila ang mga sanggunian, ipaliwanag na ang mga banal na kasulatang ito ay nagsasabi tungkol sa mga pagpapalang ipinangako sa atin kung magbabayad tayo ng ating mga handog at matapat na ikapu.

Malakias 3:10–12

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin nang ipangako ng Panginoon sa mga matapat sa kanilang mga ikapu at mga handog na kanyang “bubuksan . . . ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan”? Ano pa ang ibang biyayang ipinangako? (Malakias 3:11–12; ipaliwanag na *ang mananakmal* ay nakapatungkol kay Satanas.) Paano tayong pinangangalagaan ng pagbabayad ng ikapu mula sa kapangyarihan ni Satanas? (Tulungan ang mga bata na maunawaan na habang gumagawa tayo ng mga sakripisyo para sa Panginoon, ay lalo tayong napapalapit sa kanya at sa gayon ay hindi gaanong naiimpluwensiyahan ng kapangyarihan ni Satanas.)

Doktrina at mga Tipan 64:23–24

- Anong pangako tungkol sa mga huling araw ang ginawa ng Panginoon sa mga matapat na nagbabayad ng kanilang mga ikapu at mga handog?

I Mga Taga Corinto 2:9

- Paano ipinakikita ng pagbabayad ng ating ikapu na mahal natin ang Panginoon? Bakit sa palagay ninyo hindi natin kayang ilarawan sa ating isipan ang ilan sa mga pagpapalang inilalaan ng Panginoon para sa atin kung tayo ay matapat? Kailan kaya darating ang mga pagpapalang ito? Kapag tila hindi bumubuhos sa atin ang mga pagpapala, ano ang dapat nating gawin? (Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga

pagpapala ay kadalasang dumarating sa mga hindi inaasahang paraan at maaaring hindi pahalagahan sa una. Kung minsan ay kailangan nating patuloy na maging matapat at maghintay hanggang sa dumating ang tamang panahon bago natin matanggap ang mga pagpapala o hanggang sa pahalagahan na natin ang mga pagpapalang tinanggap.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Magbigay ng papel ng ikapu at iba pang papel ng donasyon sa bawat bata. Bigyan ang bawat bata ng iba't ibang dami ng pera-perahan, at hayaang punan nila ang papel ng ikapu ayon sa kung magkano ang perang tinanggap nila. (Ang ilan sa mga bata ay maaaring mangailangan ng tulong sa pagkuwenta kung magkano ang 10 porsiyento ng halagang iyon.) Talakayin kung ano ang mga handog-ayuno at kung paano ginagamit ng Simbahan ang perang ito upang matulungan ang mga karapat-dapat at nangangailangan. Talakayin kung paano ginagamit ang perang donasyon sa pondong misyonero, at pag-usapan ang mga handog na maaaring makasama sa "Ibang" kategoriya. Matapos punan ang lahat ng angkop na impormasyon sa papel ng ikapu, gumugol ng ilang sandali at pag-usapan kung saan napupunta ang pera pagkatapos ibigay ng mga tao ang kanilang mga donasyon sa obispo. (Tingnan ang biswal sa hulihan ng aralin para sa mga ideya kung paano ginagamit ang pera ng ikapu at kung ano ang iba pang maaari nating ihandog.)

2. Basahin ang II Mga Taga Corinto 9:6–7 at talakayin kung paano ito nauugnay sa paraan ng pagbabayad natin ng ating mga ikapu at mga handog. Pangitiin ang mga bata sa sumusunod na mga pangungusap kung ito ay sumasagisag sa malugod na nagbibigay at pasimangutin sa mga sumasagisag sa mga nagbibigay nang mabigat sa kanilang kalooban:
   a. Maganda ang pakiramdam ko kapag nagbabayad ako ng matapat na ikapu.
   b. Alam kong kapag hindi ko binayaran ang aking ikapu ay magagalit sa akin ang aking mga magulang.
   c. Mapalad ako sa pagkakaroon ng sapat na makakain, kaya buong-puso akong mag-aayuno. Alam kong ang perang ibinabayad ng aking mga magulang bilang mga handog-ayuno ay makatutulong sa mahihirap. Gusto kong magkaroon ang lahat ng sapat na makakain.
   d. Isipin na lamang ang lahat ng laruang mabibili sa pera ko para sa ikapu.
   e. Binigyan ako ng Panginoon ng napakaraming biyaya; gusto kong magbayad ng matapat na ikapu upang ipakita ang aking pasasalamat.
   f. Inutusan tayo ng Panginoon na magbayad ng 10 porsiyento para sa ikapu, bakit hinihiling pa niyang magbayad tayo nang higit para sa ibang mga bagay? Dapat ay sapat na ang aking ikapu.
   g. Nais ng Panginoon na maipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng nasa mundo, at nais kong gawin ang bahagi ko sa pamamagitan ng pagtulong sa mga misyonero na gawin ito.

3. Isulat sa pisara ang isang simpleng badyet, tulad ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| Kinita | P260.00 |
| Ipon | P 65.00 |
| Kendi | P 13.00 |
| Regalo para sa kaarawan ni Inay | P130.00 |
| Paglilibang | P52.00 |
| Ikapu | P26.00 |
| Mga handog | P13.00 |
| Total | P299.00 |

   Tanungin ang mga bata kung ano ang mali sa badyet na ito. Ipaliwanag na kapag huli nating binabayaran ang mga ikapu at mga handog ay maaaring wala nang matirang sapat na pera. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang unang bagay na dapat nilang gawin kapag natanggap na nila ang kanilang pera ay ang magbayad ng kanilang mga ikapu at mga handog. Sa gayon ay ginawa nilang katuwang ang Panginoon at sila ay tutulungan niyang magkaroon ng sapat para sa kanilang mga pangangailangan samantalang matalino nilang ginagamit ang nalalabing pera. Talakayin kung paano maaaring isaayos ang badyet upang maging sapat ang pera na pambayad ng mga ikapu at mga handog.

4. Isalaysay ang sumusunod na kuwento ni Elder Dallin H. Oaks:

   "Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay itinaguyod ng aking balong ina ang kanyang tatlong maliliit na anak sa pamamagitan ng maliit na sahod ng isang guro. Nang matanto ko na hindi namin natatamasa ang ilang kanais-nais na bagay dahil sa wala kaming sapat na pera ay tinanong ko ang aking ina kung bakit ibinabayad niya bilang ikapu ang malaking bahagi ng kanyang kinikita. Hindi ko kailanman malilimutan ang kanyang paliwanag: 'Dallin, maaaring may ilang tao na nabubuhay nang hindi nagbabayad ng ikapu, pero hindi natin kaya ang ganyan. Pinili ng Panginoon na kunin ang inyong ama at iwanan ako upang palakihin kayo na mga anak ko. Hindi ko magagawa iyon kung wala ang mga pagpapala ng Panginoon, at tinatanggap ko ang mga pagpapalang iyon sa pamamagitan ng pagbabayad ng matapat na ikapu. Kapag binabayaran ko ang aking ikapu ay nasa akin ang pangako ng Panginoon na pagpapalain niya tayo, at kailangang mapasaatin ang mga pagpapalang iyon kung gusto nating mabuhay' " (sa Conference Report, Abr. 1994, p. 43–44; o *Ensign,* Mayo 1994, p. 33).

5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Maligaya Akong Magbigay ng Ikapu" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**


Patotoo

Maaari ninyong naising ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagbabayad ng mga ikapu at mga handog. Maaari ninyong naising magbahagi ng sarili ninyong karanasan nang kayo ay pagpalain sa pagsunod sa kautusang ito. Hamunin ang mga bata na pairalin ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagbabayad ng kanilang mga ikapu at mga handog.

| | |
|---|---|
| Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak | Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan." |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Malakias 3:8–12 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito. |

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Mga Paraan ng Paggamit ng mga Ikapu at mga Handog



# Ang Kaloob ng Pagbabayad-sala (Pasko ng Pagkabuhay)

Aralin 45

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang bawat isa sa atin ay makatatanggap ng mga kaloob ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Moises 1:39—Ang plano ng Diyos ay gawing posible ang kawalang-kamatayan (immortality) at buhay na walang hanggan para sa bawat isa sa atin.
   - Isaias 53:5–7—Pagbabayaran ng Mesiyas ang ating mga kasalanan.
   - Mateo 26:36–46—Nagdusa si Jesucristo sa Getsemani.
   - Lucas 22:44 (o Doktrina at mga Tipan 19:18)—Si Jesucristo ay pinawisan ng malalaking butil ng dugo.
   - Mga Awit 22:16, 18—Bubutasan ng masasama ang mga kamay at paa ng Tagapagligtas. Magpapalabunutan sila kung kanino mapupunta ang kanyang kasuotan.
   - Lucas 23:33–34, 46—Ipinako si Jesucristo.
   - Mateo 27:57–66—Inilibing si Jesucristo sa libingan ni Jose ng Arimatea.
   - Isaias 25:8—Pagtatagumpayan ng Tagapagligtas ang kamatayan.
   - Oseas 13:14—Tutubusin tayong lahat ng Tagapagligtas mula sa libingan.
   - Mateo 28:1–10—Si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Gumawa ng sinulatang piraso ng papel na nagsasabing:

| |
|---|
| Puwede kang kumuha ng isang kendi (o iba pang bagay). |

Maghanda ng tsart na katulad ng sumusunod:

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 6 | 3 | 5 | 3 | 0 | 10 | 2 | 10 | 6 | 2 |
| +7 | +4 | +6 | +3 | +0 | +3 | +2 | -10 | +6 | +0 |
| 13 | | | | | | | | | |
| Y | | | | | | | | | |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5 | 3 | 5 | 1 | 0 | 4 | 3 | 4 | 10 |
| +5 | +1 | +3 | +1 | +2 | +2 | +4 | +4 | -8 |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |

Code

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| a=0 | e=2 | h=4 | m=6 | r=8 | t=10 | v=12 |
| d=1 | f=3 | i=5 | o=7 | s=9 | u=11 | y=13 |

4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia para sa bawat bata.
   b. Mahalagang Perlas at Doktrina at mga Tipan.
   c. Larawan 6-27, Ang Pagpapako sa Krus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230; 62505); 6-47, Nananalangin si Jesus sa Getsemani (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227; 62175); at 6-48, Ang Nabuhay na Mag-uling si Jesucristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239; 62187).

## Mungkahing Pagbubuo ng Aralin

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

### Gawaing Pantawag-pansin

Ibinigay sa atin ni Jesucristo ang kaloob ng Pagbabayad-sala, na may dalawang bahagi. Ang isang bahagi ay hindi nangangailangan ng anumang pagsisikap sa ating panig upang tanggapin ito. Ngunit kailangan naman nating gumawa upang mapasaatin ang isa pang bahagi nito. Basahin ang Moises 1:39 kasama ng mga bata, at ipahanap sa kanila ang dalawang bahagi ng Pagbabayad-sala. Maaari ninyong naising isulat sa pisara ang dalawang katagang ito. Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan ng mga bata ang kahulugan ng *kawalang-kamatayan* (ang kaloob ng Pagkabuhay na Mag-uli, na ibinibigay ni Jesucristo sa lahat ng tao) at *buhay na walang hanggan* (ang kaloob na makapamuhay na kasama ang ating mag-anak sa piling ng Diyos kung tayo ay magsisisi) at kung paano ipinropesiya ng mga propeta ng Lumang Tipan ang bawat isa sa mga kaloob na ito.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon, ituro ang pangyayari tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo mula sa mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipaliwanag na ang mga tiyak na pangyayari tungkol sa Pagbabayad-sala ay inihayag sa mga propeta ng Lumang Tipan. Nagpropesiya sila tungkol sa pagdurusa ni Jesucristo para sa ating mga kasalanan at pagtatagumpay niya sa kamatayan. Ang mga propesiyang ito ay natupad noong mga huling araw na ng Tagapagligtas sa mundo. (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)

---

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

Ibinigay sa Atin ni Jesucristo ang Kaloob ng Kawalang-kamatayan

- Ano ang nakapropesiya sa Mga Awit 22:16 tungkol sa mga paa at kamay ng Tagapagligtas?
- Paano pinatay si Jesus? (Lucas 23:33; ang ibig sabihin ng *ipako* ay patayin sa pamamagitan ng pagpapako o pagtatali sa mga kamay at paa ng isang tao sa krus at pag-iwan sa kanya upang mamatay.)
- Nang mamatay si Jesus sa krus, ano ang nangyari sa kanyang espiritu? (Lucas 23:46.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na noong namatay si Cristo ay iniwan ng kanyang espiritu ang kanyang katawan at nagpunta sa daigdig ng mga espiritu (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138). Saan inilibing ang katawan ni Jesus? (Mateo 27:57–60.) Bakit nagtalaga ng mga tanod upang bantayan ang libingan ni Jesus? (Mateo 27:62–66.)
- Paano nabuksan ang libingan nang ikatlong araw pagkatapos mamatay si Jesus? (Mateo 28:2.) Ano ang sinabi ng anghel kay Maria at sa iba pang kababaihan na nasa libingan? (Mateo 28:5–6.) Ipaliwanag na ang espiritu ni Jesus, na humiwalay sa kanyang katawan noong siya ay mamatay, ay nagbalik sa kanyang katawan noong siya ay mabuhay na mag-uli. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na ang isang tao sa mundo ay nabuhay na mag-uli.
- Ano ang ibig ipakahulugan ni Isaias nang sabihin niyang "sinakmal niya [ng Mesiyas] ang kamatayan magpakailan man"? (Isaias 25:8.) Ano ang ibig ipakahulugan ni Oseas nang sabihin niyang "tutubusin [tayo ni Cristo] mula sa kamatayan"? (Oseas 13:14.) Ipaliwanag na inilalarawan ng mga paghahayag na ito ang Pagkabuhay na Mag-uli. (Tingnan sa "Pagkabuhay na Mag-uli" sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)

- Ano ang kahulugan sa atin ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo? Tulungan ang mga bata na maunawaan na dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus ang lahat ng tao na nabuhay na o mabubuhay pa lamang sa mundo ay mabubuhay na mag-uli. Ibinigay ni Jesus sa bawat isa sa atin ang kaloob na ito, ang kaloob ng kawalang-kamatayan, upang mabuhay magpakailanman na magkasama ang ating katawan at espiritu.

Ginawang Posible ni Jesucristo na Makamtan ang Buhay na Walang Hanggan

- Ano ang itinuturo sa atin ng propesiya ni Isaias tungkol sa pagdurusa ni Cristo? (Isaias 53:5.)
- Ano ang ginawa ni Jesus matapos siyang pumasok sa Halamanan ng Getsemani? (Mateo 26:36.) Paano ipinahayag ni Jesus ang kanyang kusang-loob na paggawa sa kalooban ng Ama sa Langit? (Mateo 26:39, 42, 44.)
- Gaano katindi ang paghihirap ni Jesus sa Halamanan ng Getsemani? (Lucas 22:44; Doktrina at mga Tipan 19:18.) Ipaliwanag na pinasan ni Jesus ang lahat ng ating mga kasalanan, na naging dahilan ng kanyang matinding paghihirap na hindi natin kayang maunawaan. Dahil sa paghihirap ni Cristo, tayo ay nagkaroon ng pagkakataon na magsisi ng ating mga kasalanan at mapatawad. Kung gagawin natin ito ay hindi na natin kailangang magdusa na tulad ng ginawa ni Cristo. Ipaliwanag na ito ang ibig ipakahulugan ni Isaias nang sabihin niyang, “sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay nagsigaling tayo” (Isaias 53:5).

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Gumawa ng mga sinulatang piraso ng papel na nagtataglay ng mga susing salita o parirala mula sa mga propesiya sa Lumang Tipan, tulad ng:

| |
|---|
| Isaias 53:5—“nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang” |
| Isaias 53:5—“sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay nagsigaling tayo” |
| Mga Awit 22:16—“binutasan [nila] ang aking mga kamay at ang aking mga paa” |
| Isaias 25:8—“sinakmal niya ang kamatayan magpakailan man” |
| Oseas 13:14—“tutubusin sila mula sa kamatayan” |

Ipakita ang mga sinulatang piraso ng papel sa harapan ng klase habang itinuturo ninyo ang pangyayari sa banal na kasulatan tungkol

sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Hayaang pakinggan ng mga bata ang mga salita, parirala, o pangkalahatang ideyang ito upang makita ang katuparan ng mga propesiyang ito. Tulungan ang mga bata na maunawaan ang mahihirap na parirala.

2. Upang magamit ang gawaing ito ay isulat na sa magkakahiwalay na papel ang sumusunod na mga tanong bago magsimula ang klase. Habang nagkaklase ay ibigay ang mga tanong sa anim na bata.

   - Ano ang kamatayan?
   - Ano ang pagkabuhay na mag-uli?
   - Sino ang unang tao sa lupa na nabuhay na mag-uli?
   - Ano ang dalawang pinakadakilang kaloob na ibinigay sa atin ni Jesucristo?
   - Anong kaloob ang ibinigay sa atin mula kay Jesucristo na hindi nangangailangan ng pagsisikap sa ating panig?
   - Anong kaloob ang mula kay Jesucristo na kailangan nating pagsikapang matamo?

   Sabihin sa mga bata na magbibigay kayo ng sagot sa isang tanong. Ang bata na mayhawak ng tamang tanong ay babasahin ito nang malakas. Narito ang ilan sa mga posibleng kasagutan sa mga tanong na inyong ipinamigay:

   - Kapag iniiwan ng espiritu ang katawan. (Ano ang kamatayan?)
   - Kapag ang katawan at espiritu ay nagsasamang muli at hindi na kailanman maghihiwalay. (Ano ang pagkabuhay na mag-uli?)
   - Jesucristo. (Sino ang unang tao sa lupa na nabuhay na mag-uli?)
   - Kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan. (Ano ang dalawang kaloob na ibinigay sa atin ni Jesucristo?)
   - Ang kaloob ng pagkabuhay na mag-uli o kawalang kamatayan. (Ano ang kaloob na ibinigay sa atin na hindi nangangailangan ng anumang pagsisikap sa ating panig?)
   - Ang kaloob ng buhay na walang hanggan. (Anong kaloob ang kailangan nating pagsikapang matamo?)

3. Ipakita ang larawan ng isang mahal ninyo sa buhay na namatay na. Sabihin kung ano ang nadarama ninyo hinggil sa pagkaalam na dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kung mamumuhay kayo nang karapat-dapat ay makikita ninyong muli ang mahal ninyong ito sa buhay. Hayaang magsabi ang mga bata tungkol sa isang tao sa kanilang mag-anak na namatay na at nais nilang makita muli. Ipaliwanag na hindi natin kailangang katakutan ang kamatayan. Ang mga propeta ay nagpahayag na makikita nating muli ang mga mahal natin sa buhay, at makadarama tayo ng malaking kapanatagan at kagalakan sa daigdig ng mga espiritu pagkatapos ng kamatayan. Sinabi ni Joseph Smith na: "Ako ay may ama, mga kapatid na lalaki, mga anak, at mga kaibigan na naroon na sa daigdig ng mga espiritu. Pansamantala lamang ang kanilang pagkawala. Sila ay umiiral bilang mga espiritu, at hindi magtatagal ay magkikita-kita kaming muli" (*History of the Church,* 6:316).

Sinabi ni Brigham Young na: “Lilingon tayo at makikita natin ito [ang lambak ng kamatayan] at maiisip na, . . . hindi na ako nauuhaw, ayaw ko nang matulog, hindi na ako napapagod, . . . wala [akong] nararamdamang sakit o pagod, puno ako ng buhay, puno ng lakas, at natutuwa ako na nasa piling ako ng Ama sa Langit” (sa *Journal of Discourses,* 17:142).

4. Kung ang tinuturuan ninyo ay mas matatandang bata, maghanda ng larong pinagtutugma na may mga pamagat na “Mga Propesiya” at “Katuparan ng mga Propesiya.” Ipabasa sa mga bata ang iniatas na sanggunian mula sa talaan na may titik ng katuparan ng mga propesiya at itugma ito sa angkop na propesiya mula sa talaan na may numero. Ang ilang halimbawa na maaari ninyong gamitin ay:

| Mga Propesiya | Katuparan ng mga Propesiya |
|---|---|
| 1. Isaias 53:7—Hindi niya ibinukas ang kanyang bibig | a. Mateo 21:5 |
| 2. Mga Awit 34:20—Walang nabaling buto | b. Lucas 23:9 |
| 3. Zacarias 9:9—Dumating na nakasakay sa isang asno | c. Mateo 27:9 |
| 4. Mga Awit 22:1—Bakit mo ako pinabayaan? | d. Mateo 27:35 |
| 5. Mga Awit 22:18—Nagpalabunutan para sa kanyang kasuotan | e. Juan 19:36 |
| 6. Zacarias 11:13—Tatlumpong pirasong pilak | f. Mateo 27:46 |

Mga sagot: 1-*b*, 2-*e*, 3-*a,* 4-*f*, 5-*d*, 6-*c*

5. Talakayin ang ikatlong saligan ng pananampalataya at tulungan ang mga bata na isaulo ito.

6. Pagsama-samahin ang sumusunod na maliliit na bagay at kabitan ang bawat isa ng piraso ng papel ng katugmang mga sangguniang banal na kasulatan. Ilagay ang mga bagay sa isang basket o sako, at papiliin ang bawat bata ng isang bagay at ipabasa ang banal na kasulatan. Papagpasiyahin ang mga bata kung paano nauugnay ang bagay sa kuwento tungkol sa Pagbabayad-sala.

   Mga barya—Mateo 26:14–16
   Sabon—Mateo 27:24–26
   Pulang tela—Mateo 27:28–30
   Krus na yari sa tingting o pako—Mateo 27:31–32
   Dinurog na bato o lupa—Mateo 27:50–51
   Puting tela—Mateo 27:58–59
   Bato—Mateo 27:60–65

7. Awitin o basahin ang mga salita sa “Si Jesus ba ay Nagbangon?” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Si Jesus ay Nagbangon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “May Luntiang Burol Doon” (*Mga Himno*), o “Siya’y Nabuhay!” (*Mga Himno*).

## Katapusan

| | |
|---|---|
| Patotoo | Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa mga dakilang kaloob na ibinigay sa atin ni Jesucristo, upang tayo ay mabuhay na mag-uli at mamuhay magpakailanman sa piling ng Ama sa Langit na kasama ang ating mag-anak kung magsisisi tayo. |
| Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak | Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.” |
| Mungkahing Babasahin sa Tahanan | Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mateo 28:1–10 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito. |

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
46

# Ang mga Propeta ay Nagpropesiya sa Pagsilang ni Jesucristo (Pasko)

**Layunin**

Palakasin ang patotoo ng bawat bata tungkol sa kabanalan ng pagsilang ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin:
   - Isaias 7:14—Nagpropesiya si Isaias na isisilang ng isang malinis na dalaga ang anak ng Diyos.
   - Mateo 1:18–23—Natupad ang propesiya ni Isaias.
   - Isaias 9:6—Nagpropesiya si Isaias na si Jesucristo ay darating bilang isang sanggol; si Jesus ay inilarawan sa pamamagitan ng ilang pangalan.
   - Mikas 5:2—Nagpropesiya si Mikas na si Jesus ay isisilang sa Bet-lehem.
   - Mateo 2:4–6—Alam ng mga eskriba na ang Bet-lehem ang ipinropesiyang lugar na sinilangan ng Mesiyas.
   - 1 Nephi 11:18–21—Nagpropesiya si Nephi na ang Anak ng Diyos ay isisilang ng isang birhen.
   - Lucas 1:26–31—Isang birhen na nagngangalang Maria ang magiging ina ni Jesucristo.
   - Alma 7:9–10—Si Alma ay nagpropesiya na si Jesus ay isisilang ni Maria.
   - Lucas 2:4–7—Isinilang si Jesus.
   - Helaman 14:1–6—Si Samuel na Lamanita ay nagpropesiya tungkol sa mga palatandaan ng pagsilang ni Jesus.
   - 3 Nephi 1:4–21—Noong gabi ng pagsilang ni Jesus ay walang kadiliman sa Amerika at isang bagong bituin ang lumitaw.
   - Mateo 2:2—Isang bagong bituin ang lumitaw sa Israel

2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.

3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Biblia at Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Ang tsart na “Ipinropesiya ng mga Propeta ang Pagsilang ni Jesucristo” (sa hulihan ng aralin).
   c. Mga simpleng props, tulad ng malalaking panyo (scarf) at manyika, para sa belen (tingnan sa gawaing pantawag-pansin).
   d. Mga larawan 6-49, Isinusulat ni Isaias ang Tungkol sa Pagsilang ni Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 113; 62339), at 6-50, Ang Pagsilang ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 200; 62116).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Pumili ng ilang bata upang gumawa ng belen na gamit ang mga simpleng *props*. Dapat ay may mga taong kakatawan kina Maria at Jose at manyika na kakatawan sa sanggol na si Jesus. Ang ibang bata ay maaaring maging mga anghel, pastol, at mga lalaking pantas. Pahintulutang sabihin ng mga miyembro ng klase ang mga bagay na naaalala nila tungkol sa pagsilang ni Jesucristo. Tanungin sila kung paano nila nalaman ang tungkol sa mahalagang pangyayaring ito. Ipaliwanag na kahit na halos 2,000 taon na ang nakalilipas simula nang maganap ito ay nasa atin pa rin ang kuwento ng pagsilang ni Jesus na nakatala sa mga banal na kasulatan.

Sabihin sa mga bata na alam na nina Jose at Maria ang tungkol sa pangyayaring ito bago pa man ito naganap. Mula sa panahon ni Adan ay nangako na ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng kanyang mga propeta na isusugo niya ang kanyang Anak upang maging Tagapagligtas ng daigdig. Maraming propeta ang nagpropesiya tungkol sa pagdating ni Jesucristo. Alam nilang tutuparin ng Ama sa Langit ang kanyang pangako, at sabik nilang inasam ang pagsilang ng Tagapagligtas.

Pangyayari sa Banal na Kasulatan

Gamit ang mga banal na kasulatan na nakatala sa bahaging "Paghahanda," ituro ang mga propesiya tungkol sa pagsilang ni Jesucristo at kung paano natupad ang mga ito. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p. viii.) Ipakita ang tsart na matatagpuan sa hulihan ng aralin, na naglalarawan sa mga propetang nagpropesiya sa pagsilang ng Tagapagligtas. Ipakita ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata upang maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Sino ang ipinropesiya ni Isaias na magiging ina ni Jesucristo? (Isaias 7:14. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *dalaga* ay isang malinis at walang asawang babae. Pansinin na si Isaias ay nabuhay noong mga bandang 740 B.C., na ang ibig sabihin ay bago pa isilang si Cristo.) Kanino isinugo ang anghel na si Gabriel upang ipahayag ang balita na isisilang na si Jesus at upang patotohanan ang katuparan ng propesiya ni Isaias? (Lucas 1:26–31; Mateo 1:18–23.)
- Sang-ayon kay Isaias, paano ang magiging pagdating ni Jesus? (Isaias 9:6; bilang isang sanggol.) Ano ang iba pang pangalan na ginamit ni Isaias upang ilarawan si Cristo? Ano ang sinasabi sa atin ng mga pangalang ito tungkol kay Jesucristo? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 6.)
- Saan isisilang si Jesus? (Mikas 5:2.) Noong tanungin ni Haring Herod ang mga saserdote at eskriba kung saan isisilang si Jesus, paano nilang nalaman na ito ay sa Bet-lehem? (Mateo 2:4–6; ipaliwanag na nabasa ng mga kalalakihang ito ang mga propesiya sa mga banal na kasulatan.)

- Sino ang nakita ni Nephi sa pangitain? (1 Nephi 11:18–21; ituro na si Nephi ay nabuhay noong mga 600 B.C.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na nasa kamay ng mga Nephita ang mga tansong lamina, na naglalaman ng karamihan sa mga sinaunang propesiya. Subalit may sarili rin silang mga propeta na nagpropesiya tungkol sa pagsilang ni Jesucristo. Sino ang ipinropesiya ni Alma na magiging ina ng Anak ng Diyos? (Alma 7:9–10; ituro na si Alma ay nabuhay noong mga 80 B.C.)
- Anong mga palatandaan ang ipinropesiya ni Samuel na Lamanita na darating sa pagsilang ni Jesus? (Helaman 14:2–5; ang mga propesiyang ito ay naganap noong mga lima o anim na taon bago ang pagsilang ni Jesucristo.) Ano ang ginawa ng mga tao na hindi naniwala sa mga propesiya ni Samuel? (3 Nephi 1:6, 9.) Noong manalangin si Nephi sa kapakanan ng mga matwid na tao, anong kaaliwan ang ibinigay sa kanya? (3 Nephi 1:11–13.) Paano natupad ang mga propesiya ni Samuel? (3 Nephi 1:5, 19, 21.) Paano nating nalaman na may isang bagong bituin na lumitaw rin sa Israel? (Mateo 2:1–2.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Ipakita ang tsart na matatagpuan sa hulihan ng aralin, na nagpapakita sa mga sinaunang propeta na sina Isaias, Mikas, Nephi, Alma, at Samuel na Lamanita. Maaaring maghalinhinan ang mga bata sa pagbabasa ng mga propesiya na tumutukoy sa pagsilang ni Jesucristo.
2. Imungkahi na sa paghahanda para sa Pasko ay basahing mag-isa ng mga miyembro ng klase o kasama ng kanilang mag-anak ang sumusunod na mga banal na kasulatan, na nagpopropesiya tungkol sa pagsilang ni Jesucristo.

   Mikas 5:2<br>Isaias 7:14<br>Isaias 9:6–7<br>Alma 7:9–10<br>Helaman 14:1–6<br>1 Nephi 11:18–21

   Maaaring isulat ng mga bata ang mga sangguniang ito sa isang kard upang maiuwi, o maaari kayong maghanda ng bigay-sipi na naglalaman ng mga sanggunian para sa bawat bata.
3. Isulat ang mga susing salita sa pisara (o ipakita ang mga larawan ng mga bagay na ito) mula sa mga propesiya tungkol sa pagsilang ni Cristo tulad ng *Bet-lehem, bituin, Maria,* at marami pang iba. Hayaang pakinggan ng mga bata ang mga salitang ito habang binabasa o isinasalaysay ninyong muli ang kuwento ng Pasko mula sa Lucas 1:26–38 at 2:1–19. Talakayin sa mga bata ang maaaring naging damdamin nina Jose, Maria, at ng mga pastol sa kanilang pagkakabilang sa katuparan ng mga propesiya tungkol sa pagsilang ni Cristo.
4. Tulungan ang mga bata na maunawaan at maisaulo ang ikasiyam na saligan ng pananampalataya. Sa oras ng talakayan ay ituro na nabubuhay tayo sa

panahon na kung kailan ang mga propesiya at paghahayag ay nagkakaroon ng katuparan, at anyayahan ang mga bata na magbanggit ng ilan sa mga propesiyang ito. Ibahagi ang inyong nadarama tungkol sa pagiging bahagi ng isang simbahan na may patuloy na paghahayag at pagiging isang saksi sa katuparan ng mga propesiya sa inyong sariling kapanahunan.

5. Talakayin kung paano ang pagsilang, buhay, at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang pinakadakilang mga kaloob na matatanggap natin kailanman. Anong handog ang maaari nating ibigay sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa natatanging panahon na ito ng taon? Hamunin ang mga bata na ibigay ang handog na pag-ibig sa iba. Maaari ninyong naising ikuwento ang sumusunod bilang halimbawa ng kung paano binigyan ng isang batang lalaki ang kanyang ama ng handog na pagmamahal.

    Ilang araw bago sumapit ang Pasko, noong labinlimang taong gulang pa lamang si Rob, ay narinig niyang sinabi ng kanyang ama sa kanyang ina na, “Mary, ayaw na ayaw kong tinatawag si Rob sa umaga upang gatasan ang mga baka. Mabilis ang kanyang paglaki at kailangan niyang matulog. . . . Sana kaya kong gumawa nang mag-isa.”

    Sa pamamagitan ng simpleng mga salitang ito ay natanto ni Rob ang isang bagay sa kauna-unahang pagkakataon: mahal siya ng kanyang ama!

    Mahirap lamang ang mag-anak. Binilhan ni Rob ang kanyang ama ng mumurahing kurbata, samantalang nakahiga siya at nag-iisip nang bisperas ng Pasko, nabatid niyang hindi iyon sapat. Dahil sa pananabik ay nagpasiya siyang humanap ng mas magandang regalo. Gigising siya nang maaga at gagatasan ang mga baka bago gumising ang kanyang ama. Natawa siya sa sarili sa pag-iisip na magugulat ang kanyang ama.

    Mas naging madali ang gawain kaysa noong mga nakaraan. Ang paggagatas ay hindi lamang gawaing-bahay. Ito ay higit pa roon—isang regalo sa kanyang ama, na nagmamahal sa kanya.

    Nang matapos niya ang gawain ay nagbalik si Rob sa kanyang higaan mga ilang sandali bago siya tawagin ng kanyang ama. Alam niyang mauuna sa kanyang magpunta ang ama sa kamalig upang magsimula at sa loob lamang ng ilang minuto ay matutuklasan ang dalawang malalaking lata na nakatayo sa bahay-gatasan, na puno na. Pigil ang hiningang hinintay ni Rob ang kanyang pagbalik.

Pagkalipas ng tila walang hanggan, narinig ni Rob na bumukas ang pinto ng kanyang silid-tulugan, narinig ang kanyang ama na tumatawa, isang “tila umiiyak na tawa,” at narinig ang kanyang ama na nagsabing, “Akala mo maloloko mo ako, ano?”

“Para po sa Pasko iyon, ‘Tay!” Sa kadiliman ng umagang iyon ay naramdaman niya ang kanyang ama na siya ay yakap-yakap nang mahigpit. Ang puso ni Rob ay “nag-uumapaw sa tuwa.”

“Anak, salamat,” ang sabi ng kanyang ama. “Wala nang ibang gumawa ng mas mabuti pa roon. . . . Ang pinakamainam na pamasko na aking tinanggap, at palagi ko itong maaalala, anak, taun-taon tuwing umaga ng Pasko, habang ako ay nabubuhay.” (Hango mula sa Pearl S. Buck, “Christmas Day in the Morning,” sa *Colliers*, ika-23 ng Dis. 1955, p. 10–11.)

6. Kung maaari, magdala ng musika ng “For Unto Us a Child Is Born” mula sa *Messiah* ni Handel. Pagkatapos ninyong pakinggan ang musika, maaari ninyong ipahambing sa mga bata ang mga salita sa awit sa mga propesiya ni Isaias.
7. Awitin o basahin ang mga salita sa “Sa Kanyang Pagbabalik” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Nagwika si Samuel Tungkol sa Sanggol na Jesus” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Sa Malayong Sabsaban” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang inyong damdamin tungkol sa kabanalan ng pagsilang ni Cristo at ang inyong pasasalamat para sa kahanga-hangang kaloob na ibinigay ng Ama sa Langit sa bawat isa sa atin.

Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak


Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang “Mungkahing Babasahin sa Tahanan.”

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Isaias 7:14 at 9:6 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ipinropesiya ng mga Propeta ang Pagsilang ni Cristo




Mikas (720B.C.)
Mikas 5:2

Alma (80 B.C.)
Alma 7:9–10

Nephi (600 B.C.)
1 Nephi 11:18–21

Aralin 47

# Mapagpapala ng Pagkasaserdote ang Ating Buhay (Aralin sa Paghahanda sa Pagkasaserdote)

**Layunin**

Ang araling ito ay isinulat upang matulungan ang mga labing-isang taong gulang na bata na maunawaan ang mga pagpapala at pananagutan ng pagkasaserdote. Ito ay dapat na ituro bago maging labindalawang taong gulang ang isang bata sa inyong klase.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang "Patotoo ng Propetang si Joseph Smith" na matatagpuan sa pambungad ng Aklat ni Mormon o sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–54, 59, 66–72; Doktrina at mga Tipan 13, kasama ang bahaging pang-ulo; Doktrina at mga Tipan 121:34–46.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais na ituro sa mga bata ang pangyayari sa banal na kasulatan (tingnan sa "Paghahanda ng Inyong mga Aralin," p.vii, at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," p.viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamainam na makatutulong sa mga bata na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Doktrina at mga Tipan.
   c. Isang pinagkukunan ng ilaw tulad ng plaslayt [flashlight], bombilya, o gasera.
   d. Mga larawan 6-51, Ordinasyon sa Pagkasaserdote (62341); 6-48, Ang Nabuhay na Mag-uling si Jesucristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239; 62187); at 6-52, Ipinagkakaloob ni Juan Bautista ang Pagkasaserdoteng Aaron (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 407; 62013).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag-pansin

Ipakita ang isang bagay na nagbibigay ng liwanag.

- Ano ang kailangan upang magkailaw ang bagay na ito? Kung mayroon kayong plaslayt [flashlight], ipakita na kailangan nito ng mga baterya, bombilya, at *switch* na maayos na gumaganang lahat para umilaw ito. Ang bombilya ay nangangailangan ng mahusay na *filament* at kailangang nakaroskas sa isang saksakan [socket] na nakakabit sa pinagkukunan ng koryente. Ang *switch* ay kailangan ding buksan upang dumaloy ang kuryente.

Patayuin ang mga batang lalaki sa inyong klase. Ang mga batang lalaking ito ay may potensiyal na tumanggap ng pagkasaserdote, na higit na malakas na kapangyarihan kaysa sa kuryente sapagkat ito ang kapangyarihan at awtoridad upang gumanap sa pangalan ng Diyos. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, ang mga anak ng Ama sa Langit ay mabibinyagan at makatatanggap ng iba pang ordenansa ng Simbahan. Subalit upang matanggap ang kapangyarihang ito at magamit ayon sa nilalayon ng Diyos, ang isang batang lalaki ay kailangang maging karapat-dapat at nakahanda nang husto.

**Pangyayari sa Banal na Kasulatan**

Gamit ang mga larawan sa mga angkop na pagkakataon, ituro ang pangyayari ng pagtanggap ni Joseph Smith ng mga laminang ginto at pagkakaordena sa Pagkasaserdoteng Aaron mula sa “Patotoo ng Propetang si Joseph Smith” o Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–54, 59, 66–72. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng pangyayari sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p.viii.) Maaaring kailanganin ninyong sandaling pagbalik-aralan sa klase ang mga pangyayari na humantong sa pagtanggap ni Joseph ng mga laminang ginto.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na nadarama ninyong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling pananaw.

- Bakit hindi maaaring agad-agad maisalin ang mga laminang ginto, matanggap ang pagkasaserdote, at maitatag ang Simbahan sa pamamagitan ni Joseph Smith pagkatapos ng Unang Pangitain? (Hindi pa siya nakahanda; kailangan pa niya ng karagdagang katalinuhan at kaalaman.)
- Ano ang unang mahalagang tungkulin na ipinagawa ng Panginoon kay Joseph Smith? (Isalin ang mga laminang ginto upang mapasaatin ang Aklat ni Mormon.)
- Ano ang ginagawa ni Joseph noong gabing unang magpakita sa kanya ang anghel na si Moroni? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:29—30.) Ilang ulit nagpakita kay Joseph Smith si Moroni bago ipinakita ang mga laminang ginto sa unang pagkakataon? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:30, 44–49; apat na ulit.) Bakit sa palagay ninyo inulit nang tatlong beses ni Moroni ang kanyang unang mensahe?
- Ano pa ang ibang tagubilin na tinanggap ni Joseph bago niya nasimulan ang pagsasalin ng mga laminang ginto? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:53–54.) Paano natulungang maihanda si Joseph Smith ng tagubiling ito para sa iba pang dakilang bagay na gagawin niya? Ano ang ginagawa ninyo upang maghanda para sa inyong kinabukasan?
- Anong mga natatanging tungkulin ang binabalikat ng mga kabataang lalaking Banal sa mga Huling-araw sa gulang na labindalawa? (Tinatanggap nila ang Pagkasaserdoteng Aaron at inoordenang mga diyakono.)
- Paano tinanggap ni Joseph Smith ang Pagkasaserdoteng Aaron? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–70.) Paano tinatanggap sa ngayon ng isang kabataang lalaki ang Pagkasaserdoteng Aaron? (Siya ay kinakapanayam para

sa pagiging karapat-dapat at inoordenan sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng isang taong may awtoridad na mag-ordena sa kanya.)

- Paano dapat ihanda ng mga batang lalaki ang kanilang sarili upang tanggapin ang pagkasaserdote? Paano dapat ihanda ng mga batang babae ang kanilang sarili upang tanggapin ang mga pagpapala ng pagkasaserdote? (Magkatulad ang paghahanda ng mga batang lalaki at babae. Sila ay nananalangin, nananampalataya, natututo ng ebanghelyo mula sa mga magulang at guro, namumuhay nang marapat, sumusunod sa mga kautusan, naglilingkod sa iba, naggagalangan, at matatapat.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Anong mga pananagutan mayroon ang mga diyakono sa Simbahan? (Doktrina at mga Tipan 20:59.) Paano nila tinutupad ang mga pananagutang ito? (Magpasa ng sakramento, magtipon ng mga handog-ayuno, gumanap bilang mensahero para sa obispo sa pulong sakramento, at magpakita ng magandang halimbawa.)
- Sino ang unang taong nagpasa ng sakramento? (Jesucristo.) Bakit napakasagrado ang sakramento? (Ito ay isang ordenansa na kumakatawan sa sakripisyo na ginawa ni Jesucristo para sa bawat isa sa atin.)
- Basahin o ipabasa sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na siping-banggit mula kay Elder Jeffrey R. Holland: "Hinihiling namin sa inyo mga kabataang lalaki ng Pagkasaserdoteng Aaron na ihanda, basbasan at ipasa ang mga sagisag na ito ng sakripisyo ng Tagapagligtas nang marapat at mapitagan. Anong pambihirang pribilehiyo at sagradong tungkulin ang ibinibigay sa ganyang napakabatang gulang! Wala akong naiisip na nakahihigit pang papuri na maibibigay sa inyo ng langit. Mahal namin kayo. Gawin ang pinakamabuti sa inyong buhay at panlabas na anyo kapag nakikisali sa sakramento ng Hapunan ng Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1995, p. 89; o *Ensign*, Nob. 1995, p. 68).
- Paano nating lahat maigagalang at sasang-ayunan ang pagkasaserdote? (Sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga tungkulin mula sa mga pinuno ng pagkasaserdote; paglilingkod sa iba; pagsasalita nang buong-galang tungkol sa mga pinuno ng Simbahan; pananalangin para sa mga ama, kapatid na lalaki, miyembro ng mag-anak, at iba pang nagtataglay ng pagkasaserdote.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Paano matutulungan ng paggawa ninyo ng mga bagay na ito ang inyong ama o kapatid na lalaki na igalang ang kanyang pagkasaserdote? Paano nila kayo matutulungan na maghandang tumanggap ng pagkasaserdote o ng mga pagpapala ng pagkasaserdote?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain kailanman sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, pagbubuod, o paghamon.

1. Isulat sa magkakahiwalay na kard o papel ang sumusunod na mga pagpapala na dulot ng pagkasaserdote:

   Pagtanggap ng pangalan at basbas
   Pagpapabinyag

Pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo
Pagtanggap ng pagbabasbas kapag maysakit
Pagtanggap ng sakramento
Pagmimisyon
Pagpapakasal sa templo

Hatiin ang klase sa ilang grupo at bigyan ang bawat grupo ng isang kard. Anyayahan ang mga bata sa bawat grupo na magbahagi ng angkop na mga karanasang pansarili o pangmag-anak na nauugnay sa pagpapalang nakasulat sa kanilang kard.

2. Padilimin hanggang maaari ang silid. Pagkatapos ay ikuwento sa mga bata ang tungkol sa isang grupo ng mga turista na nagpunta sa isang malalim, madilim na kuweba. Nang nasa loob na ng kuweba ay pinatay ng giya ang mga ilaw, naghintay ng ilang sandali, at pagkatapos ay ipinaturo sa bawat isa ang direksiyon ng labasan. Nang magkailaw na muli, ang mga tao ay nakaturo sa iba't ibang direksiyon.

   Muling buksan ang ilaw sa inyong silid-aralan, at ibahagi ang sumusunod na siping-banggit mula kay Elder Robert D. Hales: "Kung ang kapangyarihan ng pagkasaserdote ay wala sa lupa, ang kalaban ay magkakaroon ng kalayaang lumibot at maghari nang walang pagpipigil. Hindi magkakaroon ng kaloob na Espiritu Santo na papatnubay at magtuturo sa atin; ng mga propetang magsasalita sa pangalan ng Panginoon; ng mga templo kung saan makagagawa tayo ng sagrado at walang hanggang mga tipan; ng awtoridad na magbasbas o magbinyag, magpagaling o magpaginhawa. . . . Hindi magkakaroon ng liwanag, ng pag-asa—pawang kadiliman" (sa Conference Report, Okt. 1995, p. 40; o *Ensign*, Nob. 1995, p. 32).

3. Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa ginawa ng isang mag-anak upang itaguyod ang kanilang ama sa kanyang tungkulin sa pagkasaserdote:

   "Nakaupo ako (sa Pangkalahatang Komperensiya maraming taon na ang nakararaan) kasama ang anim na anak ni Elder Ezra Taft Benson, isa sa kanila ay naging kasama ko sa kuwarto sa kolehiyo. Nadagdagan ang aking interes nang tumayo si Pangulong McKay at ipahayag ang susunod na tagapagsalita. Magalang akong nakamasid habang si Elder Benson, na hindi ko pa nakikilala, ay palapit na lumalakad sa mikropono. Malaki siyang lalaki, mahigit sa anim na talampakan ang taas. Siya ay taong may titulo ng pagkadalubhasa, isang taong kilala sa buong mundo bilang Kalihim ng Pagsasaka sa Estados Unidos at isang natatanging saksi ng Panginoon, isang taong tila mahinahon at matatag, na nakapagsalita na sa mga tagapakinig sa buong mundo. Walang anu-ano isang kamay ang humipo sa aking bisig. Isang maliit na batang babae ang humilig sa akin at mabilis na bumulong ng, 'Ipanalangin ninyo si Itay.'

   "Bahagyang nagitla, naisip kong, 'Ang mensaheng ito ay ipinapasa sa hanay at kailangang ipasa ko ito. Sasabihin ko bang, "Ipanalangin ninyo si Elder Benson"? Sasabihin ko bang, "Kailangan ninyong umusal ng panalangin para sa inyong ama"?' Nadarama ang madaling pangangailangan sa pagkilos, humilig ako at bumulong lamang ng, 'Ipanalangin ninyo si Itay.'

   "Binantayan ko ang bulong na iyon na nagpalipat-lipat hanggang makarating sa hanay na kinaroroonan ni Sister Benson na nakayuko na.

"Maraming beses simula ng araw na iyon ay naalala ko ang mensaheng ito—Ipanalangin ninyo si Itay, ang patriyarka ng tahanan. Ipanalangin ninyo siya habang naglilingkod bilang pangulo ng distrito o tagapagturo ng tahanan. Ipanalangin siya kapag siya ay naging kalihim na tagapagpaganap ng isang grupo sibiko, kapag umunlad ang kanyang negosyo, o kapag binawasan ang kanyang suweldo. Manalangin habang nagbibigay siya ng payo sa gabing pantahanan ng mag-anak. Ipanalangin si Itay na nagtatrabaho nang mahahabang oras upang makapagmisyon si Jerold at makapag-aral sa kolehiyo si Diane. Ipanalangin siya habang nagsasalita sa pulong sakramento o nagbibigay ng pagbabasbas sa Nanay upang muli siyang gumaling. At sa gabi kapag dumarating siyang pagod o pinanghihinaan ng loob, ipanalangin siya. Ipanalangin si Itay sa lahat ng maaari niyang gawin—sa maliliit at malalaking bagay.

"Sa pagdaan ng mga taon, marami nang pangkalahatang komperensiya ang naganap, at sa tuwing tatayo upang magsalita si Pangulong Benson, naiisip kong, 'Ang kanyang mga anak, na naninirahan sa iba't ibang panig ng Estados Unidos, ay nagkakaisa ngayon sa panalangin para sa kanilang ama.'

"At naniniwala ako na ang maikling mensahe na ipinasa sa hanay [maraming] taon na ang nakararaan ang pinakamahalagang mensahe na maibabahagi ng mag-anak. Anong di-pangkaraniwang kapangyarihan at pananampalataya ang maaaring tanggapin ng sinumang tao upang matugunan ang pang-araw-araw na hamon ng kanyang buhay kung saanman sa mundo ay naroon ang kanyang anak na bumubulong ng, 'Ipanalangin ninyo si Itay' " (Elaine McKay, "Pray for Dad," *New Era*, Hunyo 1975, p. 33).

4. Magiging handa tayong tanggapin ang mga pananagutan at tamasahin ang mga pagpapala ng pagkasaserdote kapag ipinamumuhay natin ang ebanghelyo. Basahin ang "Ang Aking mga Panuntunan ng Ebanghelyo" (mula sa buklet na *My Achievement Days* [35317], likod na pabalat), na bahagyang tumitigil pagkatapos ng bawat isa upang hayaang maisip ng mga bata kung gaano kamarapat nilang ipinamumuhay ang panuntunang iyon. Kapag natapos na ninyong basahin ang talaan maaaring naisin ninyong magbalik-aral sa pamamagitan ng paggamit ng mga paglalarawan, tampok na mga salita [key words], o pagsasadula nang walang salita [pantomime].

   Ang Aking mga Panuntunan ng Ebanghelyo

   1. Aalalahanin ko ang aking mga tipan sa binyag at pakikinggan ang Espiritu Santo.
   2. Magiging tapat ako sa Ama sa Langit, sa iba, at sa aking sarili.
   3. Maghahanap ako ng mabubuting kaibigan at pakikitunguhan nang mabuti ang iba.
   4. Magdadamit ako nang disente upang ipakita ang paggalang sa Ama sa Langit at sa aking sarili.
   5. Magbabasa at manonood lamang ako ng mga bagay na nakalulugod sa Ama sa Langit.
   6. Makikinig lamang ako ng musika na nakalulugod sa Ama sa Langit.
   7. Gagamitin ko nang mapitagan ang pangalan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Hindi ako magmumura o gagamit ng malalaswang salita.

8. Pananatilihin kong sagrado at dalisay ang aking isipan at katawan.
9. Hindi ako gagamit ng mga bagay na nakasasama.
10. Gagawin ko sa araw ng Sabbath ang mga bagay na makatutulong sa akin upang maging malapit sa Ama sa Langit.
11. Pipiliin ko ang tama. Alam ko na maaari akong magsisi kapag nakagawa ako ng pagkakamali.
12. Mamumuhay ako ngayon upang maging karapat-dapat na makapunta sa templo at makapagmisyon.
13. Susundin ko ang plano ng Ama sa Langit para sa akin.

5. Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley, ikalabinlimang Pangulo ng Simbahan: "Ang simbahang ito ay hindi pag-aari ng Pangulo nito. Ang ulo nito ay ang Panginoong Jesucristo, na ang pangalan ay tinaglay natin sa ating sarili [sa binyag]. Lahat tayo ay bahagi ng dakilang gawaing ito. Naririto tayo upang tulungan ang ating Ama sa Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian, 'ang isakatuparan ang kawalang kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao' (Moises 1:39). Ang inyong tungkulin ay kasing halaga sa inyong larangan ng pananagutan tulad ng aking tungkulin sa aking larangan (katayuan). Walang tungkulin sa simbahang ito ang maliit o di-gaanong mahalaga. Lahat tayo ay nakaaantig ng buhay ng iba sa paggawa ng ating tungkulin" (sa Conference Report, Abril 1995, p. 94; o *Ensign*, Mayo 1995, p. 71).
6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Dito ay ang Pag-ibig" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

Patotoo

Maaaring naisin ninyong magbigay ng patotoo na ang pagkasaserdote ay ipinanumbalik at ito ay ang awtoridad upang gumanap para sa Diyos. Himukin ang mga batang lalaki na mamuhay ngayon upang maging karapat-dapat na magtaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron at lahat ng miyembro ng klase na mamuhay nang karapat-dapat upang tumanggap ng lahat ng pagpapala ng pagkasaserdote. Himukin ang mga bata na igalang at sang-ayunan ang mga pinuno ng pagkasaserdote.


Mungkahing Ibabahagi sa Mag-anak

Himukin ang mga bata na ibahagi sa kanilang mag-anak ang isang tiyak na bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin na kasama ng kanilang mag-anak ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan."

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Doktrina at mga Tipan 121:34–46 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

# Ang Plano ng Kaligtasan



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 02346 03893 6
34603 893